



***MAARI MONG MAUUNAWAAN ANG BIBLIYA!***

***Ikaapat na Pang-Misyong  
Paglalakbay ni Pablo:  
I Timoteo, Tito, at II Timoteo***

**BOB UTLEY  
PROPESOR NG HERMENEUTICS  
(BIBLICAL INTERPRETATION)**

***KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL  
BAGONG TIPAN, IKA-9 NA TOMO***

**BIBLE LESSONS INTERNATIONAL, MARSHALL, TEXAS  
2013**

## **MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO**

AB	Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman
ABD	Anchor Bible Dictionary (6 na tomo), ed. David Noel Freedman
AKOT	Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens
ANET	Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard
BDB	A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs
IDB	The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 na tomo), ed. George A. Buttrick
ISBE	International Standard Bible Encyclopedia (5 na tomo), ed. James Orr
JB	Jerusalem Bible
JPSOA	The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America)
KB	The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner
LAM	The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa
LXX	Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970
MOF	A New Translation of the Bible ni James Moffatt
MT	Masoretic Hebrew Text
NAB	New American Bible Text
NASB	New American Standard Bible
NEB	New English Bible
NET	NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition
NIDOTTE	New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis (5 na tomo), ed. Willem A. VanGemeren
NRSV	New Revised Standard Bible
NIV	New International Version
NJB	New Jerusalem Bible
OTPG	Old Testament Parsing Guide nina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith
REB	Revised English Bible
RSV	Revised Standard Version
SEPT	The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970
TEV	Today's English Version from United Bible Societies
YLT	Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young
ZPBE	Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 na tomo), ed. Merrill C. Tenney

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong ito Sa'yo? .....	i
Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya: Isang Pansariling Paghahanap para sa Mapapatunayang Katotohanan .....	iii
Komentaryo:	
Panimula sa I at II Timoteo at Tito .....	1
I Timoteo 1 .....	7
I Timoteo 2 .....	34
I Timoteo 3 .....	54
I Timoteo 4 .....	72
I Timoteo 5 .....	90
I Timoteo 6 .....	103
Panimula sa Tito.....	120
Tito 1 .....	122
Tito 2 .....	138
Tito 3 .....	157
Panimula sa II Timoteo (tingnan ang Panimula sa I at II Timoteo, p. 1)	
II Timoteo 1 .....	169
II Timoteo 2 .....	188
II Timoteo 3 .....	207
II Timoteo 4 .....	216
Dagdag Dahon Isa: Mga Maikling Kahulugan ng Griyegong Gramatikang Kayarian .....	229
Dagdag Dahon Dalawa: Tekstuwal na Kritisismo .....	237
Dagdag Dahon Tatlo: Talahuluganan .....	240
Dagdag Dahon Apat: Pangdoktrinang Pamamahayag .....	249

## MGA NATATANGING PAKSA SA MGA LIHAM PASTORAL

Mesias, I Timoteo 1:1 .....	9
Timoteo, I Timoteo 1:2 .....	10
Ama, I Timoteo 1:2 .....	11
Nagpapatibay, I Timoteo 1:4.....	13
Ang Puso, I Timoteo 1:5 .....	14
Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises, I Timoteo 1:8.....	16
Mga Masamang Hilig (Bisyo) at Mga Kagalingan sa NT, I Timoteo 1:9 .....	17
Pagiging Bakla o Tomboy, I Timoteo 1:10.....	18
Pasasalamat, I Timoteo 1:12 .....	20
Ang Paggamit ni Pablo ng mga Tambalang “Huper”, I Timoteo 1:14 .....	23
Paggamit ni Pablo ng <i>Kosmos</i> , I Timoteo 1:15.....	25
Pananampalataya, Maniwala o Magtiwala ( <i>pistis, pisteuo, pistos</i> ), I Timoteo 1:16.....	26
Magpakailanman (Mga Griyegong Kataga), I Timoteo 1:17.....	28
Propesiya ng Bagong Tipan, I Timoteo 1:18 .....	29
Ang Panalanging Namamagitan, I Timoteo 2:1 .....	34
Pamahalaan ng Tao, I Timoteo 2:2 .....	37
“Katotohanan” sa mga Sulat ni Pablo, I Timoteo 2:4 .....	40
Monoteismo, I Timoteo 2:5.....	41
Pangtubos/Katubusan, I Timoteo 2:6.....	43
Panalangin, Walang Limitasyon subalit Limitado, I Timoteo 2:8 .....	47
Kababaihan sa Bibliya, I Timoteo 2:12.....	50
Biblikal na Saloobin patungkol sa Alkohol at Pagkagumon sa Alkohol, I Timoteo 3:3 .....	57
Iglesiya ( <i>ekklesia</i> ), I Timoteo 3:5.....	60
Satanas, I Timoteo 3:6.....	61
Paghatol (Dapat bang Humatol ang mga Kristiyano sa Isa’t-isa), I Timoteo 3:7 .....	62
Pangkatubusang Plano ng Diyos, “Hiwaga,” I Timoteo 3:9 .....	64
Mga Katangian para sa Mga Babaeng Manggagawa ng Iglesia, I Timoteo 3:12 .....	66
Ang Laman ( <i>sarx</i> ), I Timoteo 3:16 .....	69
Ang Pag-akyat sa Langit, I Timoteo 3:16 .....	70
Isang Naantalang Pagdating, I Timoteo 4:1 .....	73
Apostasya ( <i>aphistemi</i> ) o Pagtalikod sa Pananampalataya, I Timoteo 4:1.....	74
Ang Demonyo (Mga Masamang Espiritu, I Timoteo 4:2 .....	76
Kasalanang patungo sa Kamatayan, I Timoteo 4:2.....	78
Pagkamaka-Diyos, I Timoteo 4:7.....	82
Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH, I Timoteo 4:10 .....	83
Anyo ( <i>tupos</i> ), I Timoteo 4:11.....	85
Pagpapatong ng Kamay sa Bibliya, I Timoteo 4:14.....	86
Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, I Timoteo 4:16.....	88
Ang Matanda, I Timoteo 5:1 .....	91

Pagtanda ng Tao, I Timoteo 5:1 .....	92
Ang mga Banal, I Timoteo 5:10.....	97
Mga Pagpapaalala ni Pablo sa mga Alipin, I Timoteo 6:1 .....	104
Kayamanan, I Timoteo 6:8.....	107
Mga Griyegong Salita para sa “Pagsusuri” at Kanilang Kahulugan, I Timoteo 6:9 .....	109
Walang Hanggan ( <i>aionios</i> ), I Timoteo 6:9.....	110
Eleksiyon/Predestinasyon at ang Pangangailangan sa Teolohikong Pagtimbang, I Timoteo 6:12.....	112
Pagpapahayag ng Kasalanan, I Timoteo 6:12 .....	113
Amen, I Timoteo 6:16 .....	114
Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon, I Timoteo 6:17.....	116
Nostisismo (mula sa Griyegong salita na <i>gnosis</i> ), Tito 1:1.....	124
Pag-asa ( <i>elpis</i> , kay Pablo), Tito 1:2.....	125
Pagpapasako ( <i>Hupotasso</i> ), Tito 2:5 .....	141
Predestinasyon (Calvanismo) laban sa Malayang Pagpili ng Tao (Arminyanismo), Tito 2:11 .....	145
Katuwiran, Tito 2:12 .....	148
Mga Termino sa NT para sa Pagbabalik ni Kristo, Titus 2:13.....	151
Kaluwalhatian ( <i>Doxa</i> ), Tito 2:13 .....	152
Kapamahalaan o Awtoridad ( <i>Exousia</i> ), Tito 2:15.....	154
<i>Arche</i> , Tito 3:1.....	159
Bautismo, Tito 3:5.....	162
Ang Trinidad, Tito 3:6 .....	163
Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, II Timoteo 1:1.....	170
Bakit Nagdurusa ang mga Kristiyano?, II Timoteo 1:8 .....	177
Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit sa Kaligtasan, II Timoteo 1:9 .....	177
Tinawag, II Timoteo 1:9.....	178
Walang Halaga at Walang Kabuluhan ( <i>Katargeo</i> ), II Timoteo 1:10 .....	180
Katiyakan, II Timoteo 1:12 .....	182
Ang Araw na Yaon, II Timoteo 1:12 .....	184
Ang Persona ng Espiritu, II Timoteo 1:14 .....	185
Ang Pagiging-Orthodox ng mga Pastoral, II Timoteo 1:14.....	186
Kasunduan, II Timoteo 2:1.....	189
Pagtitiyaga, II Timoteo 2:11.....	193
Pamamahala sa Kaharian ng Diyos, II Timoteo 2:12.....	194
Mga Katangian ng Diyos ng Israel, II Timoteo 2:19 .....	198
Sandigang Bato, II Timoteo 2:19 .....	199
Tatak, II Timoteo 2:19 .....	200
Ang Pangalan ng Panginoon, II Timoteo 2:19 .....	201
Kabalan/Pagpapaging-Banal sa NT, II Timoteo 2:21 .....	202
Pagsisisi sa Lumang Tipan, II Timoteo 2:25 .....	204
Ang <i>Kerygma</i> ng Sinaunang Iglesiya, II Timoteo 3:15 .....	213
Nasaan ang mga Patay, II Timoteo 4:1 .....	217

Ang Kaharian ng Diyos, II Timoteo 4:1 .....	219
Espiritu ( <i>Pneuma</i> ) sa NT, II Timoteo 4:22 .....	227

## **ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?**

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

### **Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpakahulugan, ngunit ang maayos na pagpakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

### **Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihawalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit. Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay

ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasalang ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS<sup>4</sup>). Ang tekstong ito ay iisinalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasalang literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasalang salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasalang inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS<sup>4</sup> at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasalang nakabatay sa pagsasalang Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasalang salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

### **Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabaitiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihansan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapang ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapala sa inyo.

Bob Utley  
East Texas Baptist University  
June 27, 1996



## **ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN**

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangangatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkalooob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hindang-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo, maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

## **I. Mga Pagpapalagay**


- A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.
- B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.
- C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.
- D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
  - 1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
  - 2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
  - 3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
  - 4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
  - 5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
  - 6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
  - 7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:


## **II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

- A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.
- B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.
- C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.
- D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.
- E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang “tugon ng mambabasa” o reader response (pagpakahulugang “ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto”).

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:



Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

### III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa, hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
  - a. tagpuang pangkasaysayan
  - b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
  - a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
  - b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
  - c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naayong
  - a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
  - b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananam-palataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga

Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang pagbasa

1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
  - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
  - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
  - c. pagpapahawig (paraphrase) (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
  - a. Lumang Tipan
    - (1) salaysay na Hebreo
    - (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
    - (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
    - (4) Mga pamkautusan na koda
  - b. Bagong Tipan
    - (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
    - (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
    - (3) Mga liham/epistulo
    - (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa

1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa

1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
  - a. ang may-akda
  - b. ang petsa
  - c. ang mga tagatanggap
  - d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
  - e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
  - f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
4. Tingnan ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa

1. Basahin muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
  - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
  - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
  - c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
  - a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
  - b. mga inuulit na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
  - c. magkakatambis na mga konsepto

3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
  - a. mga mahahalagang salita
  - b. mga di-karaniwang salita
  - c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
  - d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
  - a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
    - (1) mga aklat ng “sistematikong teolohiya”
    - (2) mga sangguniang Bibliya
    - (3) mga pagkakatugma
  - b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
  - c. Hanapin ang mga magkakahayan sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
  - a. mga pag-aaral ng Bibliya
  - b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksyonaryo
  - c. mga paunang salita ng Bibliya
  - d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

#### **IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya**

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang “pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon.”

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga’t di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikalong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng “kaya winika ng Diyos,” ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, “ating” mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpapakahulugan. Ang sumusunod na talaan ay nakatulong sa akin:

- A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
- B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
- C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
- D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
- E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

- A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

“Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan. Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura.”

- B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. “Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos.”

- C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

“Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat.”

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryong Gabay ng Pag-aaral ay nakadiseno upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpapakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

- A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang “tapusang pagbasa #3” ay tsekin itong impormasyon.
- B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.
- C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
  1. The United Bible Society Griyego Text, ika-apat na binagong edisyon (UBS<sup>4</sup>)
  2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
  3. The New King James Version (NKJV)
  4. The New Revised Standard Version (NRSV)

5. Today's English Version (TEV)

6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na “ang paksang pangungusap” o “ang pangunahing ideya ng teksto.” Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatala ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:

1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahayanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:

1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng “Textus Receptus.”
2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:

1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
2. mga pamalit na kahulugan ng salita
3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA MGA LIHAM PASTORAL

## 1 & 2 TIMOTEO at TITO

### PAMBUKAS NA PAHAHAYAG

- A. Ang mga heograpikong lugar na binanggit sa 1 Timoteo, Tito, at 2 Timoteo ay hindi umaakma sa pagkakasunod-sunod ng anuman sa Mga Gawa o ibang mga liham ni Pablo.
1. pagdalaw sa Efeso (cf. 1 Timoteo 1:3)
  2. pagdalaw sa Troas (cf. 2 Timoteo 4:13)
  3. pagdalaw sa Mileto (cf. 2 Timoteo 4:20)
  4. misyon sa Creta (cf. Tito 1:5)
  5. misyon sa Espanya (mula kay Clemente ng Roma, A.D. 95 at ang panimula sa Muratorian Canon, A.D. 180-200)  
Samakatuwid, aking palagay na si Pablo ay napalaya mula sa bilangguan (unang bahagi hanggang gitna ng 60, na nadokumento sa I Clemente 5, na naisulat noong A.D. 95) at tumulak sa isang ikaapat na pang-misyong paglalakbay, ay muling dinakip at pinatay bago ang A.D. 68 (pagpatay ni Nero).
- B. Ang layunin ng mga liham na ito sa pangkalahatan ay ipinagpapalagay na para sa pamamahala (pagsasaayos ng iglesia). Gayunman, sa ang *New International Biblical Commentary*, Tomo 13, sa 1 at 2 Timoteo at Tito, napasang-ayon ako ni Gordon Fee na ang pangangailangan para sa mga liham ay bulaang pagtuturo na sumulpot sa loob ng mga bahay-iglesiya ng Efeso (1 Timoteo) at sa pulo ng Creta (Tito).
- C. Sa ilang pagkakataon, ang mga Liham Pastoral ay nagtatatag ng isang huwaran sa pamamahala na tulad ng *Manual of Discipline* ng mga Essene. Ang mga patnubay na ito ay mas kinakailangang lahat sa liwanag ng maaga at malaganap na paglihis mula sa mga katuruan at anyong pang-Apostol.
- D. Ang pagkakatulad sa pagitan ng mga Liham Pastoral at talasalitaan ni Lucas sa Lucas at Mga Gawa ay maaaring dahilan sa katotohanan na ginamit siya ni Pablo bilang isang tagasulat (cf. C. F. C. Moule, *The Problem of the Pastoral Epistles: A Reappraisal*). Si S. G. Wilson ay nagbigay-diin din sa *Luke and the Pastoral Epistles*, na ang tatlong aklat na ito ay maaring ang pagtatangka ni Lucas na isulat ang ikatlong tomo o *volume* na nagsasalaysay ng pagkilos ng ebanghelyo sa labas ng Roma.
- E. Bakit magkakasama ang tatlong aklat na ito? Maaari bang sila ay may kaugnayan sa magkakahiwalay na mga panahon/lugar/isyu? Tanging ang 1 Timoteo at Tito ay may kaugnayan sa pagsasaayos ng iglesia. Iyon talaga ang (1) kanilang talasalitaan; (2) ang mga bulaang guro na tila pinagkakaisa ang mga aklat na ito; at (3) ang katotohanan na hindi sila dagliang tumutugma sa pagkakasunod ng pangyayari ng Mga Gawa (kung tatanganan ng makakasama).

### MAY-AKDA

- A. Ang mga liham mismo ay nag-aangkin na mula kay Pablo ang Apostol (cf. 1 Timoteo 1:1; 2 Timoteo 1:1; at Tito 1:1) para sa kaniyang dalawang kinatawang pang-Apostol, sina Timoteo at Tito.
- B. Ang isyu ng pagkamay-akda ng mga Liham Pastoral ay nagsimulang pagtalunan noong ika-19 at ika-20 siglo. Ang pagtanggap sa pagkamay-akda ni Pablo ay kadalasang batay sa
1. isang maunlad na organisasyon ng iglesia (mga katangian ng mga pinuno)
  2. isang maunlad na Nostisismo (naitala noong ikalawang siglo)
  3. isang maunlad na teolohiya (mga kapahayagan ng pananampalataya)
  4. isang kaibahan ng talasalitaan at istilo (isang-katlong mga salita ay hindi ginamit sa ibang mga sinulat ni Pablo)
- C. Ang mga pagkakaibang ito ay maipapaliwanag



1. ang mga ito ay mga huling sinulat ni Pablo, maaaring ginamit si Lucas bilang isang tagasulat
2. ang talasalitaan at istilo ay nakabatay sa pangyayari
3. ang mga nostikong kaisipan ay isang pag-unlad ng unang siglong kaisipang Hudyo (cf. Dead Sea Scrolls)
4. si Pablo ay isang napakatalinong teologo at malikhaing manunulat na may isang madaming talasalitaan

D. Mayroong isang lumalaking pagkaunawa sa pangkasaysayang pinagmulan

1. paggamit ni Pablo ng isang propesyonal na Kristiyanong tagasulat (sa kalagayang ito, maaaring Lucas)
2. paggamit ni Pablo ng mga kasamang-manunulat (i.e., bahagi ng kaniyang pang-misyong pangkat, cf. 2 Timoteo 4:11)
3. ang paggamit ni Pablo ng liturhiko o imnong sinisipi (isang mabuting buod ay matatagpuan sa *Dictionary of Paul and His Letters*, na pinatnugot nina Hawthorne at Martin, na inilimbag ng IVP, p. 664).

Ang mga mungkahi na ang mga bahagi ng mga Liham Pastoral ay sinisipi ang mula sa mga ibang batayan ay tumutulong na maipaliwanag ang mga bilang ng *hapax legomena* (mga salitang ginamit lamang nang isang beses sa NT), mga wikain hindi kay Pablo, at natatanging paggamit ng mga terminong kay Pablo.

- a. mga doxolohiya (cf. 1 Timoteo 1:17; 6:15-17)
- b. tala ng mga masasamang gawi (cf. 1 Timoteo 1:9-10)
- c. nararapat na pag-uugali ng mga asawang babae (cf. 1 Timoteo 2:9-3:1a)
- d. mga katangian para sa mga ministro (cf. 1 Timoteo 3:1b-13)
- e. mga pagpapahayag na pang-imno (cf. 1 Timoteo 2:5-6; 3:16; 2 Timoteo 1:9-10; Tito 3:3-7)
- f. mga imno (cf. 1 Timoteo 6:11-12,15-16; 2 Timoteo 2:11-13; Tito 2:11-14)
- g. OT midrash (cf. 1 Timoteo 1:9-10; 2:9-3:1a; 5:17-18; 2 Timoteo 2:19-21; Tito 3:3-7)
- h. pormula
  - (1) “matapat ang salita” (cf. 1 Timoteo 1:15; 2:9-3:1a; 2 Timoteo 2:11-13; Tito 3:3-8)
  - (2) “nalalaman ito na” (cf. 1 Timoteo 1:9-10; 2 Timoteo 3:1-5)
  - (3) “mga bagay na ito” (cf. 1 Timoteo 4:6,11; 2 Timoteo 2:14; Tito 1:15-16; 2:1)
- i. sipi mula sa isang Griyegong makata (cf. Tito 1:12 [Epimenides at/o Euripides])

E. Iyon ay nakakagulat na ang isang inaakalang ikalawang siglo na “Paulinist” ay nagbabanggit ng ganitong partikular na mga detalye gaya ng mga pangalan ng tao (i.e., Hymeneo, 1 Timoteo 1:20; 2 Timoteo 2:17; Alejandro, 1 Timoteo 1:20; Zenas, Tito 3:13) at mga pangyayari (pagkakasakit ni Trofimo sa Mileto, 2 Timoteo 4:20; o ang tungkulin ng balong babae, 1 Timoteo 5:9) na hindi binanggit sa anumang bahagi ng mga sulat ni Pablo. Ang mga bagay na ito ay hindi umaakma sa pagpapalagay ng kawalan ng pagkamay-akda.

Para sa isang mainam ang artikulo sa *pseudonymity* na kaugnay sa mga liham ng NT, tingnan ang *An Introduction to the New Testament*, nina Carson, Moo, at Morris, pp. 367-371.

## PETSA

- A. Kung iyon ay totoo na si Pablo ay napalaya mula sa bilangguan (pagkatapos na magsara ang aklat ng Mga Gawa, maaaring A.D. 59-61), ngayon, mayroon bang anumang maagang tradisyong mga gawain pagkalaya sa bilangguan (i.e., pangangaral sa Espanya, cf. taga-Roma 15:24,28)?
1. ang mga Liham Pastoral (cf. 2 Timoteo 4:10)
  2. I Clemente 5
    - a. si Pablo ay nangaral mula sa silangan at kanluran (i.e., Espanya)
    - b. si Pablo ay pinatay sa ilalim ng “mga prepekto” (i.e., Tigellino at Sabino, na nanungkulan sa mga huling taon ng paghahari ni Nero, A.D. 68)
  3. ang panimula sa Muratorian Fragment (isang tala ng mga kanonikong aklat mula sa Roma humigit-kumulang A.D. 180-200)
  4. ang *Historical Ecclesiastical History* ni Eusebio, 2:22:1-8, ay nagsasaad na si Pablo ay pinalaya mula sa pagkakakulong sa Roma

- B. Tila ang 1 Timoteo at Tito ay sinulat nang magkasama bago ang muling pagdakip kay Pablo. Ang 2 Timoteo ay ang huling sulat at pagpapaalam ni Pablo habang nasa bilangguan.
- C. Maaaring pagkakasunod-sunod ng mga sulat ni Pablo na sinusundan sina F. F. Bruce at Murry Harris na may kaunting paghahalaw.

	<u>Aklat</u>	<u>Petsa</u>	<u>Lugar ng Sulat</u>	<u>Kaugnayan sa Mga Gawa</u>
1.	taga-Galacia	48	Antioch ng Syria	Mga Gawa 14:28; 15:2
2.	1 taga-Thesalonica	50	Corinto	Mga Gawa 18:5
3.	2 taga-Thesalonica	50	Corinto	
4.	1 taga-Corinto	55	Efeso	Mga Gawa 19:20
5.	2 taga-Corinto	56	Macedonia	Mga Gawa 20:2
6.	taga-Roma	57	Corinto	Mga Gawa 20:3
7.-10.	Mga Liham sa Bilangguan			
	taga-Colosas	maagang 60	Roma	
	taga-Efeso	maagang 60	Roma	
	Filemon	maagang 60	Roma	
	taga-Filipos	huling 62-63	Roma	Mga Gawa 28:30-31
11.- 13.	Ikaapat na Pang-Misyong Paglalakbay			
	1 Timoteo	63 (o sumunod	Macedonia	
	Tito	63 ngunit bago	Efeso (?)	
	2 Timoteo	64 ang A.D. 68)	Roma	

## MGA TUMANGGAP

- A. Ang pangalan na mga Liham Pastoral, ay nagmula sa komentaryo ni D. N. Berdot noong A.D. 1703. Iyon ay nagpapahayag ng kanilang natatanging katangian at nilalaman. Sina Timoteo at Tito, gayunman, ay hindi mga pastor, ngunit mga apostolikong kinatawan.
- B. Ang mga liham na ito ay isinulat sa mga iglesiya, ngunit sa ilalim ng mga pampanitikang anyo ng mga liham sa mga kamang-gagawa ni Pablo, sina Timoteo at Tito. Nagpapahayag si Pablo sa mga pagtitipon na gaya ng kaniyang paghahayag sa pangkat pampamunuan. Ang mga pahiwatig ng mas malawak na tagapakinig ni Pablo ay
1. ang mga pormal na panimula na nagbabanggit ng kaniyang pagka-Apostol
  2. ang pangmaramihang “kayo” sa huling pagsasara ng lahat ng tatlong liham
  3. pagtatanggol ni Pablo sa kaniyang panawagan (cf. 1 Timoteo 2:7)
  4. ang sulat ni Pablo kay Timoteo tungkol sa mga bagay na kaniya nang nalaman mula sa panahon na magkasama sila ni Pablo (cf. 1 Timoteo 3:15)

## PANGYAYARI/LAYUNIN

- A. Ang pangunahing layunin ay upang sugpuin ang mga naglalabasang hidwang pananampalataya (cf. 1 Timoteo 1:3-7). Ang partikular na hidwang pananampalataya ay maaring isang pagsasama ng mga pang-Hudyo at Nostikong inklinasyon (na lubhang katulad ng mga bulaang guro ng taga-Efeso at taga-Colosas). Maaaring may dalawang magkaibang pangkat.
- B. Ang OT ay nagbibigay ng mga partikular na patnubay para sa pagsasaayos ng komunidad ng pananampalataya. Ang NT ay hindi naglalaman ng mga partikular na pagtuturo patungkol sa pagsasaayos o pamamahala ng iglesiya. Ang mga Liham Pastoral (1 Timoteo, 2 Timoteo, at Tito) ay magkakalapit kung patungkol sa mga patnubay ng NT.
- C. Ang 1 Timoteo ay isinulat
1. upang hilingin si Timoteo na manatili sa Efeso (cf. 1 Timoteo 1:3)
  2. upang kalabanin ang mga bulaang guro (cf. 1 Timoteo 1:19-20; 4:1-5; 6:4-5,20-21)

3. upang tulungan isaayos ang pamunuan (cf. 1 Timoteo 3)
- D. Ang Tito ay may katulad na pagtatalaga upang pakitunguhan ang hidwang pananampalataya at pagsasaayos sa Creta (cf. Tito 1:5)
  - E. Makikita si Pablo sa 2 Timoteo sa bilangguan na may maliit na pag-asa ng paglaya (cf. 2 Timoteo 4:6-8, 16-18)
  - F. Mayroong malakas na diwa ng “tunay na pagtuturo” (i.e., tamang doktrina) na umaalingawngaw sa mga liham (cf. 1 Timoteo 1:10; 4:6; 6:3; 2 Timoteo 1:13; 4:3; Tito 1:9; 2:1) o “wasto sa pananampalataya” (cf. Tito 1:13; 2:2). Ipinagkaloob ng Diyos ang “tamang pagtuturo” kay Pablo (cf. 1 Timoteo 1:11); si Pablo ay pinagkatiwala ito kay Timoteo (cf. 1 Timoteo 6:20), at Timoteo ay pinagkatiwala ito sa mga matatapat na kalalakhian (cf. 2 Timoteo 2:2).

## ANG MGA BULAANG GURO

- A. Napakahirap talakaying ang mga bulaang guro dahil sa kakulangan natin ng partikular na impormasyon noong unang siglo. Si Pablo ay sumusulat sa kanila na unang nakaalam ng mga bulaang guro. Siya, samakatuwid, ay hindi lubusang tinalakay ang kanilang teolohiya, ngunit kadalasang tinutuligsa ang kanilang pamumuhay at mga layunin (na tulad ng ginawa ni Hudas).
- B. Ang pangunahing isyu sa pagpapaliwanag ay nauugnay sa kung sila ay
  1. Hudyo
  2. Griyego
  3. kombinasyon

Ang mga bulaang guro ay tila pagsasama ng mga pang-Hudyo at Nostikong sangkap. Ngunit paano nagsanib ang mga lubusang magkakaibang kilusang pag-relihiyong ganito?

  - a. ang Judaismo ay palagiang sinasamahan ng ilang sangkap ng dualismo (cf. Dead Sea Scrolls)
  - b. ang Nostisismo ng ikalawang siglo ay pinalago ang ganitong karaniwang near-eastern na mga pilosopiko/teolohikong paksa
  - c. ang Judaismo ng diaspora ay dating maipagpapalagay na lubhang mas eklektiko kaysa sa makabagong pag-aaral
  - d. mayroong isang unang siglong huwaran para sa isang Hudyo-Nostikong hidwang pananampalataya sa aklat ng taga-Colosas
- C. Ilang mga sangkap ng mga bulaang guro
  1. mga pang-Hudyong aspeto
    - a. mga bulaang guro
      - (1) mga guro ng Kautusan (cf. 1 Timoteo 1:7)
      - (2) ang partidong nagsusulong ng pagtutuli (cf. Tito 1:10)
    - b. mga bulaang guro na nagbabala tungkol sa mga kathang pang-Hudyo (cf. 1 Timoteo 3:9; Tito 1:14)
    - c. mga bulaang guro na nag-aalala sa mga kautusan sa pagkain (cf. 1 Timoteo 4:1-5)
    - d. mga bulaang guro na nag-aalala sa mga salin-lahi (cf. 1 Timoteo 1:4; 4:7; 2 Timoteo 4:4; Tito 1:14-15; 3:9)
  2. mga Nostikong aspeto (Tingnan ang Natatanging Paksa sa Tito 1)
    - a. asetisismong nagbabawal at nagpapahintulot
      - (1) nagbabawal sa pagpapakasal (cf. 1 Timoteo 2:15; 4:3)
      - (2) nagpapahintulot ng ilang mga pagkain (cf. 1 Timoteo 4:4)
    - b. pang-aabusong sekswal (cf. 1 Timoteo 4:3; 2 Timoteo 3:6-7; Tito 1:11,15)
    - c. pagbibigay-diin sa karunungan (cf. 1 Timoteo 4:1-3; 6:20)

## PAGIGING KANONIKO

- A. Ang mga liham ni Pablo ay tinipong magkakasama sa isang tomo na tinawag na “ang Apostol” at pagkatapos ay ipinalaganap sa lahat ng mga iglesia. Ang tanging Griyegong manuskrito ng mga liham ni

Pablo na kulang ng 1 at 2 Timoteo at Tito (gayundin ang 2 taga-Thesalonica at Filemon) ay isang manuskritong papyrus mula sa ika-2 siglo, ay tinawag na P<sup>46</sup> (mula sa Chester Beatty papyri). Kahit na ito ay pagpapalagay dahil ang manuskrito ay nawawalan ng maraming pangwakas na pahina. Ang lahat ng ibang Griyegong manuskrirot ay naglalaman ng tinatawag na “ang mga Liham Pastoral.”

- B. Ang mga sinaunang sanggunian na sumisipi, nagpapahiwatig, o binabanggit ang mga Liham Pastoral
1. mga sinaunang pinuno ng iglesia
    - a. Pseudo-Barnabas (A.D. 70-130) ay sinisipi ang 2 Timoteo at Tito
    - b. Clemente of Roma (A.D. 95-97) ay binabanggit ang 1 Timoteo at 2 Timoteo at ay sinisipi ang Tito 3:1
    - c. Policarpio (A.D. 110-150) ay binabanggit ang 1 Timoteo, 2 Timoteo, at Tito
    - d. Hermas (A.D. 115-140) ay sinisipi ang 1 Timoteo at 2 Timoteo
    - e. Ireneo (A.D. 130-202) ay sinisipi ang often mula sa 1 Timoteo, 2 Timoteo, at Tito
    - f. Diogneto (A.D. 150) ay sinisipi ang Tito
    - g. Tertullian (A.D. 150-220) ay sinisipi ang 1 Timoteo, 2 Timoteo, at Tito
    - h. Origen (A.D. 185-254) ay sinisipi ang 1 Timoteo, 2 Timoteo, at Tito
  2. ang talaan ng mga kanonikong aklat na isinasama ang mga Liham Pastoral
    - a. Muratorian Fragment (mula sa Roma halos A.D. 200)
    - b. Barococcio (A.D. 206)
    - c. Talaang Apostoliko (A.D. 300)
    - d. Talaang Cheltenham (A.D. 360)
    - e. Liham ni Athanasio (A.D. 367)
  3. mga sinaunang salin na naglalaman ng mga Liham Pastoral
    - a. matandand Latin (A.D. 150-170)
    - b. matandang Syriac (A.D. 200)
  4. mga sinaunang konseho ng iglesia na nagpapatibay ng kinasihang kalagayan ng mga Liham Pastoral
    - a. Nicea (A.D. 325-340)
    - b. Hippo (A.D. 393)
    - c. Carthage (A.D. 397 at 419)
- C. Isang proseso ng pagkakasundo sa mga sinaunang Kristiyanong katipunan ng Emperyong Romano ang bumuo ng kanon. Ang pagkakasundong ito ay tiyak na apektado ng mga panloob at panlabas na panlipunang pagpapahirap. Ang likas pangangailangan para sa pagsasama sa kanon ay tila ang
1. kaugnayan sa isang Apostol
  2. isang mensahe na alinsunod sa ibang mga Apostolikong sulat
  3. ang mga nabagong buhay ng mga nakabasa ng mga sulat na ito
  4. isang lumalagong kasunduan ng mga tala ng tinanggap ng mga sulat ng mga sinaunang iglesia
- D. Ang pangangailangan para sa isang kanon ay nabuo dahil sa
1. ang naantalang Ikalawang Pagdating
  2. ang heograpikong layo sa pagitan ng mga iglesia at mga Apostol
  3. ang kamatayan ng mga Apostol
  4. ang maagang pagdami ng mga bulaang guro
    - a. Judaismo
    - b. Griyegong pilosopiya
    - c. pagsasama ng mga pang-Hudyong at Nostikong sangkap (taga-Colosas)
    - d. iba pang mga Greko-Romanong mahiwagang relihiyon (e.g. Mithra)
 Ito ay naganap habang ng ebanghelyo ay kumalat sa iba't-ibang mga kultura.
- E. Ang isyu ng pagiging kanoniko ay may pangkasaysayang kaugnayan sa pagka-may-akda. Ang sinaunang iglesia ay tinanggap ang mga Liham Pastoral bilang mga sulat ni Pablo. Ang aking sariling paunang pagpapalagay patungkol sa pagiging kanoniko ay kinapapalooban ng Espiritu, hindi lamang sa pagsulat ng Banal na Kasulatan, ngunit gayundin sa kanilang pagtitipon at pagpapanatili. Ang suliranin sa pagkamay-akda ni of Pablo (na aking pinagpapalagay) ay hindi makakaapekto sa inspirasyon at kanonisasyon.

## **UNANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Samakatuwid, basahin ang biblikal na aklat sa isang upuan. Ipahayag ang sentrong paksa ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Paksa ng buong aklat
2. Uri ng panitikan (dyanra)

## **IKALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Samakatuwid, basahin ang biblikal na aklat ng ikalawang beses sa isang upuan. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit
2. Paksa ng ikalawang pampanitikang yunit
3. Paksa ng ikatlong pampanitikang yunit
4. Paksa ng ikaapat na pampanitikang yunit
5. Atbp.

# 1 TIMOTEO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN\*

UBS4	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Pagpupugay	Pagbati	Pagpupugay	Panimula	Talumpati
1:1-2	1:1 1:2a 1:2b	1:1 1:2a 1:2b	1:1 1:2a 1:2b	1:1-2
Babala laban sa Bulaang Doktrina	Walang Ibang Pagtatanggol	Ang Pagtatanggol ng Katotohanan	Mga Babala laban sa Bulaang Turo	Sugpuin ang mga Bulaang Guro
1:3-7	1:3-11	1:3-7	1:3-7	1:3-7
1:8-11		1:8-11	1:8-11	1:8-11
Pagpapasalamat para sa Kahabagan	Luwalhati sa Diyos para sa Kaniyang Biyaya		Pasasalamat para sa Kahabagan ng Diyos	Si Pablo sa Kaniyang Sariling Panawagan
1:12-17	1:12-17 Lumaban ng Mabuting Laban	1:12-17	1:12-17	1:12-17 Responsibilidad ni Timoteo
1:18-20	1:18-20	1:18-20	1:18-20	1:18-20

\*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagkakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa mga sumusunod na dokumento: Mga Maikling Kahulugan ng Mga Griyegong Pang-Gramatikong Salita, Tekstwal na Kritisismo at Talahuluganan.

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:1

<sup>1</sup>Si Pablo, na apostol ni Kristo Hesus ayon sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas, at ni Kristo Hesus na ating pagasa;

**1:1 “Pablo”** Karamihan ng mga Hudyo noong panahon ni Pablo ay may dalawang pangalan, isang pang-Hudyo, isang Romano (cf. Mga Gawa 13:9). Ang pang-Hudyong pangalan ni Pablo ay Saul. Siya, tulad ng sinaunang

Hari ng Israel, ay sa angkan ni Benjamin (cf. taga-Roma 11:1; taga-Filipos 3:5). Ang kaniyang Romanong pangalan sa Griyegong anyo, na Pablo (Paulos), ay nangangahulugang “munti.” Ito ay tumutukoy sa

1. kanyang pisikal na pangangawan na binanggit sa isang ikalawang siglo na di-kanonikong aklat, *Ang Mga Gawa ni Pablo*, sa isang kabanata tungkol sa Thessalonica na tinawag na “Pablo at Thekla”
  2. kanyang personal na kaunawaan ng pagiging huli sa mga banal dahil, noong una, ay kaniyang inuusig ang Iglesiya (cf. 1 taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; 1 Timoteo 1:15)
  3. pangalan lamang na ibinigay ng kanyang mga magulang sa pagsilang
- Ang opsyon #3 ay tila ang pinakamainam.

▣ **“apostol”** Ang ugat na ito ay isa sa dalawang karaniwang Griyegong pandiwa para sa “isinugo.” Ang terminong ito ay maraming teolohikong pagkakagamit.

1. Ang mga rabbi ay ginamit iyon bilang isang tinawag at pinadala bilang isang opisyal na kinatawan ng iba, tulad ng ating Ingles na “embahador” (cf. 2 taga-Corinto 5:20).
2. Ang mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit ang pandiwang anyo ng terminong ito kay Hesus na isinugo ng Ama. Sa Juan, ang terminong ay kumukuha ng pang-Mesias na pagbibigay-diin (cf. Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21).
3. Iyon ay ginamit kay Hesus sinusugo ang mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21).
4. Iyon ay ginamit sa isang natatanging pampinunong kaloob sa NT.
  - a. ang orihinal na labindalawang panloob na pangkat ng mga alagad (cf. Mga Gawa 1:21-22)
  - b. isang natatanging pangkat ng pang-Apostol na katuwang at mga kamang-gagawa
    - (1) Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4,14)
    - (2) Andronico at Junio (KJV, Junia, cf. taga-Roma 16:7)
    - (3) Apollos (cf. 1 taga-Corinto 4:6-9)
    - (4) Santiago, ang kapatid ng Panginoon (cf. taga-Galacia 1:19)
    - (5) Silvano at Timoteo (cf. 1 taga-Thessalonica 2:6)
    - (6) maaaring si Tito (cf. 2 taga-Corinto 8:23)
    - (7) maaaring si Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25)
  - c. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. taga-Efeso 4:11)
5. Ginagamit ni Pablo ang titulong ito para sa kaniyang sarili sa karamihan ng kanyang mga liham bilang isang paraan ng paghahayag ng kanyang awtoridad na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawa ni Kristo (cf. 1 taga-Corinto 1:1; 2 taga-Corinto 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1; 2 Timoteo 1:1). Kahit na sa isang personal na liham tulad ng 1 Timoteo, ang awtoridad na ito ay mahalaga.
  - a. ang kanyang awtoridad ay nagkaloob ng awtoridad kay Timoteo
  - b. siya ay nakikipaglaban sa mga bulaang guro
  - c. ang kanyang liham ay maliwanag na binabasa sa buong iglesiya

▣ **“ni Kristo Hesus”** Ang mga terminong ito ay bahagi ng mas buong titulo na “ang Panginoong Hesukristo.” Ang lahat ng tatlong titulong ito ay may sariling kahalagahan.

1. “Kristo” ay ang Griyegong salin ng Hebreong *Mesias* (Isang Pinahiran). Iyon ay nagpapahayag ng kalagayan ni Hesus sa OT bilang ipinangakong isusugo ng Diyos upang magtatag ng bagong panahon ng katuwiran.
2. “Hesus” ay ang pangalan na ibinigay sa Bethlehem ng anghel (cf. Mateo 1:21). Iyon ay binubuo ng dalawang Hebreong pangngalan: “YHWH,” ang pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos, at “kaligtasan” (cf. Exodo 3:14). Iyon ay katulad sa Hebreong pangalan na Josue. Kapag ginamit na nag-iisa, iyon ay kadalasang ipinapakilala ang tao, si Hesus ng Nazareth, anak ni Maria (e.g., Mateo 1:16, 25; 2:1; 3:13,15,16; Mga Gawa 13:23,33; taga-Roma 8:11; 1 taga-Corinto 11:23; 12:3; taga-Efeso 4:21; taga-Filipos 2:10; 1 taga-Thessalonica 1:10; 4:14).
3. “Panginoon” (ginamit sa 1 Timoteo 1:1 sa KJV o sa 1 Timoteo 1:12) ay ang salin ng Hebreong terminong na *adon*, na nangahulugang “may-ari, asawang lalaki, amo, o panginoon.” Ang mga Hudyo ay naging takot sa pagbigkas ng banal na pangalan ni YHWH, na baka masabi ito sa walang-kabuluhan at malabag ang Sampung Utos. Tuwing kanilang binabasa ang Banal na Kasulatan, kanilang ipinapalit ang *Adon* sa YHWH. Ito ang dahilan kung bakit ang ating mga saling Ingles ay gumagamit ng malalaking titik ng Panginoon para kay YHWH sa OT. Sa pamamagitan ng pagsalin ng titulong ito (*kurios* sa Griyego) kay Hesus, ang mga may-akda ng NT ay ipinapahayag ang kaniyang pagka-Diyos at pagkakapantay sa Ama (katulad ng bagay ang ginawa sa pamamagitan ng gramatika ng 1 Timoteo 1:2 na may isang pang-ukol na tumutukoy sa Diyos Ama at si Hesus ang Anak, cf. 1 taga-Thessalonica 1:1; 2 taga-Thessalonica 1:1,2).

▣ **“ayon sa utos ng Diyos”** Ito ay isa pang pampanitikan paraan ng pagpapahayag apostolikong awtoridad ni Pablo. Ang ministryo ni Pablo ay ang “kalooban ng Diyos” (cf. 2 Timoteo 1:1) at “ang utos ng Diyos” (cf. Tito 1:3). Ito ay maaaring tumutukoy sa pagtawag ka Pablo sa daan patungong Damasco at ang impormasyon ay nahayag sa pamamagitan ni Ananias (cf. Mga Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:9-18). Hindi si Pablo nagkusang-loob!

▣ **“Diyos na ating Tagapagligtas”** Ito ay isang titulo ng OT para sa pagkalinga at pagpapalaya ni YHWH sa Israel (cf. Isaias 19:20; 43:3,11; 45:15,21; 49:26; 60:16; 63:8), lalo na sa pamamagitan ng darating na Nagdurusang Lingkod (cf. Isaias 52:13-53:12). Ang titulong ito ay ginamit para sa Diyos Ama sa Tito 1:3; 2:10 at 3:4 at para sa Diyos Anak, si Hesus, sa Tito 1:4; 2:13 at 3:6. Ito ay isa pang paraan upang teolohikong maiugnay ang Ama at ang Anak.

Ito ay isa sa mga titulo ng NT para kay YHWH na ginamit kay Caesar. Ang mga Caesar ng panahon ni Pablo ay inangkin ang pagiging “Panginoon,” “Tagapagligtas,” kahit na ang “pagka-Diyos.” Tanging inilalaan ng mga kristiyano ang mga titulong ito para kay Hesus at dahil dito, sila ay nakita bilang mga taksil sa pamahalaan at lipunang Romano at pinahirapan at namatay nang lilbu-libo noong una at ikalawang siglo. Tingnan ang buong tala sa 2 Timoteo 1:10.

▣ **“Kristo”** Tingnan ang susunod na Natatanging Paksa: Mesias

### **NATATANGING PAKSA: MESIAS (mula sa Daniel 9:26) (MESSIAH (from Dan. 9:26))**

Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga maaaring kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603, KB 645). Ang termino ay ginamit sa paglalagay ng natatanging langis sa isang tao upang ipakilala ang panawagan at pagpapatibay ng Diyos para sa isang itinalagang pamumunong gawain.

1. Ginamit sa mga Haring Hudyo (e.g., 1 Samuel 2:10; 12:3; 24:6,10; 2 Samuel 19:21; 23:1; Mga Awit 89:51; 132:10, 17; Panaghoy 4:20; Habakkuk 3:13; “Pinahiran na Prinsipe” sa Daniel 9:25)
2. Ginamit sa mga Saserdoteng Hudyo (i.e., “mga pinahirang saserdote,” Exodo 29:7; e.g., Levitico 4:3,5,16; 6:15; 7:36; 8:12; maaaring Mga Awit 84:9-10; at 133:2)
3. Ginamit sa mga Patriyarka, at mga propeta (cf. Genesis 26:7; 1 Cronica 16:22; Mga Awit 105:15, na tumutukoy sa pangkasunduang bayan sa pangkalahatan; maaaring Habakkuk 3:13)
4. Ginamit sa mga propeta (cf. Mga Hari 19:16; maaaring 1 Cronica 29:22)
5. Ginamit kay Ciro (cf. Isaias 45:1)
6. Ang #1 at #2 ay pinagsama sa Mga Awit 110 at Zacarias 4
7. Ginamit sa natatanging pagparito ng Diyos, ang Haring mula kay David na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran
  - a. Hanay ni Juda (cf. Genesis 49:10)
  - b. Tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
  - c. Pangkahalatang Paghahari (cf. Mga Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micas 5:1-4ff)
  - d. ministryo sa mga nangangailangan (cf. Isaias 61:1-3)

Ako ay personal na naaakit sa pagpapakilala ng “isang pinahiran” kay Hesus ng Nazaret (cf. Juan 1:41; 4:25 dahil sa

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa “ang anak ng tao” sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang mga sugnay ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagtuturo patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

Kailangang tanggapi na ito ay isang di-karaniwang titulo sa OT, maaaring sa Daniel 9:25 lamang.

Kailangan ding tanggapiin na si Hesus ay hindi umaakma sa pangkalahatang paglalarawan sa OT ng Mesias

1. hindi pinuno ng Israel
2. hindi pinahiran nang opisyal ng isang saserdote
3. hindi lamang tagapagligtas ng Israel
4. hindi lamang “anak ng tao” ngunit nakakagulat na “Anak ng Diyos”



- ▣ **“ating pag-asa”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-asa sa Tito 1:2.

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:2**

**2**Kay Timoteo na *aking tunay na anak sa pananampalataya: Biyaya, kahabagan, at kapayapaan nawang mula sa Diyos na Ama at kay Hesukristo na Panginoon natin.*

**1:2 “Kay Timoteo”** Ang mga Liham Pastoral ay sumusunod sa anyo ng kinaugaliang Griyegong liham: (1) mula kanino; (2) para kanino; at (3) isang panalangin/naisin.

### **NATATANGING PAKSA: TIMOTEO (TIMOTHY)**

- Ang kanyang pangalan ay nangangahulugang “isang nagbibigay-galang sa Diyos.”
- Siya ay anak ng isang Hudyang ina at isang Griyegong ama at naninirahan sa Lystra (cf. Mga Gawa 16:1). Ang Latin na salin ng komentaryo ni Origen sa taga-Roma 16:21 ay nagsasabing Timoteo ay isang mamamayan ng Derbe. Ito ay maaaring mula sa Mga Gawa 20:4.
- Siya ay naturuan sa Hudyang pananampalataya (o Kristiyanong pananampalataya) ng kanyang ina at lola (cf. II Timoteo 1:5; 3:14-15).
- Siya tila nagtiwala kay Kristo sa panahon ng unang pangmisyong paglalakbay ni Pablo (cf. Mga Gawa 14:6-7).
- Siya ay hiniling na sumama sa pang-misyong pangkat nina Pablo at Silas sa ikalawang paglalakbay (cf. Mga Gawa 16:1-5), tila upang tanggapin ang mga tungkulin ni Juan Marcos. Siya ay napagtibay ng propesiya (cf. I Timoteo 1:18; 4:14).
- Siya ay tinuli ni Pablo upang sa gayon ay makapagministeryo sa kapwa mga Hudyo at mga Griyego (cf. Mga Gawa 16:3).
- Siya ay isang matapat na kasamahan ni Pablo at naging kanyang Apostolikong kinatawan. Siya ay binanggit sa pangalan na mas higit sa iba pang mga kamanggagawa ni Pablo (17 beses sa 10 mga sulat, cf. taga-Roma 16:21; I taga-Corinto 4:17; 16:10; taga-Filipos 1:1; 2:19,22; taga-Colosas 1:5; I Timoteo 1:2; II Timoteo 1:2; Tito 1:4).
- Si Pablo ay masintahin siyang tinatawag na “aking tunay na anak sa pananampalataya” (cf. I Timoteo 1:2); “aking minamahal na anak” (cf. II Timoteo 1:2); “aking tunay na anak sa karaniwang pananampalataya” (cf. Tito 1:4). Gayundin, pansinin ang “aking minamahal at matapat na anak sa Panginoon” sa I taga-Corinto 4:17.
- Siya ay tila nasa Roma nang si Pablo ay pinalaya mula sa bilangguan at sinamahan siya sa kanyang ika-apat na pangmisyong paglalakbay (cf. taga-Colosas 1:1; Filemon 1).
- Siya ay tinawag na isang “apostol” sa I taga-Thesalonica 2:6 sa kaunawaan ng isang nagpapatuloy na espirituwal na kaloob para sa mga iglesia (cf. taga-Efeso 4:11).
- Dalawa sa tatlong mga Sulat Pastoral ay inuukol sa kaniya.
- Siya ay huling binanggit sa Hebreo 13:23 (ngunit pagkakasunod-sunod sa II Timoteo 1:2).

- ▣ **“aking tunay anak”** Ang “akin” ay wala sa Griyegong teksto. Ang “anak” ay *teknon*, na nangangahulugang isang lehitimong anak. Nakita ni Pablo kaniyang sarili bilang espirituwal na ama ni Timoteo (cf. 2 Timoteo 1:2; 2:1). Tinutukoy niya rin si Tito (cf. Tito 1:4) at Onesimo (cf. Filemon 1:10) sa mga katulad na parirala.

- ▣ **“Biyaya, kahabagan, at kapayapaan”** Pansinin ang pagkakatulad at mga pagkakaiba sa mga pambungad na pagbati ni Pablo:

- “Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at Panginoong Hesukristo” (cf. taga-Roma 1:7; 1 taga-Corinto 1:3; 2 taga-Corinto 1:2; taga-Galacia 1:3; taga-Efeso 1:2; taga-Filipos 1:2; 1 taga-Thesalonica 1:2; Filemon 1:3)
- “Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama” (cf. taga-Colosas 1:2)
- “Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaan” (cf. 1 taga-Thesalonica 1:1)
- “Biyaya, kahabagan, at kapayapaan nawang mula sa Diyos na Ama at kay Hesukristo na Panginoon natin” (cf. 1 Timoteo 1:2; 2 Timoteo 1:2)
- “Biyaya at kapayapaan nawang mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na Tagapagligtas natin” (cf. Tito 1:4)

Pansinin na mayroong pagkakaiba, ngunit ang ilang mga sangkap ay saligan.

1. Nagsisimula sa “biyaya” ang lahat ng pagbati. Iyon ay isang pang-Kristiyanong anyo ng pagbati na tumutuon sa katangian ng Diyos.
2. “Kapayapaan” ay bunga ng pagtitiwala ng mga tao sa mapagkakatiwalaang Diyos.
3. “Kahabagan” ay isa pang paraan sa paglalarawan ng katangian ng Diyos at natatangi sa mga sulat ni Pablo, ay ginamit lamang sa I at 2 Timoteo. Ang terminong ito ay ginamit sa Septuagint upang isalin ang Hebreong terminong *hesed* (i.e., pangkasunduang katapatan). Ang Diyos ay mapagbiyaya at mapagkakatiwalaan.
4. Ang Ama at Anak ay binanggit sa bawat pagbati (sa 1 taga-Thesalonica, sila ay binanggit sa naunang parirala). Sila ay palaging nauugnay sa gramatika. Ito ay isang paraan ng mga manunulat ng NT na maipahayag ang buong pagka-Diyos ni Hesus ng Nazareth. Ito rin ay totoo na ginagamit sa titulo ng OT para kay YHWH na tumutukoy kay Hesus (i.e., Panginoon at Tagapagligtas).

▣ “**Ama**” Ang Bibliya ay gumagamit ng mga kauriang pantao (mga antropomorpismo) upang ilarawan ang pagka-Diyos bilang isang pantulong sa sangkatauhang nakatali sa panahon at makasalan. Ang mga pinakakaraniwang talinghaga sa bibliya ay nauugnay sa pamilya:

1. Diyos bilang Ama, bilang magulang (ina at ama), bilang malapit na kamag-anak (*go’el*)
2. Hesus bilang Anak, bilang kapatid na lalaki, bilang asawang lalaki
3. mga mananampalataya bilang mga anak, bilang mga kinupkop na anak, bilang asawang babae

### **NATATANGING PAKSA: AMA (FATHER)**

Ang OT ay nagpapakilala ng matalik na pangpamilyang talinghaga ng Diyos bilang isang Ama (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagka-Ama ng Diyos)

1. ang bansang Israel ay madalas na inilalarawan bilang “anak” ni YHWH (cf. Osea 11:1; Malakias 3:17)
2. maging ang sinaunang Deuteronomio ay gumamit ng analohiya ng Diyos bilang isang Ama (1:31)
3. sa Deuteronomio 32 ang Israel ay tinawag na “kanyang mga anak” at ang Diyos ay tinawag na “inyong ama”
4. ay analohiyang ito ay isinaad sa Awit 103:13 at nabuo sa Awit 68:5 (ang ama ng mga ulila)
5. ito karaniwan sa mga propeta (cf. Isaias 1:2; 63:8; Israel bilang isang anak, Diyos bilang Ama, 63:16; 64:8; Jeremias 3:4,19; 31:9).

Si Hesus ay nagsalita ng Aramaiko, na ibig sabihin ay marami sa mga lugar na kung saan ang “Ama” ay lumabas sa Griyegong *Pater* ay maaring nagpakita ng Aramaikong *Abba* (cf. Marcos 14:36). Ang pampamilyang salita ito na “Tatay” o “Papa” ay nagpapakita ng pagiging matalik ni Hesus sa Ama; Ang pagpapakita Niyang ito sa Kanyang mga alagad ay naguudyok din sa atin ng pagiging matalik sa Ama. Ang salitang “Ama” ay ginamit ng mangilan-ngilan sa OT para sa YHWH, ngunit si Hesus ay ginagamit ito ng madalas at walang pagaalinlangan. Ito ay matinding kapahayagan sa bagong relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 6:9).

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:3-7**

<sup>3</sup>Kung paanong ipinamanhik ko sa iyo na ikaw ay matira sa Efeso, nang pumaparoon ako sa Macedonia, upang maipagbilin mo sa ilang tao na huwag magsipagturo ng ibang aral, <sup>4</sup>Ni huwag makinig sa mga katha at sa mga kasaysayan ng mga lahi na walang katapusan, na pinanggagalingan ng pagtatalo, at hindi ng pagkakatiwalang mula sa Diyos na nasa pananampalataya; ay gayon din ang ipinamamanhik ko ngayon. <sup>5</sup>Nguni’t ang kinauuwian ng bilin ay ang pagibig na nagbubuhay sa malinis na puso at sa mabuting budhi at sa pananampalatayang hindi paimbabaw: <sup>6</sup>Na pagkasinsay ng iba sa mga bagay na ito ay nagsibaling sa walang kabuluhang pananalita; <sup>7</sup>Na nagsisipag-nasang maging mga guro ng kautusan, bagaman di nila natatalastas kahit ang kanilang sinasabi, kahit ang kanilang buong tiwalang pinatutunayan.

#### **1:3 “Efeso”**

1. Iyon ay ang pinakamalaking lungsod ng Romanong lalawigan ng Asia Minor. Iyon ay hindi ang kabisera, bagaman ang Romanong gobernador na nanirahan dito. Iyon ay isang sentro ng kalakalan dahil sa kaniyang napakahusay na likas na daungan.

2. Iyon ay isang malayang lungsod, na pinapayagan itong magkaroon ng sariling lokal na pamahalaan at maraming kalayaang pampulitika, kasama ang kawalan ng mga kuta ng mga Romanong hukdo.
3. Iyon ang tanging lungsod na pinahihintulutan ang pagdaraos ng mga palarong Olimpiks kada dalawang taon.
4. Doon matatagpuan ang Templo kay Artemis (Diana sa Latin), na isa sa pitong kahanga-hangang lugar sa mundo ng kanilang panahon. Iyon ay 425' by 220' na may 127 na mga halagi na ang taas ay 60', kung saan ang 86 ay may kalupkop ng ginto (tingnan ang Hist. Nat. 36:95ff ni Pliny). Ang larawan ni Artemis ay pinagpapalagay na isang bulalakaw na kahawig ng isang pigura ng babaeng maraming suso. Ito ay nangahulugang napakarami ng mga pagkultong patutot ang makikita sa lungsod (cf. Mga Gawa 19). Iyon ay isang napaka-imoral na lungsod na maraming kultura.
5. Si Pablo ay namalagi sa lungsod na ito nang tatlong taon (cf. Mga Gawa 18:1ff; 20:13). Siya ay nanatili dito nang mas matagal kaysa sa ibang lugar.
6. Ang tradisyon ay ipinapahayag na iyon ay naging tahanan ni Apostol Juan matapos ng kamatayan ni Maria sa Palestina.
7. Si Pablo at Timoteo ay naglakbay na magkasama matapos na makalaya ni Pablo mula sa pagkakapiit sa Roma. Iyon ay unang heograpikong impormasyon tungkol sa ikaapat na pang-misyong paglalakbay ni Pablo. Pansinin na siya ay tumungo sa Macedonia.
8. Si Eusebio (isang pangatlong siglo manunulat ng kasaysayan ng iglesiya) ay inuugnay ang tradisyon na si Timoteo kinalaunan sa binato sa Efeso dahil sa pakikipagtalo sa mga tagasunod ni Diana.

▣ **“upang”** Ito ay isang *hina* (layuning sugnay), na nangangahulugang “para sa” (1 Timoteo 1:10,18,20; 2:2; 3:15; 4:15; 5:7,16,20,21; 6:1,19).

▣ **“maipagbilin”** Ito ay isang panghukbong termino sa “magbibigay ng mahigpit na utos” (cf. 1 Timoteo 1:5,18; 4:11; 5:7; 6:13,17). Si Pablo ay nag-aatas kay Timoteo bilang kanyang Apostolikong kinatawan.

▣ **“ilang tao na huwag magsipagturo ng ibang aral”** Karaniwang si Pablo, tulad ng lahat ng unang siglo manunulat, ay nagsasama ng isang panalangin ng pasasalamat, isang inaasahang panimulang bahagi ng mga Griyego ng mga liham. Gayunman, sa kapwa taga-Galacia at 1 Timoteo, ang kalagayan (i.e., mga humahadlang na bulaang guro) ay nangangailangan ng isang kaibahan mula sa karaniwang anyo. Napakaraming makabagong pang-akademiyang haka-haka tungkol sa mga bulaang guro ng ito. Sila ay tila nagsasama ng mga aspetong pang-Hudyong at Griyegong kaisipan (tulad ng mga bulaang guro ng taga-Colosas). Sa kontekstong ito, (1:3-4) ang kanilang ay makikilala sa pamamagitan ng

1. mga kakaibang doktrina
2. pagbibigay-pansin sa mga katha
3. pagbibigay-pansin sa mga walang katapusang salin-lahi
4. tila haka-haka lamang

Ang ilang tagapagsuri ay inuugnay ang mga ito sa *aeons* o mga maka-anghel na saklaw (*plērōma*) ng Nostisismo sa pagitan ng isang mataas na mabuting diyos at mababang mga diyos/mga anghel, na ang pinakamababa ay hinuhulma/binubuo sa masamang bagay. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Nostiko sa Tito 1:1.

Ang pang-Hudyong sangkap ay maliwanag sa:

1. “mga guro ng Kautusan” (1 Timoteo 1:7-10)
2. “mga pang-Hudyong katha” (Tito 1:14; 2 Timoteo 4:4)
3. “mga pagtatalo tungkol sa Kautusan” (Tito 3:9)
4. “sila na para sa pagtutuli” (Tito 1:10)
5. maaaring ang mga pinagmula ng Mesias sa Tito 3:9a

**NASB** “huwag magsipagturo ng ibang aral”  
**NKJV** “huwag magturo ng kakaibang doktrina”  
**NRSV** “magturo ng bulaang doktrina”  
**TEV** “turuan ng bulaang doktrina”  
**NJB** “magkalat ng maling aral”

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAWATAS ng isang tambalang terminong *heteros* (iba sa isang naiibang uri) na dinagdagan ng *didakalin* (ang bagay na itinuro). Ang pang-uring *heteros*, gayundin, ay ginamit upang ilarawan ang di-nararapat na aral sa Mga Gawa 17:21; 2 taga-Corinto 11:4; at taga-Galacia 1:6-7. Ang 1 Timoteo 6:3 ay isang mabuting kaagapay.

Sa *The New International Biblical Commentary*, p. xiv, isang sa aking paboritong komentarista, si Gordon Fee, ay nagpahayag na ang talatang ito ay napakahalaga sa pagpapaliwanag ng layunin ng 1 Timoteo. Sa kanyang palagay, iyon ay hindi, una sa lahat, isang “manwal ng pagbibigay-disiplina ng iglesia,” ngunit isang pagpapabulaan ng mga bulaang guro/katuruan (at sumasang-ayon ako).

**1:4 “Ni huwag makinig sa mga katha at sa mga kasaysayan ng mga lahi na walang katapusan”** Dahil sa mga sanggunian sa pang-Hudyong Kautusan (1 Timoteo 1:7-10 at Tito 3:9b), sa pagtutuli (Tito 1:10), at mga pang-Hudyong katha (Tito 1:14 at sa 2 Timoteo 4:4), iyon ay tila maliwanag na ang mga katuruang ito ay pang-Hudyong sa kalikasan. Iyon ay maaaring tumutukoy sa mga baka-sakaling pinagmulan ng Mesias (cf. Tito 3:9a).

Sina Irenaeo at Tertulliano ay inisip na si Pablo ay nagpapahayag na propesiya sa kinalaunang *aeons* o maka-anghel na mga antas ng Nostisismo sa pagitan ng banal na diyos at isang mas mababang diyos (o *Elohim*/anghel) na bumuo ng mga bagay. Ang Nostisismo ay isang sistema ng kaisipan na kilala mula sa mga sulat sa panggitnang bahagi ng ikalawang siglo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Nostisismo sa Tito 1:1. Mula sa mga sinulat na ito, nalalaman natin ang kanilang malawak na talaan ng mga maka-anghel sa antas sa pagitan ng isang mataas na mabuting diyos at ang mas mababang mga espiritwal na nilalang. Gayunman, ang mga Nostikong talaan ay hindi naging katangian ng kapanahong Kristiyano, pang-Hudyong, o Nostikong panitikan sa pamamagitan ng mga terminong “mga katha” o “mga salin-lahi.”

Ang paksa ng Nostisismo ay malaganap na umunlad sa pamamagitan ng mga pang-arkeolohikong pagtuklas sa mga Nostikong teksto tulad ng Nag Hammadi. Ang mga sinulat na ito ay mababasa na ngayon sa Ingles, *The Nag Hammadi Library* nina James M. Robinson at Richard Smith.

**NASB** “pinanggagalingan ng pagtatalo”  
**NKJV** “na nagdulot ng salungatan”  
**NRSV** “pagpapalaganap ng mga haka-haka”  
**TEV** “na tanging magbubunga ng pagtatalo”  
**NJB** “tanging magpapayabong ng pagduruda”

Iyon ay maaaring maging masigasig sa pag-aaral ng Kristiyanismo sa akademiko na nakalimutan natin kung bakit tayo nag-aaral ng salita ng Diyos (cf. Tito 3:8; Mateo 28:19-20). Dahil lamang ang isang teksto ay maaaring mangahulugan ng ganito o hindi mangangahulugan ng ganoon, na iyon na ang kahulugan nito. Tingnan ang pangkasaysayang kalagayan at mas malaking konteksto.

Ito ang tiyak na dahilan na ang Pietismo ay lumago sa tradisyong Repormasyon. Ang isip at puso ay kapwa kailangang pamungahin at palakasin ng Espiritu ng Diyos.

**NASB** “hindi ng pagkakatiwalang mula sa Diyos”  
**NKJV** “mabuti pa kaysa maka-Diyos na pagtatalaga”  
**NRSV** “mabuti pa kaysa maka-Diyos sa pagsasanay”  
**TEV** “hindi nila ginagawa ang plano ng Diyos”  
**NJB** “sa halip na palawigin ang plano ng Diyos”

Ang terminong ito para sa “katiwala ng sambahayan” (*oikonomian*, na matatagpuan sa MSS  $\aleph$ , A, D<sup>2</sup>, F, G) ay ginamit para sa pagkakatiwala ng mga mananampalataya sa mensahe ng ebanghelyo. Iyon tumutukoy sa mapagbiyayag plano Diyos para sa kaligtasan ng lahat ng sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. Genesis 3:15; 2 taga-Corinto 5:21; taga-Efeso 2:8-10; 2:11-3:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH sa 1 Timoteo 4:10.

Ang “pagkakatiwala” (*oikodomēn*) ng NKJV na sumusunod sa MS D\* at mga Griyegong teksto ay ginamit ni Ireneo at ang Latin na teksto ay ginamit ni Teodoro. Ang UBS<sup>4</sup> ay nagbibigay sa “katiwala ng sambahayan” ng isang “A” na antas (tiyak).

Ang NET Bible ay sinasaad ang 1 Timoteo 2:3-6; 2 Timoteo 1:9-10 at Tito 3:4-7 bilang teolohikong sangkap ng walang-hanggang plano ng Diyos sa katubusan (p. 2176).

## **NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY (EDIFY)**

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang “magtatag ng isang bahay” (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesia, I taga-Corinto 3:9; taga-Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng

- a. mga mahinang kapatid, taga-Roma 15:1
- b. kapwa, taga-Roma 15:2
- c. bawat-isa, taga-Efeso 4:29; I taga-Thesalonica 5:11
- d. ang mga banal para sa gawain, taga-Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
  - a. pag-ibig, I taga-Corinto 8:1; taga-Efeso 4:16
  - b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I taga-Corinto 10:23-24
  - c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
  - d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I taga-Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay kailangang makapagpatibay
  - a. kapangyarihan ni Pablo, II taga-Corinto 10:8; 12:19; 13:10
  - b. buod na mga pahayag sa taga-Roma 14:19 at I taga-Corinto 14:26.

▣ **“na nasa pananampalataya”** Mayroong tunay na pagkakaiba sa pagitan ng “mga katha,” “mga salin-lahi,” “mga haka-haka,” at pananampalataya. Ang pananampalataya ay batay sa pangkasaysayang katotohanan ng ebanghelyo, hindi ng mga teoriya. Ang pananampalataya ay nagmula sa mga pangako ng Diyos (cf. taga-Galacia 3:14,16,17,18,21,22,29), hindi sa pilosopikong kalamangan ng mga tao (cf. I taga-Corinto 1:18-31). Ito ay batay sa kapahayagan, ang iba ay sa pantaong haka-haka. Ang isa ay dinadakila ang Diyos at ang iba ay itinataas ang taong nag-iisip.

Ito ay hindi nangahulugang magpababa ng maka-Diyos na pananaliksik, ngunit pag-iiba sa maka-Diyos na kapahayagan mula sa pantaong pangangatuwiran, pagpapalagay, at tuklas. Ang mga mananampalataya ay tinawag na ibigin ang Diyos ng kanilang “mga isipan” (cf. sipi ni Hesus ng Deuteronomio 6:5 sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:28-30; Lucas 10:27) at isalin ang mga katotohanang ito sa kanilang mga anak (cf. Deuteronomio 6:7,20-25).

**1:5 “pagibig na nagbubuhay sa malinis na puso”** Ang layunin ng pagsasakdal ni Pablo sa mga mananampalataya sa I Timoteo 1:5 ay isang tatluhanang bahagi.

1. pag-ibig mula sa isang dalisay na puso
2. pag-ibig mula sa isang mabuting budhi
3. pag-ibig mula sa isang matapat na pananampalataya.

Sa Hebreo, ang “puso” ay ginamit para sa luklukan ng, talino, damdamin at kalooban (cf. Deuteronomio 6:5-6). Iyon ay kumakatawan sa buong pagkatao.

## **NATATANGING PAKSA: ANG PUSO SA NT (THE HEART (NT))**

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523, KB 513). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II taga-Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituwal (i.e., moral)
  - a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; taga-Roma 8:27; I taga-Corinto 14:25; I taga-Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
  - b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; taga-Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Mga Gawa 7:23; 16:14; 28:27; taga-Roma 1:21; 10:6; 16:18; II taga-Corinto 4:6; taga-Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II taga-Corinto 3:14-15 at taga-Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Mga Gawa 5:4; 11:23; I taga-Corinto 4:5; 7:37; II taga-Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Mga Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; taga-Roma 1:24; II taga-Corinto 2:4; 7:3; taga-Efeso 6:22; taga-Filipos 1:7)

6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. taga-Roma 5:5; II taga-Corinto 1:22; taga-Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, taga-Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
  - a. Genesis 6:6; 8:21, “Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso,” pansinin din ang Osea 11:8-9
  - b. Deuteronomio 4:29; 6:5, “ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa”
  - c. Deuteronomio 10:16, “di-tuling puso” at taga-Roma 2:29
  - d. Ezekiel 18:31-32, “isang bagong puso”
  - e. Ezekiel 36:26, “isang bagong puso” laban sa “isang pusong bato” (cf. Ezekiel 11:19; Zacarias 7:12)

▣ **“isang mabuting budhi”** Walang katumbas sa OT ng Griyegong terminong “budhi” maliban sa Hebreong terminong “dibdib” na nagpapahiwatig na isang kaalaman ng sarili at mga motibo nito. Sa orihinal, ang Griyegong termino ay tumutukoy sa kamalayan na nauugnay sa limang pakiramdam o diwa. Iyon ay nanggaling sa paggamit ng nga panloob na pangdamdam (cf. taga-Roma 2:15). Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito nang dalawang beses sa kanyang mga paglilitis sa Mga Gawa (cf. Mga Gawa 23:1 at 24:16). Iyon ay tumutukoy sa kanyang kaunawaan na hindi niya nilabag nang may kaunawaan ang anumang iniaasahang katungkulan tungo sa Diyos (cf. I taga-Corinto 4:4).

Ang budhi ay isang lumalagong pagkaunawa ng mga motibo at mga pagkilos ng mananampalataya batay sa n (1) isang biblikal na pananawa sa mundo; (2) isang nanananahang Espiritu; at (3) isang kaalaman sa salita ng Diyos. Iyon ay naging maaari sa pamamagitan ng personal na pagtanggap ng ebanghelyo.

Si Pablo ay gumagamit ng terminong ito dalawang beses sa kabanata 1, minsan sa kaugnayan sa kanyang sariling lumagong kaunawaan ng kalooban ng Diyos (cf. I Timoteo 1:5) at minsan sa kaugnayan sa sinasadyang pagtanggap ng mga bulaang guro (cf. Tito 1:15), kasama sina Himeneo at Alejandro (cf. I Timoteo 1:19). Ang mga bulaang gurong ito ay ginawang tuyot ang kanilang mga budhi (cf. I Timoteo 4:2).

▣ **“sa pananampalatayang hindi paimbabaw”** Si Pablo ay gumagamit ng pang-uring ito nang tatlong beses sa kanyang mga sulat upang ilarawan ang (1) pananampalataya (cf. I Timoteo 1:5; 2 Timoteo 1:5) at (2) pag-ibig (cf. 2 taga-Corinto 6:6 at gayundin sa I Pedro 1:22). Iyon ay may kahulugan ng totoo, tunay, o matapat na kasalungat ng “huwad” na naglalarawan ng mga bulaang guro (cf. I Timoteo 1:19-20).

**1:6-7** Ang mga talatang ito ay ibayo pang binibigyang-katangian ang mga bulaang guro sa mga napaka-pang-Hudyong kaurian

1. sila ay humilis mula sa layunin ng mga etikong katuruan (cf. I Timoteo 1:5)
2. sila ay bumaling sa
  - a. “walang bungang pagtalakay” (NASB)
  - b. “walang kabuluhang pag-uusap” (NKJV)
  - c. “walang saysay na salita” (NRSV)
  - d. “walang lamang haka-haka” (NJB)
3. ninanais nilang maging mga guro ng Kautusan
4. hindi nila nauunawaan ang Kautusan
5. sila ay gumagawa ng mga pamimilit na may katiyakan tungkol sa mga bagay na hindi nila nauunawaan
6. ang mga talatang 9c-10 ay tila nagpapakilala ng Sampung Utos

Ang kapamahakan ng mga bulaang guro ay alinman sa

1. kanilang espiritwal na pagkabalag, na kadalasang ipinapahayag sa kawalan ng katapatan
2. kanilang sinasadyang pagtanggap ng liwanag, hindi lang kamang-kamangan
3. kanilang pag-akay sa iba sa kamalian at pagkawasak

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:8-11**

<sup>8</sup>Datapuwa’t nalalaman natin na ang kautusan ay mabuti, kung ginagamit ng tao sa matuwid,  
<sup>9</sup>Yamang nalalaman ito, na ang kautusan ay hindi ginawa dahil sa taong matuwid, kundi sa mga walang kautusan at manggugulo, dahil sa masasama at mga makasalanan, dahil sa mga di banal at mapaglapastangan, dahil sa nagsisipatay sa ama at sa nagsisipatay sa ina, dahil sa mga mamamatay-tao,

<sup>10</sup>Dahil sa mga nakikiapid, dahil sa mga mapakiapid sa kapuwa lalake, dahil sa mga nagnanakaw ng tao, dahil sa mga bulaan, dahil sa mga mapagsumpa ng kabulaanan, at kung mayroon pang ibang bagay laban sa mabuting aral; <sup>11</sup>Ayon sa ebanghelyo ng kaluwalhatian ng mapagpalang Diyos, na ipinagkatiwala sa akin.

**1:8-11** Ito ay isang mahabang pangungusap sa Griyego. Iyon ay maliwanag na naghahayag ng isang nagpapatuloy na layunin ng Kautusan ni Moises, lalo na habang iyon ay nauugnay sa moral na pamumuhay.

**1:8** “Datapuwat nalalaman natin na ang kautusan ay mabuti” Tingnan ang susunod na Natatanging Paksa.

### **NATATANGING PAKSA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOISES (PAUL’S VIEW OF THE MOSAIC LAW)**

Ito ay mabuti at mula sa Diyos (cf. taga-Roma 7:12,16).

- A. Ito ay hindi paraan sa katuwiran at pagtanggap ng Diyos (ito ay maaaring maging isang sumpa, cf. taga-Galacia. 3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kautusan ni Moises at ang Kristiyano.
- B. Ito pa rin ay kalooban ng Diyos para sa mga mananampalataya dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).
- C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Mga Gawa 15; taga-Roma 4; taga-Galacia 3; Hebreo). Ito ay gumaganap sa pagpapaging-banal ngunit hindi sa pagpapawalang-sala.
- D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
  1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. taga-Galacia 3:15-29)
  2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
  3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikong pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moises. Sa *One Man in Christ*, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat sa Pablo:

“Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga’t maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . ‘Ang kautusan ay banal’ kanyang sinulat, ‘Ako’y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob’ (cf. taga-Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng nomos na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, ‘Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. taga-Galacia 3:13)” (p. 26).

▣ **“kung”** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang maaari, ngunit hindi natitiyak, na pagkilos. Ang Kautusan ni Moises ay kailangang gamitin sa isang nararapat na paraan at hindi bilang isang legalistikong adyenda (cf. taga-Roma 2:27-29; 7:6; 2 taga-Corinto 3:6).

**1:9 “kundi sa mga walang kautusan at manggugulo”** Isinasama ni Pablo ang maraming tala ng mga kasalanan sa kanyang mga sulat (cf. taga-Roma 1:29-31; 13:13; 1 taga-Corinto 5:11; 6:9-10; taga-Efeso 5:5; taga-Colosas 3:5; 1 Timoteo 6:4-5; 2 Timoteo 3:2-4; Tito 3:3). Sila ay katulad sa mga tala ng mga masamang hilig ng mga Griyegong moralista (*Stoics*). Ang mga talang ito ay inilalarawan silang may kaugnayan pa rin sa Kautusan (i.e., mga makasalanan). Ang Kautusan bilang kinatawan ng Diyos na magsumbat ng kasalanan ay lubusang pinapaliwanag sa taga-Galacia 3.

## NATATANGING PAKSA: MGA MASAMANG HILIG (BISYO) AT MGA KAGALINGAN SA NT (VICES AND VIRTUES IN THE NT)

Ang mga tala ng kapwa mga masamang hilig (bisyo) at mga kagalingan ay karaniwan NT. Kadalasang sila ay nagpapakita sa kapwa rabinikal at kultural (Helenistik) na mga tala. Ang mga tala sa NT ng magkakasalungat na mga katangian ay makikita sa:

	<u>Mga Masamang Hilig</u>	<u>Mga Kagalingan</u>
1. Pablo	taga-Roma 1:28-32 taga-Roma 13:13 I taga-Corinto 5:9-11 I taga-Corinto 6:10 II taga-Corinto 12:20 taga-Galacia 5:19-21 taga-Efeso 4:25-32 taga-Efeso 5:3-5 --- taga-Colosas 3:5,8 I Timoteo 1:9-10 I Timoteo 6:4-5 II Timoteo 2:22a,23 Tito 1:7, 3:3	--- taga-Roma 12:9-21 --- I taga-Corinto 6:6-9 II taga-Corinto 6:4-10 taga-Galacia 5:22-23 --- --- taga-Filipos 4:8-9 taga-Colosas 3:12-14 --- --- II Timoteo 2:22b,24 Tito 1:8-9; 3:1-2
2. Santiago	Santiago 3:15-16	Santiago 3:17-18
3. Pedro	I Pedro 4:3 II Pedro 1:9	I Pedro 4:7-11 II Pedro 1:5-8
4. Juan	Pahayag 21:8; 22:15	---

- ▣ **“walang kautusan”** Ito ay nangahulugang “walang kinikilalang awtoridad.” Ang mga bulaang gurong ito ay tinatangi ang mga moral na aspeto ng Kautusan ni Moises. Ang mga ito ay naging isang “kautusan” sa kanilang sarili (walang budhi, cf. I Timoteo 4:2).
- ▣ **“manggugulo”** Ito ay nangahulugang “hindi sa ilalim ng awtoridad.” Ninanais nilang maging mga awtoridad sa kanilang sarili.
- ▣ **“masasama”** Ito ay nangahulugang “marurunong na lapastangan sa relihiyon.” Hindi sila mga mang-mang, ngunit self-blinded.
- ▣ **“mga di banal”** Ito ay nangahulugan ng salungat sa kabanalan. Kanilang kinakalaban ang lahat na pinaninindigan at ginawaga ng Diyos.
- ▣ **“mapaglapastangan”** Ito ay nangahulugang “pagyurak sa banal.” Inaangkin nila na sila ay espiritwal, ngunit ang kanilang pamumuhay ay nagpapatunay ng kanilang kamunduhan.
- ▣ **“sa nagsisipatay sa ama at sa nagsisipatay sa ina”** Kung ang talaang ito ay nagpapakilala ng Sampung Utos, ngayon, ito ay nagpapakita ng kawalan ng paggalang/pagkilala na nararapat sa mga magulang (cf. Exodo 20:12; Deuteronomio 5:16).
- ▣ **“mamamatay-tao”** Sa Sampung Utos, ito ay tumutukoy sa di-legal, pinaghandaang pagpatay (cf. Exodo 20:13; Deuteronomio 5:17).

**1:10 “mga nakikiapid”** Ito ay nangahulugang “sekswal na imoral” at naaarubg tumukoy sa Exodo 20:14 at Deuteronomio 5:18. Ang sekswalidad na walang hangganan ya palagiang katangian ng mga bulaang guro.

NASB, NJB  
NKJV, NRSV

“mga mapakiapid sa kapuwa lalake”  
“mga mahahalay”



**NATATANGING PAKSA: PAGIGING BAKLA O TOMBOY (HOMOSEXUALITY)**

Mayroong maraming makabagong pagtutulak sa kultura na tanggapin ang *homosexuality* bilang isang karapat-dapat na kahaliling pamumuhay. Ang Bibliya ay ipinagbabawal ito bilang isang mapangwasak na pamumuhay, na nasa labas ng kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha.

1. Linalabag nito ang kautusan ng Genesis 1 na maging mabunga at magparami
2. Hinatulan ito sa Genesis 19 (cf. 2 Pedro 2:6-8; Hudat 7) at Mga Hukom 19
3. Inilalarawan nito ang paganong pagsamba at kultura (cf. Levitico 18:22; 20:13; taga-Roma 1:26-27; at Hudat 1:7)
4. Ipinapakita nito ang isang mapagsariling pagsasarili mula sa Diyos (cf. I taga-Corinto 6:9-10)

Gayunman, nais kong bigyang-diin ang pag-ibig at kapatawaran ng Diyos sa lahat ng mga mapanghimagsik (rebelde) sangkatauhan. Ang *homosexuality* ay hindi “ang di-napapatawad na kasalanan.” Ang mga Kristiyano ay walang karapatang kumilos ng pagalit o may pagmamataas patungo sa partikular na kasalananang ito, lalo na’t maliwanag na lahat tayo ay nagkasala at kasama ang mga salita ni Hesus sa Pangangaral sa Bundok (Mateo 5:27-28) na nagpapahayag na ang kasalanan ay nasa isipan gayundin sa gawa, na ang mga sekswal na kasalanan ay lalong lumalaki. Ang panalangin, pagmamalasakit, patotoo, at pagkahabag ay makagagawa nang malaking kaibahan sa larangan ito kaysa sa marahas na paghatol. Ang Salita ng Diyos at Kanyang Espiritu ang gagawa ng paghatol kung hahayaan natin sila. Ang lahat ng kasalananang sekswal (pakikiapid, pangangalunya, pakikitalik sa kaanak, pakikitalik sa hayop), hindi lamang ito, ay kasuklam-suklam sa Diyos at magdudulot ng paghatol. Ang kasarian (sekswalidad) ay isang kaloob ng Diyos para sa kapakanan, kaligayahan ng tao at sa katatagan ng lipunan. Ngunit itong malakas, na pagnanasang ibinigay ng Diyos, ay kadalasang ginawang mapanghimagsik, makasarili, mapagnasang kaaliwan, “mas marami-para-sakin-sa-kahit-anong-halaga” na pamumuhay (cf. taga-Roma 8:1-8; taga-Galacia 6:7-8).

Kadalasang sinasabi sa akin ng tao, “Ginawa ako ng ganito ng Diyos.” Ito ay totoo na hindi pa natin lamang ang pinanggalingan ng kabaklaan o homoseksualidad (i.e., genetika o panlipunan) ngunit kung anuman, ang Bibliya ang dapat gumabay ang ating mga pagpili; ang mga pagpili ay may mga kahihinatnan. Ang mga teksto ay may pangingibabaw laban sa mga damdamin o personal na pagkiling. Tayo ay isang komunidad ng pananampalataya na pinapatnubayan ng kapahayagan ng Diyos, hindi ng mga pansariling karapatan o kalayaan.

Isa lamang pangwakas na salita, bilang isang pinuno ng iglesia, nalalaman ko na isang bahagdan ng mga Kristiyano ay nakikibaka sa isyung ito. Ang suliranin ay hindi ang pagkahilig ngunit ang paggawa. Ang ilang pang-ministryong mag-aaral sa aking unibersidad ay nakakaranas ng ibang mga isyung sekswal (sila ay lubhang napakalakas sa yugto itong ng buhay). Sila na piniling magtakda ng hangganan sa kanilang mga ninanais (i.e., pagpipigil) sa bahaging ito (i.e., sekswal na pagnanais) ay tiyak na mga kandidato para sa mga posisyong pang-ministryo. Ito rin ay totoo para sa kanilang nakikibaka sa pagiging-bakla. Ang pagkilos, hindi ang kaisipan, ang tunay na isyu. Kung bakit ang ilan ay lumalapit sa iba ng kaparehong kasarian ay isang hiwaga. Mayroong pagpapasiya sa mga bahaging ito (gaya ng lahat ng bahagi) Tayo ay may pananagutan sa ating mga pagpili!

Inibig ng Diyos ang mga tao at ninanais ang mahabang kalusugan, kaligayahan, at katatagan ng lahat ng sa kanilang linikha sa Kaniyang larawan at wangis (Genesis 1:26-27; tingnan ang Natatanging Paksa: Pantaong Seksualidad). Ang mga bagay/mga pagkilos na nakakapatid ng pansariling kalusugan at kaligayahan, gayundin ang sa komunidad, ay pinaparusahan. Ninanais ng Diyos ang pinakamainam para sa atin! Ninanais natin ang ating madaliang kaligayahan! Kahabagan tayong lahat ng Diyos.

▣ **“mga nagnanakaw ng tao”** Ito ay maaaring karagdagang katibayan na ang buong talaan ay umaagapay sa Sampung Utos. Ito ay isang rabinikong pagpapaliwanag ng “huwag kang magnanakaw” (cf. Exodo 20:15; Deuteronomio 5:19). Ang mga rabbi ay nagpapahayag na iyon tumutukoy sa pagnakaw ng mga alipin (cf. Exodo 21:16; Deuteronomio 24:7), gayunman, ang pinakamalapit na konteksto ay tila nauugnay sa mahalay na seksualidad (i.e., ang sekswal na paggamit sa isang aliping babae, cf. Amos 2:7, o ang paggamit sa mga batang lalaki para sa kabaklaan).

▣ **“mga bulaan at mga mapagsumpa ng kabulaanan”** Ito ay maaaring maigunay sa Kautusang “Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa” (cf. Exodo 20:16; Deuteronomio 5:20).

▣ **“at kung mayroon pang ibang bagay laban sa mabuting aral”** Kung ating itutuloy na ihambing ito sa Sampung Utos, ngayon, ito ay tumutukoy sa “pag-iimbot” (cf. Exodo 20:17; Deuteronomio 5:21). Gayunman, tila tinapos ni Pablo ang kanyang talaan ng mga kasalanan sa taga-Roma 13:9 at taga-Galacia 5:21 sa katulad na pangkalahatang kaunawaan (i.e., walang tiyak na sanggunian sa pag-iimbot).

▣ **“mabuting aral”** Nakuha nating ang Ingles na salitang “pangangalaga sa kalusugan” mula sa Griyegong salita na ito. Ang terminong ito ay ginamit sa NT ng labing-isang beses; siyam ay sa mga Liham Pastoral. Iyon ay nagpapahayag ng mga katuruang ginagawang espirital na malusog ang mga mananampalataya.

Ang konseptong ito (bagaman naiiba ang pagkakarirala) ay isang inuulit na paksa sa mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 1:10; 4:6; 6:3; 2 Timoteo 1:13; 4:3; Tito 1:9,13; 2:1,2,7). Sa kontekstong ito, iyon ay kaagapay ng “ang ebanghelyo ng kaluwalhatian” sa 1 Timoteo 1:11.

Ang mahirap na napapanahong aplikasyon ng tekstong ito ay nauugnay sa mga makabagong mananampalataya na may kakayahang makilala ang “bulaang mga guro.” Paano pag-iibahin ng isa ang mga bagay sa pagitan ng personal na patatangi at kultura laban sa napakahalagang mga pangdoktrinang isyu? Ang sagot ay makikita sa pang-Apostol na pangangaral ng ebanghelyo, lalo na habang iyon ay inuugnay sa persona at gawain ni Kristo at kung paano tatanggapin ng mga tao ang pakinabang ng gawain ni Kristo at ipamuhay ito sa liwanag ng mandato ng ebanghelyo sa pagiging katulad kay Kristo.

Ang “Tunay na Aral” ay isa sa maraming salita at mga parirala na nagtataas at naglalarawan ng katotohanan ng Diyos.

1. “Salita ng Diyos” (cf. 1 Timoteo 4:5; 2 Timoteo 4:2; Tito 2:5)
2. “salita ng ating Panginoon” (cf. 1 Timoteo 6:3; 2 Timoteo 1:13)
3. “mga salita ng katotohanan” (cf. 2 Timoteo 2:15)
4. “mga salita ng pananampalataya” (cf. 1 Timoteo 4:6)
5. “katuruan” (cf. 1 Timoteo 1:10; 11 Timoteo 4:3; Tito 1:9, 2:1)
6. “lagak” (cf. 1 Timoteo 6:20)
7. “katotohanan” (cf. 2 Timoteo 1:14; 2:18, 25; 3:7,8; 4:4)
8. “ang Ebanghelyo” (cf. 1 Timoteo 1:11; 2 Timoteo 2:8, 10, 11)
9. “ang pananampalataya” (cf. 1 Timoteo 6:21; 2 Timoteo 4:7)
10. “Banal na Kasulatan” (cf. 2 Timoteo 2:15-16)

**1:11 “sa ebanghelyo ng kaluwalhatian”** Ito sa literal ay “ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ng pinagpalang Diyos.” Ito ay kaagapay sa “tunay na aral” ng 1 Timoteo 1:10. Inihayag ng Diyos kung paano tumugon sa Kaniya at ibang tao sa nararapat (ebanghelyo) at di-nararapat (pang-Hudyong legalismo) na mga paraan. Ang bagong kasunduan kay Kristo ay ang pangwakas na tagahatol ng kung anong kinakailangan at nararapat para sa mga mananampalataya (cf. Mga Gawa 15).

Ang terminong kaluwalhatian (*doxa*) ay napakamahirap bigyang-kahulugan. Sa OT, ang Hebreong terminong *kabod*, isang pangkalakal na termino na nangangahulugang “maging mabigat” at sa gayon ay mahalaga at kagalang-galang. Iyon ay may isang natatanging pinagmulang kaunawaan kapag ginamit kay YHWH (cf. Exodo 16:7) sa kaugnayan nito sa *shekinah* na ulap na nagpapakilala ng Kaniyang presensya. Ang ulap na ito ay isang haligi ng apoy. Samakatuwid, ang *kabod* ay kumuha ng isang maliwanag, makinang na kahulugan (cf. Exodo 24:17). Sa OT, iyon ay naging isang paraan ng pagtukoy sa Diyos sa Kaniyang sarili (cf. Isaias 59:19). Ito ang dahilan kung bakit naging napakahalaga ng Juan 1:14. Si Hesus at/o Kaniyang ebanghelyo ay lubusang nakikita kasama ang pinagpalang Diyos ng OT, si YHWH.

▣ **“mapagpalang Diyos”** Ang salitang ito para sa “pinagpala” ay ginamit para sa Diyos, dito lamang at sa 1 Timoteo 6:15. Iyon ay ang parehong termino na ginamit sa *Beatitudes* ng Mateo 5 (i.e. “masaya,” “nasiyahan”). Ang implikasyon ng wikain ay si YHWH ang karapat-dapat sa pagpupuri.

▣ **“na ipinagkatiwala sa akin”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng *pisteuō*, ang pangkalahatang termino para sa pananampalataya, pagtitiwala, o paniniwala sa NT. Dito, iyon ay ginamit sa kaunawaan ng “ipagkatiwala ang isang bagay sa iba” (cf. Lucas 16:11; taga-Roma 3:2; 1 taga-Corinto 9:17; taga-Galacia 2:7; 1 taga-Thesalonica 2:4; 1 Timoteo 1:11; Tito 1:3; 1 Pedro 4:10). Naniniwala si Pablo na ginawa siya ng Diyos na isang katiwala ng ebanghelyo kung saan siya ay magbibigay ng isang pagsusulit (cf. 1 taga-Corinto 9:17; taga-Galacia 2:7; 1 taga-Thesalonica 2:4; Tito 1:3).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:12-17

<sup>12</sup>Nagpapasalamat ako sa kaniya na nagpapalakas sa akin, kay Kristo Hesus na Panginoon natin, sapagka't ako'y inari niyang tapat, na ako'y inilagay sa paglilingkod sa kaniya; <sup>13</sup>Bagaman nang una ako'y naging mamumusong, at manguusig; at mangaalipusta: gayon ma'y kinahabagan ako, sapagka't yao'y ginawa ko sa di pagkaalam sa kawalan ng pananampalataya; <sup>14</sup>At totoong sumagana ang biyaya ng ating Panginoon na nasa pananampalataya at pagibig na pawang kay Kristo Hesus. <sup>15</sup>Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat, na si Kristo Hesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanang; na ako ang pangulo sa mga ito; <sup>16</sup>Gayon ma'y dahil dito, kinahabagan ako, upang sa akin na pangulong makasalanang, ay maipahayag ni Hesukristo ang buong pagpapahinuhod niya, na halimbawa sa mga magsisisampalataya sa kaniya, sa ikabubuhay na walang hanggan. <sup>17</sup>Ngayon sa Haring walang hanggan, walang kamatayan, di nakikita, sa iisang Diyos, ay ang kapurihan at kaluwalhatian magpakailan kailan man. Amen.

**1:12 “Nagpapasalamat ako kay Kristo Hesus na Panginoon natin”** Ito ay isang di-karaniwang pagkakataon na inukol ni Pablo ang kanyang panalangin kay Kristo sa halip na sa Ama. Ginawa niya ito dahil si Hesus ang kaniyang naranig sa daan ng Damasco (cf. Mga Gawa 9:4-5; 22:7-8; 26:15). Naniniwala si Pablo na si Hesus ang

1. nagpalakas/nagbigay-kakayahan/nagbigay-kapangyarihan sa kaniya (cf. taga-Filipos 4:13; 2 Timoteo 4:17)
2. itinuring siyang matapat/mapagkakatiwalaan
3. inilagay siya sa ministeryo (cf. Mga Gawa 9:15).

Ang nalalabing bahagi ng talatang ito ay inukol sa pagkamangha ni Pablo na ang Diyos ay maaaring magmahal, magpatawad, at gamitin ang isang makasalanang tulad niya. Kung ginawa ito ng Diyos kay Pablo, maaari Niyang gawin iyon sa kaninuman, kahit na sa mga bulaang guro at sa kanilang naimpluwensiyahan nila.

Ang ganitong uri ng doxolohiya na tila pumapasok sa konteksto ay katangian ng sulat ni Pablo. Ang paghahayag ng kanyang teolohiya ay kadalasang nagdudulot sa kaniya na sumambulat sa pagpuri at pagpapasalamat. Si Pablo ay kadalasang ginagamit ang Griyegong terminong *eucharisteō* o *eucharistia* upang ipahayag ang pasasalamat, ngunit ang termino dito ay *charin*, na nabuo mula sa tangkay ng terminong “biyaya” (*charis*). Ang terminong ito ay mas di-karaniwan sa mga sulat ni Pablo (cf. 1 Timoteo 1:12; 2 Timoteo 1:3). Gayunman, kapwa ay tila ginamit nang nagpapalitan sa mga liham sa Corinto, samakatuwid, sila ay maaaring magkasingkahulugan para kay Pablo, na may maliit o walang pagkanatatanging ipinapahiwatig.

## NATATANGING PAKSA: PASASALAMAT (THANKSGIVING)

### I. Panimula

- A. Ito ay ang naaangkop na pag-uugali ng mga mananampalataya ukol sa Diyos:
  1. Ito ang pinagmumulan ng ating papuri sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo
    - a. II taga-Corinto 2:14
    - b. II taga-Corinto 9:15
    - c. taga-Colosas 3:17
  2. Ito ay ang naaangkop layunin sa ministeryo, I taga-Corinto 1:4
  3. Ito ay ang nagpapatuloy na paksa ng langit:
    - a. Pahayag 4:9
    - b. Pahayag 7:12
    - c. Pahayag 11:17
  4. Ito ay ang nagpapatuloy ng paksa sa mga mananampalataya
    - a. taga-Colosas 2:7
    - b. taga-Colosas 3:17
    - c. taga-Colosas 4:2

### II. Biblikal na Kasangkapan

#### A. Lumang Tipan

1. Dalawang payak na salita
  - a. *yadah* (BDB 392), na nangangahulugang papuri
  - b. *todah* (BDB 392), na nangangahulugang pasasalamat. Ito ay kadalasang ginamit sa mga hinahandog na alay (cf. II Cronica 29:31; 33:16)

2. Si David ay nagtalaga ng mga natatanging Levita upang papurihan at pasalamat ang Diyos. Ito ay pinagpatuloy nina Solomon, Hezekiah, at Nehemiah.
  - a. I Cronica 16:4,7,41
  - b. I Cronica 23:30
  - c. I Cronica 25:3
  - d. II Cronica 5:13
  - e. II Cronica 7:6
  - f. II Cronica 31:2
  - g. Nehemiah 11:12
  - h. Nehemiah 12:24,27,31,38,46
3. Ang mga Salmo ay ang kalipunan ng mga papuri sa pasalamat ng Israel.
  - a. Pasalamat kay YHWH sa Kanyang katapatan sa Kasunduan
    - (1) Mga Awit 107:8
    - (2) Mga Awit 103:1ff
    - (3) Mga Awit 138:2
  - b. Ang pasalamat ay bahagi ng pagprusisyon sa Templo
    - (1) Mga Awit 95:2
    - (2) Mga Awit 100:4
  - c. Ang pasalamat ay kasama sa mga handog
    - (1) Mga Awit 26:7
    - (2) Mga Awit 122:4
  - d. Ibinibigay ang pasalamat para sa mga pagkilos ni YHWH
    - (1) Deliverance mula sa enemies
      - (a) Mga Awit 7:17
      - (b) Mga Awit 18:49
      - (c) Mga Awit 28:7
      - (d) Mga Awit 35:18
      - (e) Mga Awit 44:8
      - (f) Mga Awit 54:6
      - (g) Mga Awit 79:13
      - (h) Mga Awit 118:1,21,29
      - (i) Mga Awit 138:1
    - (2) Pagpapalaya mula sa bilangguan (talinghaga), Awit 142:7
    - (3) Pagpapalaya mulasa kamatayan
      - (a) Mga Awit 30:4,12
      - (b) Mga Awit 86:12-13
      - (c) Isaias 38:18-19
    - (4) Kanyang ibinababa ang masasama at itinataas ang matutuwid
      - (a) Mga Awit 52:9
      - (b) Mga Awit 75:1
      - (c) Mga Awit 92:1
      - (d) Mga Awit 140:13
    - (5) Siya ay nagpapatawad
      - (a) Mga Awit 30:4
      - (b) Isaias 12:1
    - (6) Siya provides para sa Kanyang people
      - (a) Mga Awit 106:1ff
      - (b) Mga Awit 111:1
      - (c) Mga Awit 136:1,26
      - (d) Mga Awit 145:10
      - (e) Jeremias 33:11

#### B. Bagong Tipan

1. Ang pangunahing salita na ginamit sa pagpapasalamat at pasalamat (ilang mga sanggunian)
  - a. *eucharisteō* (cf. I taga-Corinto 1:4,14; 10:30; 11:24; 14:17,18; taga-Colosas 1:3,12; 3:17)
  - b. *eucharistos* (cf. taga-Colosas 3:15)

- c. *eucharistia* (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 4:15; 9:11,12; taga-Colosas 2:7; 4:2)
- d. *charis* (cf. I taga-Corinto 15:57; II taga-Corinto 2:14; 8:16; 9:15; I Pedro 2:19)
- 2. Ang halimbawa ni Hesus
  - a. Siya ay nagpapasalamat sa pagkain:
    - (1) Lucas 22:17,19 (I taga-Corinto 11:24)
    - (2) Juan 6:11,23
  - b. Siya ay nagpapasalamat sa natugunang panalangin, Juan 11:41
- 3. Iba pang mga halimbawa ng pagpapasalamat
  - a. Kay Kristo na kaloob ng Diyos, II taga-Corinto 9:15
  - b. Sa pagkain
    - (1) Mga Gawa 27:35
    - (2) taga-Roma 14:6
    - (3) I taga-Corinto 10:30; 11:24
    - (4) I Timoteo 4:3-4
  - c. Sa pagpapagaling, Lucas 17:16
  - d. Sa kapayapaan, Mga Gawa 24:2-3
  - e. Sa pagkakaligtas mula sa panganib
    - (1) Mga Gawa 27:35
    - (2) Mga Gawa 28:15
  - f. Sa lahat ng kalagayan, taga-Filipos 4:6
  - g. Sa lahat ng mga tao, lalo na sa mga pinuno, I Timoteo 2:1-2
- 4. Ibang mga aspeto ng pagpapasalamat
  - a. Ito ay kalooban ng Diyos sa lahat ng mga mananampalataya, I taga-Tesalonica 5:18
  - b. Ito ay isang katunayan ng buhay na puspos ng Espiritu, taga-Efeso 5:20
  - c. ang kapabayaang nito ay kasalaan
    - (1) Lucas 17:16-17
    - (2) taga-Roma 1:21
  - d. Ito ay isang lunas sa kasalanan, taga-Efeso 5:4
- 5. Pagpapasalamant ni Pablo
  - a. sa kanyang mga pagpapala sa iglesia
    - (1) sa pagpapahayag ng ebanghelyo
      - (a) taga-Roma 1:8
      - (b) taga-Colosas 1:3-4
      - (c) taga-Efeso 1:15-16
      - (d) I taga-Tesalonica 1:2
    - (2) sa biyayang ipinagkaloob
      - (a) I taga-Corinto 1:4
      - (b) II taga-Corinto 1:11; 4:15
    - (3) sa pagtanggap ng ebanghelyo, I taga-Tesalonica 2:13
    - (4) sa pagsasama sa ikalalaganap ng ebanghelyo, taga-Filipos 1:3-5
    - (5) sa paglago ng biyaya, II taga-Tesalonica 1:3
    - (6) sa kaalaman ng pagpili (eleksyon), II taga-Tesalonica 2:13
    - (7) sa mga pagpapalang espiritwal, taga-Colosas 1:12; 3:15
    - (8) sa pagkabukas-kamay sa pagkaloob, II taga-Corinto 9:11-12
    - (9) sa kaligayahan sa bagong mga mananampalataya, I taga-Tesalonica 3:9
  - b. sa kanyang personal na pagpapasalamat
    - (1) sa pagiging isang mananampalataya, taga-Colosas 1:12
    - (2) sa pagkakalaya mula sa tanikala ng kasalanan, taga-Roma 7:25; II taga-Corinto 2:14
    - (3) sa sakripisyong pagpapagal ng ibang mga mananampalataya, taga-Roma 16:4; II taga-Corinto 8:16
    - (4) sa ilang mga pagkilos na hindi nangyayari, I taga-Corinto 1:14
    - (5) sa personal na espiritwal na kaloob, I taga-Corinto 14:18
    - (6) sa espiritwal na paglago ng mga kaibigan, Filemon 4-5
    - (7) sa pisikal na kalakasan para sa gawain (ministry), I Timoteo 1:12

### III. Pagwawakas

- A. Ang pasasalamat ay ang ating sentrong pagtugon sa Diyos nang tayo ay naligtas. Ipinapahayag ito hindi lamang sa pasalitang pagsang-ayon, ngunit sa pamumuhay na pagpapasalamat.
- B. Ang pagpapasalamat sa lahat ng bagay ay layunin ng isang malagong buhay sa pagkalinga ng Diyos (cf. I taga-Tesalonica 5:13-18).
- C. Ang pagpapasalamat ay isang paulit-ulit na paksa ng kapwa Luma at Bagong Tipan. Ito ba ay isa sa iyong paksa?

**1:13 “mamumusong”** Ito ay tumutukoy sa mga paniniwala at mga pahayag ni Saulo tungkol kay Hesus bago pa ang kanyang pagbabagong-buhay.

▣ **“isang manguusig; at mangaalipusta”** (cf. Mga Gawa 8:1-3; 9:1,13,21; 22:4,19; 26:10-11; 1 taga-Corinto 15:8-9; taga-Galacia 1:13; taga-Filipos 3:6)

▣ **“kinahabagan ako”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang Diyos/si Kristo ay nahabag kay Saulo, ang marahas na tagapag-usig. Kung siya ay nakatanggap ng kahabagan, sinuman ay maaaring makatanggap ng kahabagan. Ito ay maliwanag na naghahayag ng katangian ng Diyos at gaano kalayo ang maaabot ng Kaniyang pag-ibig at kahabagan na iginawad sa mga makasalanan.

▣ **“sapagka't yao'y ginawa ko sa di pagkaalam sa kawalan ng pananampalataya”** Sa OT, ang mga kasalanan ng kamangmangan ay maaaring mapatawag sa pamamagitan ng pag-aalay (cf. Levitico 16), subalit para sa pinag-isipang kasalanan, walang pag-aalay ang maaaring gawin, kahit na sa Araw ng Pagtubos. Sa Mga taga-Roma, maliwanag na inihayag ni Pablo na tinatanganan ng Diyos ang mga tao na may pananagutan para sa liwanag kanilang taglay. Isang halimbawa ng katotohanan ito ay bago ibigay ang Kautusang Mosaiko, hindi tinanganan ng Diyos ang mga tao na may pananagutan sa paglabag ng mga pinag-uutos dito (cf. Mga Gawa 17:30; taga-Roma 3:20,25; 4:15; 5:13,20; 7:5,7-8; 1 taga-Corinto 15:56). Ang katulad na katotohananng ito ay makikita rin sa kanilang hindi pa nakarinig ng ebanghelyo (cf. taga-Roma 1:18-2:29). Sila ay may pananagutan para sa liwanag kanilang taglay (mula sa creation, taga-Roma 1:18-23 at isang panloob na saksing moral, taga-Roma 2:14-15). Ito ay tinawag na “kapahayagan ng kalikasan” laban sa “natatanging kapahayagan” (i.e., ang Bibliya).

**1:14 “ang biyaya ng ating Panginoon”** Ang susi sa teolohiya ni Pablo tungkol sa kaligtasan ay ang katangian ng Diyos, hindi ang kagalingan ng sangkatauhan. Ang tanging pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan ay ang napagpasiyahan, mahabagin, mapagbiyayang katangian ng Diyos, na naihayag kay Kristo (cf. taga-Efeso 1:3-14; 2:4,8-9).

▣ **“totoong sumagana”** Ito sa literal ay “lalong sumasagana” (*hyperpleonazō*). Iyon ay isang katangiang tambalan na *hapax legomenon* na may *hyper* na nilikha ni Pablo. “Kung ang kasalanan nananagana, ang biyaya ay mas lalong nananagana” (taga-Roma 5:2).

### **NATATANGING PAKSA: ANG PAGGAMIT NI PABLO NG MGA TAMBALANG “HUPER” (PAUL’S USE OF “HUPER” COMPOUNDS)**

Si Pablo ay may isang natatanging pagkahilig sa paglikha ng mga bagong salita na ginagamitan ng Griyegong PANG-UKOL *hyper*, na ang pangunahing kahulugang ay “lagpas” o “mataas.” Kapag ginamit na kasama ang DYENITIBO (ABLATIBO) ito ay nangangahulugang “sa pangalan ng.” Ito rin ay maaaring mangahulugan ng “tungkol” o “patungkol,” tulad ng *peri* (cf. II taga-Corinto 8:23; II taga-Thesalonica 2:1. Kapag ginamit kasama ang AKUSATIBO ito ay nangangahulugang “mataas,” “ibabaw,” o “lagpas” (cf. A. T. Robertson, *A Grammar of the Greek New Testament in the Light of Historical Research*, pp. 625-633. Kapag si Pablo ay nagnanais na magbigay-diin sa isang konsepto, siya ay gumagamit nitong PANG-UKOL sa isang tambalan. Ang mga sumusunod ay isang tala ng mga natatanging paggamit ni Pablo sa PANG-UKOL na ito sa mga tambalan.

A. *apax legomenon* (minsan lamang ginamit sa NT)

1. *Huperakmos*, isang dumaan sa pinakamainam na bahagi ng buhay, I taga-Corinto 7:36
2. *Huperauxanō*, upang lubhang madagdagan, II taga-Thesalonica 1:3

3. *Huperbainō*, lagpas na paghakbang o pagsuway, I taga-Thesalonica 4:6
4. *Huperkeina*, lampas, II taga-Corinto 10:16
5. *Huperekteina*, higit na magsilampas, II taga-Corinto 10:14
6. *Huperentugchanō*, upang mamagitan, taga-Roma 8:26
7. *Hupernikaō*, maging masaganang pagtatagumpay, taga-Roma 8:37
8. *Huperpleonazō*, maging sa malabis na kasaganahan, I Timoteo 1:14
9. *Huperupsoō*, upang maitaas ng sukduhan, taga-Filipos 2:9
10. *Huperphroneō*, magkaroon ng matayog na pag-iisip, taga-Roma 12:3

B. Mga salitang ginamit lamang sa sulat ni Pablo.

1. *Huperairomai*, upang maitaas ang sarili, II taga-Corinto 12:7; II taga-Thesalonica 2:4
2. *Huperballontōs*, maatas sa sukatan, lubha, II Corinto 11:23; (PANG-ABAY lamang dito, ngunit PANDIWA sa II taga-Corinto 3:10; 9:14; taga-Efeso 1:19; 2:7; 3:19)
3. *Huperbolē*, isang lagpas sa pagtubo, isang kagila-gilalas sa baluti (armas), taga-Roma 7:13; I taga-Corinto 12:31; II taga-Corinto 1:8; 4:7,17; 22:7; taga-Galacia 1:13
4. *Huperekperissou*, lampas sa lahat ng sukatan, taga-Efeso 3:20; I taga-Thesalonica 3:10; 5:13
5. *Huperlian*, sa pinakamataas na antas o pagiging higit sa lahat, II taga-Corinto 11:5; 12:11
6. *Huperochē*, katanyagan, kagalingan, I taga-Corinto 2:1; I Timoteo 2:2
7. *Huperperisseuō*, upang lubhang managana, taga-Roma 5:20 (PANGGITNANG TINIG, maging masayang mapuno, umaapaw, II taga-Corinto 7:4)

C. Mga salitang ginamit ni Pablo at bihira sa ibang manunulat ng NT

1. *Huperanō*, lalong mataas, taga-Efeso 1:21; 4:10; at Hebreo 9:5
2. *Huperechō*, kagalingan, pagiging higit sa lahat, taga-Roma 13:1; taga-Filipos 2:3; 3:8; 4:7; I Pedro 2:13
3. *Huperēphanos*, mag-akala o mapanghamak, taga-Roma 1:30; II Timoteo 3:2 at Lucas 1:51; Santiago 4:6; I Pedro 5:5.

Si Pablo ay isang tao ng dakilang pag-ibig; kapag ang mga bagay o tao ay mabuti, sila ay lalong mabuti at kung sila ay masama, sila ay lalong masama. Ang PANG-UKOL na ito ay nagpapahintulot sa kanya na ihayag ang kanyang mga sukduhang damdamin patungkol sa kasalanan, sarili, at kay Kristo at sa Ebanghelyo.

▣ **“na nasa pananampalataya at pagibig na pawang kay Kristo Hesus”** Maraming mga isyu sa pagbibigay-kahulugan ang talatang ito.

1. Ang “Panginoon” (I Timoteo 1:14) ba ay dapat tumukoy kay YHWH (cf. I Timoteo 1:17) o Hesus? Sa konteksto, pinakamainam kay YHWH.
2. Ang kaloob na biyaya ba ng Diyos ay nauugnay sa pananampalataya at pag-ibig, gayundin sa mga kaloob ni Kristo (cf. TEV, NJB)?

Tiyak na ang pagbabagong-buhay ni Pablo (cf. Mga Gawa 9) ay isang pagkilos ng biyaya. Pablo ay pinili at may kumilos. Ang kaniyang pagtugon ay hindi isang pagkilos ng di-apektadong malayang pagpili! Ang kaniyang mga pangangailangan ay natugunan sa biyaya ng Diyos at mga gawa ni Hesus. Si Pablo ay tumanggap ng mga kaloob ng langit at pagkatapos, ipinamuhay sila para sa iba.

Pansinin na ang mga pagtustos ng Diyos para sa kaligtasan ay dumating lamang sa pamamagitan ni Kristo. Siya ang sagot ng Diyos para sa mga pangangailangan ng nalugmok na sangkatauhan sa bawat bahagi (cf. I Timoteo 1:15-17).

**1:15 “Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat”** Ang pariralang ito ay ginamit nang limang beses sa mga Sulat Pastoral (cf. I Timoteo 1:15; 3:1, 4:9; 2 Timoteo 2:11; Tito 3:8). Iyon ay ginamit nang malimit tulad ng “amen, amen” ni Hesus (na isinaling “tunay nga, tunay nga” o “totoo, totoo”) upang ipakilala ang mga mahalagang pahayag.

Maraming iskolar ang naniniwala na ang pariralang ito ay isang pampanitikang tanda para kay Pablo, na sumisipi ng isang imno, liturhiya, o katesismo. Ang iba pang maaaring mga lugar na kaniyang sinipi ang mga sinaunang kredong pahayag ay 1:17; 3:16; 6:15-16; 2 Timoteo 2:11-13.

▣ **“si Kristo Hesus ay naparito sa sanglibutan”** Ito ay nagpapahiwatig ng pag-iral ni Hesus bago pa ang paglalang (cf. Juan 1:1,15, 8:57-58, 16:28, 17:5; I taga-Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-8), na isang pangunahing pangdoktrinang isyu na kaugnay sa Kaniyang pagka-Diyos (Siya ay nagkatawang-tao, hindi nilikha, cf. Kawikaan 8:22). Ito ay maaaring magpaliwanag sa Nostikong aspeto ng mga

## **NATATANGING PAKSA: PAGGAMIT NI PABLO NG KOSMOS (SANGLIBUTAN) (PAUL'S USE OF *KOSMOS*)**

Si Pablo ay gumagamit ng salitang *kosmos* sa maraming mga paraan.

1. lahat ng mga nilikhang kaayusan (cf. taga-Roma 1:20; taga-Efeso 1:4; I taga-Corinto 3:22; 8:4,5)
2. itong mundo (cf. II taga-Corinto 1:12; taga-Efeso 1:10; taga-Colosas 1:20; I Timoteo 1:15; 3:16; 6:7)
3. sangkatauhan (cf. I taga-Corinto 1:27-28; 4:9,13; taga-Roma 3:6,19; 11:15; II taga-Corinto 5:19; taga-Colosas 1:6)
4. mga taong nagsasaayos at nagsisikilos na hiwalay sa Diyos (cf. I taga-Corinto 1:20-21; 2:12; 3:19; 11:32; taga-Galacia 4:3; taga-Efeso 2:2,12; taga-Filipos 2:15; taga-Colosas 2:8,20-24). Ito ay talagang katulad sa paggamit ni Juan's usage (i.e., I Juan 2:15-17)
5. ang pagkasalukuyang balangkas ng mundo (cf. I taga-Corinto 7:29-31; taga-Galacia 6:14, katulad ng Filipos 3:4-9, dito inilarawan ni Pablo ang mga balangkas pang-hudyo)

Sa ilang mga paraan ay nagsasama at ito ay mahirap uriin sa bawat paggamit. Ang salitang ito, katulad ng napakaraming kaisipan ni Pablo, ay kailangang mabigyan ng kahulugan sa pinakamalapit na konteksto at hindi sa isang kahulugang mula sa paunang pagtatakda. Ang talahulugan ni Pablo ay may pagkakatulad (cf. James Stewart, *A Man in Christ*). Hindi niya sinatangang magbuo ng isang sistematikong teolohiya, ngunit upang ipahayag si Kristo.

▣ **“upang iligtas ang mga makasalanan”** Ito ay ang layunin ng pagdating ni Kristo (cf. Marcos 10:45; Lucas 19:10; I Juan 2:2). Iyon din ay nagpapakita ng paunang simulain ng ebanghelyo patungkol sa pangangailangan ng biyaya ng nalugmok na sangkatauhan (cf. taga-Roma 3:9-18,23; 6:23).

▣ **“ako ang pangulo”** Mas dakila ang liwanag, mas dakila ang kamalayan ng kasalanan (cf. I Timoteo 1:16; I taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8). Si Pablo ay nagsisisi sa kanyang pag-uusig ng iglesia (cf. Mga Gawa 7:58; 8:1; 9:1-2; 22:4,19-20; 26:1011), ngunit nakaramdam ng pagpapalakas ng biyaya, pag-ibig, at pagtutustos ng Diyos para sa mga makasalanan sa pamamagitan ng natapos na gawain ni Kristo (cf. I Timoteo 1:16).

### **1:16**

<b>NASB</b>	<b>“pagpapahinuhod”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“lahat ng pagtitiis”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“ang sukdulang pagtitiis”</b>
<b>TEV</b>	<b>“buong pagtitiis”</b>
<b>NJB</b>	<b>“di-maubos na pagtitiyaga”</b>

Ito ay isang tambalang Griyegong termino (*makros* at *thumos*) para sa “napigilang poot.” Ang terminong ito ay kadalasang ginagamit sa Diyos sa Griyegong OT, na tinawag na Septuagint (cf. Bilang 14:18; Mga Awit 86:15; 103:8; Joel 2:13; Nahum 1:3). Iyon gayundin ay nagpapakilala sa Diyos ng NT (cf. taga-Roma 2:4; 9:22; I Pedro 3:20; 2 Pedro 3:15). Iyon ay nangahulugang na nagpapakilala din sa Kaniyang mga anak (cf. 2 taga-Corinto 6:6; taga-Galacia 5:22; taga-Efeso 4:2; taga-Colosas 1:11; 3:12; 2 Timoteo 3:10; 4:2).

▣ **“na halimbawa”** Ang patotoo ng kaligtasan ni Pablo mula sa pagiging pusakal na kaaway ng Kristiyanismo patungo sa pagiging pinagkatiwalaang Apostol sa mga Hentil ay nagpapahayag ng lalim at lapad at taas ng biyaya Diyos. Sa isang kaunawaan, si Pablo ay isang matapat na bulaang guro na kinahabagan ng Diyos!

▣ **“sa mga magsisisampalataya sa kaniya”** Si Hesus ay nananalangin para sa kanilang mananampalataya sa Kaniya sa Juan 17:20-26. Bagaman ang Ebanghelyo ni Juan ay gumagamit ng pang-ukol na *eis* na kadalasang inihahayag ang layon ng pantaong pananampalataya, si Pablo ay karaniwang gumagamit ng *epi* (cf. taga-Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; gayundin, pansinin ang Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31) o datibo lamang (cf. taga-Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8; 27:25). Tila walang teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng (1) pananampalataya sa loob (*eis*); pananampalataya sa (*en*); pananampalataya patungo sa (*epi*); o ang paggamit ng ang datibong kalagayan na walang pang-ukol (cf. I Juan 5:10).

Si Pablo, tulad ni Juan, paminsan-minsan ay gumagamit ng *hoti* (i.e., pananampalataya na), na nagbibigay-



diin sa nilalaman ng pananampalataya (cf. taga-Roma 6:8; 1 taga-Thesalonica 4:14). Ang ebanghelyo ay (1) isang persona na tinatangap; (2) mga katotohanan na pananampalatayaan; at (3) isang buhay na ipapamuhay.

**NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA O MAGTIWALA (PISTIS [PANGGALAN], PISTEUŌ [PANDIWA], PISTOS [PANG-URI]) (FAITH, BELIEVE OR TRUST (PISTIS [NOUN], PISTEUŌ [VERB], PISTOS [ADJECTIVE]))**

- A. Ito ay isang napakahalagang termino sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1, 6). Ito ay paksa ng naunang pangangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong hindi kukulangin sa dalawang kinakailangan sa bagong kasunduan: pagsisisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16, 19; 20:21).
- B. Ang etimolohiya nito
1. Ang terminong “pananampalataya” sa OT ay nangangahulugang katapatan, pagkamatapat, o mapagkakatiwalaan at isang paglalarawan sa kalikasan ng Diyos, hindi natin.
  2. Ito ay nagmula sa isang Hebreong terminong (*emun, emunah*, BDB 53, i.e., Habbakuk 2:4), na sa orihinal ay nangangahulugang “maging tiyak o matatag.” Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay
    - a. isang persona na tatanggapin (i.e. personal na pagtitiwala, pananampalataya, cf. E.1. sa ibaba)
    - b. paniniwala sa mga katotohanan tungkol sa persona (i.e., Banal na Kasulatan, cf. E.5. sa ibaba)
    - c. pamumuhay ng isang buhay tulad ng persona (i.e., pagiging-wangis ni Kristo)
- C. Ang pagkakagamit nito sa OT
- Kailangang mabigyang-diin na ang pananampalataya ni Abraham ay hindi sa isang panghinaharap na Mesias, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng isang anak at mga supling (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14; taga-Roma 4:1-5). Si Abraham ay tumugon sa pangakong ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT) at Kaniyang salita. Siya ay patuloy na walang pagduruda sa pangakong ito, na natupad pagkatapos nang labing-tatlong taon. Ang kaniyang di-ganap na pananampalataya, gayunman, ay tinanggap ng Diyos. Ang Diyos ay nagnanais na kumilos kasama ang mga may kasiraang sangkatauhan na tumugon sa Kaniya at sa Kaniyang mga pangako sa pananampalataya, kahit na ito ay sinlaki ng binhi ng mustasa (cf. Mateo 17:20 o magkakahalang pananampalataya (Marcos 9:22-24).
- D. Ang pagkakagamit nito sa NT
- Ang katagang “naniwala” ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa “naniwala,” manampalataya,” o “magtiwala.” Halimbawa, ang PANGGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang “naniwala” ay sa mga Juan 8:31-59 at Mga Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32; 28:19-20).
- E. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL
1. *eis* na nangunguhulang “sa.” Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
    - a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
    - b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; taga-Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
    - c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
    - d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
    - e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; taga-Galacia 2:16)
    - f. sa Liwanag (Juan 12:36)
    - g. sa Diyos (Juan 14:1)
  2. *ev* na nangangahulugang “nasa” gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Mga Gawa 5:14
  3. *epi* na nangangahulugang “sa” o “sa ibabaw,” gaya ng sa Mateo 27:42; Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; taga-Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
  4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa taga-Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8;

27:25; I Juan 3:23; 5:10

5. *hoti*, na nangangahulugang “paniwalaang ang,” nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
  - a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
  - b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
  - c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
  - d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
  - e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
  - f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
  - g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
  - h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
  - i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako nga” (Juan 8:24; 13:19)
  - j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (taga-Roma 6:8)
  - k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I taga-Thesalonica 4:14)

▣ **“walang hanggan”** Ang buhay na walang hanggan (*zōen aiōnion*) ay isang pangunahing inuulit na paksa sa teolohiya ni Juan. Iyon ay isang kasalukuyang katotohanan (e.g., Juan 3:16,36; 5:24; 6:47,54) gayundin ang isang panghinaharap na pag-asa na ipinagkaloob sa kanilang nakakakilala sa Ama sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Anak (e.g., Juan 17:2-3).

Ginagamit ni Pablo ang terminong ito bilang isang paraan ng pagtukoy sa buhay ng (1) ang bagong panahon; (2) ang kaharian ng Diyos; o (3) muling-bakabuhay na buhay (cf. taga-Roma 2:7; 5:21; 6:22,23; taga-Galacia 6:8; 1 Timoteo 1:16; Tito 1:2; 3:7). Ang Diyos lamang ay imortal; ang Diyos lamang ang makapagkakaloob ng buhay. Ipinagkaloob Niya ang buhay na walang-hanggan sa kanilang nagtitiwala sa Kaniyang Anak sa pamamagitan ng pananampalataya.

**1:17 “ang Hari”** Ang doxolohiyang ito ay katulad ng sa 6:15-16. Iyon ay nagpapakilala ng wika ng kinalaunang sinagoga (“ang Hari ng Sansinukob”) at ang mga Hudyo ng diaspora (ang terminong “walang-hanggan” ay ginamit sa Diyos ni Philo ng Alexandria).

Iyon ay talagang maaarin na si Pablo ay sumisipi ng isang kredo o imno ng sinaunang iglesia na gaya nang kanyang ginawa sa 1 Timoteo 3:16; 6:15-16 at 2 Timoteo 2:11-13.

▣ **“walang hanggan”** Ito ang una sa apat na makapangyarihang pang-uri na katulad sa mga pang-uri na ginamit sa pariralang “walang-hanggan buhay” sa 1 Timoteo 1:16 ngunit dito upang ilarawan ang Diyos. Iyon sa literal ay “ng ang mga panahon” (*aiōnion*), na maaaring isang talinghaga ng kawalang-hanggan o isang sanggunian sa pang-Hudyong konsepto ng dalawang panahon:

1. isang kasalukuyang masamang panahon na ipinapakilala ng pagsasarili at paghihimagsik (anghel at tao)
2. isang darating na ipinangakong panahon ng katuwiran na dinala ng Espiritu at ipinatupad ng Mesias.

Tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 6:17.

Ang “nandito na at wala pa” na pag-iigting ng walang-hanggan buhay ay ipinapakilala ang kasalukuyang yugto na ang dalawang pang-Hudyo panahong ito ay nagpang-abot dahil sa bagong kapahayagan patungkol sa ang dalawang pagdating ng Mesias, isa na bilang Tagapagligtas, at isa, kinalaunan, bilang Hari, Panginoon, at Hukom.

▣ **“walang kamatayan”** Ito sa literal ay “di-masisira.” Iyon ay tumutukoy na patalinghaga sa Isang laging nabubuhay, tanging nabubuhay (YHWH mula sa Hebreong pandiwa na “maging,” cf. Exodo 3:14, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 2 Timoteo 1:2). Tanging ang Diyos ang may buhay sa Kaniyang sarili (cf. taga-Roma 1:23; 1 Timoteo 1:17; 6:16). Ang lahat ng ibang buhay ay isang may pinanggalingang kaloob at isang pagkakatiwala. Iyon ay nagmula lamang sa pamamagitan ng biyaya ng Ama, ang gawain ni Kristo (cf. 2 Timoteo 1:10), at ang ministryo ng Espiritu.

▣ **“di nakikita”** Ito ay ginamit sa kaunawaang ng espiritwal na kaharian (cf. taga-Colosas 1:15) o maaaring si YHWH bilang di-nakikitang Diyos (walang mga larawan, cf. Exodo 33:20; Deuteronomio 4:15; 1 Timoteo 6:16). Ang Diyos ay ang walang-hanggan Espiritu na umiiral sa lahat ng linikha!

▣ **“iisang Diyos”** Ito ay tumutukoy sa pang-Hudyong monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 2:5, cf. Deuteronomio 6:4-6; Hudus 25). Ang kontekstong ito ay nagpapakilala ng natatanging biblikal na pananaw sa mundo. Ang Bibliya ay ipinapakilala ang sangkatauhan na may isang pananampalataya na pananaw na lagpas sa limang pangdama.

1. Mayroong isa at tanging isang Diyos (cf. Genesis 1:1; Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 4:35-39; 1 Samuel 2:2; 2 Samuel 7:22; 22:32; 1 Mga Hari 8:23; Mga Awit 86:8,10; Isaias 43:11; 44:6,8; 45:6-7,14,18,21-22; 46:5,9; Jeremias 2:11; 5:7; 10:6; 16:20).
2. Siya ay isang personal, manlilikha, manunubos na Diyos (cf. Genesis 1-2; 3:15; Mga Awit 103-104).
3. Siya ay nagkakaloob ng mga pangako ng pag-asa at pagpapanumbalik sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 53).
4. Ang pananampalataya sa Mesias ay nagsasaayos ng pagsira sa paghihimagsik (ang ebanghelyo).
5. Ang sinumang manampalataya sa Mesias ay mayroong walang-hanggang buhay (ang ebanghelyo).

Ang Textus Receptus, ay sumusunod sa Griyegong ansyalong mga kasulatang  $\aleph^c$ ,  $D^c$ , K, L, at P, na idinadagdag ang “wise” (NKJV, “sa Diyos na Siya lamang ang marunong”). Ang pagdaragdag na ito ay di-makikita sa mga Griyegong kasulatang  $\aleph^*$ , A,  $D^*$ , F, G, at  $H^*$ . Iyon ay maaaring isang pagdaragdag mula sa taga-Roma 16:27. Ang UBS<sup>4</sup> ay binibigyan ang mag maikling teksto na isang “A” na antas (tiyak).

▣ **“ang kapurihan at kaluwalhatian”** Ito ang talagang kahulugan ng OT terminong *kabod* (cf. 1 Timoteo 1:11). Iyon ay ginamit nang maraming beses sa aklat ng Pahayag kasama ng ilang mga pagpupuri (cf. 1 Timoteo 4:9,11; 5:12,13; 7:12). Sa OT ang pinaka-karaniwang Hebreong salita para sa “kaluwalhatian” (*kabod*) sa orihinal ay isang pangkomersyong termino na tumutukoy sa isang pares ng timbangang nangahulugang “maging mabigat.” Ang mabigay ay mahalaga o mayroong tunay na halaga. Kadalasang ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita upang ipahayag ang pagkamaharlika ng Diyos (cf. Exodo 15:16; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang mahalaga at kagalang-galang. Siya ay napaliwanag para tingnan ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Ang Diyos ay tunay lamang makikilala sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo 17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang terminong “kaluwalhatian” ay tila may kalabuan

1. iyon ay maaaring kaagapay sa “katuwiran ng Diyos”
2. iyon ay maaaring tumukoy sa “kabanalan” o “kasakdalan” ng Diyos
3. iyon ay tumutukoy sa larawan ng Diyos na linikha sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit kinalaunan ay nasira sa pamamagitan ng paghihimagsik (cf. Genesis 3:1-22)

Iyon ay unang ginamit sa presensiya ni YHWH sa Kaniyang bayan (cf. Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; Bilang 14:10).

▣ **“magpakailan kailan man”** Ito sa literal ay “mga panahon ng mga panahon,” na isang wikain para sa kawalang-hanggan (cf. taga-Galacia 1:5; taga-Filipos 4:20; 2 Timoteo 4:18). Ang katulad na termino ay ginamit sa 1 Timoteo 1:16 para sa “walang-hanggang buhay” at sa 1 Timoteo 1:17 para sa “Haring walang-hanggang.”

## **NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (MGA GRIYEGONG KATAGA) (FOREVER (GREEK IDIOM))**

Isang Griyegong pangwikaing parirala ay “sa loob ng mga panahon” (cf. Lucas 1:33; taga-Roma 1:25; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaaring maglarawan ng Hebreong *’olam*. Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 319-321, at Natatanging Paksa sa OT: Magpakailanman (*’olam*).

Ang ibang mga kaugnay na mga pariral ay “sa loob ng panahon” (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II taga-Corinto 9:9) at “ng panahon ng mga panahon” (cf. taga-Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Griyegong mga kataga para sa “magpakailanman.” Ang salitang “mga panahon” ay maaaring PANGMARAMIHAN na isang paglalarawang pagkaunawa sa rabinikal na pang-gramatikong pagkakabuo na tinawag na “ang pangmaramihan ng maharlika” o ito ay maaaring tumukoy sa konsepto ng maraming “mga panahon” sa pang-Hudyong pagkaunawa ng “panahon ng kasamaan,” “panahong darating,” o “panahon ng katuwiran” (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at Ang Panahong Darating).

▣ “Amen” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 6:16.

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 1:18-20

<sup>18</sup>Ang biling ito ay ipinagtatagubilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga propesiya na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka; <sup>19</sup>Na ingatan mo ang pananampalataya at ang mabuting budhi; na nang ito'y itakuwil ng iba sa kanila ay nangabagbag tungkol sa pananampalataya: <sup>20</sup>Na sa mga ito'y si Himeneo at si Alejandro; na sila'y aking ibinigay kay Satanas, upang sila'y maturuang huwag mamusong.

**1:18 “biling”** Ginagamit ni Pablo ang dalawang panghukbong terminong sa kabanatang ito: (1) “biling” (1 Timoteo 1:3,5,18) at (2) “makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka” (1 Timoteo 1:18; cf. 2 taga-Corinto 10:3-6; taga-Efeso 6:10-17). Ang talatang ito (i.e., 1 Timoteo 1:18-20) ay bumabalik sa teolohikong isyu ng mga bulaang guro ng 1 Timoteo 1:3-7.

**NASB, TEV** “ipinagtatagubilin”  
**NKJV** “ipinagkakatiwala”  
**NRSV, NJB** “ipinagkakaloob”

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG ng *paratithēmi*. Itinagubilin ni Pablo ang gawain ng ebanghelyo kay Timoteo (cf. 1 Timoteo 6:20; 2 Timoteo 1:14, gaya ng pagtatagubilin nito sa kaniya ni Hesus, cf. 2 Timoteo 1:12) na ipasa sa ibang mga matatapat na lalaki (cf. 2 Timoteo 2:2).

Ang terminong ito ay ginamit sa

1. pagtatagubilin ni Hesus ng Kaniyang sarili sa Diyos sa Lucas 23:46
2. pagtatagubilin ng mga mananampalataya sa kanilang mga sarili sa Diyos sa Mga Gawa 14:23
3. pagtatagubilin ni Pablo ng mga mananampalataya sa Diyos sa Mga Gawa 20:32
4. pagtatagubilin ng mga mananampalataya sa bagong henerasyon sa 2 Timoteo 2:2

▣ “ayon sa mga propesiya na nangauna tungkol sa iyo” Si Timoteo ay tumanggap ng kapwa pang-espirtwal na kaloob at pang-propesiyang pagpapatunay ng iglesia sa Lystra sa panahon ng pagpapatong ng mga kamay (cf. 1 Timoteo 4:14). Ang pariralang ito ay nangangahulugang (1) “ginawa tungkol sa iyo” (cf. NRSV) o (2) “naghatid sa akin sa iyo” (cf. RSV).

### NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN (NEW TESTAMENT PROPHECY)

- I. Hindi ito tulad ng propesiya sa OT (BDB 611), na may rabinikong pakahulugan ng kinasihang kapahayagan mula kay YHWH (cf. Mga Gawa 3:18,21; taga-Roma 16:26). Ang mga propeta lamang ang maaaring magsulat ng Banal na Kasulatan.
  - A. Si Moises ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).
  - B. Ang mga pangkasaysayang aklat (Josue - Hari [maliban sa Ruth]) ay tinawang na “mga naunang propeta” (cf. Mga Gawa 3:24).
  - C. Ang mga propeta ay inilalagay sa tungkulin ng Punong Saserdote bilang pinanggagalingan ng kaalaman mula sa Diyos (cf. Isaias - Malakias)
  - D. Ang pangalawang pangkat ng Hebreong kanon ay “ang mga Propeta” (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; taga-Roma 3:21).
- II. Sa NT, ang konsepto ay ginamit sa maraming magkakaibang mga paraan.
  - A. tumutukoy sa mga propeta sa OT at kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2)
  - B. tumutukoy sa isang mensahe para sa isang indibidwal kaysa sa pangkabuuang pangkat (i.e., mga propeta sa OT na nagsalita sa simula sa Israel)
  - C. tumutukoy sa kapwa kay Juan Bautista (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at Hesus bilang tagapagpahayag ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Inaangkin din ni Hesus na siya ay lalong dakila sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).
  - D. Iba pang mga propeta sa NT
    1. naunang buhay ni Hesus na natala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga ala-ala ni Maria)

- a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
- b. Zacarias (cf. Lucas 1:67-79)
- c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
- d. Ana (cf. Lucas 2:36)

2. Mapanuyang propesiya (cf. Caiaphas, Juan 11:51)

- E. tumutukoy sa isang taong nagpapahayag ng ebanghelyo (ang mga tala ng mga kaloob ng pagpapahayag sa I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)
- F. tumutukoy sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesia (cf. Mateo 23:34; Mga Gawa 13:1; 15:32; taga-Roma 12:6; I taga-Corinto 12:10,28-29; 13:2; taga-Efeso 4:11). Minsan, ito ay maaaring tumukoy sa mga kababaihan (cf. Lucas 2:36; Mga Gawa 2:17; 21:9; I taga-Corinto 11:4-5).
- G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

### III. NT mga propeta

- A. Hindi sila nagbibigay ng kinasilang kapahayagan na katulad ng kaunawaan sa ginawa ng mga propeta sa OT (i.e., Banal na Kasulatan). Ang kapahayagang ito ay maaaring dahil sa paggamit ng pariralang “ang pananampalataya” (i.e., isang pagkaunawa sa isang ganap ng ebanghelyo) na ginamit sa Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; taga-Galacia 1:23; 3:23; 6:10; taga-Filipos 1:27; Judas 3,20.

Ang konseptong ay maliwanag na mula sa buong pariralang na ginamit sa Judas 3, “ang pananampalatayang minsan at para sa lahat na inilagak sa mga banal.” Ang “minsan para sa lahat” na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan sa pananaw ng mundo ng Kristiyanismo. Ang minsan-ibinigay na pagbibigay-diin ay ang batayan para sa pagtatakda ng teolohikong inspirasyon sa mga sulat sa NT at hindi pagpapahintulot sa mga nahuli o iba pang mga sulat na maituring na kapahayagan. May mga maraming hindi malinaw, di-tiyak, at malabong bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang bawat bagay na “kinakailangan” para sa pananampalataya at pagsasagawa ay kasama na may sapat na kaliwanagan sa NT. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng tinatawag na “ang pangkapahayagang tatsulok”

- 1. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kasaysayang panahon-kalawakan (KAPAHAYAGAN)
- 2. Pinili Niya ang tiyak na mga taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
- 3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at puso ng mga tao sa pagkakaunawa ng mga sulat na ito, hindi sa kahulugan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristiyanong buhay (ILUMINASYON O PAGBIBIGAY LIWANAG). Ang punto nito ay tinakda (o limitado) ang inspirasyon sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang sumunod pang mga makapangyarihang sulat, pangitain, o kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon na tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng naaayon sa Diyos. Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagkakaisa ng mga manunulat ng bibliya laban sa matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalit ang may antas ng maka-Diyos na pamumuno kaysa sa mga ginawa ng manunulat ng Banal na Kasulatan.

- B. Sa isang mga paraan, ang mga propeta sa NT ay katulad ng mga propeta sa OT.

- 1. Paghula sa mga panghinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Gawa 27:22; Agabus, Mga Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Mga Gawa 20:23)
- 2. Ipahayag ang kahatulan (cf. Pablo, Mga Gawa 13:11; 28:25-28)
- 3. Mga pang-sagisag ng pagkilos na maliwanag na naglalarawan ng isang pangyayari (cf. Agabus, Gawa 21:11)

- C. Minsan, sila ay nagpapahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang paghuhula (cf. Mga Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pinagtutuan. Ang pagbibigay propesiya sa I Corinto ay payak na pagpapahayag ng ebanghelyo (cf. 14:24,39).

  2. *Exagorazō* (cf. taga-Galacia 3:13; 4:5; taga-Efeso 5:16; taga-Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang “sumpa” ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. taga-Efeso 2:14-16; taga-Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
  3. *Luō*, “upang palayain”
    - a. *Lutron*, “isang halagang kabayaran” (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
    - b. *Lutroō*, “upang pakawalan”
      - (1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
      - (2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
      - (3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
    - c. *Lutrōsis*, “katubusan,” “pagkakalaya,” o “pagpapalaya”
      - (1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
      - (2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
      - (3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12
  4. *Apolytrōsis*
    - a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
      - (1) Lucas 21:28
      - (2) Roma 8:23
      - (3) taga-Efeso 1:14; 4:30

- (4) Hebreo 9:15
- b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
- (1) taga-Roma 3:24
- (2) I taga-Corinto 1:30
- (3) taga-Efeso 1:7
- (4) taga-Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa “lahat” (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).
- B. Ang teolohikong konsepto ng NT.
1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; taga-Roma 3:10-18; 6:23).
  2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. taga-Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. taga-Colosas 2:14).
  3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II taga-Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6).
  4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay “malapit na kamag-anak” na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
  5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita at kahatulan ng Diyos sa pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!
  6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. taga-Roma 8:23; taga-Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I taga-Corinto 15:12-19 kasama ang I taga-Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan. Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

▣ **“sa lahat”** Salamat sa Diyos para sa salitang “lahat” na ginamit nang limang beses sa 1 Timoteo 2:1-7! Iyon ay lubhang mahalaga na ating maunawaan na ang kamatayan ni Hesus tinatakpan ang mga kasalanan ng buong mundo (cf. Juan 1:29; 3:16,17; 1 Timoteo 4:10; Tito 2:11; Hebreo 2:9; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14). Ang tanging bagay na nagpapanatili ang sinuman at bawa’t-isa mula sa pagkakaligtas ay hindi ang kanilang kasalanan, ngunit kanilang kawalang-pananampalataya sa natapost na gawain ni Hesukristo (cf. Juan 1:12; Mga Gawa 17:30; 1 Timoteo 4:10; 1 Juan 5:10-13). Ang katotohanang ito ay kailangang timbangin ang predestinasyon (tingnan ang Natatanging Paksa at Tito 2:11).

**NASB** “pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan”  
**NKJV** “magpapatoto sa takdang panahon”  
**NRSV** “ito ay pagtitibayin sa tamang oras”  
**TEV** “ang patunay sa tamang panahon”  
**NJB** “ito ay saksing ipinagkaloob sa itinalagang oras”

Ang pariralang ito ay kaagapay sa 1 Timoteo 6:15 at Tito 1:3. Ang Diyos ay may pamamahala sa mga pangkasaysayang pangyayari. Si Kristo ay pumarito sa Kaniyang itinakdang panahon upang tubusin ang lahat sangkatauhan (cf. taga-Roma 5:18-19).

Ang ibang posibilidad ay maaaring ito ay kaugnay sa taga-Roma 5:6; taga-Galacia 4:4; taga-Efeso 1:10, upang ang tiyak na mga pangkasaysayang kalagayan ng unang siglong Greco-Romanong mundo na nagkaloob ng ulirang panahon:

1. *Pax Romana*, o kapayapaan ng Roma, ay nagpahintulot sa mga tao na maglakbay nang malaya mula sa isang bayan patungo sa isa pang bayan.
2. Ang isang karaniwang wika (Koinē Greek) ay nagpahintulot sa lahat ng mga tao ng Mediterranong mundo na magkaunawaan sa isa't-isa.
3. Ang maliwanag na pagbagsak ng mga Griyego at Romanong relihiyon ay nagdulot sa mga tao na maghanap ng kahulugan para sa buhay. Ninanais nila ang isang mas personal na aspeto ng kanilang espiritwalidad (Ito rin ay makikita sa paglago ng mga mahiwagang relihiyon).

**2:7 “Na dito’y itinalaga ako”** Ito ay isang pagbibigay-diin sa pagpili at panawagan ng Diyos kay Pablo (ang tagpo sa daan patungong Damasco), tulad ng 1:1. Ninanais ng Diyos ang mga Hentil na maunawaan ang Kaniyang napapabilang na ebanghelyo.

▣ **“tagapangaral at apostol. . . guro”** Minsan ang mga ito ay nakala bilang hiwalay na mga kaloob ng Espiritu, gaya sa 1 taga-Corinto 12:28 o taga-Efeso 4:11. Sa mga talaang ito, ang terminong “propeta” ay maaaring tumukoy sa pangangaral (natatanging paggamit ng “propesiya” sa 1 taga-Corinto, cf. 1 taga-Corinto 11:4,5; 13:9; 14:1,3,4,5,24,31,39). Sa isang kaunawaan bawat mga kaloob ng pamumunong ito ay naghahayag ng parehong ebanghelyo ngunit may iba’t-ibang pagbibigay-diin. Si Pablo ay gumagamit ng tatlong partikular na mga terminong ito mula sa 2 Timoteo 1:11 upang ilarawan ang kaniyang ministeryo.

▣ **“(sinasabi ko ang katotohanan, hindi ako nagsisinungaling)”** Maraming tagapagsuri ang nagsabi na ito ay di-nararapat sa isang personal na liham na isinulat ni Pablo sa kanyang minamahal na kamanggagawa, si Timoteo. Ngunit kailangan nating tandaan na ang mga liham na ito ay minamarapat na basahin sa madla sa iglesia (cf. 1 Timoteo 6:21b; 2 Timoteo 4:22b; Tito 3:15b). Ang liham na ito ay ang liham ni Pablos sa pagtatagubilin at paglilipat ng awtoridad sa kaniyang binatang apostolikong kinatawan na pinadala sa mga bahay iglesia ng Efeso, na nakikihamok sa mga bulaang guro.

▣ **“guro sa mga Hentil sa pananampalataya”** Naunawaan ni Pablo na tinawag siya ng Diyos na tiyakan upang ipahayag ang ebanghelyo ni Hesukristo sa mga Hentil (cf. Mga Gawa 9:15; 22:21; 26:17; taga-Roma 1:5; 11:13; 15:16; taga-Galacia 1:16; 2:7; taga-Efeso 3:1-2,8; 2 Timoteo 4:17). Ito ay isa pang pagpapatibay ng pagkapangkalahatang ng pag-ibig ng Diyos at pagtubos ni Kristo.

▣ **“pananampalataya at katotohanan”** Ito ay maaaring tumukoy sa (1) pag-uugali ng tagapagpahayag o (2) ang nilalaman ng mensahe. Sa 1 Timoteo 1:14 ang “pananampalataya” ay nauugnay sa “pag-ibig.” Kapwa ang mga terminong ito ay naglalarawan kay Hesus at nilalayong tularan ng Kaniyang mga tagasunod.

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 2:8-15**

<sup>8</sup>Ibig ko ngang ang mga tao’y magsipanalangin sa bawat dako, na iunat ang mga kamay na banal, na walang galit at pakikipagtalo. <sup>9</sup>Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon; hindi ng mahalagang hiyas ng buhok, at ginto o perlas o damit na mahalaga; <sup>10</sup>Kundi (siyang nararapat sa mga babae na magpakabanal) sa pamamagitan ng mabubuting gawa. <sup>11</sup>Ang babae’y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop. <sup>12</sup>Nguni’t hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik. <sup>13</sup>Sapagka’t si Adan ay siyang unang nilalang, saka si Eva; <sup>14</sup>At si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang; <sup>15</sup>Nguni’t ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila’y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon.

**2:8 “Ibig ko ngang ang mga tao’y magsipanalangin sa bawat dako”** Habang pinapagtibay ni Pablo ang dignidad at pagkanararapat sa pangmadlang buhay (cf. 1 Timoteo 2:1-7), kaya gayundin, sa pagsamba (cf. 1 taga-Corinto 11-14). Ang pariralang “sa bawat dako” ay maaaring tumutukoy sa mga bahay iglesiay sa o malapit sa Efeso. Ang katanggap-tanggap na panalangin ay tinakda sa tatlong paraan sa tatalang 8.

1. pagtaas ng mga banal na kamay
2. di-nadungisan ng pagkagalit
3. walang pagtatalo

Ang mga katangiang ito ay maliwanag na pinapakita na ipinapahayag ito ni Pablo sa mga matatapat na mananampalataya at maliban sa mga bulaang guro, ang kanilang mga kinatawang tagapagsalita (maaaring mga

batang balo), at kanilang mga tagasunod.

Si Pablo ay madalat na gumagamit ng pariralang ito, “sa bawat dako” (cf. 1 taga-Corinto 1:2; 2 taga-Corinto 2:14; 1 taga-Thesalonica 1:8; 1 Timoteo 2:8). Iyon ay maaring isang pagkabanggit sa OT ng Malakias 1:11, na nagpapahayag ng propesiya ng isang pagsamba sa Mesias sa buong mundo. Ito ay aakma sa inuulit na paggamit ng “lahat” sa 1 Timoteo 2:1-7.

▣ **“iunat ang mga kamay na banal”** Ito ay ang karaniwang posisyon ng pang-Hudyong panalangin. Inuutusan nito ang mga salita at pamumuha ng mga mananampalataya ay kailangang magkasang-ayon (cf. Santiago 4:8).

▣ **“na walang galit”** Ito ay ang Griyegong terminong *orgē*, na nangangahulugang “isang napagpasyang pagsalungat” (cf. Mateo 5:23-24; 6:15). Ang pagkagalit sa iba ay nakakaapekto sa ating kaugnayan sa Diyos (cf. Mateo 5:21-24; Marcos 11:25; 1 Juan 2:9,11; 4:20-21).

NASB                                   **“pakikipagtalò”**  
NKJV                                   **“pagduruda”**  
NRSV, TEV,  
NJB                                       **“pagtatalò”**

Ang mga Griyegong pilosopo ay ginamit ang terminong ito para sa isang pulong pagtuturo o dialogo. Sa NT, iyon ay may isang negatibong kahulugan (cf. Mateo 15:19; Marcos 7:21). Dito, iyon ay tumutukoy alinman sa konteksto ng mga aral o ang di-nararapat, galit, at mapanirang pag-uugali ng mga bulaang guro.

## **NATATANGING PAKSA: PANALANGIN, WALANG LIMITASYON SUBALIT LIMITADO (PRAYER, UNLIMITED YET LIMITED)**

### **A. Ang Sinoptikong mga Ebanghelyo**

1. ang mga mananampalataya ay pinalalakas ang loob na magtiis o magsumigasig sa panalangin at ang Diyos ay magtutustos ng “mabuting mga bagay” (Mateo) o ang “Kanyang Espiritu” (Lucas) Mateo 7:7-11; Lucas 11:5-13)
2. sa konteksto ng disiplina sa iglesia ang mga mananampalataya (dalawa) ay hinihimok na magkaisa sa panalangin (Mateo 18:19)
3. sa konteksto sa paghahatol sa Judaismo ang mga mananampalataya ay dapat na humingi ng may pananampalataya at walang pagaalinlangan (Mateo 21:22; Marcos 11:23-24)
4. sa konteksto ng dalawang parabula (Lucas 18:1-8, ang di-matuwid na hukom at Lucas 18:9-14, ang Fareseo at ang makasalanan) ang mga mananampalataya ay hinihimok na umakto na iba mula sa dimakadiyos na paghahatol at sariling pagmamatuwid ng Fareseo. Ang Diyos ay nakaririnig sa mga mapagpakumbaba at nagsisisi (Lucas 18:1-14)

### **B. Mga kasulatan ni Juan**

1. sa konteksto ng lalakeng ipinanganak na bulag na pinagaling ni Hesus, ang tunay na kabulagan ng Fareseo ang nailantad. Ang panalangin ni Hesus (na gaya ng kahit sino) ay mga tinugod sapagkat kilala Niya ang Diyos at namumuhay ng ayon (Juan 9:31).
2. Sa Talakayan sa Itaas na Silid sa Juan (Juan 13-17)
  - a. 14:12-14 – ang panalanging naniniwala ay ay may mga katangiang
    - (1) nagmumula sa mga mananampalataya
    - (2) paghingi ng ayon sa pangalan ni Hesus
    - (3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati
    - (4) pagsunod sa mga kautusan (v. 15)
  - b. 15:7-10 – ang panalangin ng mga mananampalataya ay may mga katangian na
    - (1) pananatili kay Hesus
    - (2) ang Kanyang salita ay nananitli sa kanila
    - (3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati
    - (4) nakagagawa ng maraming bunga
    - (5) pagsunod sa mga kautusan (v. 10)
  - c. 15:15-17 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
    - (1) kanilang eleksyon

- (2) kanilang pagdadala ng mga bunga
- (3) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
- (4) pagsunod sa kautusan na magmahalan sa bawat isa
- d. 16:23-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
  - (1) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
  - (2) pagnanais na ang kagalakan ay maging puno
- 3. Unang sulat ni Juan (I Juan)
  - a. 3:22-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
    - (1) pagsunod sa Kanyang mga kautusan (vv. 22,24)
    - (2) pamumuhay ng nararapat
    - (3) paniniwala kay Hesus
    - (4) magmahal sa bawat isa
    - (5) pananatili sa Kanya at Siya sa atin
    - (6) pagkakaroon ng kaloob ng Espiritu
  - b. 5:14-16 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
    - (1) kompiyansa sa Diyos
    - (2) naayon sa Kanyang kalooban
    - (3) ang mga mananampalataya ay nananalangin sa bawat isa
- C. Santiago
  - 1. 1:5-7 – ang mga mananampalataya na kinakaharap ng maraming mga pagsubok sinabihan na humingi ng karunungan ng hindi nagaalinlangan
  - 2. 4:2-3 – ang mga mananampalataya ay dapat humingi ng may nararapat na mga motibo
  - 3. 5:13-18 – ang mga mananampalatayang kinakaharap ng suliraning pangkalusugan ay hinihimok na
    - a. na manghingi ng panalangin sa mga nakakatatanda sa iglesya
    - b. na manalangin sa pananampalataya ay makapagliligtas
    - c. na hingin na ang kanilang mga kasalanan ay mapatawad
    - d. na ipahayag ang kasalanan sa bawat isa at ipanalangin ang bawat isa (kapareha sa I Juan 5:16)

Ang susi sa mabisang panalangin ay pagiging wangis ni Kristo. Ito ang ibig sabihin ng pananalangin sa pangalan ni Hesus. Ang pinakamalubhang bagay na gawin ng Diyos para sa maraming Kristyano ay tugunin ang kanilang makasariling mga panalangin! Sa isang pakahulugan lahat ng mga panalangin ay sinagot. Ang pinakamahalagang aspeto ng panalangin ay ay mananampalataya ay gumugol ng panahon sa Diyos, pagtitiwala sa Diyos.

## 2:9

NASB           “**gayon din naman**”  
 NKJV           “**sa paraan**”  
 NRSV, TEV   “**at saka**”  
 NJB             “**katulad**”

Nagpapakita ito na ang konteksto ay “kung paano makikilahok ang mga lalaki at mga babae sa pampublikong pagsamba” (i.e., mga bahay iglesiya, cf. 1 taga-Corinto 11-14). May isang mabuting pagtalakay sa salitang ito kay F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 114-115.

▣ **“ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit”** Ang mga pananamit ay inihahayag ang puso at isipan. Ang mga mananampalataya ay kailangang magdamit nang nararapat, hindi lamang sa iglesiya ngunit sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon dahil sila ay mga Kristiyano. Ang pagbibigay-diin ng talatang ito ay hindi sa panlabas na anyo lamang, ngunit gayundin, sa kabanalan (cf. 1 Timoteo 2:10; 1 Pedro 3:3,4). Sa bawat bahagi ng buhay, ang mga mananampalataya ang liwanag ng mundo at ang asin ng mundo (cf. Mateo 5:13-16). Kailangan nating tandaan kung sino ang ating kinakatawan!

Gayunman, hindi nito ipinapahiwatig na ang mga mananampalataya ay dapat magsuot ng nakakabagot na damit. Dayo dapat ay magsunot na hindi namumukod tanggi sa kung anumang lipunan ang ating kinabibilangan. Maging maayos, maging malinis, maging nasa karaniwan, ngunit higit sa lahat, maging Kristiyano.

▣ **“hinahon”** Tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“hindi ng mahalagang hiyas ng buhok, at ginto o perlas o damit na mahalaga”** Ito ay nagpapahiwatig na

hindi bababa sa isang bahagdan ng mga mananampalataya ay bahagyang mayaman. Ang mga pang-Hudyo at Romanong istilo ng buhok ng panahong iyon ay napaka detalyado, marangya, at mahal. Tila ang mga Kristiyanong babae ay nadoktrinahan sa pagkamakamundo o pansariling kalayaan (maaaring nakuha sa mga kilusang kalayaan ng mga kababaihan, na nagsimula sa kulturang Romano, cf. 1 taga-Corinto 11:2-16). Ito ay nagpapakilala ng pagkanatatangi ng mga bulaang guro na naghahangad ng mayayaman, maimpluwensya, at matatalino.

**2:10 “sa pamamagitan ng mabubuting gawa”** Kailangang tandaan ng mga mananampalataya na sila ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa, ngunit tungo sa mabubuting gawa (cf. taga-Efeso 2:8-10; Tito 3:8; Santiago 2:14-26). Ang ating mga pamumuhay ay ginagawang kapani-paniwala ang ating pagpapahayag ng pananampalataya, na binibigyang-diin sa buong mga aklat ng Santiago at 1 Juan.

Sa kontekstong ito, “mabubuting gawa” ay nauugnay sa mga pangkaraniwang maamong pangkulturang inasahan (cf. 1 Timoteo 5:10; Tito 2:5).

▣ **“siyang nararapat sa mga babae na magpakabanal”** Ito ay maliwanag na tinatakdaan ang konteksto sa mga ligtas na babae. Ito ay hindi isang pangkalahatang gabay para sa lipunan. Ang wastong kasuotan ng mga anak ng Diyos ay kabanalan. Ang kagandahan ay hindi isang tiyak sa kasuotan, ngunit ang isang nabagong puso. Ang tunay na mga maganda at kahali-kalinang ay mga maka-Diyos na babae (sa lahat ng bahagi ng kanilang pamumuhay).

**2:11 “Ang babae”** Ito ay tumukoy sa lahat ng mga Kristiyanong babae o mga asawang babae (cf. Charles B. Williams na salin, “isang kinasal na babae” sa 1 Timoteo 2:11). Ang konteksto ay kailangang linawin ang ninanais na kahulugan ng may-akda.

▣ **“mag-aral”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Sa una, ito ay tila lubhang negatibo, ngunit (1) ang mga babae hindi makapag-aaral ng Kautusan ng Judaismo o dumalo sa paaralan sa Greco-Romanong mundo. Kaya, sa isang kaunawaan, ito ay isang positibong hakbang sa mga babae na masanay sa salita ng Diyos, (2) ang tekstong ito ay kailangang makita sa liwanag ng mga bulaang guro na inaasinta ang mga babae (cf. 1 Timoteo 5:13; Mga Gawa 20:30; 2 Timoteo 3:5-9; Tito 1:11). Iyon ay maaaring ang ilan sa mga babae ay mga kinatawang tagapagsalita para sa mga bulaang guro sa pangmandlang pagsamba sa mga bahay iglesia (Gordon Fee, *New International Biblical Commentary*, vol. 13).

▣ **“na may buong pagkapasakop”** Ito rin ay tila negatibo para sa ating panahon, ngunit ating tandaan

1. Ang terminong “pagpapasakop” ay ginamit ni Hesus. Siya ay nagpasakop sa Ama (cf. 1 taga-Corinto 15:28); Siya ay nagpasakop sa Kaniyang mga magulang sa mundo (cf. 1 taga-Thesalonica 5:21). Sa ibang salita, tinupad Niya ang Kaniyang inaasahang mga panlipunan at pangrelihiyong katungkulan na may wastong pag-uugali
2. “pagpapasakop” ay kalooban ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:21). Iyon ay isa sa limang PANGKASALUKUYANG KATAGA na inilalarawan kung anong ang tinuturing na “puspos ng Espiritu” (cf. taga-Efeso 5:18)
3. Sa paraehong talatang ito sa taga-Efeso, si Pablo ay gumagamit ng tatlong domestikong halimbawa upang ipakita ang tugunang pagpapasakop sa loob ng tahanan (1) mga asawang babae sa mga asawang lalaki; (2) mga anak sa mga magulang; at (3) mga aliping bahay sa mga panginoon.  
Ang sukdulang positibo ng kontekstong ito (i.e. taga-Efeso 5:18-6:9) ay tinatakdaan ni Pablo ang kapangyarihan ng lipunan na lahat ng makapangyarihan (i.e., asawang lalaki, mga magulang, at mga panginoon). Sa panahong ito, ang mga sulat ni Pablo tungkol sa babae, mga anak, at mga alipin ay sukdulang positibo.
4. Hindi inaatake ni Pablo ang pang-aalipin bilang isang isyu dahil nalalaman niya na ito ay isang isyu na magwawasak ng bisa ng iglesia at kanyang patotoo sa ganitong yugto ng kasaysayan. Sa aking palagay, katulad ay totoo sa panlipunang kalagayan ng mga babae. Ipinapahayag ni Pablo ang kanilang espirituwal na pagkakapantay (cf. taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11), kanilang pagkakaroon ng kaloob (cf. 1 taga-Corinto 12:7-13), at kanilang tungkuling sa papalaganap ng ebanghelyo (cf. taga-Roma 16). Ngunit nalalaman niya na ang mga babae sa mga tungkuling pamumuno ay (1) hindi mauunawaan dahil sa pagsamba sa pagpaparami at (2) tinanggihan ng halos natatanging patriyarkong lipunan na pinangingibabawan ng kalalakihan.



**2:12 “ni magkaroon ng pamumuno sa lalake”** Ang pandiwang ito *authentēō* ay ginamit lamang dito sa NT. Iyon ay may kahulugang “siya na kumikilos sa kaniyang sariling awtoridad” (*authentēs*, panginoon) o “isa na nangingibabaw.” Tingnan ang pagtalakay nina Moulton at Milligan, *Vocabulary of the Greek Testament*, p. 91. Ang ibig-sabihin ba nito ay maaaring mamuno ang mga babae kung hindi sila nangingibabaw? Ang kagyat na konteksto ay hindi tinataguyod ito dahil sa pagdadagdag ng pariralang “ngunit manatiling tahimik” (cf. 1 taga-Corinto 14:34). Ang mga pahayag ni Pablo tungkol sa mga babae sa tungkuling pagpapasako ay hindi maipapaliwanag sa pamamagitan ng paggamit ng ganitong *hapax legomenon*. Iyon ay kailangang talakayin na mula sa isang pangkulturang pananaw. Pinili ng Diyos na ihayag ang Kaniyang sarili sa isang partikular na pangkulturang kalagayan. Ang bawat bagay sa kulturang iyan ay hindi kalooban ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya sa lahat ng mga kalutura sa lahat ng panahon (tingnan ang Gordon Fee, *Gospel and Spirit at How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 83-86). Ang katotohanan at kapangyarihan ng ebanghelyo ay sukdulang binabago ang pantaong kultura (i.e. pagkaalipin, panlalaking pangingibabaw). Ang mapagmataas, mapagsamantalang pangingibabaw ay masama sa kapwa mga lalaki o mga babae. Mayroong dalawang sukdulan na dapat iwasan: (1) mga babae na walang magagawa (Ancient Near Eastern na kultura) at (2) mga babae na maaaring gawin ang anumang bagay (makabagong pangkanlurang pananarili). Ang mga mananampalataya (lalaki at babae) ay naglilingkod sa kanilang kultura upang mapag-ibayo ang pag-e-ebanghelyo at pagdidisipulo, hindi ang mga pansariling adyenda!

## **NATATANGING PAKSA: KABABAIHAN SA BIBLIYA (WOMEN IN THE BIBLE)**

### **I. Ang Lumang Tipan**

#### **A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari**

1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
4. mga kababaihang sinasam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)

#### **B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay**

1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
2. iginalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
5. ang mga anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
6. bahagi ng tao ng kasunduan (Deuteronomio 29:10-12)
7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Cronica 25:5-6)
9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)

#### **C. Ang mga kababaihan ay nasa mga tungkuling pamumuno**

1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Mikas 6:4)
2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng pagpapaliwanag ang bagong tagpong “Aklat ng Kautusan” (II Hari 22:14; II Cronika 34:22-27)
5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya

### **II. Ang Bagong Tipan**

- #### **A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).**

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno

1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si Anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesia (Mga Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Mga Gawa 21:8-9)
5. Febe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (taga-Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Mga Gawa 18:26; taga-Roma 16:3)
7. Maria, Trifena, Trifosa, Persida, Julia, Kapatid ni Nereo, maraming mga kababaihang kamanggagawa ni Pablo (taga-Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (taga-Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (taga-Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesia, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?

1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan.
  - a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Mga Gawa 15; taga-Galacia 3)
  - b. unang siglong Judaismo
  - c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
    - (1) ang sistemang legal ng paganong Roma (I taga-Corinto 6)
    - (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I taga-Corinto 7:20-24)
    - (3) pagkasoltero (I taga-Corinto 7:1-35)
    - (4) ang mga birhen (I taga-Corinto 7:36-38)
    - (5) ang pag-aalay ng pagkain sa diyus-diyosan (I taga-Corinto 8; 10:23-33)
    - (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I taga-Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang sa isang partikular na panahon.

B. Ang Biblikal na pagpapaliwanag ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda. Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang pagpapaliwanag. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa pagpapaliwanag ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I taga-Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos at Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Gayunman, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. taga-Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I taga-Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. taga-Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Mga Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesia,

may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabisa.

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulatang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulatang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at malugod ang Diyos sa mga babaing namumuno? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing “oo”!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahe, pagkapanatiko, at *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa

1. *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)
2. *Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee
3. *Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Pedro H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

**2:13-15** Ang pangangatuwiran ni Pablo sa kontekstong ito ay may teolohikong kaugnay sa Genesis 3. Iyon ay maiugnay din sa mga kalabisan ng mga bulaang guro (cf. 1 Timoteo 1:3-11; 4:1-5; 5:11-13). Si Pablo ay gumagamit ng Genesis 3 upang gumawa ng pagkakatulad na habang si Eba ay nalinlang ng ahas sa kasalanan, paghihimagsik, at pagsasarili, kaya gayundin ang mga babae na nalililang sa katulad na paraan ng mga bulaang guro (cf. 1 Timoteo 5:13; 2 Timoteo 3:6-9).

Ang mga kahihinatnan ng Pagbagsak ay tuwirang nauugnay sa pagpapasakop ng babae at magnais para sa kaniyang asawang lalaki (cf. Genesis 3:16). Ang kaniyang nagsasariling pagkilos ay isang nakalipas at kasalukuyang teolohikong isyu. Ito ba ay nananatili pa rin ngayon? Lubusan bang tinanggal ng ebanghelyo ang lahat ng aspeto ng Pagbagsak ng Genesis 3? Ang atin bang makabagong kultura na may sinanay, maliwanag magsalita na mga babaeng pinunuo ay di-sasang-ayunan ang mga maliwanag na pahayag ni Pablo? Tingnan ang Natatanging Paksa sa simula ng 1 Timoteo 2:12.

**2:14 “nahulog sa pagsalangsang”** May dalawang kinahinatnang itinakda kay Eba dahil sa kaniyang kasalanan: (1) sakit sa panganganak at (2) pagpapasakop sa kaniyang asawa. Ang panahunan ng pandiwa ay ganap, na nagpapahiwatig ang mga ito ay patuloy na umiiral. Pinasinayanan ni Hesus ang bagong panahon, ngunit ang mga mananampalataya ay patuloy ding mabubuhay sa lumang panahon.

**2:15 “Nguni’t ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak”** Ito ay isang napakahirap at nakapaloob na talata. Iyon ay maaaring ang pinakamahirap unawain sa lahat ng mga sulat ni Pablo. Kailangan nating tandaan

1. ang kaugnaya nito sa Genesis 3:13,16
2. ang mga aral ng mga bulaang guro
3. ang kaibahan (i.e. “ngunit”), na nauugnay sa pandaraya ng mga bulaang guro

Ang terminong “iingat” o “ililigtas” ay maaaring maiugnay sa alinman sa pisikal na pagliligtas mula sa karanasan ng panganganak (cf. New American Standard Version), na tila sinusugan ng paggamit ng salita sa 1 Timoteo 4:16 para sa pang-aabuso ng mga bulaang guro (ang ilan ay tila mukhang nagsusulong ng buhay na walang asawa bilang as isang mas mataas na espirtuwal na kalagayan, cf. 1 Timoteo 4:3), o sa espirtuwal na eskatoholikong kaunawaan na bumubuo sa karamihang gamit nito sa NT.

Isang kathang pagpapaliwanag ay nakabatay sa isang detalye ng Griyegong gramatika kung saan ang tiyak na pantukoy sa pariralang “sa pamamagitan ng panganganak,” ay maaaring tumutukoy sa pagkakatawang-tao ni Hesukristo:

1. ang kontekstong ito ay nauugnay sa Genesis 3:15
2. ang pang-ukol na *dia* ay maaaring isaling “sa pamamagitan ng”
3. may isang tiyak na pantukoy sa “panganganak”
4. kapwa pang-isahan at pangmaramihan ang ginamit sa “babae . . .sila”

Samakatuwid, si Eba ay naging kinatawan ng lahat ng mga babaeng maliligtas sa pamamagitan ng pangako ng Diyos ng isang natatanging kapanganakan (i.e., si Hesus, na teolohikong katulad sa tipolohiyang Adan-Kristo ng taga-Roma 5:12-21; 1 taga-Corinto 15:21-22,44-48; taga-Filipos 2:6-7).

Ang kagyat na konteksto ay tila nagbibigay-diin na ang mga babae bilang mga maybahay ay inaasahan sa lipunan sa panahon ni Pablo, at para sa karamihan ng mga lipunan, sinauna at makabago. Ang kaligtasan ng babae ay hindi dumadating mula sa pamumuno sa pangmadlang pagsamba o isang di-inaasahang pangkulturang kalayaan.

Sa katotohanan, ito rin ay hindi nagmula sa inaasahang panlipunang tungkulin, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya at mga bunga nito (cf. 1 Timoteo 2:15b). Ang kaligtasan ay sa at sa pamamagitan ni Kristo. Ang mga maka-Diyos na babae ay nagtitiwala sa Kanila at hindi naghahangad na magdulot ng di-nararapat na pansin para sa kanilang mga sarili. Gayunman, sa ating kultura ang “di-nararapat na pansin” ay nangyayari kapag ang mga babae ay limitado. Habang ang mga napahamak na tao ay hindi nagugustuhan ang sobrang kasigasigan ng mga Kristiyanong babae ng unang siglo, ang mga napahamak na tao ngayon ay hindi nagugustuhan ang tila isang Kristiyanong seksismo at legalismo. Ang layunin ay palaging pag-e-ebanghelyo at pagdidisipulo, hindi mga pansariling kalayaan o mga pansariling pagtatangi (cf. 1 taga-Corinto 9:19-23).

▣ **“kung sila’y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon”** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang maaaring mangyari na pagkilos. Ang pagbabatayan ay ang pagpapatuloy sa pananampalataya, pag-ibig, kabanalan, at pagpipigil sa sarili ng mga nananampalatayang babae. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiis sa 2 Timoteo 2:11. Para “pagpipigil sa sarili” tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 3:2.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulongan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang mga katotohanan ng bahaging ito sa mga bulaang guro?
2. Dapat ba tayong manalangin para sa mga opisyal ng pamahalaan na hindi mga Kristiyano at gumagawa ng mga di-makatuwiran at di-maka-diyos?
3. Ninanais ba ng Diyos na ang lahat ng tao ay maligtas? Totoo bang sinabi ni Hesus na siya ay namatay para sa lahat ng kasalanan?
4. Bigyang-kahulugan ang salitang “pangtubos.”
5. Bakit ang mga Kristiyanong bihis ay isang nararapat na bagay para sa pagtalakay sa ating makabagong mundo?
6. Paano maiuugnay ang mabubuting gawa sa nakakapagligtas na pananampalataya?
7. Ano ang lugar ng mga babae sa makabagong iglesiya sa liwanag ng mga talatang 11-14?
8. Ano ang ibig sabihin ng talatang 15 sa liwanag ng nalalabing bahagi ng mga aral ng NT?

# 1 TIMOTEO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Mga Katangian ng mga Obispo 3:1b-7	Mga Katangian ng mga Tagapamahala 3:1-7	Mga Suliranin ng Pangangasiwa 3:1-7	Mga Pinuno sa Iglesiya 3:1-7	Ang Matatandang-Namamahala 3:1-7
Mga Katangian ng mga Diyakono 3:8-13	Mga Katangian ng mga Diyakono 3:8-13	3:8-13	Mga Lingkod sa Iglesiya 3:8-13	Mga Diyakono 3:8-13
Ang Hiwaga ng Ating Relihiyon 3:14-16	Ang Dakilang Hiwaga 3:14-16	3:14-16	Ang Dakilang Lihim 3:14-16	Ang Iglesiya at ang Hiwaga ng Espiritwal na Buhay 3:14-16

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong *gabay* sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

- A. Ang kabanatang ito ay nagtatala ng tatlong magkakaibang uri ng mga tagapaglingkod o ministri.
  1. mga pastor (1 Timoteo 3:1-7)
  2. mga diyakono (1 Timoteo 3:8-10,12-13)
  3. ang tungkulin ng mga balong babae (1 Timoteo 3:11; 5:9-16) o mga diyakonesa (cf. taga-Roma 16:1)
- B. Ang mga katangiang ito ay maaaring magtuon sa kaibahan nito sa pamumuhay at mga katuruan ng mga bulaang guro.
- C. Ang talatang 16 ay isang sinaunang kredong pahayag o imno. Kadalasang isinasama ang ganitong uri ng materyal (cf. taga-Efeso 5:19; taga-Filipos 2:6-11; taga-Colosas 1:15-16; 3:15-20; 2 Timoteo 2:11-13). Ang ritmikong balangkas ay maliwanag na makikita sa anim na AORIST BALINTIYAK NA PANDIWANG MAY PAHIWATIG kasama nang limang pangtunton o instrumentong pang-gramatikong parirala.

#### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

#### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 3:1-7

<sup>1</sup>Tapat ang pasabi, Kung ang sinoman ay magsisikap na maging obispo, ay mabuting gawa ang ninanasa. <sup>2</sup>Dapat nga na ang obispo ay walang kapintasan, asawa ng isa lamang babae, mapagpigil, mahinahon ang pagiisip, mahusay, mapagpatuloy, sapat na makapagturo; <sup>3</sup>Hindi magulo, hindi

palaaway, kundi malumanay, hindi mapakipagtalò, hindi maibigin sa salapi; <sup>4</sup>Namamahalang mabuti ng kaniyang sariling sangbahayan, na sinusupil ang kaniyang mga anak na may buong kahusayan; <sup>5</sup>(Ngunit kung ang sinoman nga ay hindi marunong mamahala sa kaniyang sariling sangbahayan paanong makapamamahala sa iglesia ng Diyos?) <sup>6</sup>Hindi baguhan, baka siya kung magpalalo ay mahulog sa kaparusahan ng diyablo. <sup>7</sup>Bukod dito’y dapat din namang siya’y magkaroon ng mabuting patotoo ng nangasa labas, baka mahulog sa kapintasan at silo ng diyablo.

**3:1 “Tapat ang pasabi”** Ang wikaing ito gumaganap bilang kapwa isang pangwakas na pahayag at isang pangbukas na pahayag (cf. 1 Timoteo 1:15; 3:1; 4:9; 2 Timoteo 2:11; Tito 3:8). Ito ang pangalawa sa limang “mapagkakatiwalaan” na mga pahayag sa Mga Liham Pastoral. Ginagawa nila ang pag-uugnay tulad ng paggamit ni Hesus ng isang pambungad na “amen” o “amen, amen” (isinalin “tunay, tunay” o “katotohanan, katotohanan”), pumukaw ng tanging pansin sa pahayag.

▣ **“kung ang sinoman”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang mga pampanitikang layunin.

▣ **“magsisikap. . . ninanasa”** Ito ang dalawang matatag na Griyegong termino: (1) “umabot para sa” (cf. 1 Timoteo 6:10; Hebreo 11:16) at (2) “itinatakda ang kanyang puso” (cf. Mateo 13:17; Lucas 15:16). Sinasabi nito sa akin na ang aming makabagong diin sa pangangailangan ng isang uring OT panawagan mula sa Diyos hanggang sa ministryo ay maaaring masyadong limitado. Ang isang pagnanais na makasama sa pamumuno ng iglesia ay sapat. Ang mga hinahangad ng puso ng mga mananampalataya ay mula sa Panginoon (cf. Mga Awit 37:4).

<b>NASB</b>	<b>“maging obispo”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“ang posisyon ng isang obispo”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“ang opisina ng obispo”</b>
<b>TEV</b>	<b>“isang pinuno ng iglesia”</b>
<b>NJB</b>	<b>“namumunong matanda”</b>

Ito ay ang terminong *episkopos*, at iyon ay kadalasang isinalin sa Ingles na “obispo” o “tagapangasiwa.” Tila magkasingkahulugan ng iba pang dalawang termino ng NT para sa katungkulan ng pamumuno sa isang lokal na iglesia. Ang mga terminong “pastor,” “tagapangasiwa,” at “matanda” lahat ay tumutukoy sa parehong katungkulan (cf. 1 Timoteo 5:17; Mga Gawa 20:17,28; Tito 1:5,7; 1 Pedro 5:1-2). Ang NT iglesia ay may dalawang katungkulan lamang: ang pastor at diakono (cf. taga-Filipos 1:1). Tila ang “matanda” ay may Hudyong kaligiran, habang ang “tagapangasiwa” ay may Griyegong kaligiran na lungsod-estado.

**3:2 “walang kapintasan”** Ito ang pangunahing katangian ng buong konteksto para sa pamumuno sa isang lokal na iglesia. Ang parirala ay nagpapahiwatig ng walang panghahawakan para sa kristisismo, kapwa sa mananampalatayang kumunidad (1 Timoteo 3:2-6) at sa ang hindi mananampalatayang komunidad (1 Timoteo 3:7). Ang parehong paksa na walang pagsisi ay paulit-ulit sa mga talatang 7,10; 5:7; at 6:14. Walang mga perpektong pinuno, ngunit mayroong mga makadiyos, kagalang-galang, katanggap-tanggap na mga mananampalataya. Tingnan ang tala sa Tito 1:6.

<b>NASB, NKJV</b>	
<b>NJB</b>	<b>“asawa ng isa lamang babae”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“kinalalagan nang minsan lamang”</b>
<b>TEV</b>	<b>“siya ay kailangang may isang asawa lamang”</b>

Ang pariralang ito ay nagdulot ng maraming talakayan. Ito ay isang maliwanag na isyu para sa iglesia sa Efeso noong unang siglo (cf. 1 Timoteo 3:1,12; 5:7; at sa Creta, Tito 1:6). Narito ang mga pangunahing teoryang nagpapaliwang.

1. tumutukoy ito sa pag-aasawa ng higit pa sa isa
2. tumutukoy ito sa pag-aasawa pagkatapos ng diborsyo
3. tumutukoy ito sa pangalawang kasal pagkatapos ng kamatayan ng unang asawa
4. tumutukoy ito sa isang taong matapat at matulungin sa kanyang asawa (isa pang paraan upang igiit ang

mabuting relasyon sa pamilya, cf. NEB)

Malinaw na ito ay tumutukoy sa mga kaugnayan sa pamilya, at ang anumang suliranin sa larangan ng mga relasyon sa pamilya ay nag-aalis ng karapatan ng isa mula sa pamumuno sa isang lokal na iglesia. Ang bilang 1 ay hindi suliranin sa Imperyong Romano, ngunit maaring isang suliraning Hudaismo, (bagaman di-karaniwan sa unang siglo); #2 ay isang malaking suliranin sa Imperyong Romano, at isa ring suliranin sa Hudaismo (Hillel vs. Shammai); #3 ay isang pangunahing pag-aalala ng Unang iglesia, lalo na si Tertulliano, at isang isyu pa rin sa mga samahang Bautista sa Europa. Gayunpaman, ang 1 Timoteo 5:14 ay isang kaagapay na talata kung saan ang mga nakababatang balo ay maaaring magpakasal nang walang kasiraan (cf. taga-Roma 7:2-3; 1 taga-Corinto 7).

Mayroong isa pang pagpipilian, na ang kinakailangan ay tumutukoy sa pag-aasawa kumpara sa pagka-walang asawa. Ipinagbawal ng mga bulaang mangangaral ang pag-aasawa (cf. 1 Timoteo 4:3). Maaaring ito ay isang direktang pagpapabulaan ng kanilang pagkahilig sa buhay na walang asawa at asitisismo. Hindi ito dapat igiit na ang isang walang asawa ay hindi maaaring maging pinuno ng simbahan, ngunit ang kawalang asawa ay hindi maaaring maging kinakailangan. Sa palagay ko ito ang pinakamahusay na pagpipilian at sinasagot din nito ang iba pang mga problemang pagpapakahulugan na may kaugnayan sa (1) “hindi gumon sa alak” at (2) ang isyu ng mga kababaihan sa 1 Timoteo 2:8-15. Ang mga ito ay dapat bigyang kahulugan sa liwanag ng mga bulaang guro.

Kung ang isyu ay isang matibay, makadiyos na pamilya, kung gayon ang diborsyo ay hindi lamang kritikal na isyu. Kahit na sa diborsyo ng OT kung minsan ang naaangkop na pagpipilian: (1) YHWH hiniwalayan ang hindi tapat na Israel at (2) Inutusan ang mga saserdote na hiwalayan ang mga hindi tapat na asawa (tingnan ang “*Old Testament Perspective on Divorce and Remarriage*” in *Journal of the Evangelical Theological Society* Vol. 40 #4, Dec. 1997). Ang lahat ng tao ay nakakaranas ng pagkagambala sa kanilang buhay pamilya sa ilang mga bahagi. Ang aking ikinababahalang sa pagkuha ng kwalipikasyong ito sa mahigpit na literal ay ang kakulangan ng pagpapatuloy sa pagkuha ng lahat ng iba pa sa literal na konteksto ring ito. Kung diborsyo ay hindi ipinahihintulot, kung gayon ganun din ang (a) hindi pagka-gumon sa alak (cf. “hindi... nalulong sa maraming alak” ng 1 Timoteo 3:8, na hindi kinakailangang isang utos sa kabuuan ng pag-iwas) at (b) “panatilihin ang kanyang mga anak sa ilalim ng kontrol” ng 1 Timoteo 3:4, na tatanggalin ang maraming mga makabagong pastor at mga diyakono.

Katotohanang, wala akong gaanong kilalang maraming pinuno ng mga Kristiyano na maaaring matupad ang lahat ng mga kinakailangang ito sa kanilang buong buhay. Kaya bago tayo maging masyadong kritikal sa mga bahid ng pamumuno tandaan na ang mga kwalipikasyong ito ay kalooban ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak. Hindi ko itinataguyod ang pagpapababa ng mga pamantayan, ngunit hindi ginagamit ang mga ito sa isang ligal, panghuhusga. Ang iglesia ay nangangailangan ng makadiyos, katanggap-tanggap na pamumuno. Gayunpaman, ang kailangan nating piliin ay mula sa naligtas na mga makasalanan! Ang mga modernong iglesia ay dapat maghanap ng mga pinuno na napatunayan ang kanilang sarili na matapat sa paglipas ng panahon, hindi perpektong mga pinuno.

Isa pa, kung ang listahan na ito ay kinukuha nang literal, kung gayon si Hesus (dahil Siya ay hindi mag-asawa) at si Pablo (dahil marahil ay hiwalay siya) ay hindi maaaring maging mga pinuno ng iglesia. Pag-iisipan ito ng iba, hindi ba?

▣ “**mapagpigít**” Ito ay literal na “maging mahinahon.” Sapagkat partikular na nabanggit ang pag-abuso sa alkohol sa 1 Timoteo 3:3, ito marahil ay tumutukoy sa matalinghagang paggamit ng salita na nangangahulugang “maging makatwiran” (cf. 1 Timoteo 3:11; Tito 2:2).

<b>NASB</b>	<b>“mahinahon ang pag-iisip”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“matino ang isipan”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“makatuwiran”</b>
<b>TEV</b>	<b>“may pagtitimpi”</b>
<b>NJB</b>	<b>“maingat”</b>

Ang salitang *sōphrōn* ay nangangahulugang “balanse” sa mga pilosopong Griyego. Ito ay isang napaka tanyag na salitang Griyego na nagsasaad ng pag-iwas sa mga labis (i.e., sa gayon ang pagsusulong “ang ginintuang ibig sabihin”). Ginagamit ito ng isang taong may mabuting isip (cf. 1 Timoteo 3:2; Tito 1:8; 2:2,5). Ang mga kaugnay na termino ay matatagpuan din sa 1 Timoteo 2:9,15; 2 Timoteo 1:7; Tito 2:4,6,9,12,15.

Ang pangunahing ugat (BAGD, p. 802) ay matatagpuan sa maraming anyo sa mga Pastoral.

1. pandiwa, *sōphroneō* – “matino,” Tito 2:6
2. pandiwa, *sōphronizō* – “hikayatin” (i.e., magdalang diwa ng isang tao), Tito 2:4
3. pangngalan, *sōphronismos* – “alagad” (i.e., pagpipigil sa sarili), 2 Timoteo 1:7

4. pangngalan, *sōphrosunē* – “mahinahon,” 1 Timoteo 2:9,15
5. pang-abay, *sōphronōs* – “katinuan” (i.e., katamtaman), Tito 2:12
6. pang-uri, *sōphrōn* – “makatwirang,” “maingat,” “maalalahanin,” 1 Timoteo 3:2; Tito 1:8; 2:2,5

NASB, NRSV	“mahusay”
NKJV	“mabuting ugali”
TEV	“maayos”
NJB	“magalang”

Ito ay isang anyo ng terminong Griyego na *kosmikos*. Ginagamit ito sa Tito sa dalawang magkakaibang mga kaunawaan: (1) sa negatibo ang pag-iwas sa makamundong pagnanasa (2:12) at (2) sa positibo ay kaayusan (2:10). Sa 1 Timoteo ang konteksto ay nagpapahiwatig ng wastong kaayusan o kagandahang-asal. Ang tama, iginagalang, at inaasahan ng lokal na lipunan. Samakatuwid, iyon ay isang aspeto ng 1 Timoteo 3:7a, “dapat magkaroon ng magandang reputasyon sa mga nasa labas ng iglesiya.”

3. Nangangahulugan ba ito na ang espiritu ni Hesus ay napatunayan ng Ama (cf. Mateo 3:17; 17:5) habang ang Hesus nabubuhay bilang isang tao (NRSV)?

Ang tingin ng ilang mga teologo sa “Espiritu” ay tumutukoy sa pagka-diyos ni Hesus, na pinatunayan ng Kanyang pagkabuhay-muli (cf. taga-Roma 1:4; 1 Pedro 3:18).

▣ **“Nakita ng mga anghel”** Nais ng mga anghel na malaman kung ano ang ginagawa ng Diyos sa mga nahulog na sangkatauhan (cf. 1 taga-Corinto 4:9; taga-Efeso 2:7; 3:10; 1 Pedro 1:12). Gayunpaman, maaari itong sumangguni sa paglilingkod ng mga anghel kay Hesus, alinman sa Kanyang karanasan sa tukso (cf. Mateo 4:11;

Marcos 1:13), sa Hardin ng Gethsemane (cf. Lucas 22:43, na kung saan ay isang kaduda-dudang paksa), o kaagad pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Lucas 24:4,23; Juan 20:12).

Ang pariralang ito ay napakaiksa at hindi maliwanag na maraming mga teorya na inaalok ng mga komentarista at lahat ay haka-haka lamang:

1. mga anghel na naglilingkod kay Hesus (sa itaas)
2. mga anghel na nakakita ang Kanyang pag-akyat (mga makadiyos na anghel at / o mga nahulog na anghel cf. 1 Pedro 3:19-20,22)
3. nakita ng mga anghel ang Kanyang maka-langit na paglukluk sa trono

▣ **“Ipinangaral sa mga bansa”** Ito ang pandaigdigang pangangaral ng ebanghelyo (cf. Lucas 24:46-47) na kung saan ay lubos na nakakagulat sa mga Hudyo noong unang siglo, ngunit ito talaga ang buong punto (cf. Mateo 28:18-20). Ito ay ang hiwaga ng kabanalan (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

**NASB, NKJV** “Sinampalatayanan sa sanglibutan”

**NRSV, TEV,**

**NJB**

“sinampalatayanan sa buong mundo”

Hindi lamang ito isang pangkalahatang mensahe, ngunit mayroong isang pangkalahatang tugon, at ngayon ang Iglesia ay binubuo ng parehong Hudyo at Hentil (cf. taga-Efeso 2:11-3:13). Ito ay palaging plano ng Diyos. Natupad ng isang tunay na Diyos ang Kanyang pangako ng Genesis 3:15. Personal na pagsisisi at pananam-palataya (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:16) sa ebanghelyo ngayon, sa buhay na ito, nagbubukas ang langit para sa “sinuman” (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng *Kosmos* sa 1 Timoteo 1:16.

▣ **“Tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian”** Ito ay tila tumutukoy sa Kaniyang pag-akyat sa langit. Nakakapag-tataka na ang kamatayan, pagkabuhay na muli, at pagbabalik ni Jesus ay nabaliwala, ngunit kung ito ay sinipi sa isang bahagi lamang ng himnaryong Kristiyano, marahil ito ay naiintindihan. Gayundin, eksakto kung tularang ritmo (*chiastic*) ang sinunod ay matutukoy ang kanyang pagpapakahulugan (cf. 1 Timoteo 3:16). Ang himno / kredo na naugnay sa pambungad na pahayag ay matatag na mapapasinungalingan ang Nostisismo. Ang taong si Hesus ay linuwalhati (cf. *chiastic pattern #2*)! Gayunpaman, ang pagsunod sa NRSV ang huling tatlong linya ay maaaring sumangguni sa Iglesia (cf. *chiastic pattern #3*). Para sa isang mas buong tala sa “kaluwalhatian” tingnan ang 1:17.

## **NATATANGING PAKSA: ANG PAG-AKYAT SA LANGIT (THE ASCENSION)**

Bumaba si Hesus mula sa langit (cf. taga-Filipos 2:6-7; 2 taga-Corinto 8:9). Ngayon Siya ay naibalik sa Kanyang pag-iral bago pa ang paglalang na kaluwalhatian (cf. Juan 1:1-3; 17:5; taga-Efeso 4:10; 1 Timoteo 3:16; I Juan 1:2). Nakaupo siya ngayon sa kanang kamay ng Diyos (cf. Mga Awit 110:1; Lucas 22:69; Mga Gawa 2:33; taga-Roma 8:34; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 3:1; Hebreo 1:3; 8:1; 10:12; 12:2; 1 Pedro 3:22). Ito ay isang pagpapatunay ng pagpapatibay ng Ama sa Kanyang buhay at kamatayan! Mayroong maraming mga iba’t ibang mga salitang Griyego na ginamit upang ilarawan ang pag-akyat ni Hesus pabalik sa langit:

1. Mga Gawa 1:2,11,22; *analambanō*, iakyat (cf. 1 Timoteo 3:16)
2. Mga Gawa 1:9, *epairō*, upang maiangat, upang itaas, upang magtaas
3. Lucas 9:51, *analēpsis* (anyo ng #1)
4. Lucas 24:51, *diistēmi*, umalis

Mayroong maraming mga tinukoy sa pagbabalik ni Hesus sa langit sa Ebanghelyo ni Juan (cf. Juan 7:33; 8:14,21; 12:33-34; 13:3,33,36; 14:4,5,12,28; 16:5,10,17,28; 26:7)

5. Juan 3:13; 20:17, *ana BeBēken*, umahon na
6. Juan 6:62, *anabainō*, upang umakyat

Ang kaganapang ito ay hindi naitala sa Mateo o Ebanghelyo ni Marcos. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagtatapos sa 16: 8, ngunit ang isa sa tatlong pang-escibang mga dagdag ay naglalarawan ng kaganapan sa Marcos 16:19 (i.e., *analambanō*).

Mayroong maraming mga pagtukoy kay Hesus sa langit sa Mga Gawa.

- |                                                                                                                                                                         |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <ol style="list-style-type: none"><li>1. Pedro – Mga Gawa 2:33; 3:21</li><li>2. Steban – Mga Gawa 7:55-56</li><li>3. Pablo – Mga Gawa 9:3,5; 22:6-8; 26:13-15</li></ol> |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

## **MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilang uri ng lingkod ang mayroon?
2. Bakit ang mga pastor, mga obispo, at mga matatanda ay tinatawag sa iba't-ibang pangalan sa NT?
3. Mayroon bang mga diyakonesa ang NT? Kung gayon, ano ang kanilang tungkulin?
4. Bakit ang talatang 16 ay iniisip na isang Kristiyanong imno tungkol kay Kristo?
5. Ang ang isang kiasmo? Bakit ito mahalaga?

# 1 TIMOTEO 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Hula ng Pagdalikod sa Pananampalataya	Ang Dakilang Pagtalikod	Mga Bulaang Guro	Mga Bulaang Guro	Mga Bulaang Guro
4:1-5	4:1-5	4:1-5	4:1-5	4:1-11
Isang Mabuting Ministro ni Hesukristo	Isang Mabuting Lingkod ni Hesukristo		Isang Mabuting Lingkod ni Hesus	
4:6-10	4:6-10	4:6-10	4:6-10	
	Pag-ingatan ang Iyong Gawain			
4:11-16	4:11-16	4:11-16	4:11-16	4:12-16

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA 4:1-16

- A. Tulad ng mga kabanatang 1-3, ang mga kabanatang 4-6 ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng mga bulaang guro.
- B. Ang kabanata 4 ay nagpapakilala ng negatibong pamumuno (1 Timoteo 4:1-5) at positibong pamumuno (1 Timoteo 4:6-10).
- C. Mga talata 11-16 ay isang personal na mensahe mula kay Pablo para kay Timoteo na nagpapatuloy hanggang 1 Timoteo 6:2.

#### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

##### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 4:1-5

<sup>1</sup>Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritong mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonyo, <sup>2</sup>Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan, na hinerohan ang kanilang mga sariling budhi ng waring bakal na nagbabaga; <sup>3</sup>Na ipinagbabawal ang pagaasawa, at ipinaguutos na lumayo sa mga lamangkati, na nilalang ng Diyos upang tanggapin na may pagpapasalamat ng mga nagsisisampalataya at nangakakaalam ng katotohanan. <sup>4</sup>Sapagkat ang bawa't

**nilalang ng Diyos ay mabuti, at walang anomang nararapat na itakuwil, kung tinatangap na may pagpapasalamat: <sup>5</sup>Sapagkat pinakababalan sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng pananalangin.**

**4:1 “Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu”** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. propesiya sa OT
2. Si Pablo ay tuwirang tumanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu (cf. Mga Gawa 20:33)
3. mga kinasihang mensahe mula sa iba pang likas na matalino, mga kapanabay na pinuno (cf. Mga Gawa 21:11)

**NASB, NRSV,**

**TEV**

**“mga huling panahon”**

**NKJV**

**“dakong huling araw”**

**NJB**

**“huling araw”**

Si Pablo, tulad ng mga propeta ng OT, ay nagsasalita ng kanyang sariling oras, ngunit nauugnay ito sa mga huling araw bago ang Pangalawang Pagdating. Itinuro ni Pablo ang isang naantalang Parousia sa 2 Thesalonica 2. Samakatuwid, ang paglalarawan sa rebelyon at maling turo ay ipinapakita sa kanyang sariling panahon. (cf. 2 Timoteo 3:1) pati na rin ang oras sa pagitan ng unang pagdating ni Kristo at pangalawa (cf. 2 Pedro 3:3; Hudat 1:18).

Madalas na kinikilala ng NT ang mga susunod na araw o mga huling oras na katulad ng mga propeta ng OT na nagkaroon ng krisis sa kanilang panahon at inaasahang ito sa isang kalagayang eskatolohiko (cf. Mateo 24:10-12; Mga Gawa 20:29-30; 2 taga-Thesalonica 2:3-12; 2 Timoteo 3:1-9; 4:3-4; 1 Juan 2:18-19; 4:1-3).

**NATATANGING PAKSA: ISANG NAANTALANG PAGDATING (nalalapit na pagbabalik ni Kristo laban sa naantalang *Paraousia*) (A DELAYED SECOND COMING (imminent return of Christ vs. the delayed Parousia))**

Karamihan sa mga mananampalataya ay nalalaman na si Hesus ay paparating, bigla, at hindi inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:34; Marcos 9:1; 13:30; Pahayag 1:1,3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20; tingnan ang Natatanging Paksa: Nalalapit na pagbabalik). Ngunit ang bawat umaasang salin-lahi ng mga mananampalataya hanggang ngayon ay mali!! Ang lalong madaling panahon (kaagad) ng pagbabalik ni Hesus ay isang makapangyarihan na ipinangakong pag-asa ng bawat salin-lahi, ngunit isang katotohanan na isa lamang (at ang isang ito ay inuusig).

Ang mga mananampalataya ay dapat mabuhay na parang darating siya bukas, ngunit dapat plano at ipatupad ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung magtatagal pa Siya.

Ang ilang mga talata sa mga Ebanghelyo (cf. Mateo 24:45-51; 25:5,19; Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8; 19:11-27) at 1 at 2 taga-Thesalonica ay batay sa isang naantala na Pangalawang Pagbabalik (*Parousia*).

Mayroong ilang mga kaganapan sa kasaysayan na dapat mangyari muna:

1. Pangdaigdigang pag-e-ebanghelyo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang malaking apostasya (cf. 2 taga-Thesalonica 2:3)
3. ang paghahayag ng “ang tao makasalanan” (cf. Mateo 24:15; 2 taga-Thesalonica 2:3,8-12; Pahayag 13)
4. ang matinding pag-uusig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Mayroong isang layunin na may kalabuan (cf. Mateo 24: 42-51; Marcos 13: 32-36)! Mamuhay araw-araw na parang ito ang iyong huling ngunit magplano at magsanay para sa hinaharap na ministeryo!

**NASB**

**“magsisitalikod”**

**NKJV**

**“tumalikod”**

**NRSV**

**“itanggi”**

**TEV**

**“iwanan”**

**NJB**

**“tumakas”**

Ito ay isang tambalan ng *apo* (mula sa) at *istēmi* (pagtayo). Iyon ay ginamit sa kaunawaan ng pagtalikod dito, sa Lucas 8:13, at Hebreo 3:12. Sa 2 Timoteo 2:19, iyon ay nangangahulugang “umiwas mula sa.” Sa anyo, ito ay isang PANGHINAHARAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Isang katibayan ng isang totoong ligtas siya ay nananatili sa iglesiya (cf. 1 Juan 2:18). Tingnan Natatanging Paksa: Ang Kailangan ng Pagtiyaga sa 1 Timoteo 4:16.



## **NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA (APOSTASY (*APHISTĒMI*))**

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang “apostasya” ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang “mula sa” o “malayo sa” at *histēmi*, “umupo,” “tumayo,” o “ayusin.” Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakangamit:

1. alisin ng pisikal
  - a. mula sa Templo, Lucas 2:37
  - b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
  - c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Mga Gawa 5:38
  - d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Mga Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Mga Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I taga-Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:7
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakangamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
  - a. Kautusan, Mateo 23:23; Mga Gawa 21:21
  - b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX); Lucas 8:13; II taga-Thesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya (pagpapawalang-sala) mula sa katapatan (pagpapaging-banal).

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

- I. Lumang Tipan
  - A. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
  - B. Korah, Bilang 16
  - C. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
  - D. Si Saul, I Samuel 11-31
  - E. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
    1. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propeta)
    2. Jeremias 28
    3. Ezekiel 13:1-7
  - F. Mga Bulaang Propeta (babae)
    1. Ezekiel 13:17
    2. Nehemias 6:14
  - G. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
    1. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
    2. Ezekiel 22:23-31
    3. Mikas 3:5-12

### II. Bagong Tipan

- A. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay “lubusang pagtalikod”. Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Mga Gawa 20:29,30; II taga-Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Mga Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig).

- B. Tila may pananampalataya

1. Si Hudas, Juan 17:12
2. Si Simon Magnus, Mga Gawa 8
3. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
4. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
5. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
6. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
7. Silang nasa I Timoteo 6:21
8. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
9. Si Demas, II Timoteo 4:10
10. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Hudas vv. 12-19
11. Mga antikristo, I Juan 2:18-19

- C. Walang bungang pananampalataya

1. I taga-Corinto 3:10-15
2. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ang nag-aatas ng mandatang pagtugon. Huwag niyo akong paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal (tingnan ang Natatanging Paksa: Ano ang Kahulugan ng “Tanggapin,” “Manampalataya,” “Magpahayag ng Pananampalataya,” “Tumawag”?). Ang ilang nasa Bayan ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Bayan ng Diyos (e.g., taga-Roma 9:6).

▣ **“ang pananampalataya”** Ang terminong ito (karaniwang kasama ng pantukoy) ay ginagamit sa mga Liham Pastoral para sa kabuoang kapahayagan sa katotohanang Kristiyano (cf. 1 Timoteo 3:9; 4:6; 5:8; 6:10,12,21; 2 Timoteo 2:18; 3:8,10; 4:7; Tito 1:5,13; 2:2). Hindi ito tumutukoy sa kanilang kaligtasan tulad ng sa mga bulaang mangangaral.

▣ **“mangakikinig”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na nagbibigay-diin sa pagpapatuloy na kilos. Ang mga tumalikod ay patuloy na naniniwala at nagbibigay paniniwala sa mga turong demonyo.

4:2

NASB **“Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan”**

NKJV **“pagpapalita ng kasinungalingan sa pagkukunwari”**

NRSV **“sa pamamagitan ng pagkukunwari ng mga sinungaling”**

TEV **“kumalat sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga sinungaling”**

NJB **“hinihimok ng pagkukunwari ng mga sinungaling”**

Inaangkin nila na “mga tagapagturo ng kautusan” (cf. 1 Timoteo 1:7). Malinaw na mayroong sangkap na nakapaloob ng Hudaismo. Malinaw na inilarawan sila sa 1 Timoteo 1:3-7; 4:2-3,7 at 6:3-10,20-21.

1. sila ay nagtuturo ng mga kakaibang doktrina (1 Timoteo 1:3; 6:3)
2. binibigyang pansin nila ang mga alamat at mga salin-lahi (1 Timoteo 1:4)
3. sila ay tumalima sa walang kwentang talakayan (1 Timoteo 1:6)
4. gumawa sila ng kumpiyansang paninindigan sa kung ano ang hindi nila maintindihan (1 Timoteo 1:7; 6:4)
5. sila ay mapagkunwaring sinungaling (1 Timoteo 4:2)
6. tuyot ang kanilang budhi (1 Timoteo 4:2)
7. pinagbabawal nila ang pag-aasawa (1 Timoteo 4:3)
8. nagtataguyod sila na umiwas sa mga pagkain (1 Timoteo 4:3)
9. naglalabas sila ng mga kasinungalingan (1 Timoteo 4:7)
10. sila ay mga palalo (1 Timoteo 6:4)
11. mayroon silang labis na interes sa mga kontrobersyal na mga katanungan at pagtatalo tungkol sa mga salita (1 Timoteo 6:4)
12. sila ay naging sanhi ng patuloy na alitan (1 Timoteo 6:5)
13. mayroon silang maling kaalaman (1 Timoteo 6:20-21)
14. naligaw sila sa pananampalataya (1 Timoteo 4:1; 6:21)

<b>NASB</b>	<b>“mga mapanlinlang na espiritu at doktrina ng mga demonyo”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“pagdaraya ng mga espiritu at doktrina ng mga demonyo”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“mapanlinlang na mga espiritu at turo ng mga demonyo”</b>
<b>TEV</b>	<b>“nagsisinungaling na mga espiritu. . .teachings ng mga demonyo”</b>
<b>NJB</b>	<b>“mga mapanlinlang na espiritu sa mga doktrinang nagmumula sa mga demonyo”</b>

Ang pananaw ni Pablo sa mga maling guro ay napaka negatibo. Iniuugnay niya ang kanilang pagtuturo sa gawain ni Satanas (tingnan ang Natatanging Paksa: Satanas sa 1 Timoteo 3:6, cf. 1 Timoteo 2:14; 3:6-7) at sa mala-demonyo. Sa maraming paraan ang pananaw ni Pablo sa mga ereheng ito ay maihahanay sa pananaw ng OT na pagsamba sa pagkamayabong ng taga-Canaan. Sinabi ng Diyos sa mga Israelita na lubusang sirain ang mga taong ito dahil masisira nila ang kanilang pananampalataya. Ang parehong babala ay matatagpuan dito (cf. 2 taga-Thesalonica 2:9-10; Santiago 3:15; 1 Juan 2:18-19).

### **NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (MGA MASAMANG ESPIRITU) (THE DEMONIC (UNCLEAN SPIRITS))**

- A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists*. Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.
- B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demigods* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.
  1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
  2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
  3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Ed., pp. 67-92
- C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo, cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Mikas 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.
  1. *Se'im* (mga buktot o mabalahibong demonyo, BDB 972 III, KB 1341 III, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)

2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, BDB 539, KB 528, cf. Isaias 34:14)
3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, BDB 560, KB 560, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; at maaaring Deuteronomio 28:22)
4. *Resheph* (salot, apoy, o yelong bato, BDB 958, KB 958, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
5. *Dever* (peste, BDB 184, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, BDB 736, KB 736, cf. Levitico 16:8,10,26)

(Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

- D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.

1. Satanas o Sammael
  2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
  3. ang Anghel ng Kamatayan
- Pinapakilala nito ni Edersheim bilang
1. ang Tagapagsumbong;
  2. ang Tagapagtukso;
  3. ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756).

Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

- E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

- F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.
- G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo at impluwensiya ay

mapinsala (cf. taga-Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal na ang kasamaan (ang panlipunang kayarian ni Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

<b>NASB</b>	<b>“tuyot sa kanilang budhi”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“ang kanilang sariling budhi ay hinerohan ng waring bakal na nagbabaga;”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“ang mga budhi ay naherohan ng isang mainit na bakal”</b>
<b>TEV</b>	<b>“Ang mga budhi ay patay, na parang sinusunog ng isang mainit na bakal”</b>
<b>NJB</b>	<b>“Ang mga budhi ay may tatak na parang may isang nagbabagang bakal”</b>

Tumutukoy ito sa isa sa dalawang bagay.

1. Ang mga bulaang mangangaral na hindi nakaabot sa lugar ng pagsisisi (cf. taga-Efeso 4:19; Tito 1:15). Nakukuha natin ang salitang Ingles na “pasuin” mula sa salitang Griyegong ito.
2. Ang pariralang ito ay tumutukoy sa tatak ni Satanas na nagpapakita ng kanyang pagmamay-ari (e.g., Pahayag 13:16,17; 14:11; 16:2; 19:20; 20:4).

Dahil tumanggi ang mga lalaking ito na makita ang katotohanan, wala na silang kakayanang makita ang totoo (cf. 2 taga-Corinto 4:4). Ito ang hindi mapapatawad na kasalanan sa mga Ebanghelyo at ang kasalanan ikamamatay ng I Juan 5.

## **NATATANGING PAKSA: KASALANANG PATUNGO SA KAMATAYAN (SIN UNTO DEATH)**

### **A. Mga isaalang-alang sa Hermeneutics**

1. Ang wastong pagkakilala ay kailangang maiugnay sa pangkasaysayang pinangyarihan ng I Juan
  - a. Ang presensya ng Nostikong mga bulaang mangangaral sa mga iglesia (cf. 2:19,26; 3:7; II Juan 7)
    - (1) Ang mga “Cerinthian” Nostik ay nagtuturo na ang taong si Hesus ay tinanggap ang espiritu ni Kristo sa kanyang bautismo at ang espiritu ni Kristo ay lumisan bago ang kanyang kamatayan sa krus (cf. 5:6-8)
    - (2) Ang mga docetic Nostik ay nagtuturo na si Hesus ay isang Diyos na espiritu, hindi isang tunay na taong nilalang (cf. 1:1-3)
    - (3) Ang Nostisismo na lumitaw sa mga isinulat noong ikalawang siglo ay naghayag ng dalawang magkaibang pananaw tungkol sa katawan ng tao
      - (a) Yamang ang kaligtasan ay isang katotohanan na nahayag sa kaisipan, ang katawan ng tao ay ay walang kinalaman sa espirituwal na mundo. Samakatuwid, kahit anong gustuhin nito ay makukuha nito. Ito ay kadalasang tumutukoy sa mga walang-batas o libertinong Nostik.
      - (b) Ang ibang pangkat ay nagpalagay na dahil ang katawan ay likas na masama (i.e., Griyego kaisipan), ang alinmang pagnanasa ng katawan ay kailangang iwasan. Ito ay tinatawag na mga Asetikong Nostik.
  - b. these mga bulaang mangangaral ay iniwan ang iglesia (cf. 2:19), ngunit hindi ang kanilag impluwensiya!
2. Ang wastong pagpapakilala ay kailangang nauugnay sa pangpanitikang kaugnay na kahulugan ng buong aklat
  - a. Ang I Juan ay isinulat upang kalabanin ang bulaang pagtuturo at tinitiyak ang tunay na mga mananampalataya
  - b. Ang dalawang layunin ang maaaring makita sa pagsusuri ng tunay na mga mananampalataya
    - (1) Pang-doktrina
      - (a) Si Hesus ay buong tao (cf. 1:1-3; 4:14)
      - (b) Si Hesus ay buong Diyos (cf. 1:2; 5:20)

- (c) Ang sangkatauhan ay makasalanang at may pananagutan sa isang banal na Diyos (cf. 1:6,10)
- (d) Ang mga tao ay pinatawad dita at ginawang tama sa Diyos sa pamamagitan ng
  - i. kamatayan ni Hesus (cf. 1:7; 2:1-2; 3:16; 4:9-10,14; 5:6-8)
  - ii. pananampalataya kay Hesus (cf. 1:9; 3:23; 4:15; 5:1,4-5,10-12,13)
- (2) practikal (positibo)
  - (a) pagsunod ng pamumuhay (cf. 2:3-5; 3:22,24; 5:2-3)
  - (b) pag-ibig ng pamumuhay (2:10; 3:11,14,18,23; 4:7,11-12,16-18,21)
  - (c) pagiging katulad ni Kristo ang pamumuhay (hindi nagkakasala, cf. 1:7; 2:6,29; 3:6-9; 5:18)
  - (d) tagumpay ng pamumuhay laban sa masama (cf. 2:13,14; 4:4; 5:4)
  - (e) Ang Kanyang salita ay nananatili sa kanila (cf. 1:10; 2:14)
  - (f) Mayroon silang Espiritu (cf. 3:24; 4:4-6,13)
  - (g) Tinutugunang panalangin (cf 5:14-15)
- (3) praktikal (negatibo)
  - (a) kasalanan ng pamumuhay (cf. 3:8-10)
  - (b) pagkagalit ng pamumuhay (cf. 2:9,11; 3:15; 4:20)
  - (c) Di-pagsunod na pamumuhay (cf. 2:4; 3:4)
  - (d) pag-ibig sa sanglibutan (cf. 2:15-16)
  - (e) pagtanggì kay Kristo (tinatanggi ang Ama at Anak, cf. 2:22-23; 4:2-3; 5:10-12)
- 3. Ang wastong pagpapakilala ay kailangan maiugnay sa partikular na bagay na nauukol sa tala (cf. 5:16-17)
  - a. Ang salitang “kapatid” ng v. 16 ba ay maiugnay sa kapwa sa kanilang nakagawa ng kasalanan na hindi nagdudulot ng kamatayan at sa kanila na nakagawa kasalanan na nagdudulot ng kamatayan?
  - b. Ang mga nagkasala ba ay minsang naging mga kaanib sa iglesia (cf. 2:19)?
  - c. Ano ang kahalagahan sa talata ng:
    - (1) Walang PANGTUKOY kasama ang “kasalanan”?
    - (2) Ang PANDIWANG “nakakita” bilang isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na may AORIST NA TAHAS NA PASAKALI?
  - d. Paano maipapanumbalik ng mga panalangin ng isang Kristiyano (cf. Santiago 5:15-16) ang walang hanggang buhay “zōē” sa iba pa na walang personal na pagsisisi ng makasalanang?
  - e. Paaano maiugnay ang v. 17 sa mga uri ng kasalanan (patungong kamatayan, hindi patungong kamatayan)?

## B. Mga teolohikong suliranin

1. Kailangan bang subukan ng tagapagsalin na maiugnay ang talatang ito sa
  - a. Sa “di-mapapatawad” na kasalanan ng mga Ebanghelyo
  - b. ang “minsang lang” na kasalanan ng Hebreo 6 at 10
 

Ang kaugnay na kahulugan ng I Juan ay tila katulad ng di-mapapatawad na kasalanan ng mga Fariseo sa panahon ni Hesus (cf. Mateo 12:22-37; Marcos 3:2-29) gayundin sa mga hindi mananampalatayang mga Hudyo ng Hebreo 6 at 10. Lahat ng tatlong pangkat (mga Fariseo, hindi nananampalatayang mga Hudyo, at mga Nostikong bulaang mangangaral) na maliwanag na nakarinig ng ebanghelyo, ngunit kanilang tinanggihan ang manampalataya kay Hesus Kristo.
2. Kailangan bang ang mga tanong ng makabagong pananampalataya ay maging isang teolohikong pagkakahati-hati upang isaalang-alang ang talatang ito?
 

Ang pag-e-ebanghelyo ay labis na nagbigay-diin sa panimula ng karanasan ng Kristiyano at pinabayaan ang mga nagpapatuloy na katunayan ng pamumuhay sa tunay na pananampalataya. Ang ating mga maka-bagong teolohikong tanong ay makakapagpabigla sa mga unang siglong Kristiyano. Kailangan natin ng “katiyakan” batay sa mga pinilang mga “patunay na talata” at sa ating sariling mga lohikal na pangangatuwirin o mga pagkamping pang-denomination.

Ang ating mga teolohikong pagtatanong, pagkakahati-hati, at pagkakakilanlan ay nagpahayag ng ating sariling kawalan ng tatag. Kailangan nating ang mas maraming kaalaman at paglilinaw na higit kaysa sa ipinagkakaloob ng Bibliya, upang ang ating mga sistematikong teolohiya ay

makakuha ng ilang mga tipak ng Banal na Kasulatan at maghabi ng malaking sapot ng lohikal, kaluranin, partikular na doktrina!

Ang mga salita ni Hesus sa Mateo 7 at Marcos 7 ay sapat para sa naunang iglesia! Si Hesus ay naghahanap ng mga alagad, hindi mga kapasyahan, pangmatagalang pamumuhay pananampalataya, hindi pangmadaliang emosyonal na pananampalataya (cf. Mateo 13:10-23; Juan 8:31-59). Ang Kristiyanismo ay hindi siang hiwalay na nakalipas na pagkilos, ngunit isang nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang Kristiyanismo ay hindi isang tiket papuntang langit, na nabili sa nakalipas, o isang mamalagad sa pagsisiguro sa sunog na kinuha upang kanlunging ang isang makasariling pamumuhay, walang diyos na buhay!

3. Ang kasalanan patungong kamatayan ba ay tumutukoy sa pisikal na kamatayan o walang hangang kamatayan? Ang paggamit ni Juan ng *zōē* sa kaugnay na kahulugan ay nagpapahiwatig ng kaibahan na tumutukoy sa walang hangang kamatayan. Maaari bang kunin na ng Diyos (pisikal na kamatayan) ang nagkakasalang mga anak? Ang implikasyon ng kaugnay na kahulugan ay (1) ang mga panalangin ng kapwa mga mananampalataya at (2) at ang personal na pagsisisi ng may kasalanan ay pinagsama upang ipanumbalik ang mga mananampalataya, ngunit kung sila ay magpapatuloy sa isang pamumuhay na nagdadala kahihyan sa kalipuan ng mga mananampalataya, ang maaaring bunga ay ang “wala sa oras” o maaagang paglisang pisikal sa buhay na ito. (cf. *When Critics Ask* nina Norman Geisler at Thomas Howe, p. 541)

**4:3 “na nagbabawal sa pag-aasawa at nagtataguyod ng pag-iwas sa mga pagkain”** Narito ang dalawa sa mga asetikong turo ng mga bulaang mangangaral. Ang una, ipinagbabawal ang pag-aasawa, ay nauugnay sa kaligiran ng Griyego (*Gnostic*) o marahil ang Hudiyong *Essene* (*Dead Sea Scroll Community*) na impluwensya. Ang pag-aasawa ay kaloob mula sa Diyos (cf. Genesis 2:24) at ang kalooban ng Diyos (cf. Genesis 1:28; 9:1,7). Ang pag-aasawa ang pamantayan; ang kawalang asawa ay isang natatanging panawagan at kaloob (cf. Mateo 19:11-12; 1 taga-Corinto 7).

Ang pangalawa, pag-iwas sa ilang mga pagkain, ay tila nauugnay sa kaligiran ng mga Hudyo (cf. Levitico 11), ngunit maaaring sumangguni sa mga pagbabawal sa *Gnostic*. Ang parehong konsepto ay tinalakay sa teolohiko sa Genesis 1:28-31. Palaging nagkakaroon ng pagkahilig ang mga relihiyosong tao na pababain ang materyal na mundo, upang isiping ang hindi pagaasawa bilang isang mas espirituwal na kalagayan at upang tingnan ang pag-iwas sa parehong pagkain at inumin at asetismo sa pangkalahatan bilang mas mataas na kalagayang espirituwal. (cf. Mateo 15:11; Marcos 7:17-23; taga-Roma 14:1-15:13; 1 taga-Corinto 8:8; 10:23-33; taga-Colosas 2:8-23). Ang listahan ng mga katangian ng pamumuno sa kabanata 3 ay maaaring nauugnay sa mga maling turo na ito. Pansining pinahihintulatang kapwa ang pag-aasawa at ang alak (cf. 1 Timoteo 3:2,12; 5:9 at 3:3,8; 5:23).

▣ **“ang mga nananampalataya at nakakaalam ng katotohanan”** Ito ay isang hindi pangkaraniwang panggramatiko kayarian (i.e., isang PANG-URI at isang PANDIWARI, cf. Michael Magill, *NT TransLine*, p. 785). Ang katulad na anyo ay makikita sa Tito 1:15. Ang mga nananampalatayang ito ay inilalarawan bilang as

1. mga nananampalataya – *pronominal*, datibo, pangmaramihan, panglalaki, pang-uri
2. mga nakakaalam – ganap, tahas, maramihang panlalaking pandiwari

Ang katotohanan dito (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 2:4) ay ang lahat ng nilikha ay mula sa Diyos at dapat Siyang pasalamatang dito. Ang asetismo ay lumalabag sa katotohanan na ito.

**4:4 “Sapagkat ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti at walang dapat tanggihan”** Para sa napakalaking katotohanan na ito sa kabutihan ng lahat ng mga bagay, tingnan ang Genesis 1:31; taga-Roma 14:14,20; 1 taga-Corinto 6:12; 10:26; Tito 1:15. Gayunpaman, dapat nating timbangin ang katotohanan na kahit na ang lahat ng mga bagay ay maaaring maging mabuti at malinis sa mga nakakaalam ng kanilang pinagmulan ay sa Diyos, hindi lahat ng bagay ay nagpapatatag sa iglesia (cf. 1 taga-Corinto 6:12 at 10:23). Samakatuwid, kami bilang mga Kristiyano ay nililimitahan ang aming mga kalayaan para sa kapakanan ng iba na walang paggalang kay Kristo (cf. taga-Roma 14:1-15:13; 1 taga-Corinto 8-10).

Ang salitang “tinanggihan” sa literal ay “itapon.” isinalin ito ni Moffatt “bawalan.” Mag-ingat sa mga kultura at/o mga tradisyon ng denominasyon (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:8-23).

**4:5** Ang isinawikang salita ng Diyos ay nagdulot ng paglikha (cf. Genesis 1:3,6,7,14,20,24) at nagpapatunay sa orihinal na kabutihan ng lahat ng mga bagay (cf. Genesis 1:31). Ang mananampalataya ay nagpasalamat sa Diyos

(cf. 1 Timoteo 4:4b) para sa Kanyang nilikha sa katubusan (cf. taga-Roma 14:6; 1 taga-Corinto 10:30-31).

▣ **“panalangin”** Ang salitang ito (*enteuxis*) ay ginagamit lamang ng dalawang beses sa NT, parehong beses sa 1 Timoteo (cf. 1 Timoteo 2:1 at 4:5). Ito ay nagpapahiwatig ng pakikipagkita sa isang tao para sa layunin ng pagdalaw sa kanila. Madalas itong isinalin na “pamamagitan” (cf. 1 Timoteo 2:1); sa kontekstong ito, ang “pasasalamat” ay tila mas akma. Tandaan na ang konteksto, hindi mga diksyonaryo, ay tumutukoy sa kahulugan ng mga salita!

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 4:6-10**

**“Kung ipaalaala mo sa mga kapatid ang mga bagay na ito, ikaw ay magiging isang mabuting ministro ni Kristo Hesus, na kinandili sa mga salita ng pananampalataya at ng mabuting aral na sinusunod mo hanggang ngayon: <sup>7</sup>Datapuwat itakuwil mo ang mga kathang masasama at walang kabuluhan. At magsanay ka sa kabanalan: <sup>8</sup>Sapagkat sa pagsasanay ng katawan ay may kaunting pakinabang, ngunit ang kabanalang sa lahat ng mga bagay ay pinakikinabangan, na may pangako sa buhay na ito, at sa darating. <sup>9</sup>Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat. <sup>10</sup>Sapagkat dahil dito ay nagsisipagpagal kami at nagsisipagsikap, sapagkat may pagasa kami sa Diyos na buhay, na siyang Tagapagligtas sa lahat ng mga tao, lalong lalo na sa mga nagsisisampalataya.**

**4:6 “Sa pagtuturo ng mga bagay na ito sa mga kapatid”** *Hupotitēmi*, na ay ang PANGGITNANG TINIG nangangahulugan “magmungkahi.” Pansinin ang kahinahunan na hinihimok ni Pablo kay Timoteo na iwasto ang mga miyembro ng iglesia (cf. kabanata 5). Pansinin ang kaibahan sa 1 Timoteo 4:11, kung saan nagbibigay siya ng mahigpit na mga utos upang harapin ang mga suliranin sa pagsasamang iyon. Parehong naaangkop sa kanilang lugar.

▣ **“patuloy na pinangangalagaan sa mga salita ng pananampalataya at ng wastong doktrina”** Ito ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI (bagaman sa anyo ay maaaring PANGGITNANG TINIG, na hihikayat ang mga mananampalataya na pag-aralan ang mga katotohanan ng pananampalataya para sa kanilang sarili). Ang mga ministro ay kinakandili sa totoong mga aral ng Kristiyanismo (Kinukuha ko ang dalawang naglalarawang pariralang ito na magkasingkahulugan). Ito ang totoong *gnosis*, hindi ang demonyong *gnosis* ng mga bulaang mangangaral! Ang mga layunin ng Banal na Kasulatan ay malinaw na binaybay sa 2 Timoteo 3:15-17, tulad ng responsibilidad ng bawat mananampalataya sa 2 Timoteo 2:15, lalo na sa liwanag ng maling turo (cf. 2 Timoteo 2:14-18).

▣ **“na iyong sinusundan”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Si Timoteo ay may magandang patotoo ng katapatan. Ang terminong ito ay maaaring magkahulugan.

1. na sumunod (cf. 2 Timoteo 3:10)
2. upang masusing imbestigahan (cf. Lucas 1:3)

**4:7 “Ngunit walang kinalaman sa mga makamundong katha na angkop lamang para sa mga matandang kababaihan”** Ang mga Liham Pastoral pagpigil (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [malungkot] PAUTOS) haka-hakang talakayan ng mga suwail na bulaang mangangaral (cf. 1 Timoteo 1:4; 4:7; 2 Timoteo 2:14-18, 23; Tito 1:14; 3:9). Ang mismong pandiwang ito (*paraiteomai*) ay ginamit sa 1 Timoteo 4:7; 5:11; 2 Timoteo 2:23, at Tito 3:10.

Ang pariralang “mga matandang babae” (*graōdēs*) ay dito lamang ginamit sa NT. Sinabi ni Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 82, na ipinapahiwatig nito ang ibig sabihin ay “hangal” at “walang katuturan.” Ito ay isinalin sa “kabulaanan ng mga matandang asawang babae” sa NRSV, NJB at “katha ng matandang mga asawang babae” sa NKJV.

Dahil naniniwala rin ako kay Gordon Fee na ang mga kababaihan ay na-manipula ng mga bulaang mangangaral at ginagamit bilang mga tagapagsalita para sa kanilang mga pananaw sa mga iglesiyang nasa bahay, kung gayon ang isa ay nagtataka.

1. Mayroon bang mga matandang babaeng bulaang mangangaral (cf. 1 Timoteo 5:6)?
2. Ito ba ay isang paraan upang palalain ang suliranin na may kaugnayan sa mga kababaihan?
3. Ito ba ay isang kulturang kataga ng patriarka?

▣ Ang salita ay “katha” (NRSV, NJB) sa 1 Timoteo 4:7 ay mali ang pagkakaunawa. Ang isang mabuting artikulo



ay na kay G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*, kabanata 13, pp. 219-242. Ang katha ay may maraming maaaring kahulugan.

▣ “disiplinahin ang iyong sarili para sa layunin ng kabanalan” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. “Dsiplina,” o “sa pagsasanay,” ay isang talinghaga ng pampalakasan kung saan nakuha natin ang salitang Ingles na “gymnasium.” Ang pagsasanay sa Pampalakasan ay isang mabuting halimbawa ng masigla, nakatuon, prioridad na pagsisikap para sa atin na tularan bilang mga Kristiyano ang espirituwal na kaharian na higit na makabuluhan (cf. 1 taga-Corinto 9:24-27; 2 Timoteo 2:5; 4:7; Hebreo 12:1-3).

▣ “kabanalan”

### NATATANGING PAKSA: PAGKAMAKA-DIYOS (GODLINESS)

Ito ay isang kinasalayang termino sa mga Liham Pastoral (i.e., 1 Timoteo; 2 Timoteo; Tito). Iyon ay tumutukoy sa kapwa pangdoktrina at mga kahihinatnan ng pang-araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo. Iyon ay hindi naglalarawan ng katangi-tangi, but ang inaasahan. Iyon ay isang tambalan terminong mula sa “mabuti” (*eu*) at “pagsamba” (*sebomai*). Ang tunay na pagsamba ay pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng wastong pag-iisip (cf. 1 Timoteo 4:16a). Pansinin ang bilang ng pagkakataon na ginamit ang salitang ito sa mga Liham Pastoral:

1. pangngalan (*eusebeia*), 1 Timoteo 2:2; 3:16; 4:7,8; 6:3,5,6,11; 2 Timoteo 3:5; Tito 1:1
2. pang-abay (*eusebēs*), 2 Timoteo 3:12; Tito 2:12
3. pandiwa (*eusebeō*), 1 Timoteo 5:4
4. Ang salitang ito ay may kaugnayan sa *theosebeia*, 1 Timoteo 2:10
5. Ang kabaliktarang salita (ALPHA PRIVATIVE, i.e. *asebeia*), 2 Timoteo 2:16; Tito 2:12

**4:8** Ang pisikal na katawan ay bahagi ng ating pamamahala sa buhay, ngunit hindi ang prayoridad. Ang kabanalan ang prayoridad! Maaaring ito ay tumutukoy sa

1. pisikal na ehersisyo
2. pisikal na disiplina
3. asetisismo

Ang nakakaapekto sa katawan ay makabuluhan, ngunit ang nakakaapekto sa espiritu ay walang hanggan! Ang totoong ehersisyo ay ang “paggawa” at “nagsusumikap” ng 1 Timoteo 4:10! Ang ministeryo ay nakakaapekto sa resulta ng ebanghelyo, ngunit ang asetisismo ay binibigyang diin ang indibidwal.

**4:9 “Ito ay isang mapagkakatiwalaang pahayag”** Ang pariralang ito ay maaaring kasama ng talatang 8 o 10. Madalas na ginagamit ni Pablo ang pariralang ito upang patingkarin ang mga makabuluhang pahayag sa Mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 1:15; 3:1; 4:9; 2 Timoteo 2:11; Tito 3:8), katulad ng ginamit ni Hesus na “Amen, amen” o ginamit ni Pablo na “Hindi ko nais na kayo ay maging mangmang, mga kapatid” sa kanyang mga naunang sinulat (cf. taga-Roma 1:13; 11:25; 1 taga-Corinto 10:1; 12:11; 2 taga-Corinto 1:8; 1 taga-Thesalonica 4:13).

**4:10 “kami’y nagpapagal at nagsisikap”** Ito ay parehong mga talinghaga ng pampalakasan. Ang huli, kung saan nakukuha natin ang salitang Ingles na “paghihirap” o “maghirap,” ay matatagpuan din sa taga-Filipos 2:16; 1 Timoteo 6:12; at 2 Timoteo 4:7.

Mayroong isang pagkakaiba-iba sa Griyegong manuskrito sa pariralang ito:

1. MSS  $\kappa^c$ , D, L, P, gayundin ang Vulgata, Peshitta, at mga saling Coptiko ay may “magdusa ng kahihyan” (NKJV)
2.  $\kappa^*$ , A, C, F, G, K, at 075 have “strive” (NASB, NRSV, TEV, NJB, NIV)

Ang UBS<sup>4</sup> nagbigay sa “magsikap” ng isang “C” na marka, na nangangahulugang nahihirapan ang lupon na magpasya sa pagitan ng mga pagkakaiba-iba

NASB “dahil matatag ang ating pag-asa”  
NKJV “dahil nagtitiwala tayo sa”  
NRSV “dahil mayroon kaming pag-asa na itinakda”

**TEV**            **“dahil inilagay natin ang ating pag-asa”**  
**NJB**            **“ay inilalagay natin ang ating tiwala sa”**

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang mga naniniwala ay nagtitiwala sa sinaayos, tiyak, hindi mababagong katangian ng Diyos bilang kanilang tanging pag-asa (cf. Mga Awit 102:26-27; Malakias 3:6; Hebreo 1:11-12; 13:8; Santiago 1:17). Ang katiyakan ng ating kaligtasan ay nakasalig sa katangian ni YHWH (cf. 1 Timoteo 6:17; taga-Roma 15:12; 2 taga-Corinto 1:10).

- ▣ **“sa buhay na Diyos”** Sa palagay ko ang salitang Griego na ito ay sumasalamin sa pangalan ng Diyos ng kasunduan sa OT. Ito ang ugat na kahulugan ng salitang “YHWH,” na nagmula sa Hebreong pandiwa “upang maging” (cf. Exodo 3:14; tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 2 Timoteo 1:2). Si YHWH ay ang nabubuhay, tanging Isang buhay.
- ▣ **“na siyang Tagapagligtas ng lahat ng tao, lalo na ng mga mananampalataya”** Ang titulong “tagapagligtas” ay ginagamit nang madalas sa mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 1:1; 2:3; 2 Timoteo 1:10; Tito 1:3-4; 2:10-13; 3:4,6). Sa naunang mga kabanata ng 1 Timoteo, ginagamit ito sa Diyos bilang Manunubos, maaaring lahat ng sangkatauhan (cf. 1 Timoteo 2:4,6; Lucas 2:11; Juan 1:29; 4:42; taga-Roma 5:18-19; 2 Pedro 3:9). Tingnan buong tala sa 2 Timoteo 1:10. Maaaring dahil sa maikling parirala “lalo na ng mga mananampalataya” (kung saan ang isang inaasahang teolohikong “lamang”) maaaring magamit ito sa kahulugan ng OT ng Elohim, na “tagapagtanggol” o “tagapagbigay” ng lahat ng buhay sa mundo (cf. Mateo 5:45; Mga Gawa 17:28).

### **NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGANG PLANO NG KATUBUSAN NI YHWH (YHWH'S ETERNAL REDEMPTIVE PLAN)**

Dapat kong aminin sa inyo, mga mambabasa na ako ay kinikilingan sa puntong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo o Dispensesyonalismo, ngunit ito ay Dakilang Komisyong ebandyelikalismo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Naniniwalang akong ang Diyos ay may isang walang hanggang plano para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-39; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng sa kanilang nilikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. taga-Galacia 3:28-29; taga-Colosas 3:11). Si Hesus ang hiwaga ng Diyos, itinago ngunit ngayon ay inihayag na (cf. taga-Efeso 2:11-3:13)! Ang ebanghelyo ng NT, hindi Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Ang pagkakaunawalang ito ang nagbibigay-kulay sa aking mga pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan. Binabasa ko ang lahat ng mga teksto sa pamamagitan nito! Ito ay tiyak na isang pagkiling (lahat ng mga tagapagpaliwanag ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang pagpapalagay na may kabatiran mula sa Banal na Kasulatan.

Ang pagtuon ng Genesis 1-2 ay ang paglalang ni YHWH ng isang lugar na Siya at ang Kanyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay magkakasama (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Ang pisikal na paglilikha ay isang yugto para sa ganitong interpersonal na banal na adyenda.

1. Si Augustino ay inilarawan ito bilang isang butas na hinugis ng Diyos sa bawat tao na maaaring punuin lamang ng Diyos mismo.
2. Si C. S. Lewis ay tinawag ang planetang ito na “ang hinipong planeta,” (i.e., inihanda ng Diyos para sa mga tao).

Ang OT ay mayroong maraming mga pahiwatig para sa banal na adyenda.

1. Ang Genesis 3:15 ay ang unang pangako na si YHWH na hindi pababayan ang sangkatauhan sa napakahirap na gusot ng kasalanan at paghihimagsik. Ito ay hindi tumutukoy sa Israel dahil wala pang Israel, o mga pangkasuduang bayan, hanggang sa pagtawag kay Abraham sa Genesis 12.
2. Ang Genesis 12:1-3 ay ang panimulang pagtawag at kapahayagan ni YHWH kay Abraham na magiging pangkasuduang bayan, ang Israel. Ngunit kahit na sa panimulang pagtawag na ito, Diyos ay may isang mata sa buong mundo. Pansinin ang Genesis 12:3!
3. Sa Exodo 20 (Deuteronomio 5) ipinagkaloob ni YHWH ang Kanyang kautusan kay Moises upang gabayan ang Kanyang mga natatanging tao. Pansinin na sa Exodo 19:5-6, inihayag ni YHWH kay Moises ang walang-katulad na pakikipag-ugnayan na tataglayin ng Israel. Ngunit pansinin din na sila ay pinili, tulad ni Abraham, upang pagpalain ang mundo (cf. Exodo 19:5, “dahil ang lahat ng sa mundo ay

Akin”). Ang Israel ay magiging mekanismo (kaparaanan) para sa mga bansa makilala si YHWH at maakit sa Kaniya. Sila ay kalunos-lunos na nabigo (cf. Ezekiel 36:27-38).

4. Sa 1 Mga Hari 8, inihandog ni Solomon ang templo upang ang lahat ay lumapit kay YHWH (cf. 1 Mga Hari 8:43,60)
5. Sa Awit – 22:27-28; 66:4; 86:9 (Pahayag 15:4)
6. Sa pamamagitan ng mga propeta, si YHWH nagpatuloy na inihayag ang Kanyang pangkala-hatang plano sa katubusan.
  - a. Isaias – 2:2-4; 12:4-5; 25:6-9; 42:6,10-12; 45:22; 49:5-6; 51:4-5; 56:6-8; 60:1-3; 66:18,23
  - b. Jeremias – 3:27; 4:2; 12:15-16; 16:19
  - c. Mikas 4:1-3
  - d. Malakias 1:11

Ang pangkalahatang pagbibigay-diin ay pinadali ng paglitaw ng “bagong kasunduan” (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) na tumutuon sa kahabagan ni YHWH, hindi sa pagsasakatuparan ng mga nalugmok na sangkatauhan. Mayroong isang “bagong puso,” isang “bagong isipan,” at isang “bagong espiritu.” Ang pagsunod ay napakahalaga ngunit ito ay panloob, hindi isang walang hanggang kodigo lamang (cf. taga-Roma 3:21-31).

Ang NT ay maliwanag na pinapatibay ang pangkalahatang plano ng katubusan sa maraming paraan.

1. Ang Dakilang Komisyon – Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8
2. Isang walang-hanggang plano ng Diyos (i.e., itinalaga) – Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29
3. Nais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay maligtas – Juan 3:16; 4:42; Mga Gawa 10:34-35; 1 Timoteo 2:4-6; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14
4. Pinagkakaisa ni Kristo ang OT at NT – taga-Galacia 3:28-29; taga-Efeso 2:11-3:13; taga-Colosas 3:11. Ang lahat ng pantaong mga hadlang at mga pagkakaiba ay inalis sa kay Kristo. Si Hesus ay ang “hiwaga ng Diyos,” ikinubli ngunit ngayon ay inihayag na (taga-Efeso 2:11-3:13).

Ang NT ay tumutuon kay Hesus, hindi sa Israel. Ang ebanghelyo, hindi isang pagkamamamayan o heograpikong lugar, ay sentro. Ang Israel ay ang unang kapahayagan ngunit si Hesus ay ang pangunahing kapahayagan (cf. Mateo 5:17-48).

Ako ay umaasa na maglalaan ka sandali na basahin ang Natatanging Paksa: Bakit Tila Naiiba ang mga Pangkasunduang Pangako sa OT sa Mga Pangkasunduang Pangako sa NT. Mahahanap mo ito sa internet sa [www.freebiblecommentary.org](http://www.freebiblecommentary.org).

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 4:11-16**

<sup>11</sup>Ang mga bagay na ito'y iyong iutos at ituro. <sup>12</sup>Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan. <sup>13</sup>Hanggang ako'y pumariyan ay magsikap ka sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo. <sup>14</sup>Huwag mong pabayaang ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay ng kapulungan ng mga presbitero. <sup>15</sup>Magsipag ka sa mga bagay na ito; tumalaga kang lubos sa mga ito; upang ang iyong pagkasulong ay mahayag sa lahat. <sup>16</sup>Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagkat sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo.

**4:11 “Iutos”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS sa isang terminong ibig sabihin “mahigpit na utos ng mga militar” (cf. 1 Timoteo 1:3,18).

▣ **“at ituro ang mga bagay na ito”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Hinihikayat ni Pablo si Timoteo na mangasiwa. Ang iglesiyang ito ay ginulo ng mga bulaang mangangaral at ng kanilang mga kahalili (i.e. maaaring mga batang balo, cf. 2 Timoteo 3:6-7, o mga matandang kababaihan, cf. 1 Timoteo 4:7).

**4:12 “Huwag hayaan ang sinuman na maliitin sa iyong pagiging kabataan”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may isang NEGATIBONG KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang kilos na nasa proseso. Ang salitang “bata” sa kultura ng Roman at Griyego ay maaaring tumukoy sa isang tao hanggang sa edad na 40. Maaaring ang mga maling guro ay tumatawag sa edad ni Timoteo bilang isang paraan ng pag-atake o maliitin ng kanyang mga turo (cf. 1 taga-Corinto 16:11). Si Timoteo ang apostolikong kahalili ni Pablo. Pinasisigla ni Pablo si Tito sa parehong paraan sa Tito 2:15.

▣ **“ngunit sa halip sa pagsasalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya, at kadalisan”** Pinakita ni Timoteo (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] PAUTOS) ang kaniyang kasangkapan para sa pamumuno sa pamamagitan ng pamumuhay (cf. 1 Timoteo 4:6c at 7b). Dapat siyang mamuhay ng eksaktong kabaliktaran ng mga bulaang mangangaral!

Mayroong isang pagkakaiba-iba ng manuskrito na Griyego sa pariralang ito. Sa *Textus Receptus* idinagdag pagkatapos ng “sa pag-ibig,” “sa espiritu.” Ito ay matatagpuan sa mga unsiyanong manuskrito K, L, at P at ganun din kalaunan sa *minuscule* na mga manuskrito. Subalit wala ito sa mga MSS  $\aleph$ , A, C, D, F, G, at ang Vulgata, Syriano, at saling mga Coptico, na nagpapahiwatig na ito ay idinagdag ng isang huling eskriba.

▣ **“halimbawa”**

### **NATATANGING PAKSA: ANYO (TUPOS) (FORM (TUPOS))**

Ang suliranin ay ang salitang *tupos*, na mayroong iba't-ibang gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
  - a. tularan
  - b. balangkas
  - c. anyo o paraan ng pagsulat
  - d. kahatulan o kautusan
  - e. kaparusahan o kapasyahan
  - f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
  - g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 249
  - a. pilat (cf. Juan 20:25)
  - b. larawan (cf. Mga Gawa 7:43)
  - c. huwaran (cf. Hebreo 8:5)
  - d. halimbawa (cf. I taga-Corinto 10:6; taga-Filipos 3:17)
  - e. pinagparisan (cf. taga-Roma 5:14)
  - f. uri (cf. Mga Gawa 23:25)
  - g. mga nilalaman (cf. Mga Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
  - a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)
  - b. isang paglalarawan
  - c. isang larawan (cf. Mga Gawa 7:43)
  - d. isang reseta, pamamaraan (cf. taga-Roma 6:17)
  - e. anyo, diwa (cf. Mga Gawa 23:25)
  - f. isang hugis, kapilas (cf. I taga-Corinto 10:6)
  - g. isang inaasahang hugis, uri (cf. taga-Roma 5:14; I taga-Corinto 10:11)
  - h. isang huwang tularan (cf. Mga Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
  - i. isang mabuting tularan/huwaran (cf. taga-Filipos 3:17; I taga-Thesalonica 1:7; II taga-Thesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Tandaan, ang mga leksikon ay hindi nagtatakda ng kahulugan; tanging ang gamit ng mga salita sa mga pangungusap/ mga talata ang nagtatakda ng kahulugan (i.e., konteksto). Mag-ingat sa pagtatakda ng kahulugang sa isang salita at gamitin ito sa bawat lugar na makikita sa salita sa Bibliya. Konteksto, konteksto, konteksto ang magtatakda ng kahulugan!

### **4:13 “Hanggang sa dumating ako” (cf. 1 Timoteo 3:14)**

▣ **“bigyan pansin”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Binibigyang diin ni Pablo ang tatlong pampublikong tungkulin para kay Timoteo bilang opisyal na pinuno sa sama-samang pagsamba.

1. pampublikong pagbasa ng Banal na Kasulatan
2. pangangaral
3. pagtuturo

Kinuha ng Unang iglesiya ang pangunahing anyo ng pagsamba mula sa Sinagoga (cf. Mga Gawa 13:15; 15:21).

**4:14 “huwag pabayaang”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang NEGATIBONG KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na kasalukuyang nasa proseso. Mangangahulugan ba sa talatang ito na pinabayaang ni Timoteo ang kanyang kagandahang-loob o na hindi niya dapat pababayaang ang kanyang kagandahang-loob? Sa palagay ko ang huli.

▣ **“ang espirituwal na kaloob na nasa iyo”** Bawat mananampalataya ay bibigyan ng espirituwal na kaloob ng sila’y maligtas (cf. 1 taga-Corinto 12:7,11,18) Sa konteksto na ito, ang espirituwal na kaloob ni Timoteo ay kinilala ng mga pinuno ng lokal na iglesia sa Listra (cf. Mga Gawa 16:2) at kinumpirma sa isang natatanging pagtitipon (cf. 1 Timoteo 1:18). Ang espirituwal na likas na kaloob ay ipinagkakaloob ng Trinidad na Diyos (cf. 1 taga-Corinto 12:4-6) sa mga indibidwal na mananampalataya para sa kabutihan ng katawan ni Kristo (cf. 1 taga-Corinto 12:7,11). Ang eksaktong oras ng kaloob ay hindi malinaw na nakasaad, ang eksaktong bilang ng mga kaloob ay hindi inilarawan, at ang eksaktong mekanismo ay hindi isiniwalat. Ang maliwanag ay ang lahat ng mga mananampalataya ay may kaloob para sa ministeryo (cf. taga-Efeso 4:12).

▣ **“sa pagpapatong ng mga kamay”** Tila ito ay isang kasanayan sa pagtatalaga ng NT iglesia (cf. Mga Gawa 6:6; 13:3; 2 Timoteo 1:6), na halaw sa OT (cf. Bilang 8:10; Deuteronomio 34:9).

### **NATATANGING PAKSA: PAGPAPATONG NG KAMAY SA BIBLIYA (LAYING ON OF HANDS IN THE BIBLE)**

Ang pagkilos na ito na isang personal na pagsangkot ay ginamit sa ilang mga paraan sa Bibliya.

1. panunumpa (kamay sa ilalim ng balakang [cf. Genesis 24:2, 9; 47:29])
2. pagpasa ng pamunuan sa pamilya (cf. Genesis 48:14, 17, 18)
3. pakikiisa sa kamatayan ng isang sakripisyal na hayop bilang kahalili
  - a. mga saserdote (cf. Exodo 29:10,15,19; Levitico 16:21; Bilang 8:12)
  - b. mga manggagawa (cf. Levitico 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Cronica 29:23)
4. pagsasantabi sa isang tao upang maglingkod sa Diyos sa isang espesyal na tungkulin o ministeryo (cf. Bilang 8:10; 27:18,23; Deuteronomio 34:9; Gawa 6:6; 13:3; I Timoteo 4:14; 5:22; II Timoteo 1:6)
5. pakikisalamuha sa panghukumang pagbabato sa isang makasalanan (cf. Levitico 24:14)
6. ang kamay sa bibig ay nangangahulugang katahimikan o pagpayag (Mga Hukom 18:19; Job 21:5; 29:9; 40:4; Mikas 7:16)
7. ang kamay sa ulo ay nangangahulugang pighati/dalamhati (2 Samuel 13:19)
8. pagtanggap ng isang pagpapala para sa kalusugan, kasiyahan at kabanalan (cf. Mateo. 19:13,15; Marcos 10:16)
9. may kaugnayan sa pisikal na kagalingan (cf. Mateo 9:18; Marcos 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Lucas 4:40; 13:13; Mga Gawa 9:17; 28:8)
10. pagtanggap sa Banal na Espiritu (cf. Mga Gawa 8:17-19; 9:17; 19:6, tingnan ang Deuteronomio 34:9)
 

Mayroong isang nakakabiglang kawalan ng pagkakapareho sa mga pasashe na naging makasaysayang ginamit upang suportahan ang pansimbahang pagtatalaga ng mga pinuno (i.e., ordinasyon, tingnan ang Natatanging Paksa: Ordinasyon).

1. Sa Gawa 6:6 ang mga Apostoles ang nagpatong ng mga kamay sa pito para sa lokal na ministeryo.
2. Sa Gawa 13:3 ang mga propeta at mga guro ang nagpatong ng kamay kay Bernabe at Pablo para sa misyonaryong tungkulin.
3. Sa I Timoteo 4:14 ang mga lokal ng iglesia na kasangkot sa panimulang pagkakatawag at pagkakatalaga kay Timoteo.
4. Sa II Timoteo 1:6 si Pablo ang nagpatong ng kamay kay Timoteo.

Ang pagkakaiba at kalabuang ito ay nagpapakita ng kakulangan ng pagkakaayos sa unang siglong iglesia. Ang unang iglesia ay mas higit na dinamiko at palagiang na ginamit ang mga espirituwal na kaloob ng mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 14). Ang NT ay simpleng hindi isinulat upang itangkilik o iguhit ang isang panggobyernong modelo o ordinasyonal na mga hakbang. Ang mga tradisyon ng pagbubuo ng iglesia ay kinakailangan ngunit hindi biblikal. Ang kabanalan ng pamunuan ay lubhang mas mahalaga kaysa sa anyong pamumuno (i.e. kaayusan sa pamamahala).

▣ **“na ipinagkaloob sa iyo sa pamamagitan ng makahulang pananalita”** Nangangahulugan ba ito na ang espirituwal na kaloob ni Timoteo ay ibinigay sa kanya

1. sa oras na siya ay itinalaga para sa paglilingkod (cf. 1 Timoteo 1:14)
2. sa pamamagitan ng propesiya at pagpapatong ng mga kamay (cf. 2 Timoteo 1:6)
3. na kinilala ng mga propeta ang kanyang likas na kaloob at itinalaga siya ng mga matatanda para sa paglilingkod (cf. 1 Timoteo 1:18)

Sa tingin ko ang # 3 ay pinakamahusay

**NASB, NKJV** “sa pamamagitan ng presbytero”  
**NRSV** “ng lupon ng mga matatanda”  
**TEV** “ang mga matatanda”  
**NJB, NIV** “ang kalipunan ng mga matatanda”

Dapat kong aminin na nagdala ako ng ilang pagkabigo sa talatang ito. Mayroon akong isang teolohiko na pagkiling laban sa “kapastoral/ karaniwang tao” na paghihiwalay sa dalawang bahagi na nabubuo sa Kristiyanismo. Naniniwala ako na ang lahat ng mananampalataya ay tinawag at likas na matalino para sa kapanahunan at ministeryo (cf. 1 taga-Corinto 12; taga-Efeso 4:11-12). Ang mga naniniwala ay mga banal at lingkod!

Ang konsepto ng Repormasyon ng “pagkasaserdote ng mananampalataya,” na unang ipinahiwatig ni Martin Luther, nakaligtaan ang puntong biblikal—lahat ng mananampalataya ay gumana bilang mga saserdote (cf. Exodo 19:5-6; Bilang 16:3). Sa Biblikal ito ay dapat na “ang pagkasaserdote ng mga mananampalataya”!

Ngayon sa pagsasabi nito ay napagtanto ko din na ang Diyos ay tumatawag sa mga mananampalataya upang manguna sa mga mananampalataya. Walang tanong na ang ilan ay tinawag at nilagyan upang magdirekta, gumabay, mag-udyok, magpayo, at ayusin ang mga tao ng Diyos.

Gayunpaman, ang mga pinuno na ito ay hindi mga natatanging mananampalataya, o mga pribadong mananampalataya, kundi mga pinunong tagapaglingkod (cf. Mateo 18:1-4; 20:20-28; 23:11). Ang modernong pagtatalaga ay may posibilidad na bawasan ang ilang mga katotohanan sa bibliya:

1. lahat ng mga mananampalataya ay mga tagapaglingkod
2. lahat ng mga mananampalataya ay pinagkalooban para sa ministeryo

Ang ordenasyon ay nabuo mula sa isang hindi opisyal na pagpapatibay ng tunay na kaloob at isang dalanging pangako sa isang tiyak at gawaing ministeryo, sa detalyado at mapagmataas na elitista! Ang konsepto na ito ay dapat baguhin; ang tularang ito ay dapat suriin muli; ang hindi biblikal na pagbabago ay dapat tutulan. Ang modernong Kristiyanismo ay batay sa napakaraming tradisyon at elitismo tulad ng isang maliit na batayan sa bibliya. Kaya nasaan ang awtoridad, sa malinaw na mga talata ng NT o sa mga tradisyon ng denominasyon?

#### 4:15

**NASB** “magsakit sa mga bagay na ito”  
**NKJV** “magnilay sa mga bagay na ito”  
**NRSV** “isinasagawa ang mga bagay na ito”  
**TEV** “isagawa ang mga bagay na ito”  
**NJB** “Hayaan itong maging iyong pangangalaga”

Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Sa *Septuagint* ang salitang ito ay ginamit sa pagninilay (cf. Isaias 33:18; Mga Gawa 4:25). Sa NT ay tila mayroong isang aktibong pakiramdam ng masidhing pagsasanay.

**NASB** “masisipsip sa kanila”  
**NKJV** “ibigay ang iyong buong sarili sa kanila”  
**NRSV, TEV** “italaga ang iyong sarili sa kanila”  
**NJB** “iyong trabaho”

Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG PAUTOS. Nangangahulugan ito na “ilagay ang iyong sarili sa mga turong ito.” Unahin nila ang iyong buhay at ministeryo. Ang katotohanan ng Diyos ay kailangang malinaw at maliwanag na maihulma sa ating buhay sa paraang malinaw na makita ng iba si Kristo sa atin!

▣ **“upang ang iyong pag-unlad ay maliwanag sa lahat”** Alalahanin na si Timoteo ay mabuhay sa harap ng mga mananampalataya at hindi mananampalataya upang wala silang maging pagpuna sa ebanghelyo o sa kanyang ministeryo (cf. 1 Timoteo 3:2,7,10; 5:7,8,14; 6:14). Ang eksaktong kabaligtaran ng pag-unlad na ito sa kabanalan ay makikita sa mga maling guro (cf. 2 Timoteo 2:16 at 3:9).

**4:16 “Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo”** Narito ang isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Kailangang maglaan ng oras si Timoteo para sa kanyang sariling espirituwal na paglago at pag-kalinga. Ito ay isang mabuting salita para sa mga pastor sa ating panahon (cf. 1 Timoteo 4:6c; 7b; 12b).

▣ **“Manatili ka sa mga bagay na ito”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Si Timoteo ay dapat maging halimbawa ng pagtitiyaga dahil ang mga bulaang mangangaral at kanilang mga tagasunod ay malinaw na hindi nagtitiyaga. Ang kaligtasan ay nauugnay hindi lamang sa isang paunang pagtatapat ng pagsisisi, pananampalataya at kabanalan, kundi pati na rin sa pagpapatuloy sa mga bagay na ito! Ang pagtitiyaga ay katibayan ng totoong kaligtasan. Sa totoong biblikal na Kristiyanismo kung paano magsisimula ang isa, ang paraan ng isang buhay, at ang paraan ng pagtatapos ng lahat ay napakahalaga.

### **NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS (THE NEED TO PERSEVERE)**

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan (tingnan ang Natatanging Paksa: Silangang Panitikan [mga biblikal na kabalintunaan]). Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

- A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
- B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
- C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang isyu ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesia. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

- A. mga talata sa katiyakan
  1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
  2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 8:35-39; taga-Efeso 1:13; 2:5,8-9; taga-Filipos 1:6; 2:13; II T taga-Thesalonica. 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
  3. mga pahayag ni Pedro (I Pedro 1:4-5)
- B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
  1. mga pahayag ni Hesus (Mateo. 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
  2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 11:22; 1 taga-Corinto 15:2; 2 taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; taga-Filipos 2:12; 3:18-20; taga-Colosas 1:23; 2 Timoteo 3:2)
  3. mga pahayag ng may-akda ng Mga Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
  4. mga pahayag ni Juan (1 Juan 2:6; 2 Juan 9)
  5. pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligat maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *adyenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan at mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. I. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa

katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohiko sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

▣ **“sapagkat sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo”** Ito ay maaaring maiugnay sa talatang 10 o sa ang mga bulaang guro (cf. 1 Timoteo 2:15). Palaging nababahala si Pablo na nakabantay siya ang kanyang sarili na baka hindi siya maging kwalipikado (cf. 1 taga-Corinto 9:27).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaligtasan (Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa) sa 2 Timoteo 1:9

## **MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kristiyano ba ang mga bulaang mangangaral? Sila ba ay naging Kristiyano?
2. Bakit ang pag-iwas at asetisismo ay mapanganib sa iglesiya?
3. Ano ang ibig sabihin ng talata 10? Maliligtas ba ang lahat sa huli?
4. Paano napagtagumpayan ni Timoteo ang kanyang kabataan?



# 1 TIMOTEO 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Mga Tungkulin sa Kapwa	Pakikitungo sa Mga Miyembro ng Iglesiya	Ang Pastor at ang Kawan	Mga Tungkulin sa mga Mananampalataya	Gawaing Pampastor
5:1-2	5:1-2	5:1-2	5:1-2	5:1-2
	Igalang ang mga Tunay na Balo			
5:3-16	5:3-16	5:3-8	5:3-8	5:3-8
		5:9-16	5:9-10	5:9-16
			5:11-16	
	Igalang ang mga Matatanda			Ang mga Matatanda
5:17-23	5:17-25	5:17-22	5:17-22	5:17-22
		5:23	5:23	5:23
5:24-6:2a		5:24-6:2a	5:24-25	5:24-25

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

- A. Sa mas malawak na kasaysayang ng aklat, ang mga salitang tagubilin ng pastor marahil ay nakulayan din ng mga ginawa ng mga bulaang taga-pagturo.
  1. mga suliranin sa mga balo (1 Timoteo 5:3-16)
  2. mga suliranin sa mga matanda (1 Timoteo 5:17-25)
  3. mga suliranin sa mga alipin (1 Timoteo 6:1-2a)
  4. mga suliranin sa mga bulaang guro (1 Timoteo 6:2b-10)
    - a. doktrina
    - b. kayamanan
- B. May tatlong terminong ginamit sa bahaging ito sa dalawang magkaibang pandamdang
  1. “matanda”
    - a. matandang lalaki (1 Timoteo 5:1)
    - b. pinuno ng bahay iglesiya (1 Timoteo 5:17)
  2. “balo”
    - a. babaeng nabalo na tinutulungan ng iglesya (1 Timoteo 5:3-8)

- b. babaeng naglilingkod na nasa natatanging kategorya at inuupahan ng iglesiya (1 Timoteo 5:9-16)
- 3. “parangal”
  - a. paggalang (1 Timoteo 5:3, 17)
  - b. sweldo (1 Timoteo 5:3, 17)
  - c. o pareho

- C. Sa ilang paraan ang kabanatang 5 ay may kaugnayan sa kabanatang 3. Ang “mga matanda” ng 1 Timoteo 5:17 ay tumutukoy sa “tagapangasiwa” ng 1 Timoteo 3:1 at ang “talaan” ng mga babaing balo ng 1 Timoteo 5:9 tumutukoy naman sa “mga babae” ng 1 Timoteo 3:11.
- Aking napagtanto na ang kaibahan ng mga babaing tinutulungan ng iglesiya (1 Timoteo 5:3-8) at ang mga babaing naglilingkod sa iglesiya ay may malawak, ngunit ito ang dahilan sa aking pananaw.
1. Mahigpit ang mga katangian para sa isang balo (cf. 1 Timoteo 5:5,9-10). Ito ba ay nangangahulugan na ang iglesiya ay tumulong sa ilang mga natatanging balo lamang?
  2. Ang “talaan” sa 1 Timoteo 5:9 ay tila isang natatanging listahan ng mga balo.
  3. Ang “lista” (cf. 1 Timoteo 5:9) o ang panata (sa literal “ang unang pananampalataya”) sa 1 Timoteo 5:12 ay nagpapahiwatig na ito ay higit pa sa isang pangako na hindi na muling mag-aasawa. Bakit magiging suliranin ang muling pagaasawa? Ito ang mag-aalis ng tulong sa balo ng iglesiya, subalit paano kung ito ay isang kontratang trabaho sa iglesiya? Sa ganitong paraan tinulungan ng iglesiya ang taong nangangailangan (i.e., sweldo), at nakuha pa ang kanilang mga serbisyo (i.e., pagtulong sa ibang mga kababaihan).
  4. Ang pagtalakay sa “mga matanda,” ay nagsimula sa 1 Timoteo 5:17, nakapaloob sa bayad na tulong ng iglesiya.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:1-2

<sup>1</sup>Huwag mong pagwikaan ang matanda, kundi pangaralan mo siyang tulad sa ama; ang mga kabataang lalake na tulad sa mga kapatid: <sup>2</sup>Ang mga babaing matatanda na tulad sa mga ina; at ang mga kabataang babae na tulad sa mga kapatid na babae sa buong kalinisan.

**5:1 “Huwag mong pagwikaan”** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANAKALI na may NEGATIBONG KATAGA, na karaniwang nangangahulugang hindi magsimula ng isang kilos. Ito ay isang matatag na Griyegong terminong (dito lang ginamit) na may literal na kahulugang “hampasin ng mga suntok” (cf. 1 Timoteo 3:13). Ang Kristiyano ay dapat kumilos nang naiiba, dapat sila’y palaging kumilos sa pag-ibig na may pananaw patungo sa pagkakasundo. Ang payo na ito ay sumasalamain sa OT na nagpapaalalang igalang ang mga nakatatanda sa Levitico 19:32.

▣ **“ang matanda”** Ito ay literal na terminong “matanda” (*presbuteros*). May dalawang kaunawaan dito sa termino na ginamit sa konteksto ito:

1. para isang mas matandang lalake (1 Timoteo 5:1)
2. para sa posisyon ng isang pinuno sa lokal ng iglesyang nasa tahanan (1 Timoteo 5:17 cf. 1 Pedro 5:1,5)

### NATATANGING PAKSA: ANG MATANDA (ELDER)

#### I. Paggamit sa OT

- A. Ginamit ng mga anghel ng Diyos na bumubuo sa lupon ng mga anghel (BDB 278, KB 278, cf. Isaias 24:23). Ang katulad na kataga ay ginamit sa mga maka-anghel na nilalang sa Pahayag (cf. 4:4,10; 5:5,6,8,11,14; 7:11,13; 11:16; 14:3; 19:4).
- B. Ginamit sa mga pinunong panlipi (*zaqen*) sa OT (cf. Exodo 3:16; Bilang. 11:16). Nung lumaon sa NT, ang salitang ito ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga pinuno mula sa Herusalem na binubuo ng mataas na hukuman ng mga Hudyo, ang Sanhedrin (cf. Mateo 21:23; 26:57). Sa panahon ni Hesus, ang lupon ng pitumpung kasapi ay pinamamahalaan ng isang masamang pagkasaserdote.

#### II. Paggamit sa NT

- A. Ginamit sa mga pinunong lokal ng iglesia sa NT. It ay isa sa tatlong magkakasingkahulugang salita (pastor, tagapamahala, at matanda cf. Tito 1:5,7; Gawa 20:17,28). Sina Pedro at Juan ay ginagamit ito upang isama ang kanilang sarili sa pangkat ng mga pinuno (cf. I Pedro 5:1; II Juan 1; III Juan 1).
- B. Mayroong isang laro sa terminong matanda (*presbiteros*) sa 1 Pedro 1:1 at 5. Ang termino ay tila ginamit sa isang titulo ng pamumuno (cf. v. 1) at isang pagtatalaga ng edad (cf. v.5). Ang pagkagamit sa terminong ay nakamamangha sapagkat it ay karaniwang titulo ng tagapamuno sa lipi ng Hudyo, salamantalang “obispo” o “tagapangasiwa” (*episcopos*) ay ang Griyegong titulo para sa tagapamuno ng lungsod. Ginamit termino sa 1 Pedro sa pagtawag sa mga mananampalatayang Hentil.

Tinawag ni Pedro ang kanyang sarili na isang “kapwa-matanda,” ang terminong *presbiteros* idagdag ang PANG-UKOL na *syn* ay nangangahulugan “magkasama sa pakililahok.” Hindi iginiit ni Pedro ang kanyang kapangyarihang pagka-apostol. (cf. 2 Juan 1, tinawag siya ng ibang Apostol na “matanda”), subalit nagbabala (hal. “ipinapayo ko,” isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) ang mga lokal na pinuno na kumilos at mamuhay nang naaangkop sa liwanag ng

1. Halimbawa ni Kristo
2. Kanyang nalalapit na pabalik

Ang mga unang iglesia ay hindi nagbayad ng mga tagapamuno, sapagkat kinilala nila na Diyos ang nagkaloob ng mamumuno sa ministeryo ng bawat local na iglesia. Ang pagkilala sa likas kaloob na ito ay naka-balanse sa paggalang sa kultura para sa “karunungan ng matanda”, lalo na sa kumunidad ng mga mananampalatayang Hudyo. Kung kaya, tinukoy ni Pedro ang parehong pamunuan.

Pansinin din na ang “mga matatanda” ay PANGMARAMIHAN. Maaaring ito ay tumutukoy sa (1) isang bilang ng tagapamuno sa bahay iglesia (cf. Mga Gawa 20:17) o (2) ang iba't ibang mga espirituwal na kaloob sa isang pangkat ng mga pinuno (cf. taga-Efeso 4:11), na malinaw at nagsasabi na ang ministeryo ay kabilang sa lahat ng mga mananampalataya. Nakayon ito sa konsepto ng “isang kaharian ng mga saserdote” (cf. 1 Pedro 2:5,9).

- C. Ginamit ang matatandang lalaki sa iglesia, hindi kailangang sa pamumuno (cf. I Timoteo 5:1; Tito 2:2).

## **NATATANGING PAKSA: PAGTANDA NG TAO (HUMAN AGING)**

### **I. Panimula**

- A. Isang sipi mula sa isang pahayagan ng Christian Life Commission sa “Isang Hinaharap para sa Pamilya.” 1973, p. 16 ni L. D. Johnson, may pamagat “Hebrew-Christian Geriatrics”:  
Ang ating saloobin sa pagtanda, na sumasalamin sa ating pag-uugali kumpara sa ating pagsasabi ng saloobin, ay nagmumungkahing nirerekumenda ang Bibliya na mas marunong kaysa sundin ito. Marahil walang lipunan sa mga sibilisadong tao na nagpapakita ng mas kaunting pagmamalasakit para sa mga may edad kaysa sa atin. Kami ay mananamba ng kabataan. Nasisilbi kami sa mga bata, pinalalayaw, labis na proteksyon, pinagsasawa, pinananaghilian sila, ginagawang mangmang ang aming sarili para lang maging kagaya nila. Pinakamataas na halaga ay kabataan, ang aming pinakamababang edad.  
Gayunpaman ang kamangmangan sa baliktan na katotohanang ito ay napakalinaw. Isa sa aming anim sa kanluran ay mahigit ng animnapu at ang proporsyon ay patuloy sa pagtaas.”
- B. Ang kultura ay labis na naiba kung paano nila pakitunughan ang matanda:
  1. Ipinakita ng kulturang sinlanganin kung paano nila igalang at kalingain ang mga matatanda.
  2. Sa kulturang Amerikanong Indiyano, pinabayaang nila ang matanda para mamatay
- C. May ilang pamantayan sa bibliya para matulungan tayo sa larangang ito:

### **II. Biblikal na Sangkap**

#### **A. Lumang Tipan**

1. Ang edad ay isang banal na pagpapala para sa isang lakad sa tipan. Mga Kawikaan 16:31
  - a. Genesis 15:15
  - b. Exodo 20:12; Deuteronomio. 6:2; 22:6-7; 25:15
  - c. Job 5:17-26 (lalo na ang v. 26)

- d. Mga Awit 91:14-16
- e. Mga Awit 92:1-15 (lalo na ang vv. 14-15)
- 2. Maging ang pagpapalang edad ay may kakaibang mga suliranin
  - a. Pagsasalarawan ng pagtanda ay matatagpuan sa Ecclesiastes 12:1-5
  - b. Si Isaac may malabong paningin, Genesis 27:1
  - c. Si Jacob may malabong paningin, Genesis 48:10
  - d. Si Eli may malabong paningin, 1 Samuel 3:2
  - e. Si Barzillai may mahinang pandinig at panlasa, 2 Samuel 19:31-35
  - f. Si David may mahinang sirkulasyon, 1 Mga Hari 1:1-4
  - g. Si Abias may malabong paningin, 1 Mga Hari 14:1
- 3. Hindi tayo iiwan ng Diyos maging sa ating pagtanda.
  - a. Mga Awit 37:23-26
  - b. Mga Awit 71:9,18
  - c. Mga Awit 73:24
- 4. Ang edad, dahil ito ay tanda ng pagpapala ng Diyos, ay dapat igalang.
  - a. Levitico 19:32
  - b. Ruth 4:15
  - c. Mga Kawikaan 23:22
  - d. Ang kawalan ng paggalang ay hahatulan.
    - (1) Deuteronomio 28:50
    - (2) 1 Samuel 2:31-32
    - (3) Isaias 3:5
    - (4) Panaghoy 4:16; 5:12
  - e. Karunungan ni Solomon, 2:10
  - f. Karunungan ni Ben Sirach (Ecclesiastico) 8:6
- 5. Ang pinagpalang edad ay nagdudulot ng karunungan at pag-unawa
  - a. 1 Mga Hari 12:8
  - b. Job 12:12,20
  - c. Job 15:10
  - d. (Ecclesiastico 25:6)
  - e. There are exceptions
    - (1) Job 32:6ff
    - (2) Ecclesiastes 4:13
- 6. Ano ang itinuturing na matanda?
  - a. Levitico 27:1-8, 60 taong gulang
  - b. Mga Awit 90:10, normal - 70, mabuti - 80
  - c. Isaias 65:20, 100 taon
  - d. Ecclesiastico 18:9 - 100 taon
- B. Bagong Tipan - 1 Timoteo
  - 1. ang tungkulin ng mga bala, 5:3ff (i.e., mga balong mahigit 60 ay inuupahan ng iglesia)
  - 2. saloobin sa matatandang tao, 3:1-2
  - 3. mga mananampalataya ay reponsable sa kanilang sariling pamilya, 3:8
- III. Ilang Mungkahing Praktikal
  - A. Turuan ninyo ang inyong mga anak na gumalang sa mga taong nakatatanda (kakailanganin mo yan isang araw!).
  - B. Gawing proyekto ng pamilya ang makipag-ugnay sa mga may edad na miyembro ng iyong pamilya. Kung maaari, sa personal, kung hindi man, tumawag o sumulat sa mga matatandang kamag-anak, lalo na sa mga kapaskuhan.
  - C. Pumunta sa matandang kapit-bahay o sa nangangalaga ng mga matatanda. Hikayatin ang iyong iglesia na mag-ampon ng isang bahay at regular itong bisitahin.
  - D. Magbigay ng oras para sa mga batang anak na makasama sa mga lolo at lola, kadugo man o “ampon.”
  - E. Hikayatin ang iglesia na magkaroon ng ministeryo para sa mga nakatatanda. Magtalaga ng isang miyembro na mapikikipag-ugnayan.
  - F. Simulan na ngayon ang personal na pagpapalano at paghahanda para sa pagreretiro.

▣ **“kundi pangaralan mo siyang tulad sa ama”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Binigyang diin ni Pablo kay Timoteo na pakitunguhan ang mga miyembro sa iglesiyang tahanan bilang mga malapit na kamag-anak (cf. Marcos 3:31-35). Ang karangalan at paggalang na nararapat sa “mga ama at sa mga ina” ay sumasalamain sa Sampung Utos (cf. 1 Timoteo 5:4).

**5:2 “ang mga kabataang babae na tulad sa mga kapatid na babae sa buong kalinisan”** Dahil sa (1) Edad ni Timoteo sa (2) ang pagsasamantalang sekswal ng mga bulaang guro (cf. 2 Timoteo 3:6), maingat si Pablo sa pagpapahiwatig ng kadalisayan kaugnay sa mga kabataang babae.

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:3-8**

**<sup>3</sup>Papurihan mo ang mga babaing balo na tunay na balo. <sup>4</sup>Nguni't kung ang sinomang babaing balo ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa anilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagkat ito ay nakalulugod sa paningin ng Diyos. <sup>5</sup>Kayat ang tunay na babaing balo at walang nagaampon, ay may pagasa sa Diyos, at nananatili sa mga pagdaing at mga panalangin gabi't araw. <sup>6</sup>Datapuwat ang nangagpapakabuyo sa mga kalayawan, bagamat buhay ay patay. <sup>7</sup>Ang mga bagay na ito ay iutos mo rin naman, upang sila'y mawalan ng kapintasan. <sup>8</sup>Datapuwat kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya.**

**5:3 “Papurihan mo ang mga babaing balo”** Ang terminong “papuri” sa 1 Timoteo 5:3 at 17 maaring nagpapahiwatig tungkol sa isang sweldo o sahod na ibinigay ng iglesiya

1. sa mga nangangailangang balo (cf. 1 Timoteo 5:3-8)
2. natatanging mga babaeng katulong (cf. 1 Timoteo 5:9-16)
3. sa mga matanda (cf. 1 Timoteo 5:17-22)

Tila ang iglesya ay sumusunod sa OT at sinagoga (cf. Deuteronomio 24:17-22; Exodo 22:22-24; Isaias 1:17; Mga Gawa 6:1ff; 9:39,41), sa pagkalinga ng mga balo. Ang nilalayun ni Pablo ay talagang nangangailang ng tulong ng iglesiya o yung wala ng sariling pamilyang tutulong sa kanya (cf. 1 Timoteo 5:4,16). Sinasamantala ng mga bulaang guro ang mga balo (cf. 1 Timoteo 5:6,15). Pinayuhan ni Pablo ang iglesiya na tulungan ang mga totoong balo.

**5:4 “kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (gaya sa 1 Timoteo 5:8). May mga balo na pinababayaan ng kanilang sariling pamilya (cf. 1 Timoteo 5:8,16).

▣ **“ito ay nakalulugod sa paningin ng Diyos”** Marahil ito ay tumutukoy sa Sampung Utos na parangalan ang ama at ina (cf. Exodo 20:12), sa kasong ito, isang nabalang ina. Sa OT pinagtanggol ng Diyos ang mahina, tinanggihan ng lipunan, at walang kapangyarihan. Ang panawagang ipagtanggol “ang balo, mga ulila, at mga dayuhan” ay naging katangian bilang Deuteronomyong parirala (inulit sa Jeremias)

Ang mga mananampalataya ay marapat na ipakita ang kanilang pag-ibig at paggalang kay YHWH sa pamamagitan ng paggalang sa Kanyang salita at kalooban at panatilihin ang matatag na ugnayan at mga pananagutan.

**5:5 “Kayat ang tunay na babaing balo at walang nagaampon”** Ito ay katulad na madalang na gramatikang balangkas sa 4:3 (i.e., isang pang-uri at isang pandiwari, cf. Tito 1:15). May nagtataka kung ito ay isang pampanitikang pananda na ginamit ng isang tagasipi ni Pablo sa kanyang mga liham bilang Pastor. Nagbigay si Pablo ng mga tiyak na panuntunan sa kanyang panahon sa mga nararapat tumanggap ng tulong mula sa iglesiya. (ngunit hindi sa “talaan” ng 1 Timoteo 5:9):

1. GANAP NA PANAUNAN – nagpapatuloy sa pamumuhay mag-isa
2. GANAP NA PANAUNAN – nagpapatuloy bilang isang babaeng banal
3. GANAP NA PANAUNAN – nagpapatuloy sa paglayo sa mga makamundong layaw sa pamamagitan ng walang patid na panalangin.

Sina Anna (Lucas 2:37) at Dorcas (Mga Gawa 9:36) (baga man hindi sila tuwirang binaggit na isang balo), akma sa mga kwalipikasyong ito.

5:6

**NASB** “Datapuwat ang nangagpapakabuyo sa mga kalayawan”  
**NKJV** “Datapuwat sya na namumuhay sa kalayawan”  
**NRSV** “sya na namumuhay para sa kalayawan”  
**TEV** “na nagbibigay sa kanyang sarili sa kalayawan”  
**NJB** “na nag-iisip lamang ng kalayawan”

Dahil sa pang-kulturang katayuan ito maaaring maghatid sa

1. ang balo ay mabaling sa protitusyon para magkaroon ng ikabubuhay
2. pagsasamantalang sekswal ng mga bulaang guro (cf. 2 Timoteo 3:5-7)

Ito’y tila isang mahigpit na babala (cf. 1 Timoteo 5:15).

Ang kaparehong salita ay ginamit sa Santiago 5:5.

▣ **“bagamat buhay ay patay”** Tumutukoy ito sa isang kalagayan ng espirituwal na kamatayan (GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG). Sa talatang ito, ang balo ay naglalarawan sa bahay iglesiya sa Efeso! Ang bulaang guro ang nagdulot hindi lamang sa kanilang sariling “kamatayan” kundi sila rin ang espirituwal na responsable sa “kamatayan” ng iba.

5:7

**NASB** “Ang mga bagay na ito ay iutos mo rin naman”  
**NKJV** “mga bagay na ito ay utos”  
**NRSV** “ibigay itong ang mga utos”  
**TEV** “ibigay sa kanila ang mga tagubiling ito”  
**NJB** “ituro sa kanila ito”

Ang terminong ito ay tumutukoy sa “mahigpit na utos pangkawal” (cf. 1 Timoteo 1:3,18; 4:11). Hindi ito mga mungkahi! Hindi ito mga bagay na pagpiling personal.

▣ **“upang sila’y mawalan ng kapintasan”** Ang “sila” ay tumutukoy sa mga buhay na kamag-anak ng balo. Ito ang angkop na tawag sa lahat ng mga mananampalataya. Kung ang sinuman ay hindi kumakalinga sa kanyang kamag-anak, lalung-lao na sa kanyang sariling sambahayan, tinanggihan niya ang pananampalataya at siya’y masahol pa sa hindi mananampalataya. (1 Timoteo 5:7,8). Sinasalamon nito ang mga turo ni Hesus sa Marcos 7:9-13. Tila ito ay maiiugnay sa patuloy na pagbibigay diin at kung paano harapin ang kritisismo, maging sa mananampalataya man o hindi. (cf. 1 Timoteo 3:2,7,10; 5:7; 6:14). Ang mga Kristiyano ay dapat palaging mamuhay upang maakit ang iba na manampalataya kay Kristo. Ang positibong bahagi nito ay makikita sa talatang 4, samantalang ito naman ang negatibo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng mga Tagapaglingkod na Babae sa 1 Timoteo 3:12.

**5:8 “kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ang ibig sabihin ay ilan sa mga mananampalataya ay nagpabaya sa kanila pamilya (cf. 1 Timoteo 5:4,16)

▣ **“tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya”** Ako’y naniniwala ito ay may kaugnayan sa patotoo ng isang tao sa pamayanan. (cf. 1 Timoteo 5:7; 3:4-5), hindi sa kanyang kaligtasan. Maging ang mga hindi mananampalataya ay kailangan tulungan ang kanilang sariling pamilya. Gayunman, mayroon pang ibang teksto na ginamit sa parehong terminong “tanggihan” na pagpapahiwatig ng tuwiran pagtanggig ng Diyos. (cf. 2 Timoteo 2:12; Tito 1:16; 2 Pedro 2:1; Hudas 4). Sa konteksto, ito ay maaaring kahit papaano’y may kaugnayan ito sa gawi o mga turo ng bulaang mangangaral “na nahulog mula sa pananampalataya” (cf. 1 Timoteo 1:19-20; 4:1-2; 6:9-10,20-21) o ang kanilang mga tagasunod (cf. 1 Timoteo 5:6,15). Tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasiya (*Aphistēmi*) at 1 Timoteo 4:1.

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:9-16**

<sup>9</sup>Huwag itala na gaya ng babaing balo samantalang walang anim na pung taon, na naging asawa ng isang lalake, <sup>10</sup>Na may mabuting patotoo tungkol sa mabubuting gawa; kung siya’y nagalaga sa mga anak, kung siya’y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan, kung siya’y naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya’y umabuloy sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan ang bawa’t mabuting gawa. <sup>11</sup>Nguni’t tanggihan mo ang mga batang babaing balo: sapagkat pagkakaroon nila ng masamang pita na hiwalay kay Kristo, ay nagsisipagnasang magasawa; <sup>12</sup>Na nagkakaroon ng kahatulan, sapagkat

itinakuwil nila ang unang pananampalataya. <sup>13</sup>At bukod dito ay nangagaaral din naman na maging mga tamad, na nagpapalipatlipat sa bahay-bahay; at hindi lamang mga tamad, kundi matatabil din naman at mga mapakialam, na nagsisipagsalita ng mga bagay na di nararapat. <sup>14</sup>Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing balo, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan, huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak: <sup>15</sup>Sapagkat ang mga iba'y nagsibaling na sa hulihan ni Satanas. <sup>16</sup>Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaamong mga babaing balo, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na balo.

**5:9 “Huwag itala na gaya ng babaing balo samantalang walang anim na pung taon”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS na may NEGATIBONG KATAGA, na karaniwang nagpapahiwatig na tumitigil sa isang pagkilos o proseso. Narito ang isa pang katangian para sa mga balong kabahagi ng pangkat na nagmiministryo. Ang terminong “ang talaan” ay ang Griyegong terminong para “isang legal na rehistro.” Ang papel ng mga balo ay kasingkahulugan na may konseptong “diakonesa” (cf. 1 Timoteo 3:11; taga-Roma 16:1). Gayunman, ang “konstitusyong apostoliko,” nasulat sa unang bahagi ng ikalawang siglo, itinala ang tatlong kategoriya ng mga babaeng tagapaglingkod: mga dalaga, mga diakonesa at mga balo.

**NASB** “naging asawa ng isang lalake”  
**NKJV** “maliban kung siya ay naging asawa ng isang lalake”  
**NRSV** “sang beses lang ikinasal”  
**TEV** “Bilang karagdagan dapat siya ay minsan lamang kinasal”  
**NJB** “na nagkaroon lamang ng isang asawa”

Marami nang napag-usapan kung ano ang kahulugan ng pariralang ito. (cf. 1 Timoteo 3:1,12). Ngunit maliwanag na anuman ang ibig sabihin nito, ito ay isang seryosong isyu sa mga bahay iglesiya ng Efeso at Creta. (cf. 1 Timoteo 3:1,12; 5:9; Tito 1:6). Ang matatag at maka-Diyos na pamilya noon (at ngayon) ay malakas na patotoo sa isang napahamak at nalilitong sanlibutan.

Para sa mas kumpletong talakayan tingnan ang 3:2. Sa 1 Timoteo 5:14 ang mga batang balo ay pinayuhang muling magasawa. Tila nagpapahiwatig ito na ang pagaasawa sa pangalawang pagkakataon ay hindi ipinapalagay bilang isang kasalanan. (cf. taga-Roma 7:2-3; 1 taga-Corinto 7). Sa mga pangkat ng Baptista sa Europa ang “asawang lalaki ng isang asawang babae” o “asawang babae ng isang lalaki” ay binibigyang kahulugan bilang isang pagkontra ng bibliya sa pangalawang pagaasawa, lalo na sa mga pastor. Gayunpaman, hindi ganito ang kultura sa gitnang sa silangan. Ang teoryang ito ay sumasalamin sa lumalagong asetisismo ng unang iglesya, ngunit hindi sa NT. Ang kaisipang Griyego (i.e., ang katawan ay masama) ay negatibong nakaapekto sa mga unang iglesiya ng mga Hentil.

**5:10 “may mabuting patotoo tungkol sa mabubuting gawa”** May limang mabubuting bagay na natala. (lahat ay mga UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI) bilang paalala ng 1 Timoteo 5:10. Tingnan ang Natatanging Paksa: Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Katangian ng mga Tagapaglingkod na Babae sa 1 Timoteo 3:12. Ang mga mabubuting gawa ay sumasalamin sa inaasahang tungkulin ng kababaihan sa lokal na kumunidad.

▣ **“kung”** Ito ay isang kalipunan ng limang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa 1 Timoteo 5:10, bawat isa ay nagpapahiwatig ng pamantayan kung paano ang isang balo ay tatanggaping tagapaglingkod na may bayad sa iglesiya.

▣ **“kung siya'y nagalaga sa mga anak”** Hindi ito nangangahulugan na ang mga babaeng hindi nagkaanak ay na isasaalang-alang, subali't kung sya'y may anak, nararapat na sila ay maka-Diyos. Ito ay muling binigyan ng diin. (cf. kabanata 3) sa isang matatag, maka-diyos at tapat na pamilyang pamumuhay.

▣ **“kung siya'y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan”** Hindi ito tumutukoy sa pagpapatuloy ng kahit na sinuman, kundi sa mga dumarating na mga pinunong mananampalataya.

▣ **“kung siya'y naghugas ng mga paa ng mga banal”** Ito ay isang gawain ng tagapaglingkod ng sambahayan upang tangapin ang panauhin. Ginawa din ito ni Hesus sa kanyang mga alagad para turuan sila ng pagpapakumbaba. (cf. Juan 13). Dito, ito ay tila matalinghagang mapagpakumbabang paglilingkod. (at maaring inaasahan ayun sa kultura ng magiliw na pagtanggap).

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL (*hagios*) (SAINTS (*hagios*))

Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash* (PANGNGALAN, BDB 871; PANDIWA, BDB 872, KB 1066-1067; tingnan ang Natatanging Paksa: Banal), na may pangunahing kahulugan ng pagtatakda ng sinuman, anumang bagay, o anumang lugar na inihiwalay para sa tanging paggamit ni YHWH (BDB 871). Ipinapakilala nito ang konseptong Ingles na “ang sagrado (banal)” ni YHWH (cf. 1 Pedro 2:9, na sinipi ang Exodo 19:6). Si YHWH ay hiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang likas (walang hangang di-linikhang Espiritu) at ang Kanyang katangian (kasakdalang moral). Siya ang pamantayan na ang lahat ay masusukat at hahatulan. Siya ang kataas-taasan, Iisang Banal, Ibang Banal.

Linikha ng Diyos ang sangkatauhan para sa pakikipag-sama, ngunit ang pagkahulog (Genesis 3) ay nagdulot ng isang pang-ugnayan at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan. Pinili ng Diyos na ipanumbalik ang Kanyang may malay na linikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging “banal” (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH, ang Kanyang mga tao ay naging banal sa kanilang pang-ugnayang kalalagayan sa Kanya, ngunit sila rin ay tinawag sa mabuhay sa banal na pamumuhay (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal, cf. Mateo 5:48; taga-Efeso 4:1,17; 5:2-3,15; 1 Pedro 1:15).

Ang banal na pamumuhay ay maaari dahil ang mga mananampalataya ay lubos na tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng (1) buhay at (2) gawain ni Hesus at ng presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang mga isipan at mga puso. Ito ay nagtatatag ng may kabalintunaanang kalagayan:

1. Nagiging banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Kristo (i.e., taga-Roma 4)
2. Tinatawag na mabuhay ng may kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal)

Ang mga mananampalataya ay “mga banal” (*hagioi*) dahil sa

1. ang kalooban ng Nag-iisang Banal (ang Ama, cf. Juan 6:29,40; 1 Pedro 1:15-16)
2. ang gawain na Banal na Anak (Hesus, cf. 2 taga-Corinto 5:21; 1 Pedro 1:18-21)
3. ang nananahang presensya ng Banal na Espiritu (cf. taga-Roma 8:9-11,27)

Ang NT ay palaging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban sa isang pagkakataon sa taga-Filipos 4:21, ngunit kahit na ganoon, ang konteksto ay ginawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawa, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa isang personal pagtanggap, ngunit magbubunga sa isang pangkahalatang pakikipag-ugnayan. Ang bawat-isa ay pinagkalooban (cf. I taga-Corinto 12:11) para sa kalusugan, paglago, at kagalingan ng katawan ni Kristo—ang iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang pagiging-banal ay isang pampamilyang katangian!

Ito ay naging isang titulo para sa mga mananampalataya (cf. Mga Gawa 9:13,32,41; 26:10; taga-Roma 1:7; 1 taga-Corinto 1:2; 2 taga-Corinto 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Filipos 1:1; taga-Colosas 1:2) at isang paraan ng laang paglilingkod sa iba (cf. taga-Roma 12:13; 16:2; taga-Efeso 1:15; taga-Colosas 1:4; 1 Timoteo 5:10; Hebreo 6:10). Si Pablo ay kumuhang minsan ng natatanging kaloob mula sa mga iglesiyang Hentil para sa mga mahihirap ng Inang iglesiya na nasa Herusalem. (cf. taga-Roma 15:25-26; 1 taga-Corinto 16:1; 2 taga-Corinto 8:4; 9:1).

▣ “**siya'y umabuloy sa mga napipighati**” Dito minsan pang binanggit ang ministryong pag-aaliw sa mga mananampalataya, subalit maaari ding isama ang mga nangangailangan, nasasaktan, mga kapitbahay na hindi ligtas. Sa bawat panuntunan ay nagpapahayag ng laman ng puso ng matandang balo na tagapaglingkod.

**5:11 “Nguni't tanggihan mo ang mga batang babaing balo: sapagkat pagkakaroon nila ng masamang pita na hiwalay kay Kristo, ay nagsisipagnasang magasawa”** Dapat nating alalahanin ang positibong teolohiya ng kasal na ipinakita sa Bibliya (cf. Genesis 1 at 2). Ang pariralang ito ay tila nauugnay sa isang panata pa sa balo nang sila ay naging mga tagapaglingkod sa bahay iglesiya. (cf. 1 Timoteo 5:12). Hindi ito isang nakakapanghinayang na pahayag tungkol sa isang pagaasawa, subalit nakakapanghinayang na pahayag kung ito ay sa ngalan ni Kristo at hindi tutuparin. (i.e., tulad din ng diborsyo).

**5:12 “Na nagkakaroon ng kahatulan”** Ang King James Version ay merong “kahatulan” (NKJV may “paghatol”). Ito ay mas malala sa pagkakasalin sa Griyegong salitang *krino*. Ang mga panata sa Diyos ay seryosong pangako. (cf. Levitico 27 at Bilang 30), ngunit hindi usaping kaligtasan.



NASB	“sapagkat itinakuwil nila ang unang pananampalataya”
NKJV	“kanilang itinaon ang kanilang unang pananampalataya”
NRSV	“para sa paglabag sa kanilang unang pangako”
TEV	“pagsira sa nauna nilang pangako sa kanya”
NJB	“pagiging hindi tapat sa kanilang orihinal na pangako”

Ang Griyegong terminong *pistis*, na karaniwang isinalin sa “pananampalataya,” “pagtitiwala,” o “maniwala,” sa OT ay kasingkahulugan ng katapatan o pakatiwalaan. Ganito ang pagkagamit dito, sa diwa ng pangunahing pangako na may kaugnayang sa kanilang paglilikod kay Kristo (sa literal, “ang unang pananampalataya”).

**5:13 “na nagpapalipatlipat sa bahay-bahay”** Maaaring tumulong ang mga balo sa araw-araw na pag-aalaga at lingguhang pamamahagi ng pagkain. (tulad ng ginawa ng sinagoga) sa mga miyembro sa lahat ng iba’t ibang bahay iglesiya. Maaaring bumisita sila sa bahay-bahay upang suriin ang mga mananampalataya.

▫ **“matatabil at mga mapakialam”** Ang unang termino ay ginagamit sa 3 Juan 10 bilang maling mga paratang laban sa isang pinuno ng iglesiya. Ang suliranin ay malinaw na tinukoy sa Tito 1:11. Ang suliranin ay ang katabilan kundi maling paniniwala!

Ang ikalawang terminong ay ginamit sa mahika o panggagaway sa Mga Gawa 19:19. Gayunman, sa konteksto na ito, nalalapat ito sa mga kababaihan na gumagawa ng kanilang negosyo sa mga negosyo ng ibang tao (NJB “pakialamero”).

▫ **“nagsisipagsalita ng mga bagay na di nararapat”** Sa kontekstong liham Pastoral dinaraya ng mga bulaang mangangaral ang mga batang kababaihan (cf. 2 Timoteo 3:5-7), maaaring nagkakat sila ng mga maling aral mula mga bahay iglesiya o mula sa kristiyanong maybahay patungo sa panibagong kristiyanong maybahay (cf. Tito 1:11). Kung kaya hindi pinahitlot sa kanila ni Pablo ang magsalita sa mga bahay iglesiya (cf. 1 Timoteo 2:9-15) at hindi rin sila pinahitlutang maging mga katulong ng iglesiya.

**5:14 “Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing balo”** Ang pag-aasawa (para sa pangalawang kasal) ay hindi masama o hindi gaanong espirituwal (cf. 1 taga-Corinto 7: 8,39-40). Ang pagiging maybahay ay isang banal na tungkulin (cf. 1 Timoteo 2:15).

▫ **“huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak”** Ang “kaaway” ay isahan; maaari itong tumutukoy:

1. kay Satanas (cf. 1 Timoteo 5:15)
2. mga kapit-bahay na paganong kontra-Kristiyano (talababa ng NJB, *Jerome Biblical Commentary*, p. 356)
3. isang bulaanag mangangaral (cf. 2 Timoteo 3: 6-7)

Ang mga balo na ito na naging aktibo sa pakikipagtalik ay nagbukas ng isang pinto para sa pag-atake ni satanas at puna mula sa buong pamayanan (mananampalataya man o hindi).

Ang terminong “pagkakataon” ay isang terminong panghukbo sa isang “tabing dagat” o “himpilan ng operasyon” (cf. taga-Roma 7:8,11). Ang pisikal na katawan ay hindi masama, ngunit ito ang lugar ng digmaan ng tukso. Ang sekswalidad ng tao ay hindi siyang suliranin. Ang sangkatauhang nakakuha ng magagandang bagay lampas sa mga hangganang ibinigay ng Diyos.

**5:15 “Sapagkat ang mga iba'y nagsibaling na sa hulihan ni Satanas”** Marahil ay inuugnay ni Pablo kay Timoteo ang isang tiyak na pangyayari tulad ng balo na binanggit sa talatang 6 o 13. Pinupuntirya ng mga bulaang mangangaral ang mga batang balo para gawing kahaliling tagapagsalita (tulad ng pagkakaroon nila ng ilang lalaking pinuno, cf. 1 Timoteo 1:20). Sa likuran ng mga bulaang mangangaral ay ang gawaing masama. Tingnan ang Natatanging Paksa: Satanas sa 1 Timoteo 3:6.

**5:16 “kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Nais ni Pablo na gawin ng mga pamilyang Kristiyano ang kanilang tungkulin (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS). Nais din niyang magbigay ng para sa mga walang pamilya (cf. 1 Timoteo 5:4,8).

NASB **“Kung ang sinomang babaing nanampalataya”**

NKJV	“Kung sinumang lalaki o babaing nananampalataya”
NRSV	“Kung sinumang nananampalatang babae”
REV, REB	“Ngunit kung sinumang babaeng Kristiyano”
NJB	“Kung isang babaing mananampalataya”

Malinaw na mayroon pagkakaiba-iba sa teksto.

1. *pistē* – babaing nananampalata, MSS  $\kappa$ , A, C, F, G, P
2. *pistos* – lalaking nananampalataya, ang ilang Lumang Latin at Vulgata MSS at ang tekstong Griyego na ginamit ni Agustino.
3. *pistos ē pistē* – nananampalatang lalaki at babae, MS D at maraming minuskula
4. *pistas* – mga babaing nananampalataya, ilang Matandang Latin at Vulgata MSS

Ang UBS<sup>4</sup> nagbibigay ng pagpipilian #1 ng isang “B” na antas (halos tiyak).

▣ “iglesiya” Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 3:15 at Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:5

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:17-22

<sup>17</sup>Ang mga matanda na nagsisipamahalang mabuti ay ariing may karapatan sa ibayong kapurihan, lalong lalo na ang mga nangagpapagal sa salita at sa pagtuturo. <sup>18</sup>Sapagkat sinasabi ng kasulatan, Huwag mong lalagyan ng busal ang baka pagka gumigiik. At, ang nagpapagal ay karapatdapat sa kaupahan sa kaniya. <sup>19</sup>Laban sa matanda ay huwag kang tatanggap ng sumbong, maliban sa dalawa o tatlong saksi. <sup>20</sup>Sila na mga nagkakasala ay paalalahanan mo sa harapan ng lahat upang ang iba nama'y mangatakot. <sup>21</sup>Pinagbibilinan kita sa paningin ng Diyos, at ni Kristo Hesus, at ng mga anghel na hinirang, na iyong ganapin ang mga bagay na ito na walang pagtatangi na huwag mong gagawin ang anomang pagayo. <sup>22</sup>Huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba: ingatan mong malinis ang iyong sarili.

**5:17 “mga matanda”** Ang terminong “matanda” (*presbuteros*) ay isang pagtatalaga ng pamumuno sa OT, samantalang ang terminong “tagapangasiwa” (*episkopos*, cf. 1 Timoteo 3:1) ay isang Griyegong pagtatalaga ng pamumunong panglungsod. Ang dalawang terminong ginamit ay magkahalintulad sa NT (cf. Mga Gawa 20:17, 28 at 1 Pedro 5:1-2, kung saan ang matanda ay ginagamit ng mga pastor at ganun din sa Tito 1:5,7, kung saan ang matanda at tagapangasiwa ay ginamit ng parehong pinuno).

Ang NT ay hindi maaaring magamit para magtatag ng banal kaayusan ng pamahalaan ng iglesia. Itinatala nito ang tatlong nabuong mga uri.

1. *episcopalian* (Santiago bilang may kapangyarihang pinuno)
2. *presbyterian* (sinuri ng isang pangkat ng mga matatanda)
3. *congregational* (bumoto ang mga kongregasyon)

Ang maramihan dito sa Mga Gawa 20:17 at Tito 1:5 maaaring tumuturo patungo sa mga bahay iglesia. Ang unang iglesia ay walang hiwalay na mga gusali hanggang sa ikatlong siglo. Walang isang bahay na sapat ang laki upang mapaunlakan ang lahat ng mga mananampalataya, samakatuwid, ang iba't ibang mga tahanan ng Kristiyano sa paligid ng mas malalaking lungsod ay nagbukas ng kanilang mga pintuan para sa mga regular na pagpupulong ng pamayanang Kristiyano. Ang pamamaraang ito ay nagpoprotekta sa iglesia mula sa pagkaaresto nang sabay-sabay.

Kung ano ang eksaktong pagkakaayos ng pamunuan ng mga bahay iglesia ay hindi malinaw. Habang lumalago ang iglesia, kinakailangan ang kaayusan. Ang anyo ng samahan ay hindi mahalaga kaysa sa kabanalan ng mga manununo.

▣ “**karapatan sa ibayong kapurihan**” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS. Maaaring ito ay may kaugnayan sa suweldo. (cf. taga-Galacia 6:6) o pagpapahalaga (cf. 1 taga-Thesalonica. 5:12-13). Ang sumusunod na konteksto ng 1 Timoteo 5:18 nagmumungkahi ng suweldo.

▣ “**lalong lalo na ang mga nangagpapagal sa salita at sa pagtuturo.**” Ang mga matatanda ay palaging binabanggit sa maramihan sa NT, na tila nagpapahiwatig ng maraming mga lokal na bahay iglesia sa mga malalaking lungsod tulad ng Efeso, (cf. Mga Gawa 20:17ff). Ang mga pastor ay maaaring magturo gayundin ang mga mangangaral (cf. 1 Timoteo 3:2; 2 Timoteo 2:24; taga-Efeso 4:11).

Ang ilang mga pinuno ay may isang espirituwal na kaloob at ibang kaloob sa iba pa. Dapat ituong ng mga

pinuno ang kanilang kalikasan at pahintulutan ang ibang matalinong kristiyano na alalayan ang mga mahihina. Ang ilan sa mga mananampalataya ay kahanga-hangang likas na matalino para sa pamumuno, kadalasan sa maraming paraan. Sa mga gumaganap sa malawak na gawain ay kailangang gantimpalaan sa kanilang pagpupursige at maprotektahan ng iglesia sa mga pagkakataong hindi sila epektibo. Tayo bilang katawan ni Kristo ay nagagalak sa kagandahang-loob ng ating mga miyembro, ngunit kailangan din nating tandaan na kailangang-kailangan natin ng isa't isa (cf. 1 taga-Corinto 12:7)!

**5:18 “Sapagkat sinasabi ng kasulatan”** Ito ay isang sipi mula sa Deuteronomio 25:4. Sinipi din ito sa 1 taga-Corinto 9:6-7,14. Ang pagiging natatangi ng 1 Timoteo 5:18 at ito ay sinipi sa OT ng kaparehong kalagayan ng pagkasipi ng NT at ito na sinaayos sa Lucas 19:7 (“ang manggagawa ay marapat sa kanyang kaupahan”). Ipinapakita nito ang pananaw ni Pablo hindi lamang ng inspirasyon ng OT, kundi ng pagkakatantay-pantay ng lumalabas na NT (tandaan din kung paano ginagawa ni Pedro ang parehong bagay na ito sa mga sulat ni Pablo, cf. 2 Pedro 3:15-16).

Ang pagpapatunay ni Pablo sa konsepto ng maybayad na pamumuno ay talagang kawili-wili.

1. Sa kanyang pagsunod sa pamanang Hudyo, kadalasan hindi siya kumuha ng salapi mula sa kanyang mga tinuruan (bukod dito ang Filipos sa Thesalonica).
2. Ginamit ito ng mga bulaan mangangaral para tuligсахin si Pablo (tulad sa Corinto, cf. 2 taga-Corinto 11:7-9; 12:13).
3. Marahil magkaugnay ang maikling pahayag na ito at ang itinuturo ng mga bulaang mangangaral. Ngunit hindi iyon ang eksaktong sinasabi.

**5:19 “Laban sa matanda ay huwag kang tatanggap ng sumbong, maliban sa dalawa o tatlong saksi”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na may NEGATIBONG KATAGA, na karaniwang nangangahulugang “itigil ang isang pagkilos na nasa proseso.” Sinasalamin nito ang kaguluhan at mga akusasyon na dulot ng mga bulaang mangangaral

Ang mismong konsepto ay mula sa mga sinulat ni Moises (cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6; 19:15).

**5:20 “Sila na mga nagkakasala”** Pansinin ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Tinutukoy sa kontekstong ito ang mga pinuno na nagpapatuloy sa kasalanan (cf. 1 taga-Corinto 3:10-15). Hindi nito ipinapalagay na minsan lang ginawa. Tinutukoy ni Pablo ang wastong pamamaraan para sa pagharap sa mga nagkasalang mga mananampalataya sa taga-Roma 16:17-18; 1 taga-Corinto 5; taga-Galacia 6:1-5; 1 taga-Thesalonica. 5:14; 2 taga-Thesalonica. 3:6-15; 1 Timoteo 1:20; 5:19-20; at Tito 3:10-11.

▣ **“paalalahanan mo sa harapan ng lahat upang ang iba nama'y mangatakot”** Ito ay tila tumutukoy sa pagdidisiplina (i.e., sa harap ng ibang mga matanda at sa harap ng buong iglesia) sa harap ng madla. (cf. taga-Galacia 2:14; James 5:16) kung saan ang ilang matanda ay laban sa iba na

1. lumampas sa kanila kapangyarihan
2. humikayat ng bulaang mangangaral
3. bakikibahagi sa ibang hindi mga naaangkop na gawain

Ang “paalala” ay isang pangkaraniwang termino sa liham Pastoral (cf. 2 Timoteo 4:2; Tito 1:9,13; 2:15).

Ang “lahat” maaaring tumutukoy sa

1. ibang mga bahay iglesia
2. ibang lokal na mga matanda
3. ibang mga mananampalataya

**5:21 “Pinagbibilinan kita sa paningin ng Diyos, at ni Kristo Hesus, at ng mga anghel na hinirang”** Ang matatag na panunumpang ito ay madalas na matatagpuan sa liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 5:21; 6:13; 2 Timoteo 4:1; at sa isang kaugnay na kahulugan sa 2 Timoteo 2:14). Seryoso si Paul tungkol sa kapangyarihan at pinagmulan ng kanyang mga turo.

▣ **“mga anghel na hinirang”** Ito ay medyo nakakamangha na ang “napiling mga anghel” ay binabanggit sa halip na ang Banal na Espiritu. Ito ay ginamit sa kahulugan ng

1. Sila yaong mga nagmiministeryo sa mga pinili ng Diyos at sa mga kasama Niya. (cf. Mga Awit 138:1; 1 taga-Corinto 4:9; Mateo 18:10; Lucas 9:26; at Hebreo 1:14)
2. Yaong mga natatanging anghel na malapit sa trono ng Diyos ay may natatanging nauugnay sa Kanyang

presensya (sa sulating rabaniko, pitong anghel ang nandun)  
Ang pariralang ito tuwirang kasalungat kay Satanas (cf. 1 Timoteo 5:15).

▣ **“na iyong ganapin ang mga bagay na ito na walang pagtatangi na huwag mong gagawin ang anomang pagayo”** Si Timoteo ay walang itinatangi o nagtatanim ng sama ng loob! Ang salitang “mapanatili” ay ang salitang Griyego para sa “bantay.” Habang iniingatan tayo ng Diyos (cf. 2 taga-Thesalonica. 3:2; Hudan 1:24) at ang ating mana (cf. 1 Pedro 1:4-5), Ingatan natin ang Kanyang katotohanan! Marapat din na mag-ingat tayo laban sa mga bulaang aral (cf. 2 Timoteo 4:15; 2 Pedro 3:17; 1 Juan 5:21)

Pansinin ang katumbas ng tipan: Iniingatan/binabantayan tayo ng Diyos; marapat na ingatan/at bantayan din ng mga mananampalataya ang katotohanan! Maaaring ang tagubiling ito kay Timoteo may kay kaunayan sa pagtatangi at pagkiling na ipinapakita ng mga bulaang mangangaral na nagsasabing sila’y mga piling pangkat at may natatanging kaalaman o natatanging kalayaan.

**5:22 “huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay”** Ang talatang ito ay may tatlong pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS. Ito ay binibigyan ng kahulugan sa dalawang paraan: (1) tumutukoy sa ordinasyon (cf. 1 Timoteo 3:10; 4:14) o (2) sumangguni sa pagtanggap at muling paglalagay sa nagsising matanda na sinaway sa harap ng publiko. (cf. 1 Timoteo 5:20). (2) ay aakma sa konteksto ng mga talatang 24 at 25 at ang minagaling na kontekstong kasaysayan ng mga bulaang mangangaral. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatong ng mga Kamay sa 1 Timoteo 4:14.

▣ **“huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba”** Ito ay tumutukoy sa (1) mabilis na pagtatalag (cf. 1 Timoteo 3:6) o (2) mabilisang ibalik ang matanda sa pamumuno. Tadaan na ang kontesto ay mga gawain ng mga bulaan mangangaral na pumapasok sa mga iglesia. Ang ating mga pagkilos ay maaaring bigyang kahulugan ng ilan bilang kumpirmasyon o pagpapatibay ng mga pagkakamali ng iba (cf. 2 Juan 11).

▣ **“huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba”** Ito ay literal ay “panatilihin ang sariling malinis” (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, cf. 1 Timoteo 4:12; 5:2). Ang kasalanan ay

1. isang pag-uugali
2. isang pagkilos
3. isang pakikisama

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:23**

**<sup>23</sup>Huwag kang iinom pa ng tubig lamang, kundi gumamit ka ng kaunting alak dahil sa iyong sikhura at sa iyong madalas na pagkakasakit.**

**5:23 “Huwag kang iinom pa ng tubig lamang”** Ito ay tila isang panaklong na puna kay Timoteo (NET Bible, p. 2182, #14). Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may isang *mē* na KATAGA, na karaniwang nangangahulugang huminto sa pagkilos o sa pagpapatuloy. Hinihiling ni Pablo kay Timoteo na baguhin ang kanyang karaniwang gawain sa araw-araw. Ang utos na “panatilihin ang malinis ang sarili” sa 1 Timoteo 5:22 ay hindi apektado ng pag-inom ng alak! Mag-ingat sa mga tradisyon ng denominasyong madalas na lampas sa Kasulatan!

Si Timoteo ay tila lubos na umiiwas sa alak. Binanggit ni Pablo na ang alak pag kaunti ay hindi dapat maging isang suliranin para sa isang pinuno ng simbahan. Alalahanin natin noong unang panahon sa Medeterinyong daigdig ay araw araw silang umiinom ng alak. Maaaring ang ibig sabihin nito ay (1) dagdagan ng konting alak para linisin ang tubig o (2) uminom ng konting alak pa minsan minsan para sa kaayusan ng sikhura. Walang suliranin sa alak, ang maling paggamit ng sangkatauhan at pag-abuso dito ang naging suliranin. Hinahadlangan ng Bibliya ang paglalasing. (cf. Kawikaan 23:29-35; Isaias 5:11,22; 28:1-8), subalit hindi nito itinuturo ang lubos na pag-iwas. (cf. 1 Timoteo 3:3,8). Sa ating panahon at sa lipunan ang kabuuang pag-iwas ay dapat na nauugnay sa mga pang-espirtwal na konsepto na matatagpuan sa taga-Roma 14:1-15:13; 1 taga-Corinto 8 at 10:23-33). Gayunpaman, dapat layuan ng mga mananampalataya ang lahat ng anyo ng asetisismo (cf. taga-Colosas 2:20-23)! Tingnan ang Natatanging Paksa: Saloobin patungkol sa Alkohol at Alkoholismo sa 1 Timoteo 3:3.

▣ **“dahil sa iyong sikhura at sa iyong madalas na pagkakasakit”** Ang dalawang ito ba ay magkakaibang naglalarawan ng mga parirala o ito ba ay tumutukoy sa isang suliranin? Ipinapahiwatig ba ng talatang ito na si Timoteo ay isang taong mahina sa pisikal? Ang gawain ni Timoteo ay mapanghamon at mahirap. Kung siya ay

mahina din sa pisikal, mas higit naging na isang kamangha-manghang huwaran at marangal na tao.

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 5:24-25**

<sup>24</sup>Ang mga kasalanan ng ilang tao ay hayag na, na nagsisipanguna sa paghukom: at ang ilang mga tao naman ay kanilang sinusundan. <sup>25</sup>Gayon din naman ang mabubuting gawa ay hayag: at ang mga di gayo'y hindi maaaring ilihim

**5:24-25** Ang mga talatang ito ay maaaring nauugnay sa babala sa 1 Timoteo 5:22. Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala mo sila (cf. Mateo 7). Sa konteksto ay tinalakay ni Pablo ang mga bulaang mangangaral at tunay na mangangaral. Maliwanag ang mga ito sa kanilang mga turo at pamumuhay (mga kasalanan na maliwanag) at iba pang mga kasalan (i.e., tagong mga kasalanan o saloobin / motibo) ay mahahayag sa araw ng paghuhukom.

### **MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Magtala ng limang posisyon ng kawani sa isang lokal na iglesiya na binanggit sa kabanatang 5.
2. Maglista ng mga panuntunan ng isang tunay na bala kung bakit siya'y narapat tumanggap ng tulong mula sa iglesiya.
3. Ano ang kaugnayan ng mga talatang 7, 8 sa 1 Timoteo 3?
4. Ano ang kaugnayan ng mga talatang 20 sa mga talatang 24 at 25?
5. Itinuturo ba ng Bibliya ang tuwiran paglayo mula sa alak?

# 1 TIMOTEO 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Mga Tungkulin sa Iba (5:1-6:2a)	Igalang ang mga Pinuno 6:1-2	(5:1-6:2a)	Mga Pananagutan sa mga Mananampalataya (5:1-6:2a)	Mga Alipin 6:1-2a
Bulaang Katuruan at Tunay na Yaman 6:2b-10	Kamalian at Kasakiman 6:3-10	Mga Huling Tagubilin 6:2b-10	Bulaang Katuruan at Tunay na mga Yaman 6:2b-5	Ang Tunay na Guro at ang Bulaang Guro 6:2b-10
Ang Mabuting Laban ng Pananampalataya 6:11-16	Ang Mabuting Pagpapahayag ng Pananampalataya 6:11-16	6:11-16	Mga Personal na Tagubilin 6:11-16	Ginunita ang Gawain ni Timoteo 6:11-16
6:17-19	Mga Tagubilin sa Mayayaman 6:17-19	6:17-19	6:17-19	Mga Mayamang Kristiyano 6:17-19
6:20-21a 6:21b	Pag-ingatan ang Pananampalataya 6:20-21	6:20-21a 6:21b	6:20-21a 6:21b	Huling Babala at Pangwakas 6:20-21

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

- A. Ang paksa ng bulaang mga guro ay nagbabalik (cf. 1 Timoteo 1:3-11,19-20; 4:1-5; 6:3-11,17-19). Ang buong sulat na ito ay tumutukoy sa mga suliraning idinulot ng mga isyung pang-doktrina at moral na isinusulong ng mga erehe o may maling pananampalataya.
- B. Ang mga talatang 1-2 ay tila wala sa lugar, ngunit sila ay maaaring nauugnay sa mga mensahe ng mga bulaang mga guro tungkol sa mga Kristiyanong alipin at ang kanilang mga bagong karapatan at kalayaan. Ang UBS<sup>4</sup> at TEV ay kapwa tinitingnan ang balangkas ng bahaging ito ng aklat gaya ng pagpapasigla ni Pablo kay Timoteo kung paano pakikitunguhan ang iba't-ibang mga pangkat sa loob ng iglesia.
  1. mas matatandang lalake at babae (1 Timoteo 5:1-2)
  2. mga balo (1 Timoteo 5:3-11)

3. mga matatanda (1 Timoteo 5:17-25)
4. mga alipin (1 Timoteo 6:1-2)

C. Nakakagulat na ang 1 Timoteo ay hindi nagtatapos sa isang serye ng personal na pagbati. Si Pablo ay nanatili nang mas matagal sa Efeso kaysa sa alinmang ibang lungsod na may napakalaking resulta ng pag-eebanghelyo. Marami siyang kilalang matatapat ng mananampalataya sa lungsok na ito. Bakit batiin lamang si Timoteo?

Ang liham na ito ay manilaw na naglalayung basahin sa pagtitipun ng iglesiang nasa tahanan. (“inyo” ay pangmaramihan in 1 Timoteo 6:21). Gayunpaman, ito rin ay isang personal na liham na may payo at mga tagubilin partikular para kay Timoteo, ang kanyang Apostolikong kinatawan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 6:1-2

<sup>1</sup>Ang lahat ng mga alipin na nangasa ilalim ng pamatok ay ariin ang kanilang mga panginoon na karapatdapat sa buong kapurihan, upang ang pangalan ng Diyos at ang aral ay huwag malapastangan. <sup>2</sup>At ang mga may panginoong nagsisisampalataya, ay huwag mayamot sa kanila, sapagkat sila’y pawang magkakapatid; kundi bagkus paglingkuran nila silang mabuti, sapagkat nagsisipanampalataya at mga minamahal ang mga nagsisitanggap ng kapakinabangan. Iyong ituro at iaral ang mga bagay na ito.

**6:1 “Ang lahat ng mga alipin na nangasa ilalim ng pamatok”** Iniangkop ng Kristiyanismo ang kaugalian sa kanilang panahon patungkol sa mga alipin. Ang dalawang-katlo sa mundo ng Romano ay mga alipin. Nang dahil sa katutuhan, katarungan at pat-ibig ng Diyos ang syang nagdala sa pagtatapung ng pangaalipin. Pinili ni Pablo na pakitunguhan ang ugali ng mga tao ayun kalagayan ng kanilang kultura sa halip na pabagsakin ito ng may maraha. (halos kahalintulad ng panlipunang tungkulin ng mga kababaihan).

### NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAALALA NI PABLO SA MGA ALIPIN (PAUL’S ADMONITION TO SLAVES)

1. Makuntento, ngunit kung magkaroon ng pagkakataong lumaya, kunin ito (I taga-Corinto 7:21-24)
2. Kay Kristo, walang alipin o malaya (taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11; cf. I taga-Corinto 12:13)
3. Magtrabaho para sa Panginoon; Siya ay magbabayad (taga-Efeso 6:5-9; taga-Colosas 3:22-25; cf. I Pedro 2:18-20)
4. Kay Kristo ang mga alipin ay nagiging kapatid (I Timoteo 6:2; Filemon vv. 16-17)
5. Ang banal na mga alipin ay ikinilulugod ng Diyos (I Timoteo 6:1; Tito 2:9)

Pagpapaalala ni Pablo sa mga may-ari ng alipin:

Ang mga Kristiyanong alipin at may-ari ng mga alipin ay may parehong Panginoon; samakatuwid, dapat nilang ituring ang isa’t-isa ng may paggalang (taga-Efeso 6:9; taga-Colosas 4:1).

Ang pang-aalipin ay isa sa mga pangkulturang bagay (tulad ng kulturang Patriyarka) na isang haligi ng unang siglong mundo. Ang NT ay hindi hinahamon ang anumang aspeto. Gayunman, ang mga katotohanan ng ebanghelyo, sa panahon, ay nakakaapekto sa pagbabago sa mga aspetong ito ng kultura.

▣ **“ariin ang kanilang mga panginoon na karapatdapat sa buong kapurihan”** Tila ang talatang 1 ay tumutukoy sa mga aliping Kristiyano na naglilingkod sa mga di-Kristiyanong panginoon, habang ang talata 2 ay tumutukoy sa mga aliping Kristiyano na naglilingkod sa mga panginoon na Kristiyano. Dapat kumilos ang isang Kristiyanong sa mga mananampalata at hindi mananampalataya na paraang sa Diyos at sa ngebanghelyo ni Hesukristo nagbigay ng karangalan. (cf. taga-Efeso 6:6-7). Ang talatang 1 halos may parehong pagkakaangkop sa mga 3:2;7;10; 5:7,8,14; at Tito 2:5, na ang ibigsabihin “walang tangan para pumuna.” tingnan din ang 1 Timoteo 6:14 sa kaparehong kabanata.

**6:2 “ang mga may panginoong nagsisisampalataya, ay huwag mayamot sa kanila”** Ito sa literal ay “tumingin sa ibaba,” na isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may NEGATIBONG KATAGA, napapahiwatig ng pagtigil sa isang kilos na nasa kasalukuyang proseso. Ang pariralang ito ay nauugnay sa konsepto ng doktrina na

ang lahat ng ginagawa natin bilang mga mananampalataya ay dapat na pinakamataas na kalidad para sa kapakanan ni Kristo (cf. 1 taga-Corinto 10:31; taga-Efeso 6:6-7; taga-Colosas 3:17; 1 Pedro 4:11).

Ang salitang “mga panginoon” ay hindi normal na termino para sa may-ari ng alipin, *kurios* (cf. taga-Efeso 6:5,98; taga-Colosas 3:22; 4:1), ngunit *despotēs*. Ito ay karaniwang ginagamit sa Diyos Ama at Anak, ngunit sa mga Liham Pastoral, karaniwan itong ginagamit para sa mga panginoon sa lupa. (cf. 1 Timoteo 6:1,2; 2 Timoteo 2:21; Tito 2:9). Maaaring gumamit si Pablo ng ibang eskriba.

▣ **“ituro at iaral ang mga bagay na ito”** Ang mga ito ay dalawang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, na nagpapahiwatig ng isang nagpapatuloy na pananagutan (cf. 1 Timoteo 4:11). Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig pagtatapos ng nakalipas na payo. (cf. NASB, NKJV) o pagpapakilala kung ano susunod (cf. NRSV, TEV, NJB)

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 6:3-10**

<sup>3</sup>Kung ang sinoma’y nagtuturo ng ibang aral, at hindi sumasangayon sa mga salitang nakagagaling, sa makatuwid ay sa mga salita ng ating Panginoong Hesukristo, at sa aral na ayon sa kabanalan; <sup>4</sup>Ang gayon ay palalo, walang nalalamang anoman, kundi may-sakit sa mga usapan at mga pagtatalo, sa mga salitang pinagbubuhatan ng kapanaghilian, mga pagkakaalit, mga pagalipusta, mga masasamang akala. <sup>5</sup>Pagtatalalan ng mga taong masasama ang pagiisip at salat sa katotohanan, na nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang. <sup>6</sup>Datapuwa’t ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan: <sup>7</sup>Sapagka’t wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anoman; <sup>8</sup>Nguni’t kung tayo’y may pagkain at pananamit ay masisiyahan na tayo doon. <sup>9</sup>Datapuwa’t ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan. <sup>10</sup>Sapagka’t ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nangansay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan.

**6:3 “kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (na ipinapalagay na totoo) pagpapatuloy ng kontekstong pampanitikan mula sa 1 Timoteo 6:3 hanggang 1 Timoteo 6:5. May mga bulaang mangangaral na hindi tinanggap ang mga katuruan ni Pablo (cf. 1 Timoteo 1:3-7; 4:1-3).

▣ **“nagtuturo ng ibang aral”** Ito ay ang Griyegong terminong *heteros*, na nangangahulugang “isa pa ng naiibang uri.” Ang maling turo ay isang kombinasyon ng gelaismong pang-Hudyong legalismo at pilosopiyang Griyego na katulad ng natagpuan sa Colosas at Efeso.

▣ **“hindi sumasangayon sa mga salitang nakagagaling”** Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 1:10.

▣ **“mga salita ng ating Panginoong Hesukristo”** Iginiit ni Pablo na ang pinagmulan ng “mabuting salita” ay mga turo ni Kristo na ibinigay kay Pablo. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay parehong hindi tinanggap ang mga turo ni Kristo at ng kanyang mga alagad

▣ **“at sa aral na ayon sa kabanalan”** Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 2:2. Ang mga turo ni Kristo ay palaging may kabanalan bilang kanilang layunin (cf. 1 Timoteo 3:16). Sinubukan ng mga maling guro na ito na paghiwalayin ang katotohanan mula sa pamumuhay, pagbibigay-katwiran mula sa pagpapakabanal, ang nagpapakilala (katutuhanang ebanghelyo) mula sa pautos (ebanghelyong kabanalan, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kabanalan sa NT sa 2 Timoteo 2:21.

### **6:4**

**NASB, NRSV**

**“ang gayon ay palalo”**

**NKJV, NJB**

**“siya ay mapagmataas”**

**TEV**

**“ay namamaga sa yabang”**

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang termino sa literal ay “binulag-usok” na nangangahulugan ng pagmamalaki (cf. 1 Timoteo 3:6; 6:4; 2 Timoteo 3:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Bisyo at Kanilang Puri sa NT at 1 Timoteo 1:9.



▣ **“kundi may-sakit sa mga usapan at mga pagtatalo”** Patuloy na pagbibigay diin na si Timoteo ay hindi kasali sa mga walang saysay na talakayan ng mga bulaang mangangaral. (cf. 1 Timoteo 1:3,4; 4:7; 2 Timoteo 2:14; 4:4; Tito 1:14). Aking iniisip kung paano ito mangyayari sa ngayon?

Ang terminong “maysakit” sa literal ay “magkasakit.” Ito ay ginamit na talinghaga ng isang matinding pananabik para sa isang bagay. Ang mga bulaang mangangaral ay hindi naghahanap ng kabanalan, ngunit nagnanais ng pribadong kaalaman tungkol sa hindi nabanggit na mga katotohanan o pinakamalayang katotohanan. Nais nilang pagtalunan ang tungkol sa masasamang mga isyu sa doktrina na nagdudulot lamang ng mga pagtatalo at mga mapagmataas pagkakahati

Habang ako’y tumatanda, mas dudamadami ang aking nalalaman na hindi ko alam at mas masaya ako na may mas kaunting pag-unawa! Ang mga pangunahing katotohanan ng Kristiyanismo ay malinaw at paulit-ulit! Gayunpaman, kahit papaano ay sinisikap nating malaman “lahat” ang mga detalye at mga kahihinatnan at naghabi ng mga teolohikong pagnanaugnay-ugnay na naglalaman ng lahat ng mga sanggunian ng mga mahirap, tagilid, apokaliptiko at makulang na talata. Nagluluwalmarti tayo sa ating mga detalyadong sistema sa halip na ang aming ugnayan kay Kristo. Maaaring mas mahirap para sa isang domagtiko at sistematikong teolohiya na dumaan sa butas ng isang karayom kaysa sa isang taong mayaman!!

Mangaral ng malinaw na katotohanan! Pag-usapan ang mga bagay ng may pag-ibig! Maging mapagbiyaya sa lahat! Ang malagong espirituwal ay di nagiging gaanong mapanghusga at mas nagiging kagaya ni Kristo.

**6:5 “mga taong masasama ang pag-iisip”** Alinman sa (1) ang buong konteksto ay tumutukoy sa mga bulaang mangangaral o o (2) ang unang ilang mga talata ay tumutukoy sa kanila at ang natitira ay tumutukoy sa mga kahihinatnan na dulot ng mga lokal na bahay iglesiya sa pamamagitan ng kanilang mga turo. (cf. nina Arichea at Hatton, *A Handbook on Paul's Letters to Timothy and Titus*, UBS). Sa palagay ko ang mga batang balo, at maaari ring ilang mga alipin (cf. 1 Timoteo 6:1-2), naging kahaliling tagapagsalita ng ng bulaang mangangaral. (cf. ni Gordon Fee, *First and Second Timothy and Titus sa New International Biblical Commentary tomo 13*).

▣ **“salat sa katotohanan”** Kapwa ang mga huling pariralang ito ay mga GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, nagpapahiwatig ng isang maayos na kalagayan ng pag-iisip at puso na nagdala ng isang panlabas na kinatawan, marahil ang masamang tao (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:6). Siya ang ama hindi lamang ng mga kasinungalingan, kundi pati na rin sa haka-haka sa relihiyon at teolohikong pagmamataas. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katotohanan sa 1 Timoteo 2:4.

**NASB** “na nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang”

**NKJV** “na nagsisipagakala na ang kabanalan ay paraan ng pakinabang”

**NRSV** “na ipinagpapalagay na ang pagiging maka-Diyos ay isang paraan ng pakinabang”

**TEV** “Iniisip nila na ang relihiyon ay isang paraan upang maging mayaman”

**NJB** “nag-aakalang ang relihiyon ay isang paraan upang kumita”

Tila ito’y may kinapapalooban ng isa sa dawang bagay: (1) itinuro ng bulaang mangangaral ang isang teolohiya ng tagumpay at pag-aari o (2) sumisingil sila sa kanila pagtuturo (cf. Tito 1:11; 2 Pedro 2:3). Ang bilang 2 marahil ay mas maaari.

Ang King James Version ay nagdadagdag ng isang pararila pagtatapos ng 1 Timoteo 6:5, “mula sa mga gayun ay ihiwalay ang iyong sarili” ngunit ito lumabas noong ika-limang siglo sa *Corretor* ng Griyegong unsianong kasulatan D. Hindi ito lumabas sa karamihang sinaunang mga kasulatan  $\aleph$ , A, D\*, F, o G. Ang UBS<sup>4</sup> ay nagbigay ng mas maikling teksto na “A” na antas (tiyak).

Para sa “kabanalan” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:7.

**6:6 “na may kasiyahan”** Ang salitang ito ay karaniwang hindi nagsasangkot ng hindi pagmamataas sa sarili. ngunit ang Banal Espiritu ay naghinihikayat ng kasapatan at ito’y hindi nagmula sa kalagayan o personal na mapagkukunan, kundi nakabatay sa Diyos kay Kristo (cf. taga-Filipos 4:11-13).

**6:7 “Sapagka't wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan”** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa maraming talata sa OT (cf. Job 1:21; Mga Awit 49:17; Ecclesiastes 5:15). Nagbibigay ito ng isang katwiran para sa pahayag sa 1 Timoteo 6:6. Ang mga talatang 6 at 8 ay katulad ng mga pahayag na matatagpuan sa mga Griyegong istoikong pilosopo. Nakikilala ni Pablo ang mga moralistang ito. Marami sa kanyang mga listahan ng mga kasalanan at kabutihang puri ay katulad din sa mga Griyegong manunulat na ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ng Kosmos ni Pablo sa 1 Timoteo 1:15.

Idinagdag ng KJV “at tiyak na” para sa “sapagkat.” Ang karagdang ito ay lumabas sa MSS  $\kappa^2$  at D<sup>2</sup>, ganun din sa ilang Lumang Latin, Vulgata, at mga saling Syriano. Ang MS D at ilang Lumang Latin, Vulgata, at Ang mga bersyon ng Syriac ay “totoo” bago ang “dahil.” Nagbigay ang UBS<sup>4</sup> sa mas maikling teksto ng isang “A” na na antas (tiyak).

**6:8** Ang mga mananampalataya ay kailangang maging kontento sa paglalaan ng Diyos ng pang-araw-araw na pangangailangan (cf. Kawikaan 30:8; Mateo 6:11). Ang paggamit ni Pablo ng salitang “pakinabang” sa 1 Timoteo 6:5 ay naging sanhi para higit niyang ipaliwanag ang kasakiman ng mga bulaang mangangaral. (cf. 1 Timoteo 6:6-10 at 17-19).

## **NATATANGING PAKSA: KAYAMANAN (WEALTH)**

- I. Pananaw ng Lumang Tipan sa kabuuan
  - A. Diyos ay ang may-ari ng lahat ng bagay
    1. Genesis 1-2
    2. I Cronica 29:11
    3. Awit 24:1; 50:12; 89:11
    4. Isaias 66:2
  - B. Ang mga tao ay katiwala sa kayamanan para sa mga layunin ng Diyos
    1. Deutromio 8:11-20
    2. Levitico 19:9-18
    3. Job 31:16-33
    4. Isaias 58:6-10
  - C. Kayamanan ay isang bahagi ng pagsamba
    1. ang dalawang mga ikapu
      - a. Bilang 18:21-29; Deutromio 12:6-7; 14:22-27
      - b. Deutromio 14:28-29; 26:12-15
    2. Kawikaan 3:9
  - D. Kayamanan ay nakikita bilang isang kaloob mula sa Diyos para sa tipanang katapatan
    1. Deutromio 27-28
    2. Kawikaan 3:10; 8:20-21; 10:22; 15:6
  - E. Babala laban sa kayamanan sa kapakanan ng iba
    1. Kawikaan 21:6
    2. Jeremias 5:26-29
    3. Oseas 12:6-8
    4. Micas 6:9-12
  - F. Kayamanan ay hindi makasalanan sa kanyang sarili maliban na lang sa pagiging-una nito
    1. Awit 52:7; 62:10; 73:3-9
    2. Kawikaan 11:28; 23:4-5; 27:24; 28:20-22
    3. Job 31:24-28
- II. Natatanging Pananaw ng Kawikaan
  - A. Kayamanan inilagay sa larangan ng personal na pagsasagawa
    1. kakuparan at katamaran ay ipinagbabawal—Kawikaan 6:6-11; 10:4-5,26; 12:24,27; 13:4; 15:19; 18:9; 19:15,24; 20:4, 13; 21:25; 22:13; 24:30-34; 26:13-16
    2. ang kasipagan ay itinataguyod—Kawikaan 12:11,14; 13:11
  - B. Kahirapan laban sa kayamanan ay ginamit upang ilarawan ang katuwiran laban sa kasamaan—Kawikaan 10:1ff; 11:27-28; 13:7; 15:16-17; 28:6,19-20
  - C. Karunungan (pagkilala sa Diyos at sa Kanyang Salita at pamumuhay sa kaalamang ito) ay mas mainam kaysa sa mga kayamanan—Kawikaan 3:13-15; 8:9-11,18- 21; 13:18
  - D. Mga babala at paalala
    1. mga babala
      - a. mag-ingat sa paggagarantiya sa utang ng kapitbahay (garantya)—Kawikaan 6:1-5; 11:15; 17:18; 20:16; 22:26-27; 27:13
      - b. mag-ingat sa pagiging mayaman sa pamamagitan ng masamang paraan—Kawikaan 1:19; 10:2,15; 11:1; 13:11; 16:11; 20:10,23; 21:6; 22:16,22; 28:8

- c. mag-ingat sa pangungutang—Kawikaan 22:7
  - d. kayamanan ay hindi makakatulong sa araw ng paghuhukom—Kawikaan 11:4
  - e. kayamanan ay may maraming mga “kaibigan”—Kawikaan 14:20; 19:4
2. mga pagpapaalala
    - a. ang pagiging mapagbigay ay itinataguyod—Kawikaan 11:24-26; 14:31; 17:5; 19:17; 22:9,22-23; 23:10-11; 28:27
    - b. katuwiran higit sa kayamanan—Kawikaan 16:8; 28:6,8,20-22
    - c. panalangin para sa pangangailangan, hindi para sa kasaganaan—Kawikaan 30:7-9
    - d. pagbibigay sa mahihirap ay pagbibigay sa Diyos—Kawikaan 14:31

### III. Pananaw ng Bagong Tipan

#### A. Hesus

1. kayamanan ay nagbubuo ng natatanging pagtutukso na magtiwala sa ating mga sarili at sa ating mga kayamanan sa halip na sa Diyos at sa Kanyang mga ari-ariaan
  - a. Mateo 6:24; 13:22; 19:23
  - b. Marcos 10:23-31
  - c. Lucas 12:15-21,33-34
  - d. Pahayag 3:17-19
2. Diyos ay magtutustos sa ating pisikal na mga pangangailangan
  - a. Mateo 6:19-34
  - b. Lucas 12:29-32
3. ang pagtatanim ay may-kaugnayan sa pag-aani (espiritwal gayundin sa pisikal)
  - a. Marcos 4:24
  - b. Lucas 6:36-38
  - c. Mateo 6:14; 18:35
4. Pagsisisi ay nakakaapekto sa kayamanan
  - a. Lucas 19:2-10
  - b. Levitico 5:16
5. ekonomikong paglulustay ay ipinagbabawal
  - a. Mateo 23:25
  - b. Marcos 12:38-40
6. pangwakas-na panahon na paghahatol ay may kaugnayan sa ating paggamit ng kayamanan—Mateo 25:31-46

#### B. Pablo

1. praktikal na pananaw gaya ng sa Kawikaan (trabaho)
  - a. taga-Efeso 4:28
  - b. I taga-Thesalonica 4:11-12
  - c. II taga-Thesalonica 3:8,11-12
  - d. I Timoteo 5:8
2. espiritwal na pananaw gaya ng kay Hesus (mga bagay ay nawawala, maging kontento)
  - a. I Timoteo 6:6-10 (kapanatagan)
  - b. taga-Filipos 4:11-12 (kapanatagan)
  - c. Hebreo 13:5 (kapanatagan)
  - d. I Timoteo 6:17-19 (pagkamapagbigay at pagtitiwala sa Diyos, hindi sa kayamanan)
  - e. I taga-Corinto 7:30-31 (transpormasyon ng mga bagay)

### IV. Mga Pangwakas

- A. Walang sistimatikong biblikal na teolohiya patungkol sa kayamanan.
- B. Walang naglalarawan na sipi sa paksang ito, Samakatuwid, ang mga kabatiran ay dapat na kumuha mula sa ibat-ibang mga sipi. Mag-ingat na huwag basahin ang iyong mga pananaw sa nag-iisang mga teksto.
- C. Kawikaan, na isinulat ng mga marurunong na mga tao (mga maalam), ay may kakaibang perspektibo kaysa sa ibang mga tipo ng biblikal
- D. Ang ating panahon ay nangangailangan ng pagsusuri ang mga pananaw nito at ang mga kasanayan patungkol sa kayamanan ayon sa Bibliya. Ang ating mga priyoridad ay nailagay sa mali kung ang kapitalismo o komunismo ang ating tanging gabay. Bakit at paano ang isa ay magiging matagumpay ay mas higit mahalagang mga katanungan kaysa sa kung gaaano ang kanyang naimpok.

E. Ang pagtitipon ng kayamanan ay dapat na timbangin ng tunay na pagsamba at pananagutan ng pagiging katiwala (cf. II taga-Corinto 8-9).

**6:9 “Datapuwa't ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso”** Ang mga mananampalataya ay nagdadala ng maraming bagay sa kanilang sarili dahil sa kasakiman para sa makalupang bagay, kapangyarihan, at katanyagan. (cf. Kawikaan 23:4; 28:20; Mateo 6:19-34).

“Tukso” ay ang Griyegong terminong *peirasmos*.

### **NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA “PAGSUSURI” AT KANILANG MGA KAHULUGAN (GREEK TERMS FOR “TESTING” AND THE CONNOTATIONS)**

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy (tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy). Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisyay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon (tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kaniyang Bayan [OT]).

Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT

- a. lalaking baka – Lucas 14:19
- b. ang ating sarili – I taga-Corinto 11:28
- c. ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
- d. kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. taga-Roma 2:18; 14:22; 16:10; II taga-Corinto 10:18; 13:3; taga-Filipos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na:

- a. karapat-dapat
- b. mabuti
- c. dalisay
- d. mahalaga
- e. marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*

Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggì. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.

- a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18).
- b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanas sa Mateo 4:3; I taga-Thesalonica 3:5 (i.e. “ang manunukso”).
- c. Pagkakagamit
  - (1) Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I taga-Corinto 10:9].
  - (2) Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29).
  - (3) Iyon ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 7:5; 10:9, 13; taga-Galacia 6:1; I taga-Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9).

▣ “at sa silo” May tatong mga pagkaka-iba.

1. silo – MSS  $\alpha$ , A, D<sup>2</sup>, H
2. mga silo – panlalai 33, 1175, at ang mga *Peshitta* at *Coptic* na salin

3. silo ng diablo – MSS D\*, F, G, at ang salin ng Lumang Latin Ang UBS<sup>4</sup> nagbigay ng pagpipilian #1 ng isang “A” na antas (tiyak).

▣ **“kapahamakan at kamatayan”** Ang konseptong ito ay ginamit nang maraming beses sa NT (cf. Mateo 7:13; taga-Roma 9:22; taga-Filipos 1:28; 3:19; 2 taga-Thesalonica 2:3; 2 Pedro 2:1; 3:7; Pahayag 17:8-11). Ito ay talinghaga para sa marahas na pagtigil sa pisikal na buhay. Ang salitang ito ay hindi nauugnay sa teolohikong konsepto ng pagkalipol (tingnan si Edward Fudge, *The Fire That Consumes* para sa isang mabisang pagtatalo para sa paglaho), na nagpapahiwatig na ang nawalan ng espiritwalidad ay hindi nagdurusa ng palagiang paghihiwalay, ngunit sa isang pagkakataon ay naglaho lamang. Ang mga taga-tangkilik ng paglalaho ay naisalin ito nang literal. Iginiit nito na mas “makatao” ang Diyos kaysa sa isang impiyerno na walang hanggan. Gayunpaman, ang parehong salita (*aiōnion*) ay naglalarawan ng isang walang hanggang langit sa Mateo 25:46, na naglalarawan ng walang hanggang impiyerno.

### **NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGAN (*aiōnios*) (ETERNAL (*aiōnios*))**

Si Robert B. Girdlestone, sa kanyang aklat na *Synonyms of the Old Testament*, ay may nakakawiling puna sa salitang “walang hanggan”:

“Ang pang-uring *aiōnios* ay ginamit ng higit sa apatnapung beses sa N.T. na may kinalaman sa buhay na walang-hanggan, na bahaging tinitignan bilang isang pangkasalukuyang kaloob, sa isang bahagi bilang isang pangako para sa hinaharap. Ito rin ay inalagay sa walang-hanggan pag-iiral ng Diyos sa taga-Roma 16.26; hanggang sa walang hanggan bisa ng pagbabayad puri ni Kristo sa Hebreo 9.12, 13.20; at sa nakalipas na mga panahon sa taga-Roma 16.25, 2 Timoteo 1,9, Tito 1.2.

Ang salitang ito ay ginamit na pantukoy sa walang hanggang apoy, Mateo 18.8,25. 41, Hudas 7; walang hanggang kaparusahan, Mateo 25.46; walang hanggang paghahatol o kondemnasyon, Marcos 3.29, Hebreo 6.2; walang hanggang pagkawasak, 2 taga-Thesalonica 1.9. Ang salita sa mga siping ito ay nagpapahiwatig ng kawakasan, at tila nagpapakita na kapag ang mga paghuhusga na ito ay ipaparusa, ang oras ng probasyon, pagbabago, o ang pagkakataon ng pagbawi ng kayamanan ng isa, ay tuluyan ng mawawala magpakailanman. Nauunawaan nating napakakaunti ang patungkol sa hinaharap, patungkol sa relasyon ng buhay ng tao sa lahat ng pag-iiral, at patungkol sa moral na kabigatan ng kawalang pananampalataya, kung titignan sa liwanag ng magsawalang hanggan. Kung, sa kabilang dako, na isang kamalian ang magdagdag sa salita ng Diyos, sa kabila naman dapat hindi tayo mag-babawas sa mga ito; at kung tayo ay susuray sa ilalim ng doktrina ng walang hanggang kaparusahan na gaya ng itinatakda ng Kasulatan, tayo ay dapat na makuntento na maghintay, kumakapit sa Ebanghelyo ng pag-ibig ng Diyos kay Kristo, habang kinikilala na mayroong isang madilim na kaligiran na hindi natin mauunawan” (pp. 318-319).

**6:10 “Sapagka’t ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan”** Maaaring ito ay isang kilalang kawikaan. Ang salapi ay hindi ang suliranin; ito ay ang pag-ibig sa salapi ang siyang suliranin! Sa Griyego ay walang tiyak na pantukoy sa “ugat” na nangangahulugang ito ay isa sa maraming mga suliranin (cf. 2 Timoteo 2:25-26; 3:2-5,7-9). Ang salapi ay isang kasangkapan, hindi isang layunin. Maaari itong maging isang diyos (kayamanan, cf. Mateo 6:24; Lucas 16:9-13).

Ang salin sa NASB, kagaya sa NKJV at NRSV, sinubukang pahinain ang Griyegong (sa literal, “para sa isang ugat ng lahat ng kasamaan”) pagpapalabis sa pagdaragdag ng “mga uri” (NKJV, NRSV, “mga uri ng”). Ang salapi ay hindi lamang tukso (cf. taga-Colosas 3:5), ngunit ito ay isang mahalaga (cf. 1 Timoteo 3:3).

▣ **“na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya”** Ang “pananampalataya” ba ay tumutukoy sa kaligtasan o makadiyos na pamumuhay? Sa kontekstong ito iniwan ng mga bulaang guro ang pananampalatayaang at sinisikap nila na impluwensyahan ang iba (cf. Marcos 13:22). Ang kasakiman at pagsasamantala sa salapi (kasama ang pagsasamantalang sekswal pati na rin ang pag-angkin ng natatanging kaalaman o pananaw) ay isang paulit-ulit na katangian ng mga bulaang mangangaral, kung ang salapi ang naging panguhanin, ito ang nagiging diyos. Ang “kayamanan” sa Mateo 6:24 ay nasa malaking titik sa NASB sapagkat ipinapalagay na ito ay titulo ng isang salaping diyos mula Syria. Ang pag-ibig sa salapi ay maaaring maging pagsamba sa diyos diyusan. Maaari itong magbunga ng kapinsalaan sa buhay na ito at sa susunod. (cf. 1 Timoteo 4:1; 5:8; 2 Timoteo 2:25-26; Tito 1:16).

Mahirap matukoy ang pagkakaiba sa pagitan ng isang hindi ligtas na bulaang mananampalataya at isang mandarayang mananampalataya. Kadalasan sila ay iisa ang hitsura at paraan ng pag-iisip. Tanging Diyos ang

kababatid ng kanilang puso. Nasa Kanya ang huling kapsiyahan. Ang mga salita ni Hesus sa Mateo 7 (“sa pamamagitan ng kanilang bunga makikilala ninyo sila”) at 13 (ang talinghaga ng mga lupa) ay nakakabagabag sa aming pinahahalagahang sistematikong mga teolohiya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasiya (*Aphistēmi*) sa 1 Timoteo 4:1).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 6:11-16**

<sup>11</sup>Datapuwa’t ikaw, Oh tao, ng Diyos, tumakas ka sa mga bagay na ito, at sumunod ka sa katuwiran, sa kabanalan, sa pananampalataya, sa pagiging, sa pagtitiis, sa kaamuan. <sup>12</sup>Makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya, manangan ka sa buhay na walang hanggan, na dito’y tinawag ka, at ipinahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming mga saksi. <sup>13</sup>Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Diyos na bumubuhay sa lahat ng mga bagay, at ni Kristo Hesus, na sa harapan ni Poncio Pilato ay sumaksi ng mabuting pagpapahayag; <sup>14</sup>Na tuparin mo ang utos, na walang dungis, walang kapintasan hanggang sa pagpapakita ng ating Panginoong Hesukristo: <sup>15</sup>Na sa kaniyang kapanahunan ay ipahahayag siya, na mapalad at tanging Makapangyarihan Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon; <sup>16</sup>Na siya lamang ang walang kamatayan, na nananahan sa liwanag na di malapitan; na di nakita ng sinomang tao, o makikita man: sumakaniya nawa ang kapurihan at paghaharing walang hanggan. Amen.

**6:11 “Datapuwat tumakas ka sa mga bagay na ito”** Iniutos ni Timoteo (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, cf. 2 Timoteo 2:22) na tumakas mula sa mga bagay na tinalakay sa 1 Timoteo 6:3-10 (i.e., walang katapusang mga kontrobersya at / o pag-ibig sa salapi). Ito ay taliwas sa mga bagay na dapat niyang ipangaral at ituro (cf. 1 Timoteo 6:2b), kung saan nakatala sa 1 Timoteo 5:1-6:2a. Ang Kristiyanismo ay nagsasangkot sa pauna at patuloy na mga pagpili!

**NASB, NRSV**

**TEV**

“ikaw oh tao ng Diyos”

**NKJV**

“Oh tao ng Diyos”

**NJB**

“bilang isang taong itinalaga sa Diyos”

Ito ay isang kakilakilabot na pamagat mula sa OT na ginamit ni Moises (i.e., Deuteronomio 33:1; Josue 14:6), Sina Elias, Eliseo, Samuel, David, at hindi pinangalanang mga propeta (i.e., 1 Samuel 2:27; 1 Mga Hari 12:22; 13:1). Sa 2 Timoteo 3:16,17 ginagamit ito para sa lahat ng mga mananampalataya na sinangkapan ng salita ng Diyos. Ang mga bulaang mangangaral ay hindi mga tao ng Diyos at hindi sila sinangkapan ng Salita ng Diyos.

▣ **“sumunod”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, isang nagpapatuloy na utos. Ang unang (“tumakas”) ay negatibo, ang panganalawa ay pautos (“tugisin”) na positibo. Ang dalawa ay mahalaga para sa mahusay na pagtuturo at personal na katuwiran.

▣ **“katuwiran”** Ito ay tumutukoy sa banal na pamumuhay (cf. Santiago 3:13-18), hindi pagpataw (pang-kautusan) katuwiran kagaya sa taga-Roma 4. Ang taga-Roma 1-8 (isang buod ng doktrina) na nagsasabi ng ating kalagayan kay Kristo (i.e., pagbibigay-katwiran). Ang mga liham Pastoral (mga liham laban sa katuruan ng bulaan) ay nagsasabi na ariin ang pag-aari (i.e., pagpapaging-banal, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2 Timoteo 2:21).

For “pagpapakabanal” tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa Tito 2:12.

Ang talaan ng mga katangiang tulad ni Kristo ay tiyakang taliwas sa pamumuhay ng mga bulaang mangangaral. Sa kanilang mga bunga makikilala ninyo sila (cf. Mateo 7).

▣ **“kabanalan”** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. 1 Timoteo 3:10; 4:7-8; 6:3,5-6; 2 Timoteo 3:5, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:7). Ang walang hanggang (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:7) ang buhay ay may mga nakikitang katangian. Ang makilala ang Diyos ay maging (naisin) kagaya ng Diyos (cf. Mateo 5:48).

**NASB, NJB**

“pagtitiis”

**NKJV**

“patitiyaga”

**NRSV, TEV**

“tatag”

Ang Griyegong salitang *hupomonē* ay maraming maaring salin sa Ingles. Sa *A Greek-English Lexicon of*

*the New Testament*, nina Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker ay nagsabi na ang salitang ito ay tumutukoy sa pagtitiis sa paghihirap ng pagdurusa (p. 846). Si Timoteo ay nahaharap sa (1) mga suliranin; (2) sa mga nagiging sanhi ng suliranin; at (3) ang mga apektado ng mga suliranin sa isang matatag na pagtitiis. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:16.

▣ **“kaamuan”** Hindi lamang si Timoteo ang dapat magtiis at magtiyaga, ngunit gagawin niya ito sa isang tapat, mapagmahal, maamong espiritu. (cf. 1 Timoteo 3:3; 2 Timoteo 2:25; Tito 3:3; taga-Galacia 6:1; Santiago 1:21; 3:13,17; 1 Pedro 2:18; 3:4).

**6:12 “Makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (*deponent*) PAUTOS. Ang magkaugnay na pandiwa at pangngalan ay ginamit dito upang paigtingin ang pampalakasan (cf. 1 Timoteo 1:18; Hebreo 12:1-3) o panghukbong (cf. taga-Efeso 6:10-18) talinghaga (gayundin si Pablo, “makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka,” cf. 2 Timoteo 4:7). Sa tanglinghang ito kinuha sa Ingles ang salitang “paghihirap”.

▣ **“manangan sa buhay na walang hanggan”** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS (cf. 1 Timoteo 6:19). Ito ay talinghaga ng nanalong atleta na tumatanggap ng trofeo o korona. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng sangkatauhan ng paunang pagtugon. (cf. 1 Timoteo 6:12b) at magpatuloy na tumugon ng may pananampalataya. Ang sumusunod na parirala ay nagpapakita ng kapangyarihang mag-ingat ng Panginoon. (cf. 1 Timoteo 6:12c). Ito ay parehong totoo at wastong tipan ng kaligtasan; sila ay kabalintunaan, ngunit totoo! Ang buhay na walang hanggan ay isang paraan ng pagtukoy sa wakas ng pag-asa ng ebanghelyo. (i.e. pagluluwalhati, cf. taga-Roma 8:30).

▣ **“na dito’y tinawag ka”** ang diin na ito sa pagpili at pagpapanatiling kapangyarihan ng Diyos (cf. 1 taga-Corinto 1:9) na dapat isama sa ating pang-araw-araw na pananampalataya at pakikipagtulungan. Ang katalagahan at katiyagaan ay dapat na gaganapin nang magkasama bilang dalawang panig kagaya sa isang barya.

### **NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG (ELECTION/PREDESTINATION AND THE NEED FOR A THEOLOGICAL BALANCE)**

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunit ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang taga-Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at taga-Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa taga-Efeso 1:4. Si Hesus ay piniling taon Niya at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay ang oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang taga-Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga pang-doktrinang na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpektyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal

6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban kay Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban kay Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikong konsepto ng “tipanan” ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

▣ **“at ipinahayag mo ang mabuting pagpapahayag”** Ito ang salitang Griyego na *homologeō*, ay tumutukoy ng isang pagpapahayag sa publiko o pagtatapat (cf. I Juan 1:9). Tila tinutukoy nito ang pagbabawtismo kay Timoteo bilang kanyang pampublikong pagpapahayag ng pananampalataya. Inulit ng mga unang mananampalataya ang ang pormula na “si Hesus ay Panginoon” (cf. taga-Roma 10:9-13) bilang kanilang personal at pampublikong kapahayagan ng pananampalataya kay Hesus. Ang maikling pariralang ito ay nagpapahiwatig ng Kanyang pagiging tao, pagka-Diyos, pagbabayad-sala, at kadakilaan (cf. taga-Filipos 2:6-11).

### **NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN (CONFESSION)**

- A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō/exomologō*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo*, katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang Griyegong PANG-UKOL na *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.
- B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
  1. magpuri
  2. sumang-ayon
  3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
  4. pagtatapat
  5. paghingi ng kapatawaran (cf. Hebreo 4:14; 10:23)
- C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang ay tila magkaibang pagkakagamit
  1. magpuri (Diyos)
  2. aminin ang kasalanan  
Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.
- D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
  1. mangako (cf. Mateo 14:7; Mga Gawa 7:17)
  2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Mga Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
  3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; taga-Roma 14:11; 15:9)
  4. pagsang-ayon sa
    - a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; taga-Roma 10:9; taga-Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
    - b. isang katotohanan (cf. Mga Gawa 23:8; II taga-Corinto 11:13; I Juan 4:2)
  5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (ligal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Mga Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
    - a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
    - b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)



▣ **“sa harapan ng maraming mga saksi”** Ito ay maaring tumukoy sa

1. Ordinasyon ni Timoteo (cf. 1 Timoteo 5:14; 2 Timoteo 1:6)
2. kanyang pagpapahayag sa publiko sa harap ng lokal na iglesia (cf. Mga Gawa 16:1-2)
3. marahil ang kanyang bautismo

**6:13 “Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Diyos”** Ang mga talatang 13-16 ay isang pangungusap sa Griyego. Tulad ng pagpapahayag ni Timoteo kay Hesus sa publiko (cf. Mateo 10:32-33), ngayon ay ipanagtatagubilin naman siya ni Pablo sa harapan ng Diyos. (cf. 1 Timoteo 5:21; 2 Timoteo 4:1).

Si Pablo ay “nagtagubilin” o nag-uutos kay Timoteo nang madalas sa kanyang liham Pastoral. Minsan ito ay tumutukoy sa mga bagay na dapat gawin ni Timoteo (cf. 1 Timoteo 1:3,18; 4:11; 5:21; 6:13; 2 Timoteo 4:1) at kung minsan sa dapat niyang sabihin sa iba (cf. 1 Timoteo 5:7,21; 6:17; 2 Timoteo 2:14).

Ang panghalip na “iyo” ay nasa pawatas na “mapanatili” ng 1 Timoteo 6:14. ilang MSS idinagdag ito pagkatapos ng pandiwang “ipinagbibilin ko” sa 1 Timoteo 6:13 (MSS  $\kappa^2$ , A, D, H). Iyon ay inalis sa MSS  $\kappa^*$ , F, G. Ang UBS<sup>4</sup> hindi mapagpasyahan kung alin ang orihinal. Malinaw, kahit na maraming iba’t ibang Griyego, hindi nito naapektohan ang kahulugan ng mahabang pangungusap mula sa talata 13 hanggang talatang 16.

▣ **“na bumubuhay sa lahat ng mga bagay”** Diyos ay ang pinagmulan ng lahat ng buhay (cf. 1 Timoteo 6:16; 1:17; 2 Timoteo 1:10). Walang buhay kung hiwalay sa Kanya. Ang OT titulong YHWH, mula sa Hebreong pandiwa na “maging” (cf. Exodo 3:14), ay isang paglalaro ng salita sa mismong konsepto na ito. Ang Diyos lamang ang maaaring magbigay at mapanatili ang pisikal at buhay na walang hanggan. Ang salitang ito ay may kahulugan ng parehong (1) nagbibigay buhay (cf. 1 Samuel 2:6; 1 Timoteo 6:13) at (2) mapangalagaan ang buhay (cf. Mga Hukom 8:19; 1 Samuel 27:9,11; 1 Mga Hari 21:31; Lucas 17:33; Mga Gawa 7:19). YHWH ay kapwa ginagawa ito sa pamamagitan ni Kristo.

▣ **“at ni Kristo Hesus, na sa harapan ni Poncio Pilato ay sumaksi ng mabuting pagpapahayag”** Si Hesus ay tinawag na “Matapat na saksi” (cf. Pahayag 1:5; 3:14). Ang terminong “bago” (*enōpion*) maaaring nangangahulugang (1) “harap ng” o (2) “sa oras ng.” Samakatuwid, ito ay maaaring tumukoy sa buong buhay ng patotoo ni Jesus o partikular sa Kanyang mga pagsubok (cf. Mateo 27:2; Juan 18:33-37).

**6:14 “Na tuparin mo ang utos, na walang dungis, walang kapintasan”** Maaari itong tumukoy sa 1 Timoteo 6:11 at 12. Si Timoteo ay mamuhay sa pagsunod at kadalisan, hindi katulad ng mga bulaang mangangaral. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“hanggang sa pagpapakita ng”** Sa 2 Timoteo 1:10 at Tito 2:11 ang salita (*epiphaneia*) ay ginamit sa unang pagdating ni Hesus, ngunit dito at sa 2 taga-Thesalonica 2:8; 2 Timoteo 4:1,8; Tito 2:13 ginagamit ito sa Kanyang Ikalawang Pagbabalik. Ang Pangalawang Pagdating ay palaging isang matatag na pampasigla upang mabuhay ng buhay Kristiyano. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Tito 2:13.

**6:15 “na sa kaniyang kapanahunan ay ipahahayag siya”** Ang parehong parirala ay ginamit sa 1 Timoteo 2:6 at Tito 1:3 sa unang pagdating ni Hesus. Inilalarawan ng “Siya” ang kaalaman at kontrol ng Diyos Ama sa una at ikalawang pagbabalik ng Mesyas (cf. Mateo 24:36; Mga Gawa 1:7). Ang *Jerome Biblical Commentary* (p. 357) ay nagmumungkahi na ang 1 Timoteo 6:15-16 ay isang sipi mula sa himnaryong Kristiyano (cf. 1 Timoteo 1:17; 3:16; 2 Timoteo 2:11-13).

▣ **“mapalad at tanging Makapangyarihan Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon”** Ang panalangin na ito ay katulad ng 1 Timoteo 1:17. Ang mga naglalarawan na pariralang ito at konteksto ay tumutukoy sa Diyos Ama:

1. “pinagpala” (1 Timoteo 1:1)
2. “tanging pinakamakapangyarihan” (1 Timoteo 1:17; cf. Ecclesiastico 46:5)
3. “Panginoon ng mga panginoon” (Deuteronomio 10:17; Mga Awit 136:3)

Ang tituto na “Hari ng mga hari” ay kahanay sa “Panginoon ng mga panginoon” at ginamit ni Hesus sa Pahayag 17:14; 19:16. Ito ay orihinal na tinukoy sa mga hari ng Mesopotamia, ngunit ginamit ng mga Hudyo sa panahon ng inter-biblikal na tinutukoy kay YHWH.

**6:16 “Na siya lamang ang walang kamatayan”** Ito ang salitang “kamatayan” kasama ang sinaunang *alpha privative* (cf. 1 taga-Corinto 15:53-54). Tila ito ang pangunahing kahulugan ng pamagat ng OT na “YHWH,” ang mabuhay, tanging buhay Lamang (cf. Exodo 3:14-16). Pansinin ang kawalang-interes ng monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 2:5), “siyang natatanging nagmamay-ari”! Si YHWH ang pinagmulan at pinanggagalingan ng buhay at wala ng iba!

▣ **“na nananahan sa liwanag na di malapitan”** Tinawag ng mga rabbi ang “ulap ng kaluwalhatian ang *Shekinah*, na nagmula sa salitang Hebreo na “tumahan” (na may kahihinatnang “manirahan nang palagian,” cf. Exodo 24:17; 23:20).

▣ **“na di nakita ng sinomang tao, o makikita man”** Sa OT ang kabanalan ng Diyos ay dakila na walang makasalanang tao ang makakakita sa Diyos at mabuhay sa kabanalan ng Diyos ng OT ay lubhang nakakamangha na walang makasalanang tao ang makakatingin sa Diyos at mabuhay (cf. Genesis 16:13; 32:30; Exodo 20:19; 33:18-20; Mga Hukom 6:22-23; 13:22; Isaias 6:5; Juan 6:46; 1 Juan 4:12). Sa mga mananampalataya ng NT ay nakita Siyang tunay na inihayag kay Hesus (cf. 1 Juan 1:18; 6:46) Makakikita Siya nang personal sa isang araw (cf. Mateo 5:8; Hebreo 12:14; Pahayag 22:40).

▣ **“sumakaniya nawa ang kapurihan at paghaharing walang hanggan”** Si Pablo ay madalas na humihinto sa isang doksolohiya ng papuri sa Diyos na Ama (cf. 1 Timoteo 1:17). Ang Anak ay instrumento ng Ama sa paglikha, paghahayag, pagtubos, at paghatol. Gayunpaman, ang walang hanggang kaharian ay kabilang sa Ama sa pamamagitan ng Anak (cf. Daniel 7:13; 1 taga-Corinto 15:25-28).

▣ **“Amen”** Ito ay isang kawikaan ng Hebreo ng pagpapatunay.

## NATATANGING PAKSA: AMEN (AMEN)

### I. LUMANG TIPAN

A. Ang salitang “Amen” ay galing sa salitang Hebreo para sa

1. “katotohanan” (*emeth*, BDB 49)
2. “puno ng katotohanan” (*emun*, *emunah*, BDB 53)
3. “pananampalataya” o “puno ng pananampalataya”
4. “pagtitiwala” (*dmn*, BDB 52)

B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) o kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).

C. Mga natatanging paggamit (tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT

1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
2. katiyakan, Exodo 17:12
3. maaasahan, Exodo 17:12
4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
7. maaasahan (Torah), Mga Awit 119:43, 142, 151, 168

D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.

1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)

E. Mula sa pagkagamit ng tiwala o katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkagamit na *liturgical* upang tindigan ang katotohanan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48; Jeremias 11:5; 28:6).

F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4; 115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan, mapagkasundong katapatan ni YHWH at

Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

## II. BAGONG TIPAN

- A. Ang gamit ng salitang “amen” bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).
- B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. taga-Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; 6:18; taga-Efeso 3:21; taga-Filipos 4:20; II taga-Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).
- C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)
- D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).
- E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang “tiwala,” “pananampalataya,” “paniniwala.” (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananampalataya, Manampalataya o Magtiwala).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 6:17-19

<sup>17</sup>Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiiisip, at huwag umasa sa mga kayamanan ng di nananatili, kundi sa Diyos na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak; <sup>18</sup>Na sila’y magsigawa ng mabuti, na sila’y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila’y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi; <sup>19</sup>Na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating, upang sila’y makapanangan sa buhay na tunay na buhay.

**6:17-19** Ang isang ay nagtataka kung ang 1 Timoteo 6:17-19 ay isang nahuling-isip o kung nakatanggap si Pablo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga bahay iglesiya na nasa Efeso. Maaari ding sinulat ni Pablo misyo ang 1 Timoteo 6:17-21, tulad ng pagsasara ng kanyang mga liham (cf. 2 taga-Thesalonica 3:17-18).

**6:17** “Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiiisip” Tulad ng babala ng talata 9 tungkol sa isang masamang pagnanasa sa salapi, ang talata 17 ay babala sa mga may salapi laban sa paglalagay ng kanilang pananampalataya dito at hindi kay Kristo (cf. Mateo 6:19-21; 13:22; 19:23-30; Santiago 1:9-11; 5:1-6).

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON (THIS AGE AND THE AGE TO COME)

Ang mga propeta sa OT ay tinitingnan ang hinaharap bilang bilang isang kadugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikong Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggap kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong tularan ang nabuo sa pang-Hudyong intertestamental na panitikang apoliptiko (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na pinangibabawan ni Satanas at ang daaring na panahon ng katuwiran na pinangibabawan ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas na isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na “umuunlad na kapahayagan.” Ang NT ang nagpapatibay sa bagong kosmikong katotohanan ng dalawang panahon (i.e., isang pansamantalang dualismo).

<u>Hesus</u>	<u>Pablo</u>	<u>Hebreo</u>
Mateo 12:32	taga-Roma 12:2	1:2
Mateo 13:22 & 29	I taga-Corinto 1:20; 2:6,8;	6:5

Marcos 10:30	II taga-Corinto 4:4	11:3
Lucas 16:8	taga-Galacia 1:4	
Lucas 18:30	taga-Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12	
Lucas 20:34-35	I Timoteo 6:17	
	II Timoteo 4:10	
	Tito 2:12	

Sa NT na teolohiya ang dalawang pang-Hudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing pagtataya ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa propesiya sa OT ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap (hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay ang pag-igting sa NT na narito na, ngunit hindi pa!

▣ **“at huwag umasa sa mga kayamanang di nananatili”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PAWATAS. Ang mga tao ay may posibilidad na magtiwala sa kanilang mga mapagkukunan, hindi sa mga pinagkakaloob ng Diyos (cf. I Timoteo 4:10; 5:5). Ang ilan sa pinakamatahas na salita ni Hesus ay nakatuon sa mayayaman (cf. Lucas 18:18-30).

- ▣ **“kundi sa Diyos”** May ilang pagkakaiba-iba.
1. sa Diyos –  $\aleph$ , F, G
  2. sa (ang) Diyos – MSS A, I, P
  3. sa Diyos na nabubuhay – MS D\*
  4. sa (ang) Diyos (ang) pamumuhay – MS D<sup>2</sup>

Ang UBS<sup>4</sup> nagbibigay ng pagpipilian #1 isang “A” na antas. Ang naglalarawang nagpapaliwanag ay hango mula sa 4:10.

**6:18 “na sila’y magsigawa”** Narito ang tatlong panuntunan ni Pablo para sa mga may makamundong ari-arian.

1. magpatuloy sa pag-gawa ng mabuti (cf. I Timoteo 5:10; 2 Timoteo 2:21; 3:17; Tito 3:1,8,14)
2. maging handa na magbahagi
3. maging mapagbigay (cf. 2 Corinthians 8-9)

**6:19** Ang talatang ito ay nagpapaalala sa isa sa Sermon ni Jesus sa Bundok, lalo na ang kabanata 6 (cf. Lucas 12:15). Gumagamit ito ng dalawang patalinghaga: (1) mag-impok ng totoong kayamanan sa (2) magtayo ng isang sigurado at matibay na pundasyon. Gawing pareho ang matalinong pag gamit ng kayamanan! Sa pamamagitan ng mga ito ang mga mananampalataya ay humahawak ng totoong buhay (i.e., buhay na walang hanggan, cf. I Timoteo 6:12).

<b>NASB</b>	<b>“buhay na tunay na buhay”</b>
<b>NKJV</b>	<b>“walang-hanggang buhay”</b>
<b>NRSV</b>	<b>“ang buhay na totoong buhay”</b>
<b>TEV</b>	<b>“ang buhay na tunay”</b>
<b>NJB</b>	<b>“ang tanging tulad ng totoo”</b>

Ang iba’t ibang mga pagsasalin ng Ingles ay nakapaloob sa pagpili ng

1. *ontōs* – MSS  $\aleph$ , A, D\*, F, G
2. *aiōniou* – MS D<sup>2</sup>
3. pareho – *minuscules* 69, 296, 467, at 1175 (ang mga taga sipi na ito ay dapat magkaroon ng mga manuskritong Griyego na may parehong mga pagpipilian))

Ang UBS<sup>4</sup> nagbibigay ng pagpipilian #1 na “A” na antas.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1 TIMOTEO 6:20-21

<sup>20</sup>Oh Timoteo, ingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo, na ilagan mo ang mga usapan na walang kabuluhan at ang mga pagsalungat ng maling tawag na kaalaman; <sup>21</sup>Na palibhasa’y pinaniwalaan ng ilan ay nangasinsay tungkol sa pananampalataya. Ang biyaya ay sumainyo nawa.

**6:20-21** Ang mga patapos na talata (maaari ding 1 Timoteo 6:17-19) maaaring mga kamay mismo ni Pablo ang sumulat upang mapatunayan ang liham (cf. 2 taga-Thesalonica 3:17-18).

**6:20 “ingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo”** Ang pandiwa ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ang terminong “ipinagkatiwala” ay may kaugnayan sa salita ng bangko na “lagak,” na tatlong beses ginamit sa mga Liham Pastoral para “ang ebanghelyo” (cf. 1 Timoteo 1:11, tingnan ang buong talata sa 1 Timoteo 1:18) o ang katawan ng katotohanan ng kristianismo (cf. Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; taga-Galacia 1:23; 3:23; 6:10; taga-Filipos 1:27; Hudus 1:3,20). Ang mga mananampalataya ay mga katiwala ng ebanghelyo (cf. 1 taga-Corinto 4:12; 2 Timoteo 1:12,14).

▣ **“ilagan mo ang mga usapan na walang kabuluhan at ang mga pagsalungat ng maling tawag na kaalaman”** “Lumayo” ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG KATAGA ginamit bilang isang pautos. 1 Timoteo ay isang liham na pangunahin tungkol sa maling pananampalataya, hindi iglesiyang organisasyon. Ang mga panuntunan sa aklat ay direktang nauugnay sa mga suliraning sanhi ng mga bulaang mangangaral, hindi kinakailangang ito’y pangkalahatang panuntunan para sa lahat ng mga iglesiya sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar.

▣ **“kaalaman”** Ang mga bulaang mangangaral sa mga Liham Pastoral ay isang kumbinasyon ng mga “Hudyo na ligalista” at Griyegong nostiko (katulad ng mga nasa Colosas sa Efeso). “Kaalaman,” kadalasa’y lihim o natatanging hayag na kaalaman, ay ang inangkin ng mga gurong ito. Ang mga bulaang mangangaral na ito ang naghiwalay ng katotohanan sa buhay, katwiran mula sa pagpapakabanal, at naging lihim ang kaligtasan, tanging kaalaman na nakipaghiwalay sa kabanalan.

**6:21**

**NASB** “Na palibhasay pinaniwalaan ng ilan ay nangasinsay tungkol sa pananampalataya”  
**NKJV** “sa pagpapahayag nito, ang ilan ay nalihis patungkol sa kanilang pananampalataya”  
**NRSV** “sa pagpapahayag nito, ang ilan ay nawala sa pamantayan tungkol sa pananampalataya”  
**TEV** “para sa ilang nagsasabi na nagtataglay nito, bilang resulta ay pagkawala sa daan ng pananampalataya”  
**NJB** “sa pagpapatibay nito, ang ilan ay nakaligtaan ang layunin ng pananampalataya”

Ang parehong salitang ito ay ginagamit sa 1 Timoteo 1:6 upang ilarawan ang mga bulaang tagapagturo; Pansinin din ang 1 Timoteo 1:19; 4:1-2; 5:15; 6:10. Maraming matibay na babala sa aklat ito!

Tandaang ang Kristiyanismo ay (1) isang tatanggapin; (2) paniniwalaan ang doktrina; at (3) isang kaukulang pamumuhay! Kung ang alinman sa mga ito ay hindi bigyang diin o iwanan, kung gayun magaganap ang matinding suliranin (cf. Mateo 7:21-27).

▣ **“Ang biyaya ay sumainyo nawa”** Ang “inyo” ay pangmaramihan (MS D). Ipinapakita nito na ang liham, bagaman tinutukoy sa isang indibidwal (isahan “iyong” sa MSS  $\alpha$ , A, F, G), ay mabasa sa publiko. Pansinin na ipinanalangin ni Pablo para sa kanila ang biyaya at tunay na kaalaman ng Diyos (cf. 1 Timoteo 6:20)! Ang parehong pangmaraming wakas ay nasa lahat ng mga Liham Pastoral (cf. 2 Timoteo 4:22; Tito 3:15).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hindi inatake ng iglesiyang Kristiyano ang isyu ng pang-aalipin? (Ang iba pang mga sipi ni Pablo na biniyang pansin ang mga alipin ay 1 taga-Corinto 7:21-24; taga-Galacia 3:28; taga-Efeso 6:5-9; taga-Colosas 3:22-25; Filemon 1:16,17; Tito 2:9; 1 Pedro 2:18).
2. Ano ang sinasabi ng mga talata 1 at 2 tungkol sa ating makabagong panahon na ugnayan sa amo/empleyado?
3. Ano ang *heresy* o hidwang paniniwala?
4. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng isang bulaang mangangaral at pagkakaiba sa pagpapakahulugan?
5. Masama ba ang salapi?
6. Ilarawan hangga't makakaya mo ang teolohiya ng mga bulaang mangangaral.

# PANIMULA SA TITO

## I. Maikling Kaligiran

- A. Ang Tito ay bahagi ng kalipunan ng mga sulat ni Pablo na kilala bilang "Mga Liham Pastoral." Ito ay dahil sa ang 1 Timoteo, Tito, at 2 Timoteo ay tumatalakay sa mga pagpapaalala ni Pablo sa kaniyang mga kapwa manggagawa sa
1. kung paano pakikitunguhan ang mga bulaang guro
  2. kung paano magtatatag ng pamunuan sa mga lokal na iglesiya
  3. how to encourage godliness
- Ang tila pagkasunod-sunod ng ayos ng mga aklat na ito ay: 1 Timoteo at/o Tito pagkatapos, kinalaunan, 2 Timoteo. Ang Tito ay tumatalakay sa katulad na mga paksa sa 1 Timoteo. Ang Tito ay maaaring unang isinulat dahil ang panimula nito ay lubhang mahaba at may kinakasangkutan teolohiya, na lubhan katulad ng taga-Roma.
- B. Ang mga heograpihong pagkilos ni Pablo at ang mga kamanggagawanag ito ay hindi umaakma sa heograpihong pagkilos ni Pablo Mga Gawa. Samakatuwid, marami (kasama ako) ay ipinagpapalagay na ito ay katibayan na si Pablo ay pinalagay sa bilangguan at nanguna sa isang ikaapat na pang-misyong paglalakbay.
- C. Ang mga petsa para sa ikaapat na pang-misyong paglalakbay ay maaaring sa isang panahon sa pagitan ng maagang A.D. 60 hanggang A.D. 68 dahil si Pablo ay napugutan sa ilalim ni Nero at pinatay ni Nero ang kaniyang sarilili noong A.D. 68 (marami ang nagpapalagay sa pag-uusig ng A.D. 65).

## II. Si Tito, ang Tao

- A. Si Tito ang isa sa mga pinagkakatiwalaang kamanggagawa ni Pablo. Ito ay pinapatunayan ng katotohanan na ipinadala siya ni Pablo sa mga ligalig na iglesiya ng Corinto at Creta.
- B. Siya na isang lubusang Hentil (si Timoteo ay kalahating-Griyego laman), ay nagbalik-loob sa ilalim ng pangangaral ni Pablo. Tinanggihan ni Pablo na tuliin siya (cf. taga-Galacia 2:3).
- C. Siya ay madalas na banggitin sa mga sulat ni Pablo (cf. 2 taga-Corinto 2:13; 7:6-15; 8:6-24; 12:18; taga-Galacia 2:1-3; 2 Timoteo 4:10) at iyon ay nakakagulat na hindi siya nabanggit ni Lucas sa Mga Gawa. Ang ilang mga komentarista ay nagpapalagay na
1. siya maaaring isang kamag-anak ni Lucas (maaaring isang kapatid na lalaki) at ang isama ang kaniyang pangalan ay maaring makita bilang isang di-nararapat na pangkulturang pagkilos sa bahagi ni Lucas
  2. Si Tito ay ang pangunahing sanggunian ng impormasyon ni Lucas tungkol sa buhay at ministeryo ni Pablo, at, samakatuwid, tulad ni Lucas, ay hindi dapat pangalanan
- D. Sinamahan niya sila Pablo at Bernabe sa lahat ng mahahalagang Konseho sa Herusalem, na nakatala sa Mga Gawa 15, kung saan ang isyu ng kaugnayan ng mga bagong Hentil na mananampalataya sa Kautusan ni Moises ay pinagtalunan at pinagpasiyahan.
- E. Ang aklat na ito ay tumutuon sa payong pinagkaloob ni Pablo kay Tito tungkol sa kaniyan ministeryo sa Creta. Si Tito ay gumaganap bilang opisyal na kinatawan ni Pablo.
- F. Ang huling impormasyon sa NT tungkol kay Tito ay isinugo siya upang maglingkod sa Dalmatia (cf. 2 Timoteo 4:10).

## III. Ang Mga Bulaang Guro

- A. Mayroong maliwanag na isang pangkat ng mga bulaang guro sa Creta sumasalungat sa ebanghelyo ni Pablo.

- B. Ang kanilang mga teolohikong pagtuturo ay magdudulot ng pagtutunggali sa maka-Diyos na pamumuhay na inaasahan sa lahat ng nananampalataya.
1. mga sanggunian sa maka-Diyos na pamumuhay: Tito 1:1,16; 2:7,14; 3:1,8,14
  2. mga buod na mga katangian ng pag-uugali: Tito 2:11-14; 3:4-7
- C. Mayroong isang maliwanag na pang-Hudyong sangkap sa bulaang pagtuturong ito (cf. Tito 1:10,14; 3:8-9). Ang mga hidwang pananampalatayang ito ay isang pagsasama ng pang-Hudyong legalismo at Griyegong mapaghakang kaisipan (Nostisismo, tingnan ang Natatanging Paksa sa Tito 1:1). Sila ay katulad sa mga bulaang guro na ipinapahayag sa 1 Timoteo, taga-Colosas, at taga-Efeso. Ang pagtuon ng Mga Liham Pastoral ay sa hidwang pananampalatay, at hindi lamang sa pagsasaayos ng iglesia.

### **UNANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Samakatuwid, basahin ang biblikal na aklat sa isang upuan. Ipahayag ang sentrong paksa ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Paksa ng buong aklat
2. Uri ng panitikan (dyanra)

### **IKALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Samakatuwid, basahin ang biblikal na aklat ng ikalawang beses sa isang upuan. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit
2. Paksa ng ikalawang pampanitikang yunit
3. Paksa ng ikatlong pampanitikang yunit
4. Paksa ng ikaapat na pampanitikang yunit
5. Atbp.



# TITO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Pagpupugay	Pagbati	Pagpupugay	Pambungad na mga Pagbati	Pananalita
1:1-4	1:1-3 1:4a 1:4b	1:1-3 1:4a 1:4b	1:1-3 1:4a 1:4b	1:1-4
Gawain ni Tito sa Creta	Mga Karapat-dapat na Matanda	Pangangasiwa	Gawain ni Tito sa Creta	Ang Pagtatalaga ng mga Matanda
1:5-9	1:5-9 Ang Mga Tungkulin ng mga Matatanda	1:5-9	1:5-9	1:5-9 Pagtutol sa mga Bulaang Guro
1:10-12a 1:12b-16	1:10-16	1:10-16	1:10-16	1:10-14 1:15-16

\*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagkakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa mga sumusunod na dokumento: Mga Maikling Kahulugan ng Mga Griyegong Pang-Gramatikong Salita, Tekstwal na Kritisismo at Talahuluganan.

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

##### TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 1:1-3

<sup>1</sup>Si Pablo, na alipin ng Diyos, at apostol ni Hesukristo, ayon sa pananampalataya ng mga hinirang ng Diyos, at sa pagkaalam ng katotohanan na ayon sa kabanalan, <sup>2</sup>Sa pagasa sa buhay na walang hanggan, na ipinangako ng Diyos na di makapagsisinungaling buhat pa ng mga panahong walang hanggan;

<sup>3</sup>Ngunit sa kaniyang mga panahon ay ipinahayag ang kaniyang salita sa pangangaral, na sa akin ay ipinagkatiwala ayon sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas;

**1:1 “Si Pablo”** Karamihan ng mga Hudyo sa panahon ni Pablo ay may dalawang dalawang unang pangalan, isang pang-Hudyo, isang Romano (cf. Mga Gawa 13:9). Ang pang-Hudyong pangalan ni Pablo ay Saul. Siya, tulad ng sinaunang Hari ng Israel, ay nasa angkan ni Benjamin (cf. taga-Roma 11:1; taga-Filipos 3:5). Ang kaniyang Romanong pangalan sa Griyegong anyo, Pablo (*Paulos*), ay nangangahulugang “munti.” Ito ay tumutukoy sa

1. kaniyang pisikal na anyo na binanggit sa isang ikalawang siglong di-kanonikong aklat, *The Acts of Paul*, sa isang kabanata tungkol sa Thessalonica na tinawag na “Pablo at Thekla”
2. kaniyang personal kaunawaang na maging pinakamababa sa mga binanal dahil, sa orihinal, inusig niya ang Iglesiya (cf. 1 taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; 1 Timoteo 1:15)
3. pangalan lamang na binigay ng kaniyang mga magulang sa pagsilang

Ang opsyon #3 ay tila pinakamainam.

▣ **“isang alipin ng Diyos”** Ito ay isang panggalang na titulo na ginamit sa mga pinuno ng Lumang Tipan (cf. Deuteronomio 34:5; Josue 1:1-2; 14:7; 24:29; 2 Samuel 7:5,8; 2 Mga Hari 10:10; Mga Awit 89:3; 105:42; Isaias 20:3; Daniel 6:20; 9:11). Kadalasang ginagamit ni Pablo ang pariralang “lingkod ni Kristo” (cf. taga-Roma 1:1; taga-Galacia 1:10; taga-Filipos 1:1). Gayunman, dito, siya ay “isang alipin ng Diyos.” Ito ay maaaring natuturo sa katotohanan na ang mga bulaang guro, sa anumang paraan, ay kaugnay sa Judaismo.

1. Ang Diyos ay binanggit ng limang beses sa pagbubukas ng liham na ito (cf. Tito 1:1-4).
2. Maaari nitong ipaliwanag kung bakit ang titulong “Tagapagligtas” ay na ginamit nang tatlong beses para sa Diyos Ama, gayundin naman, tatlong beses para kay Hesus.
3. Iyon ay maliwanag mula sa 2 Timoteo 1:10,14; 3:8-9 na mayroong isang pang-Hudyong sangkap sa pagtatalo sa Creta.

▣ **“isang apostol”** Ito sa literal ay “isang isinugo,” na may implikasyon sa loob ng rabinikong Judaismo ng isang itinalaga na may opisyal na awtoridad. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:1. Iyon ay katulad sa ating konsepto ng embahador (cf. 2 taga-Corinto 5:20). Ito rin ang paraan ni Pablo sa pagpapahayag at pagpapatibay ng kaniyang awtoridad kay Kristo, gaya ng naunang titulong “Lingkod ng Diyos.” Pinahag niya ang kaniyang mga katibayan upang palakas si Tito. Ang liham na ito ay binasa sa buong iglesiya bilang pangmaramihan ng 1 Timoteo 6:21; 2 Timoteo 4:22; at Tito 3:15 na maliwanag na nakikita.

▣ **“ayon sa pananampalataya”** Ang pangngalan ay walang tiyak na pantukoy; samakatuwid, iyon ay tumutukoy sa

1. personal na pagtitiwala ng isang tao kay Kristo
2. matapat na pamumuhay (kaunawan sa OT)
3. ang kalipunan ng Kristiyanong doktrina (cf. Mga Gawa 6:7; 18:8; 14:22; taga-Galacia 1:23; 3:23; 6:10; taga-Filipos 1:27; Judas 3,20)

Ang misyon ni Pablo ay alinman sa

1. pagpapalakas ng pananampalataya nila na ligtas na
2. dalhin silang pinili mula sa walang-hanggan sa personal na pananampalataya (“pagtawag sa tinawag”)

Kapwa ay kinakailangan, ngunit kung ano ang binibigyang-diin dito ay di-tiyak.

Si Pablo ay gumagamit ng *kata* nang maraming beses sa pambungad na kabanata.

1. sang-ayon sa pananampalataya, Tito 1:1
2. sang-ayon sa kabanalan, Tito 1:1
3. sang-ayon sa kautusan, Tito 1:3
4. sang-ayon sa karaniwang pananampalataya, Tito 1:4
5. sang-ayon sa tinakda, Tito 1:5 (tambalang salita)
6. sang-ayon sa pagtuturo, Tito 1:9

Maliwanag dito ay isang pamantayan ng katotohanan at pag-uugali (cf. Tito 3:5,7).

▣ **“ng mga hinirang ng Diyos”** Ito sa literal ay “sang-ayon sa pananampalataya ng mga pinili.” Sa OT, ang pagpili o eleksyon ay ginamit sa paglilingkod sa Diyos, habang sa NT, iyon ay ginamit sa kaligtasan ng Diyos (cf. taga-Roma 8:29-30; 9:1ff; taga-Efeso 1:4-11; 2 Timoteo 1:9). Ang kaunawaan ng pagpili ay inihayag nang mainam sa Mga Gawa 13:48. Ang iglesiya ay ang pinili ng Diyos (cf. taga-Roma 8:32; taga-Colosas 3:12; 2 Timoteo 2:10). Ang iglesiya ay hindi isang bagong nilalang, ngunit isang pagpapatuloy ng bayan ng Diyos sa OT. Tingnan ang ang Natatanging Paksa sa Eleksyon (Predestinasyon) sa 1 Timoteo 6:12.

▣ **“sa pagkaalam”** Ito ay ang Griyegong tambalan na terminong *epiginōskō*, na nagpapahiwatig ng isang buong pangkaranasang kaalamn. Ito ay isang wikain ng tunay na pagbabagong-loob (cf. Juan 8:32; 1 Timoteo 4:3; 2 Timoteo 2:25; 1 Juan 2:21; 3 Juan 1). Ito ay may kaibahan sa mga bulaang guro na pagbibigay-diin ay sa isang lihim na kaalaman na walang kaugnayan sa isang banal na buhay. Ang parehong parirala ay ginamit sa 1 Timoteo 2:4, ngunit may isang pagbibigay-diin sa kalooban ng Diyos para sa lahat ng tao!

**NATATANGING PAKSA: NOSTISISMO (mula sa Griyegong salita na *gnosis*, na nangangahulungang “kaalaman,” cf. 1 Timoteo 6:20) (GNOSTICISM (from Greek Word *gnosis*, na means “knowledge,” cf. I Tim. 6:20))**

I. Ang kalagayan ng unang siglo

Ang Romanong mundo ng unang siglo ay ang panaho ng eklektisismo sa pagitan ng Silangan at Kanlurang relihiyon. Ang mga diyos ng Griyego at Romanong mga pantheon ay masama ang pagkilala. Ang mga relihiyon ng hiwaga ay napakasikat dahil sa kanilang pagbibigay-diin sa personal na pakikipag-ugnayan sa diyos at lihim na kaalaman. Ang sekular ng Griyegong pilosopiya ay sikat at sumasanib sa ibang mga pananaw-mundo. Sa mundong ito ng eklektikong relihiyon ay nagmula ang pagtatangi ng Kristiyanong pananampalataya (si Hesus ang tanging daan sa Diyos, cf. Juan 14:6). Kung anuman ang tiyak na kaligiran ng kamalian, ito ay isang pagtatangka na pasubalian ang pagtatangi ng Kristiyanismo (i.e., Juan 14:6; 1 John 5:12) at katanggap-tanggap sa kaalaman sa isang mas malawak na Griyego-Romanong mambabasa. Ito ay maaaring ang Nostikong kaisipan ay nagsimula sa maliit na sektang pang-Hudyong (i.e., isang halimbawa: sektang DSS). Ito ang maaaring magpaliwanag ng pang-Hudyong sangkap ng mga aklat ng NT sa Nostisismo.

II. Ilan sa mga pangunahing simulain ng kamalian sa pamamagitan ng panloob na katibayan mula sa 1 Juan.

- A. isang pagtatangi sa pagkakatawang-tao ni Hesukristo
- B. isang pagtatangi sa pagiging-sentro ni Hesukristo sa kaligtasan
- C. kakulangan ng isang nararapt ng Kristiyanong pamumuhay
- D. isang pagdidin sa kaalaman (kasalasang lihim)
- E. isang pagkahilig sa pagiging natatangi at elitismo

III. Panimulang Nostisismo ng unang siglo

- A. Ang mga saligang katuruan ng Panimulang Nostisismo ng unang siglo ay tila sa pagbibigay-diin sa ontolohikong (walang-hanggan) na dualismo sa pagitan ng espiritu at bagay. Ang Espiritu (mataas na diyos) ay pinagpapalgay na mabuti, habang ang bagay ay likas na masama. Ang dalawang bahagi ay binubuo ng
  1. uliran laban sa pisikal na platonismo
  2. makalangit laban sa makamundo
  3. di-nakikita laban sa nakikita  
Mayroon ding pagbibigay-diin sa kahalagahan ng lihim na kaalaman (mga password o lihim na kodigo na nagpapahintuloy sa isang kaluluwa na pumasok sa pamamagitan ng mga maka-anghel na kabilugan [*aeons*] patungo sa mataas na diyos) na kinakailangan para sa kaligtasan.
  4. maaaring isang impluwensiya mula sa Zoroastrianismo
- B. Mayroon dalawang anyo ng Pasimulang Nostisismo na tila maaaring kaligiran ng 1 Juan
  1. Dostetikong Nostisismo, na itinatangi ang tunay na pagkatao ni Hesus dahil ang bagay ay masama
  2. Cerinthianong Nostisismo, na kinikilala ang Kristo sa isa sa maraming aeons o mga maka-anghel na antas sa pagitan ng mabuting mataas ng diyos at masamang bagay. Ang “Kristiong Espiritu” ay nananahan sa taong Hesus sa kaniyang bautismo at iniwan siya bago ang pagpapapako sa krus.
  3. sa dalawang pangkat na ito, ang ilan sa tila gumagawa ng asetisismo (kung ninanais ito ng katawan, ito ay masama), ang ibang antinomianismo (kung ninanais ng katawan)
- C. Walang naisulat na katibayan ng isang maunlad na sistema ng Nostisismo noong unang siglo. Ito ay lumitaw noong gitnang bahagi ng ikalawang siglo na makikita ang naisulat na katibayan (tingnan ang Nag Hammadi Texts). Para sa mas higit na impormasyon sa “Nostisismo,” tingnan ang
  1. *The Gnostic Religion* ni Hans Jonas, inilimbang ng Beacon Press
  2. *The Gnostic Gospels* ni Elaine Pagels, na inilimbang ng Random House
  3. *The Nag Hammadi Gnostic Texts and the Bible* ni Andrew Helmbold

#### IV. Ang Maling Pananampalataya Ngayon

- A. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag sinusubukan nang taong paghaluin ang Kristiyanong katotohanan kasama ng ibang sistema ng kaisipan.
- B. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao ay nagbibigay-diin sa “tamang” doktrina na naghihiwalay ng personal na pakikipag-ugnayan at pamumuhay na pananampalataya.
- C. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao pumipihit sa Kristiyanismo bilang isang natatanging pangkaisipang elitismo.
- D. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga relihilyosong tao ay bumabaling sa asetisismo o antinomyanismo bilang pinakamahusay na paraan upang maghanap ng pagkiling sa Diyos.

▣ **“ng katotohanan na ayon sa kabanalan”** Ito ay isang malakas na pagkakaiba sa pagkanatangi ng mga bulaang guro. Binigyang-diin nila ang kaalaman bilang tinataglay ng isang elitistang pangkat. Ang katotohanan ay kailangang kaugnay sa pang-araw-araw na buhay (cf. 1 Timoteo 2:2). Ang pagka maka-Diyos o kabanalan (*eusebeia*) ay isang karaniwang paksa sa mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 2:2; 3:16; 4:7,8; 6:3,5,6,11; 2 Timoteo 3:5; Tito 1:1; isang tambalang anyo, *theosebeia*, sa 1 Timoteo 2:10; at ang PANG-URI, *eusebōs* sa 2 Timoteo 3:10; Tito 2:12). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:7.

Ito ay maliwanag na nagpapakilala sa mga kamalian ng mga bulaang guro. Ang mga mananampalataya ay hindi lamang tinawag sa langit kapag sila ay namatay, ngunit sa pagiging katulad ni Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3). Ang layunin ng ebanghelyo ay hindi natatapos hanggang ang lahat ay makilala ang Tagapagligtas at lahat ay magpakilala ng Kaniyang katangian. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katotohanan sa mga Sulat ni Pablo sa 1 Timoteo 2:4.

**1:2 “a pagasa sa buhay na walang hanggan”** Ang PANG-UKOL na *epi* ay nagpapahiwatig ng “pagpapahinga sa.” Ang RSV at TEV ay mayroong “nakabatay sa.” Mayroong kalabuan sa terminong “pag-asa” patungkol sa kalubusan ng Walang-hanggang plano ng Diyos sa Katubusan.

Ang walang-hanggan buhay sa mga sulat ni Pablo ay palaging ang buhay ng bagong panahon, eskatolohikong buhay (cf. taga-Roma 2:7; 6:22,23; taga-Galacia 6:8; 1 Timoteo 1:16; Tito 1:2; 3:7). Sa mga sulat ni Juan, iyon ay tumutukoy sa isang kasalukuyang katotohanan batay sa pagtitiwala kay Kristo bilang Tagapagligtas (cf. Juan 3:15; 10:28; 12:25; 17:2-3; 1 Juan 1:2; 2:25; 3:15; 5:11,13,20). Kapwa ay totoo. Ang bagong panahon ay napasinayanan na sa unang pagdating ni Hesus. Ang mga mananampalataya ay bahagi na ng bagong panahon na ito. Ang bagong panahon ay malulubos sa Ikalawang Pagdating.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggan sa 1 Timoteo 6:8.

#### **NATATANGING PAKSA: PAG-ASA (*elpis*, kay Pablo) (HOPE (*elpis*, in Paul))**

Si Pablo ay madalas gumamit ng salitang ito sa marami magkakaibang ngunit magkakaugnay na diwa. Kadalasan ito ay inuugnay sa kaganapan ng pananampalataya ng mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maipapahayag bilang kaluwalhatian, walang hanggang buhay, hantungang kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kaganapan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang inuugnay sa “pananampalataya” at “pag-ibig” (cf. I taga-Corinto 13:13; I taga-Thesalonica 1:3; II taga-Thesalonica 2:16). Isang di-buong tala ng ilang mga paggamit ni Pablo ay:

1. Ang Pangalawang Pagbabalik (pagdating), taga-Galacia 5:5; taga-Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, taga-Colosas 1:22-23; I taga-Thesalonica 2:19
4. Ang pag-asa ay natataan sa langit, taga-Colosas 1:5
5. Pagtitiwala sa ebanghelyo, taga-Colosas 1:23; I taga-Thesalonica 2:19
6. Hantungang kaligtasan, taga-Colosas 1:5; I taga-Thesalonica 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II taga-Corinto 3:12; taga-Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil kay Kristo, taga-Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I taga-Thesalonica 5:8
10. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7

11. Mga bunga ng Kristiyanong paglago, taga-Roma 5:2-5
12. Katubusan sa lahat ng linikha, taga-Roma 8:20-22
13. Kapuspusan ng pagkukupkop, taga-Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, taga-Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo sa mga mananampalataya, II taga-Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga mananampalataya sa NT, taga-Roma 15:4

▣ **“Diyos, na di makapagsisinungaling”** Ang ating pananampalataya ay nakabatay sa katapatan at pagka mapagkakatiwalaan ng Diyos tungkol sa Kaniyang mga pangako (cf. Bilang 23:19; 1 Samuel 15:29; taga-Roma 3:4; 2 Timoteo 2:13; Hebreo 6:18). Ang ating pag-asa ay nakabatay sa di-nagbabagong katangian ng Diyos (cf. Mga Awit 102:27; Malakias 3:6; Hebreo 13:8; Santiago 1:17).

▣ **“buhat pa ng mga panahong walang hanggan”** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG NA MAY PAHIWATIG. Ang PANGGITNANG TINIG ay nagbibigay-diin sa paksa paksa, ang Diyos (cf. taga-Roma 4:21; 2 Timoteo 1:9). Ang pariralang “panahong walang-hanggan” sa literal ay “bago ang panahong walang-hanggan” (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 4:10). Ito ay maaaring tumuko sa pangkatubusang pangako at pagtutustos ng Diyos sa linikha (cf. Mateo 25:34; Juan 17:24; taga-Efeso 1:4; 1 Pedro 1:19-20; Pahayag 13:8).

## **NATATANGING PAKSA: ANG KAPANAHUNAN AT PAGKAAYOS NG MUNDO (THE AGE AND FORMATION OF THE EARTH)**

- I. Ang bahaging ito ng pag-aaral ay may pagkiling dahil sa mga palagay na kailangang magawa upang kahit na paano ay mahanap ang makatuwirang pag-iisip tungkol sa paksa. Ang mga pagpapalagay ay kailangang maging pagtuon ng isang pagsusuri ng mga nagkakaibang pananaw na pinahayag ng mga kosmologo, heologo at mga kaugnay na agham na inihahambing sa teolohikong pagkaunawa at mga pagpapaliwanag. Tingnan si John H. Walton, *Genesis One as Ancient Cosmology*.
- II. Para sa agham, ang tila mga pagpapalagay ay
  - A. ang mga tulin ng pagbabago (i.e., pisikal, kemikal, at biyolohikal) na naitala at nasukat sa mundo ngayon ay di-nagbabago sa nakalipas (i.e., *uniformitarianism*, “ang kasalukuyan ay ang susi sa nakalipas”)
  - B. and radyometrikong paglalagay ng pesta (tinatawag na tiyak na paglalagay ng petsa), na ang pagkakasunod-sunod na susi sa paglalagay ng petsa sa mundo at mga pangyayari sa kalawakan, ay nalito ng maraming mga pagpapalagay:
    1. ang orihinal na kayarian ng mga bato (i.e., kaugnayan ng pinagmulan at bungang mga elemento ng mga pabago-bagong atomikong elemento)
    2. ang tiyak na hating-buhay ng mga elementong ito
    3. ang temperatura ay nakakaapekto sa mga pinagmulan at bunga na mga bahagdan sa isang pagpipilian (i.e., oras ng pagkabuo at/o mga kapulungan ng magma ng bulkan)
    4. ang orihinal na pinanggalingan at oras ng paglikha ng mga radyaktibong elemento ay di-tiyak; ang mga kasalukuyang teoriya ay naghahayag na ang mga mas mabigat na elemento ay nilikha sa pamamagitan ng mga *thermonuclear reaction* sa mga bituin at mga *supernova*
  - C. na ang anim ay nagpapalagay ng sunod-sunod na mga prinsipyo ng heolohiya (tinatawag na kaugnay na paglalagay ng petsa) ay nakakaapekto sa paleontolohiya:
    1. ang batas ng superposisyon – sa hindi ginambalang pagkakasunod-sunod ng sedimentrayong mga bato, ang hanay ng patong patong sa itaas ay mas bata at ang bembe na patong patong sa ibaba ay mas matanda
    2. ang prinsipyo ng orihinal pagkakahalang – patong ng mga rudimentaryang bato ay naimbak sa isang halos pahalang na talampas
    3. ang prinsipyo ng krus-na pagputol na relasyon- kapag ang mba bato ay naputol o nawala sa ayos dahil sa pagkabiya, sila ay dapat na mas matanda kaysa sa pagkabiya
    4. ang prinsipyo ng paglalakip – ang mga masa ng bato na katabi ng bawat isa, ang isa ay madalas na may mga piraso ng mas mababa na nakalagay sa ibabaw na patong na nagkokompirma ng palagay

bilang #1

5. ang prinsipyo ng pagkakalapit – ang mga bato ng magkaparehong katangian ngunit mula sa magkaibang mga lugar ay dapat na pareho, kapag ito ay hindi maisagawa magkagayon ang magkaparehong mga fossils ang ginamit upang ipakita ang magkaparehong mga petsa ng pagbuo
6. ang prinsipyo ng pagkakasunod-sunod ng posil – ang mga organismo ng posil ay sumusunod sa bawat-isa sa isang tiyak at nalalamang pagkakasunod-sunod:
  - a. kalat na kalat na mga posil
  - b. limitado sa isang maikling heolohikong panahon

### III. Ilang mga komento ng mga siyentipiko

- A. Karamihan ng mga siyentipiko ay napagtanto na nag tunay na agham ay isang pag-aaral na kaparaanan na naghahangad na mailapit ang lahat ng nalalamang mga katotohanan at anomalya tungo sa isang masusulit na teorya. Ilang mga bagay sa pamamagitan ng kanilang pinakakatangian ay hindi masusuri.
- B. Ilang mga komento mula sa mga siyentipiko patungkol sa mga siyentipikong palagay sa lugar na ito
  1. “Ang doktrina (i.e. unipormitarianismo) ay hindi dapat kunin ng napakaliteral. Ang sabihin na ang heolohikal na mga proseso sa nakalipas ay pareho na gaya ng nangyari sa ngayon ay hindi pagmumungkahi na sila ay laging mayroong magkaparehong magkaugnay na kahalagahan at gumagalaw sa tumpak na magkaparehong tulin” (Tarbuck at Lutgens, *Earth Science*, 6<sup>th</sup> ed. p. 262).
  2. “Napakahalagang maunawaan na ang tumpak na tumpak na radyometrikong pagbibigay edad ay makakamit lamang kung ang mineral ay nananatiling sa isang saradong sistema panahon ng periyod ng pagbuo nito; yan ay, isang wastong petsa ay hindi posible maliban na wala alinmang pagdaragdag o pagkawala ng magulang o anak na mga isotopes” (*Earth Science*, 6<sup>th</sup> ed. p. 276).
  3. “Tayo ay madaling nagbibigay diin na ang unipormidad na ito ay isang pagpapalagay na ginagawa natin patungkol sa kalikasan, gaya rin sa isang doktrina sa halip na sa isang lohikal na napatunayang batas” (Dott at Balten, *Evolution of the Earth*, 4<sup>th</sup> ed. p. 44).
  4. “Ang pagkabulok na mga konstant na kumikilalal sa radyoaktib na mga tulin, at namamahala sa relasyon sa pagitan ng isotopik na datos at ang kanilang karampatang radyo isotopik na mga edad ay di-eksaktong malalaman. Sa konsekuwensya, ang katumpakan ng ilang pinakawastong pagbibigay edad na mga paraan, gaya ng <sup>40</sup>Ar/<sup>39</sup>Ar kaparaanan, ay maaring sa pagkakasunod ng kalakhan o mas higit na masama kaysa sa kanila presisyon (“Progress and challenges in geochronology” ni Renne, Ludwig at Karner sa *Science Progress* (2000), 83 (1), 107).
  5. “Ang mga taong walang pagsasanay sa agham ay maaring hindi makaunawa sa anumang radyometrikong pagbibigay edad na kaparaanan na maari lamang mapagtiwalaan para sa mga sampol na may mga edad na malapit sa kalahating-buhay ng elementong tinatanong (Hugh Ross, *Reasons to Believe* newsletter).

### IV. Ang mga palagay ay hindi natatangi sa siyentipikong komunidad ngunit halatang umiiral din sa relihoyosong komunidad.

- A. Ang mga tao ay naakit sa nagkakaisang prinsipyo o modelo na nagpapalapit sa kanilang pandamang karanasan at nagtutustos ng emosyonal na katatagan. Sa agham ang nagpapapaisang prinsipyong ito ay naging “ebolusyon”
  1. Theodosius Dobzhansky, “Changing man,” *Science*, 155, 409-415, “Ebolusyon ay isang proseso na ang buhay ay nabuo mula sa walang buhay, na nagdala sa mga tao mula sa mga hayop, at maaring mahihinuhang magpapatuloy na gagawa ng kamangha-manghang bagay sa hinaharap.”
  2. Brian J. Alters and Sandra M. Alters, *Defining Evolution*, p. 104, “Ang Ebolusyon ay isang pangunahing konteksto ng lahat ng biolohikal na mga agham...ang ebolusyon ay ang nagpapaliwanag na balangkas, ang nagpapaisang teorya. Ito ay hindi mawawalang sa pag-aaral ng biology, gaya ng sa atomik na teorya ay di mawawala sa pag-aaral ng chemistry.”
- B. Para sa maraming mga konserbatibong mga Kristyano ang nagpapaisang teorya (i.e. interpretasyon) ay naging ang literal na interpretasyon ng Genesis 1-3. Ito ay totoo sa batang mundo na literalista (*Creation Research Society* ay nagpepetsa sa mundo na mahigit 10,000 taon) at ang matandang mundong literalista (*Reasons to Believe* ay nagpepetsa sa mundo ayon sa modernong heolohiya na 4.6 bilyong taon). Ang interpretasyon ng isa sa Kasulatan ay nagiging lente na kung saan ang lahat titingin at maghuhusga. Hindi maaring mahahanapan ng kamalian ang pansariling pagpapalagay, dahil sa ang

lahat na makataong kaalaman sa isang antas ay paunang-suposisiyonal. Gayunpaman, ang paghuhusga sa isang presuposisyon ay krusyal para sa isang nararapat na paghuhusga ng kanilang mga “katotohanan” mga pahayag.

- C. Ang pangunahing Kristyanismo ay sumusubok na bihisan ang kanyang sarili sa “siyentipikong” argumento kapag ang sentral na isyu ay ang hermenyutikal metodolohiya. Hindi ito pagpapahiwatig na ang “moderno ebolusyonyong agham” ay hindi pre-suposisiyonal o na ang konklusyon nito ay hindi nahubog ng prioring pananaw sa mundo. Dapat tayong mag-ingat at analitikal ng pareho. Mayroon waring ebidensya sa parehong panig. Dapat kong tanungin ang aking sarili sa kung anong pagtingin ako ay natural, emosyonal o edukasyonal na naaakit (i.e. sariling-pagtupad na palagay)?

I. Personal na pangwakas

- A. Dahil sa ako ay teologo, hindi siyentipiko, napakahalaga sa akin na basahin at intindihin ng higit sa aking makakaya mula sa modernong unipormitaryang agham. Hindi ako personal na naiinis ng “Ebolusyon” ngunit ng “naturalismo” (isang depinisiyong ginawang popular ni Carl Sagan ay, “ang daigdig ay ang lahat ng yaon, ang lahat na yaon ang magiging lahat ng yaon”). Aking napagtanto na ito ay pagkiling ngunit ang aking nagpapaisang teorya ay supernaturalismo at espesyal na paglikha ngunit hindi ko itinatangi o nakadadama ng pagbabanta ng ebolusyon. Ang aking pangunahing pananaw ay may mayroong personal na Diyos na nagpasimula at nagdedereka sa proseso para sa isang layunin! Para sa akin “intelihenteng disenyo” ang nagiging mas resonableng teorya (cf. M. J. Behe, *Darwin’s Black Box* at William A. Demski, ed. *Mere Creation: Science, Faith and Intelligent Design*). Ang “pagkawalang tiyak na layunin” ng Ebolusyon at ang “walang ahenteng” ng naturalismo ang nagdulot sa aking ng sakit at pagkalito. Ang proseso ayhalatang bahagi ng buhay. Dapat akong maging tiyak na hindi ko niyayakap ang anumang komportable ng walang paghuhusga. Sinubukan kong alamin ang aking mga palagay:
1. Genesis 1-3 (at para sa bagay na iyan, marami sa aklat ng Pahayag), ay hindi ninais sa pamamagitan ng orihinal na kinasihang may-akda na kunin ito ng literal. “Paano ang lahat ay nagsimula” at “paano ang lahat ng ito ay magwawakas” ay tinakluban (at dapat para sa makasalanang sangkatauhan) sa uri ng panatikan.
  2. Ebolusyon ay halata sa ilang mga antas (“pahalang na Ebolusyon,” “mikro-Ebolusyon,” Ebolusyon sa loob ng mga uri ng hayop) ngunit hindi lamang ang natatanging nagpapapisang sangkap para sa buhay sa planetang ito o maging paghuhubog ng sandaigdigan. Mayroong misteryo rito! Komportable ang pakiramdam ko sa Bibliya (i.e. epesyal na kapahayagan) na nagsasabi sa akin ng “Sino” at ang “bakit” at ang kalikasan (i.e. natural na kapahayagan), na ang, moderno siyentipikong pagsasaliksik, ang nagsasabi sa akin ng “paano” at ang “kailan” batay sa umuunlad na mga modelo at mga teoriya.
  3. Maging ang sukdulang realidad ng “theistic na Ebolusyon” ay hindi magdudulot sa akin na itakwil ang alinman sa aking mga pananampalatayang pala. Tignan Darrel R. Falk, *Coming to Peace with Science: Bridging the World’s Between Faith and Biology* at Francis S. Collins, *The Language of God*. Mayroon din akong mga pananampalatayang palagay (na gaya rin ninyo)! Ang aking pananaw sa mundo ay biblikal na Kristyanismo. Ang aking larawan ng mundo ay lumalaki at nagbabagong kaunawaan.
- B. Ang “tunay” na edad ng mundo ay hindi isang isyu sa aking teolohiya maliban sa:
1. Ang tila “Big Bang” na konsepto ng universal organisasyon ng bagay na nagsasaad ng isang pasimula sa sandaigdigan ay wari naglilimita sa mga posibilidad ng walang limitasyong oras para sa Ebolusyonyong paghubog (i.e. naturalismo).
  2. Ang pagsisimula at ang pagtigil sa mga talaan ng fossil ay maaring magpahiwatig ng “ginambalang balanse” na nagsasaad na ang ebolusyonyong pagkakataon ay lumitaw ng pabigla (posibleng nagpapatuloy na mga akto ng paglikha ng Diyos) at hindi kinakailangan lamang ng paunti-unitng pagbabago sa paglipas ng panahon.
  3. Ang matandang mundo at ang kasalukuyang espesyal na paglikha ng sangkatauhan ay isang pre-suposisiyonal na modelo. Pinili ko na yakapin hanggang sa aking maunawaanng higit mula sa aking pag-aaral ng Bibliya, arkeolohiya at modernong agham. Ang pagkakasunod ng mga ito ay nagpapakita ng aking pagkiling (ngunit lahat tayo ay meron nila)!
  4. Ang agham ay hindi isang kaaway sa akin, o isang tagapagligtas! Napakasayang mabuhay sa panahon na ito ng lumalagong kaalaman! Nakakaginbawa na maging isang maalam na

mananampalataya sa hermenyutik! Ang pagsasama ng pananampalataya at kaisipan, o ang Bibliya at agham, na may kredibilidad, ay isang kahanga-hangang posibilidad. Isang bagong aklat na nagbigay ng lakas at pag-asa sa aking sa paglalakbay na ito – John H. Walton, *The Lost World of Genesis One: Ancient Cosmology and the Origins Debate*.

II. Mga kasalukuyang pagpapalagay patungkol sa edad ng mundo

- A. Ang radyometrikong pagbibigay edad ng mga bato sa buwan at mga bulalakaw ay hindi nagbabago sa loob ng 4.6 bilyong mga taon. Sila ay naglalaman ng kaparehong mga elemento na gaya ng mga planeta sa solar system kaya ang interperensiya ay ang ating araw at ang mga kasamang mga planeta nito, mga kometa at mga asteroid ay nabuo sa panahon na ito. Ang pinakamatandang mga bato sa mundo ay nabigyan ng edad sa pamamagitan ng radyometriko ng mahigit 3.8 bilyong mga taon.
- B. Ang petsa para sa supernatural na paglikha ng unang pares ng (Homo sapiens) ay mas higit na mahirap na isyu ngunit ito ay nasa sampung libong grado na lawak, posibleng 40,000.

Ang panahon ay ang tanging isyu para sa ating mga nilikha sa kronolohikal na banghay ng oras. Ang Diyos ay hindi apektado ng paglipas ng oras. Ako ay naniniwala na ang mundo at ang kapaligiran nito ay nilikha sa paglipas ng panahon para sa partikular na layunin ng pagbibigay ng isang “lugar” para sa Diyos upang makisama sa Kanyang pinakamataas na nilikha, na nilalang Niya ayon sa Kanyang wangis. Ang tanging pinagkunan para sa mga paniniwalang ito ay ang kinasihang Bibliya. Ako ay kumakapit dito at pinahihintulutan ang modernong agham na magparami sa aking pag-uunawa ng mga pisikal na aspeto ng malikhaing aktibidad ng Diyos!

III. Ang mga aklat na nakatulong sa aking na maunawaan ang Genesis 1-11 ay:

- A. Derek Kidner, *Genesis, Tyndale OT Commentaries*, tomo 1
- B. mga aklat ni Hugh Ross
- C. mga aklat ni John H. Walton
- D. mga aklat ni Phillip E. Johnson
- E. mga aklat ni R. K. Harrison
- F. mga aklat ni Bernard Ramm

Ang mga may-akda ito ay naging sagot sa panalangin sa aking naghahanap na kaisipan. Ako ay nakatagpo ng kapayapaan sa kanilang mga kaalaman at *exegesis*. Kung ako ay pipili ng isang may-akda mula sa kanila, hindi ko ito magagawa. Kung ang mga panimula o kosmolohiya o Genesis ay kaakit-akit sa iyo, nagsasamo ako na basahin ang mga kapatid na ito!

1:3

NASB, NKJV,

NRSV “sa kaniyang mga panahon”

NJB “sa takdang panahon”

TEV “sa tamang panahon”

Ang pariralang ito ay PANGMARAMIHAN (i.e., “bago sa panahong walang-hanggan”) at maaaring magpakilala ng buong pangyayari kay Kristo, (cf. 1 Timoteo 2:6; 6:14-15; taga-Galacia 4:4). Ito ay maaaring tumukoy sa

1. ang pagka-malaganap ng Koine Griyegong wika
2. ang pampulitikong kapayapaan of Rome
3. ang pangrelihiyong expectation of ang world after ang loss of honor at belief in ang Homeric gods

▣ **“ipinahayag”** Ito ay nangangahulugang “maliwanag na dinala sa liwanag” o “maliwanag na naihayag.” Maliwanag na inihayag si Hesus ay sa mga Ebanghelyo at apostolikong pangangaral (cf. 2 Timoteo 1:10).

▣ **“ang kaniyang salita”** Ito ay maaaring tumukoy sa (1) ang ebanghelyo mensahe tungkol sa Kristo o (2) si Kristo mismo (cf. Juan 1:1; Pahayag 19:13).

▣ **“na sa akin ay ipinagkatiwala”** Si Pablo ay may malalim na pagkaunawa sa kaniyang pagkatiwala ng ebanghelyo (cf. 1 taga-Corinto 9:17; taga-Galacia 2:7; 1 taga-Thesalonica 2:4; 1 Timoteo 1:11) at gayundin ang pagkatiwala ng lahat ng mga mananampalataya (cf. 1 taga-Corinto 4:1-2 at 1 Pedro 4:10).

▣ **“Diyos na ating Tagapagligtas”** Ito ay isang karaniwang titulo para sa Diyos sa mga Liham Pastoral (cf. Tito



1:3; 2:10; 3:4). Tingnan ang buong tala sa 2 Timoteo 1:10. Gayunman, sa bawat konteksto, iyon din ay ginamit kay Hesus (cf. 1:4; 2:13; 3:6). Iyon ay isang titulo (gaya ng “Panginoon”) na inaangkin ng mga Romanong Cesar.

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 1:4**

**<sup>4</sup>Kay Tito na aking tunay na anak ayon sa pananampalataya ng lahat: Biyaya at kapayapaan nawang mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na Tagapagligtas natin.**

**1:4 “kay Tito”** Ang liham na ito ay pinadala kay Tito, ngunit iyon ay dapat na basahin sa madla sa lahat ng mga bahay iglesia (cf. ang pangmaramihan ng “ikaw” of Tito 3:15). Si Tito ay matapat ng Gentil na Apostolikong kinatawan ni Pablo. Iyon ay di-karaniwan na hindi siya pinangalanan sa Mga Gawa (tingnan ang Panimula II. C.).

▣ **“aking tunay na anak”** Si Pablo ay gumagamit ng parehong terminolohiya para kay Timoteo sa 1 Timoteo 1:2 at “aking anak” sa 2 Timoteo 1:2 kay Onesimus sa Filemon 1:10. Iyon ay isang pampamilyang talinghaga para sa mga nagbalik-loob at mga kaibigan ni Pablo.

▣ **“ayon sa pananampalataya ng lahat”** Ang “karaniwan” ay hindi ginamit dito na may kapahulugan na di-malinis gaya sa Mga Gawa 10:14 at 11:8, ngunit sa kapahulugan nito na pangkalahatan o karaniwan. Isang katulad parirala ay ginamit sa Judas 1:3. Iyon ay karaniwan sa kaunawaan na iyon na para sa lahat ng mga tao at maaari sa lahat ng mga tao. Ito ay maaaring maging isang tuwirang kabaliktaran sa elitismo at pagkanatangi ng mga bulaang guro.

▣ **“Biyaya at kapayapaan nawang mula sa Diyos Ama”** Ang dalawang terminong ito ay madala na anyo ng mga pambungad na panalangin ni Pablo. Iyon ay maaaring ang “biyaya” (*charis*) ay isang palatinigan sa “mga pagbati” (*charein*, cf. Santiago 1:1; Mga Gawa 15:23), ang katulad Griyegong salitang nabukas ng karamihan sa mga Griyegong liham. Kinuha ni Pablo ang karaniwang pangkulturang pagbubukas, *charein*, at binabago iyon sa natatanging Kristiyanong *charis*.

Ang terminong “kapayapaan” ay maaaring napapakilala ng karaniwang pang-Hudyong pagbati na “Shalom.” Kung gayon, pinagsasama ni Pablo ang kapwa Griyego at pang-Hudyong mga pagbati sa isang Kristiyanong pagbati.

Ang Textus Receptus (cf. KJV) at ang Griyegong mga kasulatang A, C<sup>2</sup>, at K, ay nagdaragdag ng “kahabagan” sa biyaya at kapayapaan. Ito ay maaaring isang mag-intindi mula sa 1 Timoteo 1:2 at 2 Timoteo 1:2. Ang mas maikling anyo ay matatagpuan sa mga kasulatang  $\kappa$ , C\*, D, F, G, at P gayundin sa Latin Vulgata. Ang UBS<sup>4</sup> ay nagbibigay sa mas maikling pagbasa na isang “A” na antas (tiyak).

Para sa “Ama” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:2.

▣ **“Kristo Hesus na Tagapagligtas natin”** Ang pariralang ito ay nauugnay sa Diyos Ama, si YHWH ng OT, at si Hesus ang Mesias sa pamamagitan ng paggamit ng terminong “Tagapagligtas” (cf. Tito 1:3-4; 2:10,13; 3:4,6). Iyon ay ginamit sa Diyos sa Tito 1:3 at kay Hesus sa Tito 1:4. Ang paggamit ng mga titulo ng Diyos sa OT na tumukoy kay Hesus ay isang karaniwang paraan para sa mga may-akda ng NT na ipahayag ang pagka-Diyos ni Hesus.

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 1:5-9**

**<sup>5</sup>Dahil dito’y iniwan kita sa Creta, upang husayin mo ang mga bagay na nagkukulang, at maghalal ng mga matanda sa bawa’t bayan, na gaya ng ipinagbilin ko sa iyo; <sup>6</sup>Kung ang sinoman ay walang kapintasan, asawa ng isang babae lamang, na may mga anak na nagsisisampalataya, na hindi maisusumbong sa pangliligalig o suwail. <sup>7</sup>Sapagkat dapat na ang obispo ay walang kapintasan, palibhasa siya’y katiwala ng Diyos; hindi mapagsariling kalooban, hindi magagalitin, hindi gumon sa alak, hindi palaaway, hindi masakim sa mahalay na kapakinabangan; <sup>8</sup>Kundi mapagpatuloy, maibigin sa mabuti, mahinahon ang pag-iisip, matuwid, banal, mapagpigil; <sup>9</sup>Na nananangan sa tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral ng magaling na aral, at papaniwalain ang nagsisisalangsang.**

**1:5 “Dahil dito’y”** Ang inatas kay Tito ay (1) magtakda ng kaayusan sa mga bagay na nagkukulang o naiwang hindi natapos, at (2) magtalaga ng mga matatanda (cf. Mga Gawa 14:23). Ang suliranin ay hindi upang ireporma ang isang nananatiling kayarian, na napatunayan na hindi sapat, ngunit upang magtatag ng isang kayarian. Dito, nakita natin ang iba’t-ibang uri ng kayarian sa pamumuno kaysa sa 1 Timoteo 3, na ipinahayag sa itinatag na

iglesiya sa Efeso. Pansinin na si Tito ay nagtatalaga, hindi isang boto ng kongregasyon. Pansining ang parirala “sa bawat bayan.” Tandaang kapwa sina Timoteo at Tito ay mga apostolikong kinatawan, hindi mga lokal na pastor o mga pangrelihiyong pinuno.

▣ **“Creta”** Ito ay ang orihinal na tahanan ng mga taga-Palestina at ang kulturang Minoa baga ang sa Griyego. Ang Mga Gawa 27:7-13 ay naghahayag na dinalaw ni Pablo ang pulobg ito sa kaniyang pagdaan sa Roma, ngunit iyon ay hindi nagtala ng kaniyang ipinangaral doon. Ito ang dahilan kung bakit maraming tagapagpaliwanag (kasama ang may-akdang ito) na naniniwala na ang mga Liham Pastoral na ito ay nagpapakita ng isang ikaapat na pang-misyong paglalakbay matapos na napalaya si Pablo mula sa pagkakabilanggo sa Roma noong unag bahagi ng ika-60.

▣ **“upang”** Ito ay isang *hina* (LAYUNING SUGNAY) na lubhang katangian ng mga liham ni Pablo (cf. Tito 1:9,13; 2:4,5,8,10, 12, 14; 3:7,8,13,14).

Ninain ni Pablo kay Tito na

1. magtakda (AORIST PANGGITNANG PASAKALI) ng kaayusa sa mga nananatili
2. magtalaga (AORIST TAHAS NA PASAKALI) ng mga matanda

▣ **“maghalal”** Ang pandiwang “magtalaga” ay nangangahulugang “iligay sa pamumuno ng.” Ang parehong pandiwa ay ginamit ng mga Apostol na “pagtatala sa pito sa Mga Gawa 6:3. Iyon ay isang pagtatalaga ng awtoridad.

Inutusan ni Pablo si Tito na magtalaga ng mga matatanda sa mga bagong iglesiyang ito gaya ng ginawa niya at ni Barnabas sa Mga Gawa 14:23. Hindi inutusan ni Pablo na gawin ni Timoteo ang katulad nito dahil ang mga bahay iglesiya sa Efeso ay isang naitatag nang gawain (cf. 1 Timoteo 3).

▣ **“mga matanda”** Ang terminong *presbuteroi* ay kasingkahulugan sa “mga tagapangasiwa” (cf. Tito 1:7) at “mga pastor” (cf. Mga Gawa 20:17,28; Tito 1:5,7). Ang terminong ito ay may isang pang-Hudyong kaligiran, habang ang “mga tagapangasiwa” ay may isang Griyegong lungsod-stado pampuliko-administratibong kaligiran. Pansining ang mga katangian sa 1 Timoteo 3:6 na sila ay hindi dapat bagong nagbalik-loob ay tinanggal. Ito nagpapahiwatig na ang mga ito ay mga bagong iglesiya na tinatatag. Tingnan ang Natatanging Paksa: Matatanda sa 1 Timoteo 5:1.

▣ **“a gaya ng ipinagbilin ko sa iyo”** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS. Si Tito ay gumaganap bilang apostolikong kinatawan ni Pablo.

**1:6 “kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Pinagpalagay ni Pablo dito na mayroong mga naging marapat na lalaki sa bawat lungsod.

**NASB** “ay walang kapintasan”

**NKJV, NRSV** “walang kapintasan”

**TEV** “walang kasiraan”

**NJB** “walang kapintasang katangian”

Ito ay ang susi sa lahat ng mga katangian, kapwa positibo at negatibo, sa kapwa 1 Timoteo at Tito (cf. Tito 1:6,7; 1 Timoteo 3:2,7,10; 5:7; 6:14). Ito ay hindi ang tiyak na Griyegong terminong matatagpuan sa 1 Timoteo 3, ngunit isang kasingkahulugan na tiyak na ginamit sa parehong paraan. Ang ministro ay kailangang maging isang mabuting saksi sa kanila na nasa loob ng nananampalatayang komunidad at sa mga di-mananampalataya sa komunidad (cf. Tito 2:5,8,10; Mga Gawa 2:47; 4:4,31; 5:13,42). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:2.

Ang mga katangiang ito ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng dalawang layunin: (1) ang mga pinuno ay kailangang maging katanggap-tanggap sa mga mananampalataya at mga di-mananampalataya; ang pag-e-ebanghelyo ay ang sukdulang layunin at (2) ang mga pinuno kailangang maging makikitang kaibahan mula sa mga bulaang guro. Iyon ay mahirap malaman kung paanong tiyak na maiaangkop ang mga katangiang ito sa iba’t-ibang kultura sa mga yugto ng panahon. Ang mga mananampalataya ay kailangang magbantay laban sa mga alituntuning may pasubali sa kasaysayan, ngunit bukas sa mga pinagkaloo na prinsipyo ng Diyos. Ang aking karanasan sa mga makabagong kanluraning iglesiya ay:

1. kanilang ginawang patunay-teksto ang isa o higit sa mga katangiang ito, ngunit binaliwala o pinababa ang iba

2. kanilang dinagdag ang mga pamantayang ito at inangkin ang mga biblikal na awtoridad para sa mga karagdagang ito
3. kanilang ipinaliwanag ang mga kautusang ito sa liwanag ng ating panahon sa halip na sa isa unang siglong kultura, na sinira ng mga bulaang guro
4. kanilang kinukuha ang mga malalabong parirala at ginagawa silang mga dogmatkong kautusan na pangkalahatang inaangkop

Sumanggunit sa aking mas kompletong pagtalakay sa 1 Timoteo 3, [www.freebiblecommentary.org](http://www.freebiblecommentary.org).

▣ **“asawa ng isang babae lamang”** Ang parirala ito ay nagdudulot ng maraming pagtalakay. Iyon ay maliwanag na iyon ay isa ring mahalagang isyu sa iglesia sa Efeso (cf. 1 Timoteo 3:1,12; 5:7). Ito ay maaaring tumukoy sa

1. poligamya o pag-aasawa ng higit sa isa
2. muling pagpapakasal matapos ang diborsyo
3. pangalawang pagpapakasal matapos ang kamatayan ng isang asawa
4. isang tao na matapat at maasikaso sa kaniyang asawang babae at pamilya

Ang sinaunang iglesia ay naglalagay ng isang mataas na halaga sa mga pampamilyang ugnayan, at anumang suliranin sa bahaging ito ay nagpapawalang-saysay sa sinuman mula sa posisyon ng pamumuno sa iglesia.

1. Ang una ay hindi isang suliranin sa Emperyong Romano ngunit maaaring naging isang suliranin sa pang-Hudyong komunidad (Jacob, Elkanah, David, Solomon).
2. Ang ikalawa ay isang malaking suliranin sa Emperyo gayundin ay isang suliranin sa loob ng Judaismo batay sa mga rabinikong pagtalakay sa pagitan ng konsebatibong paaralan ng Shammai at ang liberal na paaralan ng Hillel.
3. Ang ikatlo ay isang pangunahing usapin ng sinaunang iglesia, lalo na ni Tertulliano, at isa pa ring suliranin sa Europa; gayunman sa 1 Timoteo 5:9 (cf. taga-Roma 7:1-2; 1 taga-Corinto 7) ang mga balong babae ay maaaring magpapakasal muli na walang kasiraan.
4. Ang ikaapat ay nauugnay sa pagpapababa ng mga bulaang guro sa pagpapakasal (cf. 1 Timoteo 4:3). Sa kaunawaang ito, iyon ay isa pang paraan sa pagdidiin sa pangangailangan para sa isang matatag na pampamilyang buhay, ngunit hindi kinakailangang di-isama ang mga binata (tandaang sina Hesus at Pablo ay walang asawa).

▣ **“na may mga anak na nagsisisampalataya, na hindi maisusumbong sa pangliligalig o suwail”** Ito ay tinalakay sa 1 Timoteo 3:4-5). Ang mga katangian ng pinuno sa maaaring makita sa buhay nito sa tahanan. Anumang uri ng kabigatan sa pagitan ng asawang lalaki at asawang babae o mga anak o mga lolo/lola ay isang batayan para sa pag-alis ng karapatan o diskwalipikasyon sa sinaunang kalagayan ng iglesia. “walang pagtatangan para sa kritisismo” ang pangunahing pananagutan. Kung paanong ang sinuman ay mamuno sa kaniyang tahanan ay nagpapakita kung paano siya mangunguna sa iglesia. Ang ilan sa atin na mga bokasyonal na ministro ay nag-aalala tungkol sa katangiang ito! Kadalasang ang mga anak ng mangangaral ay naghihimagsik sa gitna ng isang maka-Diyos na tahanan at maka-Diyos na mga magulang. Maaaring ang ating kakulangan ng dogmatismo sa punto ito ay dapat maipakita din sa mga katangian ng iba.

▣ Ang Tito 1:6 ba ay tumutukoy sa mga anak ng isang pastor, o ang dalawang iyo ay dagdag na mga katangian para sa pastor? Sa alinmang paraan, iyon ay tumutuon sa pamumuhay at pag-uugali sa pamilya patungkol sa awtoridad. Sa aking palagay, sa isang pagpapatuloy sa tala ng mga katangian na iyon ay tumutukoy sa inaasahang pinuno.

**1:7 “ang obispo”** Ang terminong ito *episkopon* ay kadalasang isinasaling “tagapamahala” o “obispo.” Ang konteksto ay nagpapakita na sila ay tumutukoy sa parehong tao (cf. Tito 1:5,7 at Mga Gawa 20:17,28). Ang terminong ito ay mayrong isang Griyegong lungsod-stado, pampulitiko-administratibong kaligiran. Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“katiwala ng Diyos”** Ito ay tumutukoy sa isang pantahanang katiwala (cf. 1 taga-Corinto 4:1; 9:17). Ang pampamilyang terminong ito ay kaugnay sa mga katangian ng Tito 1:6. Ang pastor bilang isang pamilyadong tao ay nagpapakilala kung paano siya mamumuno sa iglesia. Mayroong ay limang negatibong katangian sa Tito 1:7 at anim na positibong katangian sa Tito 1:8. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Masamang Hilig (Bisyo) at Mga Kagalingan sa NT sa 1 Timoteo 1:9.

**NASB, NKJV** “**hindi mapagsariling kalooban**”

**NRSV, TEV** “**hindi mayabang**”

**NJB** “**hindi kailanman mayabang**”

Ito ay isang tambalang terminong mula sa *autus* (sarili ng sinuman) at *edomai* (kaaliwan). Iyon ay nagpapakilala ng tao na mapanlinlang, masuwayin, mayabang, mapag-aliw sa sarili (cf. 2 Pedro 2:10).

▣ “**hindi magagalitin**” Ito ay ang terminong *orgē*, na tumukoy sa isang pagbulalas ng galit. Iyon ay ang salungat ng terminong “mahinahon” at “mapayapa” sa tala ng mga katangian sa 1 Timoteo 3:3. Ito ay nagpapakilala ng isang pagkiling sa galit o marahas na mga pagbabago ng kalooban.

**NASB, NRSV** “**hindi gumon sa alak**”

**NKJV** “**hindi gumagamit ng alak**”

**TEV** “**o isang manginginom**”

**NJB** “**o isang malakas uminom**”

Ito ay tila isang pagkabanggit mula sa Septuagint ng Kawikaan 23:29-35. Iyon ay kailangang muling bigyang diin na ang Bibliya ay laban sa pagkalasing ngunit hindi nagtuturo ng lubusang pagbabawal (cf. Genesis 27:28; Mga Awit 104:14,15; Ecclesiastes 9:7; Kawikaan 31:6-7). Ang lubusang pagbabawal ay nagmula sa paglalagak sa Panginoong Hesus batay sa pagpipigil ng personal na mga kalayaan ng isa dahil sa pag-ibig para sa iba sa loob ng kultura sa kaniyang pinaglilingkuran (cf. taga-Roma 14:1-15:13; 1 taga-Corinto 8-9; 10:23-33). Tingnan ang Natatanging Paksa: Biblikal na Saloobin Patungkol sa Alkohol at Pagkagumon sa Alkohol sa 1 Timoteo 3:3.

**NASB** “**hindi palaaway**”

**NKJV, NRSV,**

**TEV, NJB** “**hindi marahas**”

Ito sa literal ay “hindi isang palaaklas.” Ito ay maaring kaugnay sa sa sobrang paggamit ng alkohol o tiyak na mga uri ng personalidad (cf. 1 Timoteo 3:3).

**NASB** “**hindi masakim sa mahalay na kapakinabangan**”

**NKJV** “**hindi sakim sa salapi**”

**NRSV** “**o masakim para sa pakinabang**”

**TEV** “**o masakim para sa salapi**”

**NJB** “**hindi matakaw**”

Ang katulad na suliranin ay nagpapakilala sa mga bulaang guro sa Tito 1:11. Tingnan ang mas buong tala sa 1 Timoteo 3:8.

**1:8 “mapagpatuloy”** Ito sa literal ay “mangingibig ng mga banyaga.” Ang mga silid pahingahan ng panahon ni Pablo ay mga talamak na mga bahay ng prostitusyon, samakatuwid, ang mga Kristiyano, at lalo na ang mga pinunong Kristiyano, ay kailangang ihanda ang kanilang mga tahanan na bukas para sa mga naglalakbay na misyonero at para sa nangangailangan ng komunidad (cf. 1 Timoteo 5:10; taga-Roma 12:13; Hebreo 13:2; 1 Pedro 4:9; 3 Juan 1:5).

▣ “**maibigin sa mabuti**” Kapwa ang unang dalawang termino ng Tito 1:8 ay mga tambalan na *phileos* at *agathos*. Ang pariralang ito ay isang karaniwang parirala ng pagpapatibay sa Greco-Romanong kultura. Iyon ay kadalasang matatagpuan sa in kanilang mga tatak. Ang salungat nito ay matatagpuan sa 2 Timoteo 3:3, na nagpapakilala sa mga bulaang guro.

**NASB, NJB** “**mahinahon ang pagiisip**”

**NKJV** “**malamig ang ulo**”

**NRSV** “**maingat**”

**TEV** “**disiplinado**”

Ang terminong ito sa iba’t-iba nitong anyo ay karaniwan sa mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 2:9,15; 3:2; 2 Timoteo 1:7; Tito 1:8; 2:2,4,5,6,9,12,15). Ang termino ay nagpapakilala ng pag-iwas sa mga sukduhan. Iyon ay nagpapahiwatig ng isang balanseng buhay.

Tingnan ang buong tala at 1 Timoteo 3:2.

**NASB** “**matuwid, banal**”

NKJV “makatuwiran, banal”  
NRSV, NJB “matapat, taos-puso”  
TEV “matapat, banal”

Ang mga katangiang ito ay hindi nakatala sa 1 Timoteo 3. Sila ay kadalasang nauugnay na magkasama sa Griyegong kultura. Sila ay terminong nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng tungkulin sa Diyos at tungkulin sa tao.

▣ **“mapagpigil”** Ito ay naglalarawan ng pangangaral kina Felix at Drusilla sa Mga Gawa 24:24ff. Iyon ay ginamit sa kaugnayan nito sa isa sa mga pampalakasang talinhaga ni Pablo sa 1 taga-Corinto 9:25. Iyon ay ginamit din sa isang katangian ng Kristiyanong paglago sa Tito 2:2 at 2 Pedro 1:6. Ang pangngalan ay makikita sa tala ng bunga ng Espiritu sa taga-Galacia 5:23. Iyon ay nagpapakilala sa sinuman na, sa pamamagitan ng Espiritu, ay nagkaroon ng kakayahang magtimi sa mga pagnanasa at mga paghatak ng isang nalugmok na sistema ng mundo, ang mga panunukso ni Satanas (demonyo) at isang bumagsak na makasalanang likas. Ito ay naglalarawa ng isang nananampalataya na naging kontrolado ni Kristo.

**1:9**

NASB, NKJV “nananangan sa tapat na salita”  
NRSV “magkaroon ng isang matibay na paghawak ng salitang na mapagkakatiwalaan”  
TEV “humawak na matibay sa mensahe na mapagpapakatiwalaan”  
NJB “isang pagkapit sa di-nagbabagong mensahe”

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI. Ang mga mananampalataya ay dapat na maging isang ugnayan sa tanikala ng apostoliko, pangkasaysayang Kristiyanismo. Sila ay dapat umunawa at hawakan ang pagkakaisa sa Luma at Bagong Tipan na sariling kapahayagan ng isa at tanging tunay na Diyos. Iyon ay kanila, at ating, tanging gabay para sa pananampalataya at pamumuhay!

NASB, NRSV “na ayon sa turo”  
NKJV “gaya ng kanyang tinuro”  
TEV “na umaayon sa doktrina”  
NJB “ng tradisyon”

Ang mga pinuno ng iglesia ay kailangang ipasa ang mga Apostolikong katotohanan na kanilang tinuturo na walang pagbabago.

▣ **“pang umaral ng magaling na aral”** Ang ministro, sa pamamagitan ng personal paghahanda, espirituwal na kaloob, at pag-ibig ay kailangang gumawa kasama ang mga mananampalataya at di-mga mananampalataya. Ang kaniyang tungkulin ay kinapapalooban ng pagtuturo, pangangaral, at pagtutulad (i.e. pamumuhay) ng ebanghelyo at pagtatama sa mga bulaang pagtuturo (cf. 2 Timoteo 4:2).

Para sa “tamang doktrina” tingnan ang mga tala sa 1 Timoteo 1:10.

▣ **“at papaniwalain ang nagsisisalangsang”** Ang susunod na ilang mga talata (cf. Tito 1:10-16) ay naglalarawan ng mga pag-uugali at mga pagkilos ng mga bulaang guro ito. Mayroong isang maliwanag na pang-Hudyong sangkap (cf. Tito 1:10,14).

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 1:10-16**

<sup>10</sup>Sapagkat may maraming mga suwail, na mapagsalita ng walang kabuluhan at mga magdaraya, lalong lalo na yaong mga sa pagtutuli, <sup>11</sup>Na ang kanilang mga bibig ay nararapat matikom; mga taong nagsisipanggulo sa buong mga sangbahayan, na nangagtuturo ng mga bagay na di nararapat, dahil sa mahalay na kapakinabangan. <sup>12</sup>Sinabi ng isa sa kanila rin, ng isang propetang sarili nila, Ang mga taga Creta kailan pa man ay mga sinungaling, masasamang hayop, matatakaw na mga tamad. <sup>13</sup>Ang patotoong ito ay tunay. Dahil dito’y sawayin mong may kabagsikan sila, upang mangapakagaling sa pananampalataya, <sup>14</sup>Na huwag mangakinig sa mga katha ng mga Hudyoy, at sa mga utos ng mga tao na nangagsisisinsay sa katotohanan. <sup>15</sup>Sa malinis ang lahat ng mga bagay ay malinis: datapuwa’t sa nangahawa at di nagsisisampalataya ay walang anomang malinis; kundi pati ng kanilang pagiisip at kanilang budhi ay pawang nangahawa. <sup>16</sup>Sila’y nangagpapanggap na nakikilala nila ang Diyos; nguni’t ikinakaila sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, palibhasa’y mga malulupit, at mga masuwayin, at mga itinakuwil sa bawa’t gawang mabuti.

**1:10**

**NASB** “maraming mga suwail”  
**NKJV, NJB** “masuwayin”  
**NRSV** “mapanghimagsik na tao”  
**TEV** “na naghihimagsik”

Ito ay ang terminong “magpasakop” (*hupotassō*) na may isang ALPHA PRIVATIVE (cf. Tito 1:6). Ito ay nangangahulugang “hindi nasa ilalim ng awtoridad.” Ito ay nauugnay sa konteksto sa “silang sumasalungat” sa Tito 1:9. Sila ay isinalarawan sa Tito 3:9-11.

**NASB** “mapagsalita ng walang kabuluhan at mga magdaraya”  
**NKJV, NRSV** “walang kabuluhang nagsasalita at mga mandaraya”  
**TEV** “mandaya sa iba sa kanilang walang katuturan”  
**NJB** “na nagsasalita ng walang kabuluhan upang mapaniwala ang iba”

Ang dalawang salitang ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang pangunahin suliranin ng mga Liham Pastoral ay mga bulaang guro (na makikilala sa mga terminong ito sa Tito 1:10) at kanilang mga taga-sunod. Kung ano ang ating pinaniniwalaan at paano tayo mamuhay ay mga napakahalagang aspeto ng Kristiyanismo.

▣ **“yaong mga sa pagtutuli”** Ang pariralang ito ay nagpapaalala sa isa sa mga teolohiyang katunggali ni Pablo sa Konseho sa Herusalem (Mga Gawa 15) at sa mga iglesia of Galacia (taga-Galacia 2:12ff). Iyon ay di-tiyak kung paanong ang mga naunang pang-Hudyong legalista, na nagbibigay-diin na ang tao ay kailangang maging Hudyo at sundin at Mosaikong Kautusan bago sila magtiwala kay Hesus at maging mga Kristiyano, ay nauugnay sa mga bulaang guro sa taga-Colosas, taga-Efeso, at mga Liham Pastoral. Ang mga kinalaunang hidwang pananampalataya ay tila isang pagsasama ng pang-Hudyong legalismo at Griyegong pilosopikong kaisipan (Nostiko). Tingnan ang Panimula sa 1 Timoteo, C. Ang mga bulaang Guro at ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:8.

Sa pagkamatay ng mga Apostol at ang mabilis na paglaganap ng Kristiyanismo, maraming mga hating pangkat na lumago sa *Ancient Near East* at Mediteranyong mundo. Ang NT ay nagbibigay ng mga pamantayan kung paano makikilala ang mga bulaang guro ito, lalo na sa Mateo 7 at ang aklat ng 1 Juan, na tumutuon sa nararapat na pamumuhay at tunay na doktrina.

**1:11 “Na ang kanilang mga bibig ay nararapat matikom”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS ng tambalang “ilagay sa bibig” (i.e. busalan, pasalan, o patahimikin). Ang mga pinuno ng Iglesia ay kailangang mamahala sa mga magsasalita sa mga bahay iglesia. Ang parehong prinsipyo ay totoo ngayon. Ang mga pang-relihiyon at akademikong kalayaan ay hindi nagbibigay sa kaninuman at bawat isa na magsalita sa nagtitipong bayan ng Diyos!

▣ **“mga taong nagsisipanggulo sa buong mga sangbahayan”** Ito ay maaaring tumukoy sa mga bahay iglesia (cf. taga-Roma 16:5; 1 taga-Corinto 16:19; taga-Colosas 4:15; 1 Timoteo 3:15) o sa pang-aabuso sa mga balo at sa kanilang kinakausap nila (cf. 2 Timoteo 3:6).

▣ **“dahil sa mahalay na kapakinabangan”** Ito ay nagpapakita ng tunay na kalikasan ng mga bulaang guro (cf. 1 Timoteo 1:7; 6:5,10; 2 Pedro 2:3,14; Judas 1:16). Ang mga pinuno ng iglesia ng 1 Timoteo 3 ay kailangang maging malaya sa ganitong panunukso (cf. 1 Timoteo 3:3,8; 6:9-10).

Ang mga bulaang guro at mga kultong pangkat ay madaling makikilala sa tatlong katangian.

1. pagsasamantala sa salapi
2. pagsasamantala sa kalayaang seksuwal
3. isang pag-aangkin sa natatangi at tuwirang kapahayagan

Kung ang iyong mga pinunong pangrelihiyong mga pinuno ay nagnanais ng iyong salapi, iyong asawang babae, at nag-aangkit na sinabi sa kanila ng Diyos — takbo na!

**1:12 “Sinabi ng isa sa kanila rin, ng isang propeta”** Si Epimenides ay nabuhay nang ika-anim na siglo B.C. at nagmual sa Creta. Ang katotohanan na sinipi ni Pablo ang isa sa kanilang makata ay nagpapakita ng Griyegong impluwensya sa pulong ito at sa hidwang pananampalataya. Si Pablo ay sumisipi mula sa mga Griyegong pilosopo at makata sa di kukulangin na tatlong beses sa kaniyang mga sulat (cf. Mga Gawa 17:28; 1 taga-Corinto 15:13; Tito 1:12). Ang kanyang bayang sinilangan ay Tarso na kilala sa mga pang-edukasyong institusyon. Si

Pablo ay may mataas na pinag-aralan kapwa sa Griyego at Hebreong kultura.

Maari nanga tinawag ni Pablo si Epimenides na isang propeta dahil siya ay simulat nang katotohanan tungkol sa mga naninirahan ng Creta o maaaring dahil ang mga Cretano ay itinuturing siyang isang tagapagsalita na kinasihan ng mga Griyegong diyus. Siya ay kilala bilang isa sa pinakamarunong na tao ng Creta.

▣ **“mga taga Creta kailan pa man ay mga sinungaling”** Ito ay nasa hexametrong patulang anyo. Ang mga Cretano ay naniniwala at ipinagmamalaki na si Zeus ay inilibing sa kanilang pulo. Ang terminong *“cretinous”* ay nangangahulugang “isang sinungaling.” Sa kontekstong ito, ang pagtatanging ito ay tila upang iugnay sa mga bulaang guro, hindi sa mga iglesiya o ang pangkalahatang madla.

▣ **“matatakaw na mga tamad”** Ang payak na kahulugan ng parirala ay pagkasakim (cf. taga-Filipos 3:19).

**1:13 “sawayin mong may kabagsikan sila”** Ito sa literal ay nangangahulugang “putulin ng isang patalim.” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang malakas na terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT. Ang karagdagang mga paalala upang magwika ay makikita sa 1 Timoteo 5:25; 2 Timoteo 4:2; Tito 2:15.

▣ **“upang mangapakagaling sa pananampalataya”** Nagpapakita ito na ang disiplina ay pangkatubusan, hindi pamparusa (cf. 1 taga-Corinto 5:5; Hebreo 12:5-13). Ang mga panghalip sa Tito 1:13 ay tumutukoy sa mga bulaang guro (cf. 2 Timoteo 2:25-26).

Ang terminong “magaling” ay isang inuulit na paksa sa mga Liham Pastoral, na ay tumutukoy sa anumang bagay na malusog (cf. 1 Timoteo 1:10; 2 Timoteo 1:13; 4:3; Tito 1:9,13; 2:1,2,8).

**1:14 “mga katha ng mga Hudyo”** Ang mga katha ay maaaring kaugnay sa pang-Hudyong haka-haka tungkol sa ang talaangkanan ng Mesias (cf. Tito 3:9; 1 Timoteo 1:4; 2 Timoteo 4:4). Para sa isang mabuting pagtalakay ng magkakaibang mga kahulugan ng “katha” tingnan si G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*, pp. 219-242.

▣ **“sa mga utos ng mga tao”** Ito, sa konteksto, ay tila tumutukoy sa Pasalitang Tradisyon ng mga Hudyo, na kinalaunan ay ginawang kodigo sa mga Talmud ng Babylonia at Palestina (cf. Isaias 29:13; Marcos 7:7-8; taga-Colosas 2:16-23).

▣ **“na nangagsisinsay sa katotohanan”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG KATAGA. Ang mga bulaang guro ito ay nagpapatuloy na lumayo mula sa ebanghelyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katotohanan sa 1 Timoteo 2:4.

**1:15 “Sa malinis ang lahat ng mga bagay ay malinis”** Ang “lahat ng bagay” ay inilagay sa una sa Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin. Ang katotohanang ito ay mahirap maunawaan para sa ilang mga mananampalataya (cf. 1 Timoteo 4:4; Marcos 7:15-23; Luke 11:41; taga-Roma 14:14,20; 1 taga-Corinto 10:23-33)! Ito ay maaaring nauugnay sa asetisismo na lubhang karaniwang sa mga pilosopikong tradisyon ng Griyegong relihiyon (cf. 1 Timoteo 4:3; taga-Colosas 2:20-22). Ang mga legalistikong Kristiyano ay kadalasang nawawala ang biblikal na pagtitimbang sa pinaka puntong ito (cf. taga-Roma 14:1-15:13)!

▣ **“datapuwa’t sa nangahawa at di nagsisisampalataya ay walang anomang malinis”** Ang unang MAGKAUGNAY NA MAKADIWA ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA at ang ikalawa ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahayag ng isang nananatiling kalagayang ibinunga ng isang panlabas na kinatawan, dito ay maaaring ang isang masama. Ang uring ito ng tao ay binabaluktot ang lahat ng bagay at kaninuman para sa personal na kapakanan (ex. Mga Gawa 20:29).

**1:16 “Sila’y nangagpapanggap na nakikilala nila ang Diyos”** Inilagay ang “Diyos” sa unahan sa Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin. Ang mga bulaang guro ito ay nag-aangkin na maging maka-relihiyon! Inaangkin nila ang kabanalan batay sa mga pantaong panuntunan (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:16-23), ngunit sa katotohanan, sila ay nadungisan. Ang ilan ay nakikita ito bilang isa pang katibayan ng pang-Hudyong sangkap ng hidwang pananampalataya dahil sa terminong “Diyos” sa halip na Kristo. Para sa “pagpapahayag” tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapahayag ng Kasalanan at 1 Timoteo 6:12.

▣ **“nguni’t ikinakaila sa pamamagitan ng kanilang mga gawa”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG NA MAY PAHIWATIG. Ang mga pagpili sa buhay ng mga mananampalataya ay nagbibigay ng katibayan ng kanilang tunay na pagbabagong-buhay (cf. Mateo 7:16,20; 1 Juan at Santiago).

▣ **“mga malulupit”** Ito ay isang terminong na kadalasang ginagamit sa Septuagint na isinaling “kasuklam-suklam” (cf. Pahayag 17:4) at kadalasang naiuugnay sa pagsamba sa diyus-diyosan. Iyon sa literal ay nangangahulugang “maamoy” (cf. Pahayag 21:8).

▣ **“at mga masuwayin, at mga itinakuwil sa baw’t gawang mabuti”** Anong nakakagulat na parirala (cf. 1 taga-Corinto 3:10-15; 2 Pedro 1:8-11)!

Ang salitang “masuwayin” ay ginamit din sa Tito 3:3 upang ilarawan kung paano namuhay ang mga mananampalataya bago sila baguhin ng biyaya ng Diyos/ ni Kristo (3:4)!

Ang salitang “itinakuwil” sa literal ay nangangahulugang “kabiguang makapasa sa pagsubok” (*dokimos* na may ALPHA PRIVATIVE, cf. 1 taga-Corinto 9:27; 2 Timoteo 3:8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Griyegong Termino para sa “Pagsusuri” sa 1 Timoteo 6:9.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit naiiba ang tala ng mga katangian para sa mga pinuno sa 1 Timoteo 3:1-13 mula sa tala ng Tito 1?
2. Paano naiuugnay sa aking panahon, aking iglesia ang mga talang ito na nagpapakilala ng isang unang siglong Greco-Romanong kultura?
3. Paano nakaaapekto ang talang ito sa mga aral at pamumuhay ng mga bulaang guro?
4. Ibuod ang buong tala sa isang pangungusap na dapat maglarawan ng isang pinunong Kristiyano.
5. Ang talata bang ito ay nagpapakilala ng isang kaibang pamamahala sa iglesia kaysa sa 1 Timoteo?
6. Anong uri ng mga bulaang guro ang nasa Creta? Sila ba ay mga Kristiyano o hindi?
7. Itala ang mga talata na ipinapakita ang pang-Hudyong aspeto ng mga bulaang guro.
8. Itala ang mga talata na ipinapakita ang Griyegong pilosopikong aspeto ng mga bulaang guro.
9. Ipaliwanag ang pangkalahatang prinsipyo sa Tito 1:15.



# TITO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Pagtuturo ng Tunay na Doktrina	Mga Katangian ng isang Tunay na Iglesia	Ang Pastor at ang Kawan (2:1-3:11)	Tunay na Doktrina	Ilang Tiyak na mga Alituntuning Moral
2:1-1-	2:1-10	2:1-2 2:3-5 2:6-8 2:9-10	2:1-5  2:6-8 2:9-10	2:1-10
	Sinanay sa pamamagitan ng Nagliligtas na Biyaya			Ang Batayan ng Kristiyanong Moral na Buhay
2:11-15	2:11-15	2:11-14 2:15-3:8a	2:11-14 2:15	2:11-14 2:15

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA MGA TALATANG 1-10

- A. Si Pablo ay nagpapaalala sa magkakaibang pangkat ng tao
  1. matatandang lalaki (Tito 2:1-2)
  2. matatandang babae Tito 2:3 (cf. 1 Timoteo 2:9-15)
  3. batang babae (Tito 2:4-5)
  4. batang lalaki (Tito 2:6)
  5. Tito, Tito 2:7-8,15 (cf. 1 Timoteo 4:12-13)
  6. mga alipin (Tito 2:9-10)
- B. Sa Tito 2, ang pagkamarapat para sa mga pinuno ng iglesia na matatagpuan sa Tito 1:5-9 at 1 Timoteo 3 ay ipinagpatuloy sa mga mananampalataya ng kapwa kasarian at ng lahat ng edad.
- C. Ang layunin para sa mga Kristiyano mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay ay maliwanag na inihahayag sa Tito 2:11-14, na isang pangungusap sa Griyego.
- D. Ang Tito 2 ay isang tunay na pag-iiba sa mga pamumuhay ng mga bulaang guro na matatagpuan sa Tito 1:10-16.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:1-2

<sup>1</sup>Nguni't para sa iyo, magsalita ng mga bagay na nauukol sa aral na magaling: <sup>2</sup>Na ang matatandang lalake ay maging mapagpigil, mahusay, mahinahon ang pag-iisip, magagaling sa pananampalataya, sa pagibig, sa pagtitiis:

**2:1 “Nguni't para sa iyo”** Ang PANG-ISAHANG PANGHALIP na “iyo” ay mariin. Ipinapakita nito ang malawak na pagkakaiba sa pagitan ng mga bulaang guro at ni Tito, isang tunay na pinuno/guro (cf. 1 Timoteo 6:11; 2 Timoteo 3:1,14).

▣ **“magsalita”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (cf. 1 Timoteo 4:13; 2 Timoteo 4:2). Ang ebanghelyo at ang mga kahihinatnan nito ay kailangang maipaliwanag.

▣ **“mga bagay na nauukol sa aral na magaling”** Ang magaling na aral (mabuting turo) ay isang inuulit na paksa (cf. Tito 1:9,13; 2:1,2,8; 1 Timoteo 1:10; 2 Timoteo 1:13; 4:3). Pansinin na sa kontekstong ito, ang mabuting turo ay hindi pangdoktrina, ngunit praktikal na pamumuhay, pagiging katulad ni Kristo na nakatuon sa mga tao. Hindi natin dapat paghiwalayin ang pagpapawalang-sala mula sa pagpapaging-banal!

**2:2 “ang matatandang lalake”** Ito ay ang parehong salita na isinaling “mga matatanda” sa Tito 1:5 at 1 Timoteo 5:1,17, ngunit ang kontekstong ito ay nangangailangan ng isang naiibang salin (cf. Filemon 9). Sa kulturang ito, iyon ay tumutukoy sa mga lalaking lagpas 60 ang edad. Tingnan ang Natatanging Paksa: Matatanda sa 1 Timoteo 5:1.

NASB, NRSV **“maging mapagpigil”**

NKJV, TEV **“mahinahon”**

NJB **“matimpi”**

Ito sa literal ay “maging mahinahon,” na tumutukoy sa pagkalasing (cf. Tito 1:6,7). Ang termino ay ginamit rin na talalinghaga ng pagiging alisto ng isipan o pag-iingat (cf. 1 Timoteo 3:2,11).

▣ **“mahinahong pag-iisip”** Ito termino ay ginamit in Tito 2:2,4,5,6 at 12. Tingnan ang tala sa “maingat” sa 1 Timoteo 3:2.

NASB, NJB **“mahinahon”**

NKJV **“seryoso”**

NRSV **“marunong”**

TEV **“marangal”**

Ang terminong ito ay ginagamit nang maraming beses sa Mga Liham Pastoral (cf. Tito 2:2,7; 1 Timoteo 2:2; 3:4,8,11; at isang anyo ng termino sa 2 Timoteo 2:2; 3:4). Ayon sa leksikon ni Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, maaari itong isalin “pagpipitagan, dangal, pagkaseryoso, paggalang, kabanalan, o pagkamatapat” (cf. p. 47).

Ang terminong ito ay nauugnay sa Latin “Augustus” (cf. Mga Gawa 25:21,25; 27:11). Tinukoy nito ang pagsamba o pagsamba sa isang tao, ang Emperor, at dumating upang ilarawan kung paano dapat kumilos o maramdaman ng isang tao sa kanyang harapan.

▣ **“magagaling”** Ito ang paulit-ulit na talinghaga na paggamit ng termino mula Tito 2:1, “malusog.” Ang mga Kristiyano ay dapat maging malusog at matatag sa kanilang pananampalataya, sa kanilang pagmamahal, at sa kanilang pagtitiyaga (cf. 1 Timoteo 6:11; 2 Timoteo 3:10), gayundin sa kanilang doktrina. Para kay Pablo, ang paniniwala at pamumuhay ay hindi mapaghihiwalay - kabaligtaran ng mga bulaang mangangaral.

▣ **“pagtitiis”** Tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 4:16 at sa ibang anyo sa 2 Timoteo 2:11.

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:3-5

<sup>3</sup>Na gayon din ang matatandang babae ay maging magalang sa kanilang kilos, hindi palabintangin ni paalipin man sa maraming alak, mga guro ng kabutihan; <sup>4</sup>Upang kanilang maturuan ang mga babaing

**may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak, mangagpakahinahon, <sup>5</sup>Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang asawa, upang huwag lapastanganin ang salita ng Diyos:**

**2:3 “magalang sa kanilang kilos”** Ito ay isang tambalang termino ng *hieros*, ang banal o sagrado (mula sa *hierou*, para sa templo) at *prepei*, na angkop o wasto. Ang mga matatandang babaeng Kristiyano ay dapat kumilos sa maka-diyos, banal na mga paraan (cf. 1 Timoteo 2:10).

**NASB** “hindi palabintangin”  
**NKJV, NRSV,**  
**TEV** “hindi mapanirang-puri”  
**NJB** “hindi mapangalakal-puri”

Ang terminong ginamit dito (*diabulos*) ay katulad ng ginagamit ng Diyablo, ang “paninirang-puri” (cf. Juan 6:20; 1 Timoteo 3:6. Tingnan ang Natatanging Paksa: Satan at 1 Timoteo 3:6). Gayunpaman, ito ay maramihan at walang pantukoy (cf. 1 Timoteo 3:11; 2 Timoteo 3:3). John Calvin sinabi na “ang pagigingmadaldal ay isang sakit ng mga kababaihan, at nadagdagan ito ng edad.”

Ang problemang tinutukoy ay hindi lamang tungkol sa kuwento ngunit marahil ang pagbabahagi ng maling impormasyon (cf. 1 Timoteo 5:13). Ang mga batang balo ay maaaring ang mga kahaliling nagsasalita para sa mga bulaang mangangaral sa mga iglesiyang nasa sa Efeso (cf. 2 Timoteo 3:5-7). Kung ang pariralang ito (cf. 1 Timoteo 3:11; 2 Timoteo 3:3) ay tumutukoy sa parehong suliranin ay hindi sigurado.

▣ **“ni paalipin man sa maraming alak”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay isang mas matatag na pahayag kaysa sa Tito 1:7 o 1 Timoteo 3:3,8. Ang alkoholismo (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 3:3) marahil ay naging isang suliranin sa Creta, na nagpapakita na ang mga alituntunin ng NT ay maaaring tumindi o luwagan sa ilang mga kultura.

▣ **“mga guro ng kabutihan”** Dahil sa 1 Timoteo 2:12, ito ay waring nangangahulugan ng mga guro sa bahay o tagapagturo ng mga mas batang kababaihan. Ang mga talatang 4-5 ibigay ang nilalaman ng turo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:3.

**2:4 “maturuan ang mga babaing may kabataan”** Ang ugat na terminong *sōphrōn* ay matatagpuan sa Tito 2:4,5,6, at 12. Ang pangunahing kahulugan nito ay “upang maging isang mabuting kaisipan.” Ito ay nagtataguyod ng isang kontroladong sarili, balanseng buhay

▣ **“magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak”** Ang dalawang salitang Griyego ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang kalooban ng Diyos para sa mga babaeng may asawa ay ibigin ang kanilang asawa lalaki at mga anak. Ang mga bulaang mangangaral ay nakakagambala sa mga tahanan (cf. Tito 1:11; 2 Timoteo 3:6).

**2:5** Ang paglalarawan sa mga kabataang kababaihan bilang masunuring maybahay ay ang inaasahang pamantayan sa lipunan ng kulturang Mediteraneo noong unang siglo (cf. 1 Timoteo 2:10). mailalapat ba ang mensaheng ito sa mga babaeng may asawa sa lahat ng kultura sa lahat ng panahon? Hindi ito isang madaling katanungan! Ang mga makabagong Kristiyano ay dapat payagan ang ilang kalayaan sa pagpapaliwanag dito nang walang dogmatismo. Pakibasa ang *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Fee at Stuart at *The Gospel and Spirit* ni Gordon Fee.

▣ **“mangagpakahinahon”** Tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“mangagpakalinis”** Ang terminong ito ay matatagpuan lamang dito sa mga Pastoral. Ginamit ito ni Pablo ng isang “dalisay babaing ikakasal” (i.e., ang Iglesiya) sa 2 taga-Corinto 11:2.

**NASB** “mangagpakasipag sa bahay”  
**NKJV** “mga maybahay”  
**NRSV** “mga mabuting tagapangasiwa ng tahanan”  
**TEV** “mga mabuting asawang babae”  
**NJB** “paano gumawa sa kanilang bahay”

Mayroong isang suliranin sa Griyegong manuskrito sa pariralang ito (tingnan ang BAGD, p. 561). Karamihan sa mga sinaunang unsiyong na mga manuskrito (κ\*, A, C, D\*, F, G, I), karaminghan sa mga Ama ng mga sinaunang iglesiya, at pinaka-kalaunan ang mga manuskritong panglalaki ay may karaniwang termino, kasambahay (*oikourgos*, “bahay” + “manggagawa”), ngunit ang ilang sinaunang teksto (κ<sup>c</sup>, D<sup>c</sup>, H, L, P) mayroong kasambahay (*oikouros*, “bahay” + “bantay”), na na katulad ng 1 Timoteo 5:14, *oikodesmoteu* (tagapamahala ng sambahayan, “bahay” + “amo”).

Ang terminong ito, *oikourgous*, ay isang bihirang termino (Bruce M. Metzger, *Commentary on the Greek New Testament*, p. 654. Ang isa sa mga pangunahing aral sa pagpuna sa teksto ay ang pinaka di-pangkaraniwang termino o parirala na marahil orihinal dahil mas malamang na baguhin ito ng mga eskriba sa isang bagay na pamilyar.

▣ **“pasakop sa kanikaniyang asawa”** Ang salitang “nasasakop” o “pasakop” ay nagmula sa isang termino ng militar na tinutukoy ang isang magkaugnay na kapangyarihan. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI (cf. taga-Efeso 5:21ff; taga-Colosas 3:18; 1 Timoteo 2:11-12; 1 Pedro 3:1). Gayunman, pansinin na si Pablo, sa taga-Efeso 5:21, ay inuugnay ang pagpapasakop upang mapuspus ng Espiritu (cf. taga-Efeso 5:18) at ginagawa itong kapwa responsibilidad ng lahat ng mga Kristiyano. Mangyaring basahin ang mga tala sa 1 Timoteo 2:11-12.

### **NATATANGING PAKSA: PAGPAPASAKOP (*HUPOTASSŌ*) (SUBMISSION (*HUPOTASSŌ*))**

Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang ito ay upang isalin ang sampung magkakaibang Hebreong mga salita. Ang panimulang kahulugan nito sa OT ay “mag-utos” o “ang karapatan sa pag-utos.” Ito ay kinuha sa Septuagint (LXX).

1. Ang Diyos ay nag-utos (cf. Levitico 10:1; Jonas 2:1; 4:6-8)
2. Si Moises ay nag-utos (cf. Exodo 36:6; Deuteronomio 27:1)
3. Ang mga hari ay nag-utos (cf. II Cronica 31:13)

Sa NT, ang kaunawaang ito ay nagpapatuloy sa Gawa 10:48, kung saan ang Apostol ang nag-utos. Gayunman, ang bagong kahulugan ay yumabong sa NT.

1. Ang isang pagkusang aspeto ay pinaunlad (kadalasang PANGGITNANG TINIG)
2. Ang pagkilos ng sariling pagtatakda ay maaaring makita
  - a. sa Ama (cf. 1 taga-Corinto 15:25)
  - b. sa Kaniyang mga magulang sa lupa (cf. Lucas 2:51)
3. Ang mga mananampalataya ay nagpapasakop sa mga aspeto ng kultura upang ang ebanghelyo ay hindi magkaroon ng masamang epekto
  - a. Ibang mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:21)
  - b. Mga nananampalatayang asawang babae (cf. taga-Colosas 3:18; taga-Efeso 5:22-24; Tito 2:5; I Pedro 3:1)
  - c. Ang mga mananampalataya sa paganong pamahalaan (cf. taga-Roma 13:1-7; I Pedro 2:13)

Ang mga mananampalataya ay kumikilos sa layunin ng pag-ibig, para sa Diyos, para kay Kristo, para sa Kaharian, para sa kabutihan ng iba.

Tulad ng *agapaō* (pag-ibig) ang iglesiya ay pinuno ang salitang ito ng bagong kahulugan sang-ayon sa pangangailangan ng Kaharian at ang mga panganganilangan ng iba. Ang salitang ito ay kumukuha ng isang bagong karangalan ng walang pag-iimbot, hindi sang-ayon sa isang utos, ngunit sa isang bagong pakikipag-ugnayan sa isang Diyos na ibinigay ang Sarili at Kanyang Mesias. Ang mga mananampalataya ay sumusunod at nagpapasakop para sa kabutihan ng lahat at ang pagpapala sa pamilya ng Diyos.

▣ **“upang huwag lapastanganin ang salita ng Diyos”** Ang mga pamumuhay ng mga mananampalataya ay makabuluhan. Ito ay isang inuulit paksa sa mga Mga Liham Pastoral, “walang panghawakan sa kritisismo” (cf. Tito 2:8,10; 1 Timoteo 3:2,7,10; 5:8, 14:1; Tito 1:6-7,8,10). Ang mga buhay at salita ng mga mananampalataya ay dapat magdala ng iba kay Kristo. Totoo, maayos, malusog na turo ay hindi naghihiwalay sa katwiran mula sa pagpapakabanal!

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:6-8**

**“Iaral mo rin naman sa mga bagong tao na sila’y mangagpakahinahon ng pag-iisip: <sup>7</sup>Sa lahat ng mga**

**bagay ay magpakilala kang ikaw ay isang uliran sa mabubuting gawa; at sa iyong aral ay ipakilala mo ang walang kamalian ang kahusayan, <sup>8</sup>Pangungusap na magaling, na di mahahatulan; upang sila na nasa kabilang panig ay mahiya, nang walang anomang masamang masabi tungkol sa atin.**

2:6

NASB “mangagpakahinahon ng pagiiisip”  
NKJV “mahinahong kaisipan”  
NRSV, TEV “pagpipigil sa sarili”  
NJB “mahinahon”

Ang mga nakababatang lalaki ay binibigyan lamang ng isang patnubay (“maging mahinahon,” cf. Tito 2:2,4,5). ito ay ang tanging kailangan sa Tito 2:2-6. Tingnan ang ang buong tala sa karaniwang Griyegong termino at 1 Timoteo 3:1. Nailalarawan nito ang maraming batayang gabay sa buhay ng mga Griyegong pilosopo (i.e., “ang gintong kahulugan”).

**2:7 “Sa lahat ng mga bagay”** Hindi ito sigurado sa gramatika kung ang “sa lahat ng mga bagay” ng Tito 2:7 nauugnay sa talatang ito at sa gayon ay isa pang gabay para sa mga kabataang lalaki, o nauugnay sa malinaw na “sarili” ng Tito 2:7, na tumutukoy kay Tito.

▣ **“magpakilala kang ikaw ay isang uliran”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNA NA PANDIWARI ginamit as isang PAUTOS (cf. 1 Timoteo 4:12).

Para sa “halimbawa” (*tupos*) tingnan ang Natatanging Paksa: Anyo sa 1 Timoteo 4:12.

▣ **“sa mabubuting gawa”** Ito ay isang inuulit na diin (cf. Tito 1:16; 2:7,14; 3:1, 8, 14). Ang pagbabago sa pamumuhay ay katibayan ng at isang pang-akit sa mensahe ng Kristiyano.

NASB “may kadalisan sa doktrina”  
NKJV “sa doktrina na nagpapakita ng integridad”  
NRSV “sa iyong pagtuturo ipakita ang integridad”  
TEV “maging tapat. . .sa iyong turo”  
NJB “sa pamamagitan ng katapatan. . .pag nagtuturo ka”

Ito ay tila naglalarawan ng paraan ng pagtuturo ni Tito (sa kaibahan sa mga maling mga guro at maling motibo), hindi lamang ang nilalaman ng kanyang pangangaral at pagtuturo. Ipinasa ni Tito ang mga katotohanang Apostoliko na kaniyang natanggap mula kay Pablo. Kung tumutukoy ito sa nilalaman, kung gayon marahil ito ay isang diin sa pagkabuhay na maguli (cf. taga-Roma 2:7; 1 taga-Corinto 15:42,53, 54).

Mayroong mga suliranin sa Griyegong manuskrito na may kaugnayan sa pariralang ito. In *A Textual Commentary on the Greek New Testament* Bruce M. Metzger sabi ng termino *aphthorian* (incorruption)

1. ay may mahusay na suporta sa manuskrito (i.e.,  $\aleph^*$ , A, C, D\*)
2. umangkop s konteksto
3. paliwanag sa iba pang pagkakaiba
4. ay ang pinaka hindi pangkaraniwan sa mga pagpipilian

Ang pinaka-karaniwang pagpipilian (i.e.,  $\aleph^c$ , D<sup>c</sup>, L, at pinaka-kalaunang mga manuskritong panglalaki) ay *adiaphthorian* (katapatan) (p. 654).

**2:8 “pangungusap na magaling”** na nangangahulugang “malusog” (kabaligtaran talinghaga sa hindi minusog na mensahe ng mga bulaang mangangaral).

NASB “marangal”  
NKJV “paggalang”  
NRSV “kalubhaan”  
TEV “malubha”  
NJB “kasigasigan”

Tingnan ang buong tala sa Tito 2:2.

▣ **“na di mahahatulan”** Ito ay isang gabay para sa kapwa Kristiyanong pinuno at mananampalataya sa pangkalahatan (cf. Tito 1:6-7,8,10; 1 Timoteo 3:2,7,10; 5:8,14; 6:1). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“kabilang panig”** Sa konteksto ito ay maaaring sumangguni sa (1) ang mga bulaang mangangaral ng Tito 1: 10-16 o (2) ang mga hindi mananampalataya sa lipunan na pumuna sa Kristiyanismo sa paganong kamangmangan. Ang pamumuhay ng mga mananampalataya ay dapat mapatahimik ang parehong mga pangkat at maakit ang mga ito sa ebanghelyo.

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:9-10**

**<sup>9</sup>Iaral mo sa mga alipin na sila’y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin; <sup>10</sup>Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Diyos na ating Tagapagligtas.**

**2:9 “Iaral mo sa mga alipin na sila’y pasakop sa kanikaniyang Panginoon”** “Upang maging paksa” ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNA NA PAWATAS (cf. taga-Efeso 6:5-9; taga-Colosas 3:22-24; 1 Timoteo 6:1-2). Ang PANDIWA “humihimok” ay ipinahiwatig mula sa Tito 2:6. Tulad ng mga kababaihan, hinihikayat ang mga alipin na magkaroon ng isang maka-Diyos na saloobin sa mga kayariang kapangyarihan sa kultura para sa kapakanan ni Kristo. Ang isyu ay hindi personal na kalayaan, ngunit ang pag-eebanghelyo! Tingnan ang Mga Natatanging Paksa: Mga Paalala ni Pablo sa mga Alipin sa 1 Timoteo 6:1.

▣ **“ng mga bagay”** Ang pariralang ito ay paulit-ulit sa dulo ng talata 10. Mahalaga na napagtanto ng mga mananampalataya na ang kanilang buhay, sa lahat ng mga lugar, ay sumasalamin sa Diyos. Ang konseptong ito ay teolohikong kahanay sa magkaparehong pagpapasakop na matatagpuan sa mga taga-Efeso 5:21 at ang pagpapasakop ng mga maka-Diyos na asawa sa Tito 5:22-6:9 (cf. H. E. Butt, *The Velvet Covered Brick*).

▣ **“kalugdan sa lahat ng mga bagay”** Ang hindi nahayag, ngunit ipinahiwatig, ang kahulugan ay hindi lamang sa mga may-ari ng alipin, ngunit higit sa lahat sa Diyos (cf. taga-Roma 12:1-2; taga-Efeso 6:7-8).

NASB	<b>“huwag mga masagutin”</b>
NKJV	<b>“hindi palasagot”</b>
NRSV, TEV	<b>“huwag sagutin”</b>
NJB	<b>“walang pagtatalo”</b>

Kung paano panghawakan ng mga mananampalataya kahit mahirap na mga sitwasyon at kundisyon ay malinaw, matibay na patotoo sa kanilang pananampalataya kay Kristo (cf. taga-Efeso 6:5-9).

**2:10 “huwag mangagdaya”** Ito ay maaaring naging isang karaniwang suliranin para sa mga alipin (cf. taga-Efeso 4:28).

▣ **“mangagpakita”** Ang salitang ito ay nangangahulugang magbigay ng panlabas at malinaw na patunay ng isang bagay. Ang pamumuhay bilang alipin ng mananampalatayas ay dapat magdala ng kaluwalhatian sa Diyos at katibayan ng nagbabago ng buhay na siyang kapangyarihan ng ebanghelyo! Isang kalagayan sa lipunan ng ay hindi kritikal na isyu, ngunit ang pamumuhay ng isang tao!

▣ **“Diyos na ating Tagapagligtas”** Ito ay isang karaniwang titulo na ginamit at para kay Cesar. Ito ay isang katangian na parirala ng Mga Liham Pastorals para sa pagka-Diyos (cf. Tito 1:3-2:10; 3:4). Ang parehong titulo ay paulit-ulit na ginagamit ni Hesus (cf. Tito 1:4; 2:13; 3:6). Tingnan ang buong tala sa 2 Timoteo 1:10.

### **MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA TITO 2:11-14**

- A. Ang maikling talatang ito (Tito 2:11-14) nagbibigay ng teolohikong dahilan para sa mga Kristiyanong namumuhay ng maka-Diyos na buhay. Ang talakayang ito ay halos kapareho sa Tito 3:4-7 at 2 Timoteo 1:8-10.
- B. Tito 2:11 ay tumutukoy sa unang pagdating ng Mesias, ang pagkakatawang tao (cf. Tito 3:4; 2 Timoteo 1:10). Tito 2:13, gumagamit ng parehong termino, “mahayag,” tumutukoy sa Ikalawang Pagparito ni Kristo (cf. 1 Timoteo 6:14; 2 Timoteo 4:1,8). Ang unang pagdating ay nailalarawan sa biyaya ng Diyos;

ang pangalawa ay mailalarawan sa katarungan ng Diyos!!

- C. Tito 2:12 ay isang buod ng mga maka-Diyos na katangian na kinakailangan ng mga pinuno sa kabanata 1: 5-9 at lahat ng mga Kristiyano sa kabanata 2:1-10.
- D. Tito 2:13 inilalagay ang ebanghelyo sa katangiang sa kategorya ng mga sulat ni Pablo “na” (ang Kaharian ng Diyos ay naroroon) at “wala pa” (ang Kaharian ng Diyos ay darating na panahon). Ang pag-igting na ito ay totoo sa karamihan ng talakayan ni Pablo tungkol sa buhay Kristiyano.
- E. Si Hesus lang ba ang tinutukoy sa Tito 2:13 (cf. NASB, RSV, NEB, NIV) o ito ba ay isang dobleng pagtukoy sa Diyos Ama at kay Hesus na Anak (cf. KJV, ASV, salin ng Moffatt sa 2 Peter 1:1)? Mayroong mga kadahilanan kung bakit ito ay tila isang sanggunian sa pagka-Diyos ni Hesus, na nakasuot ng mga titulo na ginamit para sa Romanong Cesar:
1. isang pantukoy lamang na may parehong pangngalan
  2. talatang 14 maiuugnay lamang kay Kristo
  3. ang mga salitang “dakila” at “nahahayag” ay hindi kailanman ginagamit sa NT upang sumangguni sa Diyos Ama
  4. narito ang maraming iba pang mga sipi sa Pablo at iba pang mga may-akda ng NT kung saan ang buong pagka-Diyos ay naiugnay kay Hesus
  5. ang karamihan ng mga unang ama ng iglesia ay nakita din ito bilang tumutukoy kay Hesus. Gayunpaman, dapat itong tandaan na ang mga unang salin ay may posibilidad na makita ang pariralang tulad ng pagtukoy sa YHWH at Hesus
- F. Ang talatang 14 ay naglalarawan sa Iglesia sa mga salitang OT na ginamit ng Israel. Sa ilang mga diwa ay Iglesia ang bunga ng hangarin ng Diyos para sa Israel. (cf. taga-Roma 2:28-29; taga-Galacia 6:16; 1 Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Ngunit ang Israel ay nananatiling isang bagay na natatanging pag-ibig at pangangalaga ng Diyos (cf. taga-Roma 11).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:11-14

<sup>11</sup>Sapagkat napakita ang biyaya ng Diyos, na may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao, <sup>12</sup>Na nagtuturo sa atin, upang, pagtangi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito; <sup>13</sup>Na hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo; <sup>14</sup>Na siyang nagbigay ng kaniyang sarili dahil sa atin, upang tayo’y matubos niya sa lahat ng mga kasamaan, at malinis niya sa kaniyang sarili ang bayang masikap sa mabubuting gawa, upang maging kaniyang sariling pag-aari.

**2:11 “Sapagkat”** Ang mga talatang 11-14 ay nakaugnay sa 1-10, at bigyan ang teolohikong batayan para sa maka-Diyos na pamumuhay.

▣ **“napakita ang biyaya ng Diyos”** Ito ay tumutukoy sa pagkakatawang-tao ni Hesus (cf. 2 Timoteo 1:10; Tito 3:4-7). Ang buhay, pagtuturo, at pagkamatay ni Hesus ay ganap na nagsiwalat ng pagmamahal, awa at biyaya ng Ama. Kapag nakita natin si Hesus, nakikita natin ang Diyos (cf. Juan 1:1-14; 14:8-11; taga-Colosas 1:15-19; Hebreo 1:1-3).

Ang termino *epiphany* (nahahayag) ay ginamit sa Tito 2:13 para sa Pangalawang Pagparito ni Kristo (cf. Tito 2:11,13; 3:4; 2 taga-Thesalonica 2:8; 1 Timoteo 6:14; 2 Timoteo 1:10; 4:1,8). Tingnan ang Natatanging Paksa: NT Termino para sa Pagbalik ni Kristo sa Tito 2:13.

▣ **“may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao”** Ipinadala ng Diyos si Kristo upang mamatay para sa kasalanan ng lahat ng tao (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 4:10), ngunit dapat silang personal na tumugon sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang mga sumusunod na talata ay sumasalamin sa pangkalahatang saklaw ng gawain ni Kristo.

1. “para sa mundo” (Juan 1:29; 3:16; 6:33,51; 2 taga-Corinto 5:19; 1 Juan 2:2; 4:14)

2. “lahat ng lalaki” (taga-Roma 5:18; 1 taga-Corinto 15:22; 1 Timoteo 2:4-6; Hebreo 2:9; 2 Pedro 3:9) Tingnan ang mas buong tala sa 1 Timoteo 2:4 at ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:10.

Ginawa ng Diyos ang mga tao sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Sa Genesis 3:15 Nangako siyang tubusin ang lahat ng tao. Partikular niyang binanggit ang Kanyang pandaigdigang adyenda kahit sa Kanyang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:3) at ng Israel (cf. Exodo 19:5). Ang pangako ng OT sa Israel (Hudyo kumpara sa Hentil) ay di-pankalahatan sa mananampalataya at hindi naniniwala (cf. taga-Efeso. 2: 11-3: 13). Ang paanyaya ng Diyos sa kaligtasan ay sa buong mundo, nakatuon sa isa-isa, at pinagsilang Espiritu.

## **NATATANGING PAKSA: PREDESTINASYON (CALVANISMO) LABAN SA MALAYANG PAGPILI NG TAO (ARMINYANISMO) (PREDESTINATION (CALVANISMO) VERSUS HUMAN FREE WILL (ARMINIANISM))**

Tito 2:11 ay isang balanse sa iba pang NT mga kasulatan ng eleksyon. Akala ko maaaring makatulong sa teolohikong magbigay ng aking mga tala sa komentaryo mula taga-Roma 8:29 at kabanata 9, ganun din sa taga-Efeso 1.

I. taga-Roma 8:29 – Pablo gumaganit ng “malaman mula’t mula pa” (*proginōskō*, “malaman bago pa”) dalawang beses, dito at 11:2. Sa 11:2, ito ay tumutukoy sa pag-ibig at tipan ng Diyos para sa Israel bago magsimula ang panahon. Tandaan na ang salitang “alam” sa Hebreo na nauugnay sa matalik, personal na relasyon, hindi sa mga katotohanan tungkol sa isang tao (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Dito isinama ito sa isang magkakaugnay ng walang hanggang mga kaganapan (cf. taga-Roma 8:29-30). Ang terminong ito ay nauugnay sa predestinasyon. Gayunpaman, dapat itong ipahiwatig na ang paunang kaalaman ng Diyos ay hindi ang batayan ng eleksyon dahil kung ganoon, kung gayon ang eleksyon ay batay sa tugon ng bumagsak na hinaharap ng sangkatauhan, na magiging pagganap ng tao. Ang terminong ito ay matatagpuan din sa Mga Gawa 26:5; 1 Pedro 1:2,20 at 2 Pedro 3:17.

A. “malaman sa mula’t mula pa” (*proginōskō*, “upang malaman bago pa”)

Ang mga salitang “malaman sa mula’t mula pa” at “italaga” ay parehong mga tambalan na may pang-ukol “bago” at, samakatuwid, dapat isinalin “upang malaman bago,” “upang magtakda ng mga hangganan bago,” o “markahan bago.” Ang mga tiyak na mga talata sa predestinasyon sa NT ay taga-Roma 8:28-30; taga-Efeso 1:13-14; at taga-Roma 9. Ang mga tekstong ito ay malinaw na binibigyang diin na ang Diyos ay may kapangyarihan. Siya ang may kontrol ng lahat ng mga bagay. Mayroong isang itinakda na banal na planong ginawa sa panahon. Gayunpaman, ang plano na ito ay hindi nagkataon o pumipili. Ito ay batay, hindi lamang sa soberanya at pagkaalam sa simula pa laman ng Diyos, kundi sa Kanyang di nagbabago na katangian ng pag-ibig, awa, at hindi tampo na biyaya. Tingnan ang Walang Hanggan na Plano ng Pagtubos ni YHWH.

Dapat tayong maging maingat sa ating pagiging kanlurang indibidwalismo (Amerikano) o ang ating masigasig na pang-ebanghelyo na makulay sa kamangha-manghang katotohanan. Dapat din nating bantayan laban sa pagiging polarized sa makasaysayang, teolohikong salungatan sa pagitan ni Agustin laban kay Pelegio o Calvinismo laban sa Arminianismo.

B. “italaga” (*proorizō*, “upang itakda ang mga hangganan bago”)

Ang predestinasyon ay hindi isang doktrina na inilaan upang limitahan ang pagmamahal, biyaya, at awa ng Diyos o hindi ibukod ang ilan sa ebanghelyo. Ito ay sinadya upang palakasin ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghubog ng kanilang pananaw sa mundo. Ang Diyos ay para sa lahat ng sangkatauhan (cf. Juan 1:12; 3:16; 1 Timoteo 2:4; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14). Ang Diyos ang may kontrol ng lahat ng mga bagay. Sino o ano ang makapaghiwalay sa atin sa Kanya (cf. taga-Roma 8:31-39)? Itinuturing ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang kasalukuyan; ang mga tao ay nakatali sa oras. Ang aming pananaw at kakayahan sa pag-iisip ay limitado. Walang pagkakasalungatan sa pagitan ng soberanya ng Diyos at ng malayang kagustuhan ng sangkatauhan. Ito ay isang balangkas ng tipan. Ito ay isa pang halimbawa ng katotohanan na ibinigay sa tensyon ng dyalektiko. Ang mga doktrina ng Bibliya ay ipinakita mula sa iba’t ibang mga pananaw. Madalas silang lumilitaw na kabalintunaan. Ang katotohanan ay isang balanse sa pagitan ng tila kabaligtaran na mga pares. Hindi natin dapat alisin ang pag-iging sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga katotohanan. Hindi namin dapat ibukod ang anumang katotohanan sa bibliya sa isang silid sa pamamagitan ng kanyang sarili.

Mahalaga rin na idagdag na ang layunin ng eleksyon ay hindi lamang langit kapag namatay tayo,



ngunit ang pagkatulad kay Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:29-30; 2 taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 2:10; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3; 5:23; 2 taga-Thesalonica 2:13; Tito 2:14; 1 Pedro 1:15). Kami ay napili na maging “banal at walang kasiraan.” Pinili ng Diyos na baguhin tayo upang makita ng iba ang pagbabago at tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos kay Kristo. Ang predistinasyon ay hindi isang personal na pribilehiyo, kundi isang responsibilidad sa tipan. Ito ang pangunahing katotohanan ng kasulatan. Ito ang layunin ng Kristiyanismo. Ang kabanalan ay kalooban ng Diyos para sa bawat mananampalataya. Ang eleksyon ng Diyos ay sa kay Kristo (cf. taga-Efeso 1:4), hindi isang espesyal na katayuan. Ang larawan ng Diyos, na ibinigay sa tao sa paglikha (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6), ay maibabalik.

- C. “katulad sa larawan ng Kaniyang Anak”— Ang tunay na layunin ng Diyos ay ang pagpapanumbalik ng larawan na nawala sa Pagbagsak. Ang mga mananampalataya ay naordinahan na sa pagiging tulad ni Kristo (cf. taga-Efeso 1:4).

## II. taga-Roma 9

- A. taga-Roma 9 ay isa sa matatag na sipi ng NT sa soberanya ng Diyos (ang isa pang pagkatao taga-Efeso 1:3-14), habang kabanata 10 ay nagsasabi sa kalayaan ng tao na malinaw at paulit-ulit (cf. “bawa’t isa” taga-Roma 9:4; “kahit sino” 9:11,13; “lahat” 9:12 [dalawang beses]). Hindi kailanman sinubukan ni Pablo na mapagkasundo ang teolohikong tensyon na ito. Pareho silang totoo! Karamihan sa mga doktrina ng Bibliya ay ipinakita sa mga pares na kabalintunaan o dialektikal. Karamihan sa mga sistemang teolohiya ay lohikal na kalahating katotohanan. Ang Agustiniyanismo at Calvinismo laban sa semi-Pelegiyanismo at Arminiyanismo ay mayroong mga elemento ng katotohanan at kamalian. Ang tensyon sa Bibliya sa pagitan ng mga doktrina ay mas mabuti sa isang patunay na teksto, dogmatiko, makatuwiran, teolohikong sistema na pinipilit ang Bibliya sa isang naunang tinahi-tahing kahulugan.
- B. Ang parehong katotohanan (na matatagpuan sa Roma 9:23) ay nakasaad sa taga-Roma 8:29-30 at taga-Efeso 1:4,11. Ang kabanatang ito ay ang pinamatatag na pagpapahayag ng soberanya ng Diyos sa NT. Walang pagtatalo na singil ng Diyos ang buong paglikha sa pagtutubos. Ang dakilang katotohanan na ito ay hindi kailanman dapat mapalambot o mabawasan. Gayunpaman, dapat itong balansehin sa pagpili ng tipan ng Diyos bilang isang paraan para i-ugnay sa nilikha ng tao, na ginawa sa Kanyang larawan. Tiyak na totoo na ang ilang mga tipan ng OT, tulad ng Genesis 15, ay walang kondisyon at hindi nauugnay sa tugon ng tao, ngunit ang iba pang mga tipan ay nakabatay sa pagtugon ng tao (e.g., Eden, Noe, Moises, David). Ang Diyos ay may plano ng pagtubos para sa Kanyang nilikha; walang tao ang makakaapekto sa planong ito. Pinili ng Diyos na pahintulutan ang mga indibidwal na makilahok sa Kanyang mga plano. Ang pagkakataong ito para sa pakikilahok ay isang tensyon na teolohikal sa pagitan ng soberanya (Roma 9) at malayang kagustuhan ng tao (taga-Roma 10).

Hindi nararapat na pumili ng isang bibliyang diin at huwag pansinin ang isa pa. Mayroong tensyon sa pagitan ng mga doktrina sapagkat ang mga silangang tao ay nagpapakita ng katotohanan sa mga pares na dialektikal o puno ng tensyon. Ang mga doktrinang dapat gawin ay may kaugnayan sa iba pang mga doktrina. Ang katotohanan ay isang *mosaic* ng mga katotohanan.

## III. taga-Efeso 1

- A. Ang eleksyon ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagtawag sa paboritismo, ngunit isang tawag upang maging isang paraan, isang kasangkapan, o paraan ng pagtubos ng iba! Sa OT ang termino ay ginamit lalo na para sa paglilingkod; sa NT ito ay pangunahing ginagamit para sa kaligtasan na nag-isyu sa paglilingkod. Ang Bibliya ay hindi nakikipagkasundo sa tila pagkakasalungat sa pagitan ng soberanya ng Diyos at ng malayang kalooban ng sangkatauhan, ngunit pinatitibay silang dalawa! Ang isang mabuting halimbawa ng tensyong biblikal ay ang Roma 9 sa soberanong napili ng Diyos at Roma 10 sa kinakailangang tugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon na ito ay maaaring matagpuan sa 1: 4. Si Hesus ang taong hinirang na Diyos at lahat ay potensyal na mahalal sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay “oo” ng Diyos sa pangangailangan ng bumagsak na sangkatauhan (Karl Barth). Tumutulong din ang Efeso 1: 4 na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang na ang layunin ng predestinasyon ay hindi lamang langit, ngunit ang kabanalan (pagkahalintulad kay Kristo). Kami ay madalas na nakakaakit sa mga pakinabang ng ebanghelyo at binabalewala ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (eleksyon) ay para sa oras pati na rin sa kawalang-hanggan!

Ang mga doktrina ay dumating na may kaugnayan sa iba pang mga katotohanan, hindi bilang iisa,

walang kaugnayang katotohanan. Ang isang mahusay na pagkakatulad ay isang konstelasyon laban sa isang solong bituin. Inilahad ng Diyos ang katotohanan sa silangang, hindi kanluran, mga kategorya. Hindi natin dapat alisin ang tensyon dulot ng dialektikal (kabalintunaan) mga pares ng mga katotohanan sa doktrina (Ang Diyos bilang higit pa sa normal laban sa Diyos bilang palagian; seguridad kumpara sa pagtitiyaga; Si Hesus ay katumbas ng Ama kumpara kay Hesus bilang mapaglingkod sa Ama; Kalayaan ng Kristiyano kumpara sa responsibilidad ng Kristiyano sa isang katambal sa tipan, atbp).

Ang teolohikong konsepto ng “tipan” ay pinag-iisa ang pagkasoberano ng Diyos (na laging kumukuha ng inisyatibo at nagtatakda ng adyenda) na may isang paunang utos at patuloy na pagsisisi na tugon ng pananampalataya mula sa tao. Mag-ingat sa pagpapatunay ng teksto sa isang panig ng kabalintunaan at ibabawas ng iba! Mag-ingat na igiit lamang ang iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya.

- B. “Pinili Niya tayo” sa taga-Efeso 1:4 ay isang AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG na binibigyang diin ang paksa. Nakatuon ito sa pagpili ng Ama bago ang oras. Ang pagpili ng Diyos ay hindi dapat maunawaan sa kahulugan ng Islam determinismo, ni sa kahulugan ng sobrang Calvinistico bilang laban sa iba, ngunit sa pakahulugang tipan. Nangako ang Diyos na tubusin ang mga nahulog na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15). Tinawag at pinili ng Diyos si Abraham upang piliin ang lahat ng tao (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Diyos mismo ang humalal sa lahat ng tao na magpapatotoo kay Kristo. Ang Diyos ay laging nangunguna sa inisyatibo sa kaligtasan (cf. Juan 6: 44,65). Ang tekstong ito at taga-Roma 9 ay ang batayang sa bibliya para sa doktrina ng predestinasyon na binigyan nina Augustino at Calvin.

Pinili ng Diyos ang mga mananampalataya hindi lamang sa kaligtasan (pagpapawalang sala), kundi pati na rin sa pagpapaging-banal (cf. taga-Colosas 1: 10-12). Maaari itong maiugnay sa (1) ang aming katayuan kay Kristo (cf. 2 taga-Corinto 5:21) o (2) Hangarin ng Diyos na muling likhain ang Kanyang pagkatao sa Kanyang mga anak (cf. taga-Efeso 2:10; taga-Roma 8:28-29; taga-Galacia 4:19). Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay parehong langit isang araw at ang pagiging tulad ni Kristo ngayon!

Ang “Sa Kanya” ay isang pangunahing konsepto ng mga taga-Efeso 1: 4. Ang mga pagpapala, biyaya, at kaligtasan ng Ama ay dumadaloy sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 14:6). Pansinin ang pag-uulit ng gramatika anyo (pangtuntong kalagayan) sa taga-Efeso 1:3, “kay Kristo”; 1:4, “sa Kaniya”; 1:7, “sa Kanya”; 1:9, “sa Kanya”; 1:10, “kay Kristo,” “sa Kanya”; 1:12, “kay Kristo” at 1:13, “sa Kanya” (dalawang beses). Hesus ay Diyos “oo” sa mga bumagsak na sangkatauhan (Karl Barth). Si Hesus ang hinirang na tao at lahat ay potensyal na mahalal sa Kanya. Lahat ng mga biyaya ng Diyos Ama ay dumadaloy sa pamamagitan ni Kristo.

Ang pariralang “bago ang pundasyon ng sanglibutan” ay ginagamit din sa Mateo 25:34; Juan 17:24; 1 Pedro 1:19-20 at Pahayag 13:8. Ipinapakita nito ang gawain pagtubos ng Trinidad na Diyos kahit noon pa Genesis 1:1. Ang mga tao ay limitado sa pamamagitan ng kanilang kahulugan ng oras; ang lahat sa atin ay pangnakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, ngunit hindi sa Diyos.

Ang layunin ng predestinasyon ay kabanalan, hindi pribilehiyo. Ang pagtawag ng Diyos ay hindi sa isang napiling ilang mga anak ni Adan, ngunit sa lahat! Ito ay isang pagtawag upang maging kung ano ang inilaan ng Diyos na maging sangkatauhan, tulad Niya (cf. 1 taga-Thesalonica 5:23; 2 taga-Thesalonica 2:13); sa Kaniyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ibaling ang predestinasyon sa isang teolohikong aral sa halip na isang banal na buhay na isang trahedyo. Kadalasan ang aming mga teolohiya ay nagsasabi nang malakas kaysa sa teksto sa bibliya.

Ang terminong “walang kasalanan” (*amōmos*) o “walang kapintasan” ay ginamit

1. Hesus (cf. Hebreo 9:14; 1 Pedro 1:19)
2. Zacharias at Elizabeth (cf. Lucas 1:6)
3. Pablo (cf. taga-Filipos 3:6)
4. lahat ng mga totoong mga Kristiyano (cf. taga-Filipos 2:15; 1 taga-Thesalonica 3:13; 5:23)

Ang di mababago na kalooban ng Diyos para sa bawat Kristiyano ay hindi lamang langit sa kalaunan, ngunit ang pagiging tulad ni Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:29-30; taga-Galacia 4:19; 1 Pedro 1:2). Ang mga mananampalataya ay dapat ipakita ang mga katangian ng Diyos sa isang makasalang sanglibutan para sa layunin ng ebanghelismo.

Sa Gramatiko ang pariralang “umiibig” sa Tito 2:2 maaring kaalinsabay alin man sa o 5. Gayunpaman, kapag ginamit ang pariralang ito sa ibang mga lugar sa taga-Efeso ito ay palaging tumutukoy sa pag-ibig ng tao para sa Diyos (cf. taga-Efeso 3:17; 4:2,15,16).

C. Sa taga-Efeso 1:5, ang pariralang “paunang itinakda Niya tayo” ay isang AORIST TAHAS NA PANDIWARI. Ang terminong Griyegong ito ay isang tambalan ng “bago” at “markahan.” Tumutukoy ito sa paunang natukoy na planong pagtubos ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 4:28; 17:31; taga-Roma 8:29-30). Ang pagpapahalaga ay isa sa maraming katotohanan na nauugnay sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ito ay bahagi ng isang teolohikong tularan o serye ng mga kaugnay na katotohanan. Ito ay hindi kailanman sinadya upang bigyang-diin ng pagbubukod! Ang katotohanan sa bibliya ay ibinigay sa isang serye ng mga pares na kabalintunaan na puno ng tensyon. Ang Denominasyonalismo ay may kaugaliang alisin ang tesyong sa bibliya sa pamamagitan ng pagbibigay diin sa isa sa mga dyaletikong katotohanan (predestinasyon laban sa malayang kalooban ng tao; seguridad ng mananampalataya kumpara sa pagtitiyaga ng mga banal; orihinal na kasalanan kumpara sa kusang pagkakasala; kawalan ng kasalanan laban sa nagkasala nang mas kaunti; agad na nagpahayag ng pagpapakabanal laban sa progresibong pagpapabanal; ang pamamanpalataya laban sa mga gawa; Kalayaan ng Kristiyano kumpara sa responsibilidad ng Kristiyano; transendensiya laban sa katangian).

Ang pagpili ng Diyos ay hindi batay kaalaman sa simula pa lamang na pagganap ng tao, ngunit sa Kanyang mapagbigay-loob ng katangian (cf. taga-Efeso 1:7,9,11). Nais niya na lahat (hindi lamang ang ilang mga espesyal na tulad ng Nostiko o mga makabagong panahon na sobrang mga Calvinistiko) ay maligtas (cf. Ezekiel 18:21-23,32; Juan 3:16-17; 1 Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14). Ang biyaya ng Diyos (ang katangian ng Diyos) ay ang teolohikong susi sa daang ito (cf. taga-Efeso 1:6a, 7c, 9b), ang habag ng Diyos ang susi sa iba pang sipi sa predestinasyon, taga-Roma 9-11.

Ang tanging pag-asa ng mga nahulog na sangkatauhan ay ang biyaya at awa ng Diyos (cf. Isaias 53:6 at maraming iba pang mga teksto ng OT na sinipi sa taga-Roma 3:9-18). Mahalaga sa pagbibigay kahulugan sa mga unang teolohikong mga kabanatang ito upang mapagtanto na binibigyang diin ni Pablo ang mga bagay na ganap na hindi nauugnay sa pagganap ng tao: predestinasyon (taga-Efeso 1), biyaya (taga-Efeso 2), at walang hanggang plano na pagtubos ng Diyos (hiwaga, taga-Efeso 2:11- 3:13). Ito ay upang balansehin ang diin ng mga bulaang mangangaral sa merito at pagmamataas ng tao.

**2:12 “nagtuturo sa atin”** Nangangahulugan ito ng disiplina o pagsasanay sa bata (cf. 1 Timoteo 1:20; 2 Timoteo 2:25; 3:16). Ang biyaya ay ipinakilala bilang isang mapagmahal na magulang (cf. Hebreo 12:5ff).

▣ **“kalikuan”** Ito ay isang palatinigan sa pagitan ng *asebeia* (kawalang-kabalan, ALPHA PRIVATIVE) at *eusebia* (kabalan, tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 4:7). Maaari nilang maipakita ang “dalawang paraan” ng OT karunungan Pampanitikan (cf. Josue 24:14-15; Mga Awit 1; Kawikaan 4:10-19; Mateo 7:13-14). Dapat tayong tumalikod sa kasamaan sapagkat ibinigay ni Kristo ang Kanyang Sarili upang iligtas tayo mula sa kasamaan; dapat tayong lumingon sa mabuti sapagkat si Kristo ang nagbigay ng halimbawa. Parehong nagtuturo sa atin ang biyaya ng isang positibo at negatibong aralin!

▣ **“mga kahalayan ng sanglibutan”** (cf. Tito 3:3; 1 Timoteo 6:9; 2 Timoteo 2:22; 3:6; 4:3)

▣ **“may pagpipigil”** Tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 3:2.

▣ **“matuwid”** Tingnan ang mga talata 2,4,5,6 at ang Natatanging Paksa na susunod.

## **NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN (RIGHTEOUSNESS)**

Ang “Katuwiran” ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang “makatarungan” o “matuwid” (PANDIWA, BDB 842, KB 1003; PANLALAKING PANGNGALAN, BDB 841, KB 1004; PAMBABAENG PANGNGALAN, BDB 842, KB 1006). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa isang “tambo ng ilog” na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalina Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan (cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; taga-Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalik ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. taga-Roma 1:18-3:20; Pahayag 5).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sangkatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. taga-Roma 3:21-31; taga-Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. paghahayag na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
  2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
  3. pagkaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo) ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatauhan.
  4. pagpapanumbalik sa pagsasama ng Hardin ng Eden (ihambing sa Genesis 1-2 sa Pahayag 21-22)
- Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., walang-bayad na ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa
1. pagsisisi
  2. pananampalataya
  3. pamumuhay na pagsunod
  4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na “pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap.” Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na “katuwiran” sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaionē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *tsaddiq* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumuhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na “katarungan” (na inuugnay sa lipunan) at “katuwiran” (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga Reformers ang salitang “ang katuwiran ng Diyos” ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang

mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
  - a. taga-Roma 3:26
  - b. II taga-Tesalonica 1:5-6
  - c. II Timoteo 4:8
  - d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
  - a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
  - b. Mateo 27:19
  - c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
  - a. Levitico 19:2
  - b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
  - a. taga-Roma 3:21-31
  - b. taga-Roma 4
  - c. taga-Roma 5:6-11
  - d. taga-Galacia 3:6-14
5. Ibinigay ng Diyos
  - a. taga-Roma 3:24; 6:23
  - b. I taga-Corinto 1:30
  - c. taga-Efeso 2:8-9
6. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
  - a. taga-Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
  - b. II taga-Corinto 5:21
7. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
  - a. taga-Roma 5:21
  - b. taga-II Corinto 5:21
  - c. taga-Filipos 2:6-11
8. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
  - a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
  - b. taga-Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
  - c. taga-Efeso 1:4; 2:10
  - d. I Timoteo 6:11
  - e. II Timoteo 2:22; 3:16
  - f. I Juan 3:7
  - g. I Pedro 2:24
9. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
  - a. Gawa 17:31
  - b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo
4. Isang buhay na dapat ipamuhay

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa Parousia!

Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Paul and His Letters* mula sa IVP:

“Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin” (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesia at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!

Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!

Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

- “**sa panahong kasalukuyan**” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 6:17.

**2:13 “hintayin yaong”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG na tumutukoy sa isang patuloy na pansariling paghihintay sa pagbabalik ni Kristo.

- “**mapalad na pag-asa**” Ito ay isa pang sanggunian sa Pangalawang Pagdating.

- “**ang pagpapakita**” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## **NATATANGING PAKSA: MGA TERMINO SA NT PARA SA PAGBABALIK NI KRISTO (NT TERMS FOR CHRIST’S RETURN)**

Ang eskatolohikong pagbibigay-diin sa natatanging araw ng pagdating na kelan ang mga tao ay makakatagpo si Hesus (bilang Tagapagligtas at Hukom) ay sumusulong sa ilang mga designasyon sa mga kasulatan ni Pablo.

1. “ang araw ng ating Panginoong Hesukristo” (cf. I taga-Corinto 1:8)
2. “ang araw ng Panginoon” (cf. I taga-Corinto 5:5; I taga-Thesalonica 5:2; II taga-Thesalonica 2:2)
3. “ang araw ng Panginoong Hesus” (cf. II taga-Corinto 1:14 MS & has “Panginoong Hesus” in I taga-Corinto 5:5)
4. “ang araw ni Hesukristo” (cf. taga-Filipos 1:6)
5. “ang araw ni Kristo” (cf. taga-Filipos 1:10; 2:16)
6. “ang Kanyang araw (Anak ng Tao)” (cf. Lucas 17:24)
7. “ang araw na ang Anak ng Tao ay mahahayag” (cf. Lucas 17:30)
8. “ang kapahayagan ng ating Panginoong Hesukristo” (cf. I taga-Corinto 1:7)
9. “kapag ang Panginoong Hesus ay maihahayag mula sa kalangitan” (cf. II taga-Thesalonica 1:7)
10. “sa presensya ng Panginoong Hesus at sa Kanyang pagdating” (cf. I taga-Thesalonica 2:19)

Mayroong higit sa apat na mga paraan na kung saan ang mga may akda ng NT ay tumutukoy sa pagbabalik ni Hesus.

1. *epiphaneia*, na tumutukoy sa nakasisilaw na kaliwanagan na sa teolohikong ay (bagamat hindi etimolohikal) na may kaugnayan sa “kaluwalhatian”. Sa II Timoteo 1:10; Tito 2:11 at 3:4 ito ay tumutukoy sa unang pagdating ni Hesus (i.e., pagkakatawang tao) at Kanyang Ikalawang pagdating. Ito ay ginamit sa II Thesalonica 2:8 na sumasakop sa lahat ng pangunahing mga salita para sa Ikalawang Pagdating: I Timoteo 6:14; II Timoteo 4:1,8; Tito 2:13.
2. *parousia*, na nagpapahiwatig ng presensya at orihinal na tumutukoy sa isang maharlika pagbisita. Ito ang pinakamaraming ginamit na salita (cf. Mateo 24:3,27,37,39; I taga-Corinto 15:23; I taga-Thesalonica 2:19; 3:13; 4:15; 5:23; II taga-Thesalonica 2:1,8; Santiago 5:7,8; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28).
3. *apokalupsis* (o *apocalypsis*), na ang ibig sabihin ay paglalantad para sa layunin ng pagpapahayag. Ito ang pangalan ng huling aklat sa NT (cf. Lucas 17:30; I taga-Corinto 1:7; II taga-Thesalonica 1:7; I Pedro

1:7; 4:13).

4. *phaneroō*, na ibig sabihin ay dalhin sa liwanag o malinaw na ipahayag o ipakita. Ang salita ay ginamit ng madalas sa NT para sa maraming mga aspeto ng kapahayagan ng Diyos. Ito, gaya ng *epiphaneia*, ay maaring tumutukoy sa unang pagdating ni Kristo (cf. I Pedro 1:20; I Juan 1:2; 3:5,8; 4:9) at sa Kanyang Ikalawang Pagdating (cf. Mateo 24:30; taga-Colosas 3:4; I Pedro 5:4; I Juan 2:28; 3:2).
  5. Ang napakakaraniwang salita para sa “pagdating,” *erchomai*, ay ginamit rin ng paminsan-minsan para sa pagbabalik ni Kristo (cf. Mateo 16:27-28; 23:39; 24:30; 25:31; Mga Gawa 1:10-11; I taga-Corinto 11:26; Pahayag 1:7,8).
  6. Ito rin ay ginamit kasama ang pariralang “araw ng Panginoon” (cf. I taga-Thesalonica 5:2), na siyang OT na titulo para sa araw ng pagpapala ng Diyos (muling pagkabuhay) at paghuhukom.
- Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng pananaw ng OT, na nagsasaysay ng
- a. isang kasalukuyang, mapaghimagsik na panahon
  - b. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
  - c. ang panahon na dinala ng kinatawan ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesias (Ang Isang Pinahiran)

Ang teolohikong pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kailangan sapagkat ang mga may akda ng NT ay bahagyang binago ang pag-aasam ng Israel. Sa halip na isang panghukbong, makabayan (Israel) na pagdating ng Mesias, mayroong dalawang pagdating. Ang unang pagdating ay pagkakatawang tao ng Diyos sa konsepsyon at kapanganakan ng Hesus ng Nazareth. Siya ay dumating bilang hindi makamilitar, hindi makahukom na “matiising tagapaglingkod” ng Isaias 53; at saka ang banayad na sumasakay bisiro ng asno (hindi isang pandigmang kabayo o makaharing mola), ng Zacarias 9:9. Ang unang pagdatin ay pinasinayaan ng Bagong Makamesyas na Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba ito ay malayo pa rin. Ang pag-iigting na ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesias na kung saan, sa pakahulugan, ay ang pagsasanib ng dalawang Makahudyong panahon na hindi nakikita, o hindi malinaw, mula sa OT. Sa katunayan, ang dalawahang pagdating na ito ay nagbibigay diin sa pagiging tapat sa pangako ni YHWH na tubusin ang lahat ng tao (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na sina Isaias at Jonas).

Ang iglesia ay hindi naghihintay para sa katuparan ng propesiya ng OT sapagkat karamihan sa mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf. *How to Read the Bible para sa All Its Worth*, pp. 165-166). Ang inaabangan ng mga mananampalataya ay maluwalhating pagdating ng muling nabuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, pinagmulangsam na makasaysayang katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT na mga presentasyon ay wasto ngunit, hindi kompleto. Siya ay darating muli na gaya ng hinula ng mga propeta sa kapangyarihan at awtoridad ni YHWH.

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi bibliikal na salita, ngunit ang konsepto ay isang pananaw sa mundo at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ang magtatakda ng lahat ng ito ng tuwiran. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatuahan ay ginawa ayon sa Kanyang imahe ay muling mapapanumbalik. Ang kasamaan ay hahatulan at aalisin. Ang layunin ng Diyos ay hindi, di pwedeng, mabigo!

Ang unang iglesia ay sumamba sa araw ng Sabbath at ang unang araw ng linggo (i.e., Linggo, araw ng muling pagkabuhay). Binigyang pansin ng Sinagoga ang lumalagong kilusang Kristiyano sa pamamagitan ng paghiling sa mga miyembro na tanggihan si Hesus bilang Mesiyas (i.e., Ang Walong Benediksiyon). Sa puntong ito (i.e., a.d. 70) eksklusibong nagtipon ang mga Kristiyano tuwing Linggo.

▣ **“ng kaluwalhatian”** Ang pariralang “ng kaluwalhatian” mauunawaan sa dalawang paraan: (1) ang “maluwalhating lumitaw” (cf. NKJV) o (2) “ang paglitaw ng kaluwalhatian” (cf. NASB, NRSV, TEV at NJB). Ang kaluwalhatian ay madalas na nauugnay sa presensya ng Diyos sa OT (lalo na ang Shekinang ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng kanilang paglilibot sa ilang). Ang kaluwalhatian ay mula sa terminong Hebreo na *kabod* na tumutukoy sa isang nagliliwanag na kaningningan. Ang dalawa sa mga Griyegong termino na nauugnay sa Ikalawang Pagparito at tumutukoy din sa isang katingkaran o liwanag: *epiphaneia*, (cf. Mateo 25:31) at *phaneroō* (cf. Mateo 24:30). Sinabi ni Hesus ang Kanya at ang kaluwalhatian ng Kanyang Ama sa Juan 17:1-5,22,24.

## **NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (DOXA) (GLORY (DOXA))**

Ang bibliikal na konsepto ng “kaluwalhatian” ay mahirap maipaliwanag. Ang LXX ay ginamit ang *doxa*

upang isalin sa mahigit dalawampung Hebreong salita. Ito ay ginamit nang maraming beses sa kabuuan ng NT sa maraming paraan. Ito ay tumutukoy sa Diyos, Hesus, mga tao at ang pang-Mesias na Kaharian.

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa “kaluwalhatian” (*kabod*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, “maging mabigat” Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; 33:18; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal (cf. Mga Awit 24:7-10; 66:2; 79:9). Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan, kaya siya ay nababalutan ng ulap, kamay o usok (cf. Exodo 16:7, 10; 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 1:18; 6:46; 12:45; 14:8-11; taga-Colosas 1:15; 1 Timoteo 6:16; Hebreo 1:3; 1 Juan 4:12).

Para sa isang lubusang pagtalakay, tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian (OT). Ang kaluwalhatian ng mga mananampalataya ay kanilang pagkaunawa ng ebanghelyo at kaluwalhatian sa Diyos, hindi ng kanilang mga sarili (cf. 1 taga-Corinto 1:29-31; Jeremias 9:23-24). Para sa isang detalyadong pagtalakay, tingnan ang NIDOTTE, tomo 2, pp. 577-587.

▣ **“ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo”** Dito si Hesus na hindi walang kabuluhang binibigyan ng titulo ng Diyos! Ang mga Caesars ay umaako ng magkatulad na titulo (i.e., *Ptolemy I*). Ang mga termino “Naghahayag” (na konteksto na nauugnay sa Ikalawang Pagparito ni Kristo) at “dakilang” ay hindi ginagamit na YHWH. Gayundin, walang pantukoy na may “tagapagligtas.” Sinusuportahan ito ng palaugnayan ng Koine Griyego bilang isang titulo para kay Hesus sapagkat may isang pantukoy lamang na may parehong mga pangngalan, kung kaya magkakaugnay ang mga ito (tingnan ang NET Bible). Si Jesus ay banal (cf. Juan 1:1; 8:57-58; 20:28; taga-Roma 9:5; taga-Filipos 2:6; 2 taga-Thesalonica 1:12; Hebreo 1:8; 2 Pedro 1:1,11; 1 Juan 5:20). Sa OT ang Mesias (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 1:1) inaasahan na banal at kapangyarihan ng Diyos tulad ng mga Hukom. Namangha ang bawat isa sa kanyang pagka-Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo sa 1 Timoteo 2:5)!

**2:14 “siyang nagbigay ng kaniyang sarili dahil sa atin”** Sinusundan nito ang teolohiya ng Marcos 10:45; 2 taga-Corinto 5:21; at Hebreo 9:14. Tumutukoy ito sa kahalili, pagpapalit ng pagbabayad-sala (cf. Isaias 53; taga-Galacia 1:4; 1 Timoteo 2:5-6; Hebreo 9:12-15; 1 Pedro 1:18-19). Ang Diyos Ama ay “isinugo” ngunit ang Anak “ay nagbigay sa Kanyang Sarili”!

▣ **“tayo’y matubos”** Ang mga termino “pantubos” at “tubusin” mauugat sa OT (ang NASB mga kopya Tito 2:14 bilang isang sipi). Ang parehong mga salita ay tumutukoy sa isang tao na binili mula sa pagkaalipin habang ang Israel ay tinubos mula sa Ehipto. Ipinapahiwatig din nito na ang mga mananampalataya ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Tubusin / Pagtubos sa 1 Timoteo 2:6.

▣ **“malinis”** Sumangguni sa Natatanging Paksa sa “Katuwiran” at Tito 2:13. Ang teolohikang tanong ay paano niya nililinis ang mga tao? Ito ba ay isang libheng kaloob sa pamamagitan ni Kristo, na ibinigay sa pamamagitan ng banal na utos o ito ay isang mandato, pagsisisi, masunurin, matiyagang pananampalataya? Ito ba ay lahat Diyos o isang tugon tao na ipinag-utos?

Para sa akin, dahil itinuturing ko ang Bibliya bilang pagpapakita ng katotohanan sa mga makasalungat na pares, pareho itong malayang kilos ng banal na Diyos at isang kinakailangang paunang gawa at isang patuloy na gawa ng isang nahulog na indibidwal (tingnan ang Natatanging Paksa at Tito 2:11)! Ang mga ito ay pinag-isa sa konsepto ng “tipan” (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2 Timoteo 2:1).

▣ **“ang bayan na maging kaniyang sariling pag-aari”** Ito ang terminong tipan ng OT (cf. Exodo 19:5; Deuteronomio 14:2; 1 Pedro 2:5,9,10; Pahayag 1:6). Ang iglesia ay espirituwal Israel (cf. taga-Galacia 6:16; taga-Roma 2:29). Ang simbahan ay may utos na i-e-ebanghelyo ang lahat ng tao (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8) sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo at pamumuhay sa ebanghelyo

▣ **“masikap sa mabubuting gawa”** Ang layunin ng Kristiyanismo ay hindi lamang langit kapag namatay ang mga mananampalataya ngunit ang pagiging tulad ni Kristo ngayon (cf. taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4 2:10). Ang bayan ng Diyos ay nailalarawan sa pamamagitan ng isang sabik na pagnanais ng mabubuting gawa (cf.



**TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 2:15**

**<sup>15</sup>Ang mga bagay na ito ay iyong salitain at iaral at isaway ng buong kapangyarihan. Sinoman ay huwag humamak sa iyo.**

**2:15 “salitain at iaral at isaway”** Mayroong tatlong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS: magpatuloy magturo (cf. Tito 2:1), magpatuloy magpayo, at maptuloy magsaway (cf. 2 Timoteo 3:16). Ang mga pinuno ng iglesia ay kailangang magpalakas ng mga binanal at makilala ang mga bulaang mangangaral!

▣ **“ng buong kapangyarihan”** Sinabi ni Hesus na ang lahat ng awtoridad (*exousia*) sa langit at sa lupa ay pinagkaloob sa kaniya (cf. Mateo 28:18). Itinalaga Niya ang kanyang awtoridad sa Kaniyang mga Apostol (Pablo na nahuli, isang ipinanganak sa panahon). Itinalaga ni Pablo ang kaniyang awtoridad (*epitaē*) kapwa kina Timoteo at Tito bilang kaniyang personal na mga kinatawan.

Magbuhay sa kamatayan ng mga saksing ito, ang naisulat na Bagong Tipan (gayundin ang Lupang Tipan) ay naging awtoridad “para sa lahat ng mga sumunod sa saling-lahi ng mga mananampalataya” (cf. 2 Timoteo 3:15-17).

**NATATANGING PAKSA: KAPAMAHALAAN O AWTORIDAD (EXOUSIA) (AUTHORITY (EXOUSIA))**

I. Paggamit ni Lucas - Ito ay kagiliw-giliw na obserbahan ang paggamit ni Lucas ng *exousia* (awtoridad, kapangyarihan, o legal na karapatan).

1. Sa Lucas 4: 6 inaangkin ni Satanas na makapagbigay kay Hesus ng kapangyarihan.
2. Sa Lucas 4: 32,36 ang mga Hudyo ay namangha sa itinuro ni Hesus, gamit ang Kanyang personal na kapangyarihan.
3. Sa Lucas 9: 1 Ibinigay niya ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa Kanyang mga Apostol.
4. Sa Lucas 10:19 ibinigay niya ang Kanyang kapangyarihan sa pitumpung misyonero.
5. Sa Lucas 20: 2,8 ang sentrong katanungan ng kapangyarihan ni Jesus ay tinanong.
6. Sa Lucas 22:53 ang kasamaan ay nagpahintulot sa mga awtoridad na hatulan at patayin si Hesus.

Bagaman hindi sa Lucas, ang pagpapakilala ni Mateo sa Dakilang Komisyon (Mat. 28:18), “lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa Akin sa langit at sa lupa,” ay isang kamangha-manghang pahayag ng kapangyarihan ni Hesus.

Iginiit ni Jesus na mayroon siyang kapangyarihan dahil sa

1. Ang mga binanggit na salita ng Diyos sa Kanya sa Kanyang
  - a. bautismo (Lucas 3:21-22)
  - b. pagbabagong-anyo (Lucas 9:35)
2. OT naganap na propesiya
  - a. lipi ng Huda (cf. Genesis 49:10)
  - b. pamilya ni Jesse (cf. 2 Samuel 7)
  - c. ipinanganak sa Betlehem (cf. Mikas 5:2)
  - d. ipinanganak noong ika-apat na emperyo (Roma) of Daniel 2
  - e. tumulong sa mga mahirap, bulag, nangangailangan (Isaias)
3. Ang Kanyang pagpapalayas ng demonyo ay nagsiwalat ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad kay Satanas at sa kanyang kaharian.
4. Ang kanyang mga pagkabuhay na muli sa mga patay ay nagpakita ng Kanyang kapangyarihan sa pisikal na buhay at kamatayan.
5. Ang Kanyang mga himala ay lahat ng naghahayag ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa temporal, natatangi, at pisikal.
  - a. likas na katangian
  - b. pagpapakain
  - c. pagpapagaling
  - d. pagbabasa ng isip
  - e. panghuhuli ng isda

II. Ang paggamit ni Pablo ng “awtoridad” na nauugnay sa mga babaeng Kristiyano  
Ang isyu ng awtoridad ay tinalakay din sa 1 Corinto 11 na may kaugnayan sa takip ng ulo ng isang babae.  
Ang mga sumusunod ay mula sa aking mga tala doon.

**1 taga-Corinto 11:10 “Samakatuwid ang babae ay nararapat na magkaroon ng isang simbolo ng kapangyarihan sa kanyang ulo”** Ang paggamit ng kapangyarihan sa 1 Corinto ay maaaring maunawaan sa maraming paraan. Ang pangunahing isyu (sa kontekstong ito) ay kinakatawan ng “awtoridad” (*exousia*).

Una, dapat tandaan na ang *exousia* ay madalas na nauugnay sa *dunamis* (kapangyarihan). Si Otto Betz ay may isang nakawiwiling artikulo sa *exousia* in *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, pp. 606-611. Narito ang limang mga halimbawa.

“Ito ay katangian para sa NT na ang *exousia* at *dunamis* ay parehong may kaugnayan sa gawain ni Kristo, ang kinahinatnan ng bagong kaayusan ng mga kosmikong kapangyarihan-balangkas at ang pagpapalakas ng mga mananampalataya” (p. 609).

“Ang *exousia* ng mga mananampalataya. Ang kapangyarihan ng isang Kristiyanong mananampalataya ay itinatag sa pamamahala ni Kristo at sa pagwasak sa lahat ng kapangyarihan. Ipinapahiwatig nito ang parehong kalayaan at paglilingkod” (p. 611).

“Malaya siyang gumawa ng anuman 1 taga-Corinto 6:12; 10:23 *exestin*); ang paniniwalang ito, na ginawa noong una ng mga taong mahilig sa sekta sa Corinto, ay kinuha ni Pablo na kinilala nitong tama” (p. 611).

“Sa pagsasagawa, gayunpaman, ang teoryang ito na hindi pinigilan na kalayaan ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kung ano ang kapaki-pakinabang sa ibang mga indibidwal na Kristiyano at ng kongregasyon bilang isang buo dahil sa ang katunayan na ang kumpletong pagtubos ay darating pa rin. (1 taga-Corinto 6:12; 10:23)” (p. 611).

“Lahat ng mga bagay ay naaayon sa batas [*exestin*] para sa akin, ‘ngunit hindi lahat ng bagay ay kapaki-pakinabang. ‘Lahat ng mga bagay ay naaayon sa batas [*exestin*],’ ngunit hindi lahat ng bagay ay bumubuo. Huwag hahanapin ng sinoman ang kanyang sariling kabutihan, kundi ang kabutihan ng kanyang kapwa” (1 taga-Corinto 10:23ff). Ang sipi sa loob ng mga sipi na ito ay marahil ang mga sawikain ng mga taong ganid sa Corinto. Binilang sila ni Pablo sa pamamagitan ng pag-amin ng kanilang katotohanan, ngunit sa pamamagitan ng pagpapakita na hindi ito ang buong katotohanan” (p. 611).

Madalas na ginagamit ni Pablo ang dalawang salitang ito sa kanyang mga liham sa iglesiya sa Corinto.

1. *exousia*, 1 taga-Corinto 7:37; 9:4,5,6,12 (dalawang beses),18; 11:10; 2 taga-Corinto 13:10
2. *dunamis*, 1 taga-Corinto 1:18; 2:4,5; 4:19,20; 5:4; 15:24,43; 2 taga-Corinto 4:7; 6:7; 8:3 (dalawang beses); 12:9; 13:4 (dalawang beses)

Ang mga karapatan at kapangyarihan ay pangunahing isyu para sa parehong mga legalista at taong ganid. Sinubukan ni Paul na lumakad ng isang mahusay na linya sa pagitan ng parehong mga bahagi. Sa konteksto na ito ang mga kababaihang Kristiyano ay hinihikayat na tanggapin ang utos na ibinigay ng Diyos sa paglikha (i.e., Kristo-lalaki-babae) para sa layunin ng pagpapaunlad ng Kaharian. Iginiiit ni Pablo ang orihinal na pagtutulungan (cf. Genesis 1:26-27; 2:18) sa talatang 1 taga-Corinto 11:11-12. Mapanganib ito sa teolohikong

1. ibukod ang isang talata sa kontekstong ito
2. maglagay ng isang mahigpit na sistematikong denominasyonal na pagtatahi sa isyu ng relasyon ng kalalakhian at kababaihan / asawang lalaki at asawa babae ng unang siglo sa bawat kultura at bawat siglo
3. upang makaligtaan ang balanse ni Pablo sa pagitan ng kalayaan ng Kristiyanismo at responsibilidad ng magkakasamang Cristiyanong sa tipan

Saan nakakuha ng kalayaan ang mga kababaihang Kristiyano na makilahok bilang isang pinuno sa natipon (i.e., bahay-iglesiya) pagsamba? Tiyak na hindi mula sa sinagoga. Ito ba ay isang kulturang kalakaran mula sa lipunan ng unang siglo sa Roma? Ito ay tiyak na posible at sa aking palagay ay nakakatulong na maipaliwanag ang maraming mga aspeto ng kabanatang ito. Gayunpaman, posible rin na ang kapangyarihan ng ebanghelyo, ang pagpapanumbalik ng orihinal na “larawan ng Diyos” na bumagsak sa Pagkakasala, ay ang mapagkukunan. Mayroong isang nakakabigla na bagong pagkakapantay-pantay sa lahat ng mga lugar ng buhay at lipunan ng tao. Ngunit ang pagkakapantay-pantay na ito ay maaaring maging isang lisensya para sa personal na pang-aabuso. Ang hindi naaangkop na pagpapalawig na ito ay tinutugunan ni Pablo.

F. F. Bruce, *Answers to Questions*, nakatulong talaga sa aking isipin sa pamamagitan ng maraming mga

kontrobersyal na isyu na may kaugnayan sa mga tradisyon ng iglesia ng makabagong kanluraning Kristiyanismo. Bilang isang taga-paliwanag palagi kong naisip na ang takip ng kababaihan ay sinadya upang ipakita ang pagiging regalo ng Diyos (o ang pagkakapantay-pantay ng Genesis 1:26,27), hindi awtoridad ng kanyang asawang lalaki. Gayunpaman, hindi ko mahanap ang interpretasyong ito sa mga mapagkukunang biblikal na ginagamit ko, samakatuwid, nag-atubili akong ilagay ito sa mga komentaryo o ipangaral / ituro ito. Naaalala ko pa ang pagkasabik at kalayaan na naramdaman ko noong naisip ni F. F. Bruce ang parehong bagay (tingnan *Answers to Questions*, p. 95). Sa palagay ko ang lahat ng mananampalataya ay tinawag, buong-buhay, pinagkalooban na ministro ni Kristo (cf. taga-Efeso 4:11-12)!

- ▣ **“Sinoman ay huwag humamak sa iyo”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA SALUNGAT NA PAUTOS (cf. 1 Timoteo 4:12). Ito ay maaaring tumukoy sa
1. yaong nasa loob ng iglesia hinggil sa kapanahunan ni Tito o naitalang awtoridad
  2. ang mga kasangkot sa mga bulaang mangangaral, marahil maging ang isang punong tagapagsalita.

## **MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sinasabi ba ng kabanatang ito ang unang pagdating ni Kristo o ang Kanyang Ikalawang Pagbabalik?
2. Ano ang kahalagahan tungkol sa talata 13?
3. Ilista ang tatlong mga gawain ng mangangaral Tito 2:15.
  - a.
  - b.
  - c.
4. Sinasara ba ng Tito 2:15 ang kabanata 2 o nagsisimula ang talakayan ng kabanata 3?

# TITO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Panatilihin ang mga Mabubuting Gawa	Mga Biyaya ng mga Taga-pagmana ng Biyaya	Ang Pastor at ang Kawan	Kristiyanong Pag-uugali	Mga Pangkalahatang Alituntunin para sa Mga Mananampalataya
3:1-7	3:1-8	(2:1-3:11) 2:15-3:8a	3:1-8a	3:1-3 3:4-8a
3:8-11	Iwasan ang Pagtatalo 3:9-11	3:8b-11	3:8b-11	Personal na Payo kay Tito 3:8b-11
Mga Personal na Alituntunin at Pagbati	Pangwakas na Mensahe	Mga Pangwakas na Tagubilin	Mga Pangwakas na Tagubilin	Mga Praktikal na Tagubilin, Pagpapaalam at Mabuting Hangarin
3:12-14	3:12-14 Pagpapaalam	3:12-14	3:12-14	3:12-14
3:15	3:15	3:15a 3:15b	3:15a 3:15b	3:15

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL SA TITO 3

- A. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng mga tema ng buong aklat.
  1. Ang katangiang Kristiyano ay binigyang diin sa Tito 1:16; 2:7,14; 3:1-2, 8
  2. Ang doktrinang Kristiyano ay binuod sa Tito 2:11-14 at 3:4-7
  3. Ang mga mananampalataya ay nabubuhay nang wasto sapagkat sila ay iniwasto nang Diyos. Dapat nating gawin ang mga katangian ng pamilya ng ating Ama. Ang layunin ng Kristiyanismo ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay, ngunit ang pagiging tulad ni Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3). Ang layunin ng ating bagong buhay ay upang maabot ang napakamak sa ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Ngunit nais ni Pablo na tiyakin na ang kanyang pagsamo sa “mabuting pamumuhay” ay hindi nakalilito sa “gumagawa ng katuwiran.”
- B. Ang buong Tatlong Persona ay aktibo sa kaligtasan ng sangkatauhan (tingnan ang Natatanging Paksa sa

Tito 3:6)

1. Ang pag-ibig ng Ama (Tito 3:4)
2. Pagbabagong-buhay at pagbabautismo ng Espiritu (Tito 3:5)
3. Sa pamamagitan ng Anak (Tito 3:6)

C. Tito 3:9-11 ay Ang patuloy na mga babala ni Pablo laban sa mga bulaang mangangaral at payo sa mabubuting gawa, ay pinaka-katangian ng mga Liham Pastoral (cf. Tito 1:10-16; 1 Timoteo 1:3-7).

D. Tito 3:12-15 nagbuo ng isang personal na konklusyon ng paghihikayat at tagubilin kay Tito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 3:1-11

<sup>1</sup>Ipaalala mo sa kanilang pasakop sa mga pinuno, sa mga may kapangyarihan, na mangagmasunurin, na humanda sa bawâ't gawang mabuti, <sup>2</sup>Na huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man, na huwag makipagtalò, kundi mapakahinhin, at magpakahinahon sa lahat ng mga tao. <sup>3</sup>Sapagka't tayo rin naman nang unang panahon ay mga mangmang, mga suwail, mga nadaya, na nagsisipaglingkod sa sarisaring masamang pita at kalayawan, na nangamumuhay sa masasamang akala at kapanaghilian, mga napopoot, at tayo'y nangakapootan. <sup>4</sup>Ngunit nang mahayag na ang kagandahang-loob ng Diyos na ating Tagapagligtas, at ang kaniyang pagibig sa tao, <sup>5</sup>Na hindi dahil sa mga gawa sa katuwiran na ginawa nating sarili, kundi ayon sa kaniyang kaawaan ay kaniyang iniligtas tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan at ng pagbabago sa Banal na Espiritu, <sup>6</sup>Na kaniyang ibinuhos ng sagana sa atin, sa pamamagitan ni Hesukristo na ating Tagapagligtas; <sup>7</sup>Upang, sa pagkaaring-ganap sa atin sa pamamagitan ng kaniyang biyaya, ay maging tagapagmana tayo ayon sa pagasa sa buhay na walang hanggan. <sup>8</sup>Tapat ang pasabi, at tungkol sa mga bagay na ito ay ninanasa kong patotohanan mong may pagkakatiwala, upang ang mga nagsisipanampalataya sa Diyos ay maging maingat na papanatilihin ang mabubuting gawa. Ang mga bagay na ito ay pawang mabubuti at mapapakinabangan ng mga tao: <sup>9</sup>Ngunit ilagan mo ang mga hangal na usapan, at ang mga pagsasalaysay ng lahi, at ang mga pagtatalo, at pagtatalalan tungkol sa kautusan; sapagkat ang mga ito ay di pinakikinabangan at walang kabuluhan. <sup>10</sup>Ang taong may maling pananampalataya pagkatapos nang una at ikalawang pagsaway ay itakuwil mo; <sup>11</sup>Yamang nalalaman mo na ang gayon ay napahamak, at nagkakasala at siya'y hinahatulan ng kaniyang sarili.

**3:1 "Ipaalala sa kanila"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, nangangahulugang "magpatuloy sa paalala." Ito ay malinaw na naka-ugnay sa 2:15. Ipapaalala Tito sa kanila kung ano yung alam na nila (cf. 2 Timoteo 2:14; 2 Pedro 1:12; 3:1-2; Judas 1:5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Masamang Hilig (Bisyo) at Mga Kagalingan Sa NT sa 1 Timoteo 1:9.

▣ **"na pasakop"** Ito isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAWATAS, nangangahulugang "patuloy na ilalagay ang iyong sarili sa ilalim ng kapangyarihan." Ito ay isang terminong pangkawal para sa magkakaugnay na kapangyarihan. Ang parehong salita ay ginagamit ng mga asawang Kristiyano sa Tito 2:5 at Mga aliping Kristiyano sa Tito 2:9. Ginagamit din ito ng lahat ng mga Kristiyano sa taga-Efeso 5:20. Ito ay karaniwang isang saloobin ng buhay para sa mga Kristiyano sa lahat ng lugar. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapasakop (*hupotassō*) sa Tito 2:5.

▣ **"sa mga pinuno, sa mga may kapangyarihan"** Ang dalawang salitang ito, *exousia* (tingnan ang Natatanging Paksa at Tito 2:15) at *archē* (tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba), magkaroon ng isang malawak na hanay ng kahulugan sa mundo ng Mediteraneo. Gayunpaman, may ilang mga semantiko na nagsanib ng kahulugan ng awtoridad o kapangyarihan sa isa pa.

1. *Exousia* ay ginagamit ng kapangyarihang sibil sa taga-Roma 13:1 at Tito 3:1. 1 Timoteo 2:2 at 1 Pedro 2:13-17 ay teolohikal na kahanay, kahit na ang dalawang tiyak na salitang Griyego ay hindi ginagamit.
2. *Exousia* at *archē* ay ginagamit ng mga espirituwal na awtoridad at kapangyarihan sa taga-Efeso 2:2 at taga-Colosas 2:15. In taga-Efeso 3:10 at 6:12 ang dalawang salitang ito ay nauugnay sa "sa mga langit," na natatangi sa mga taga-Efeso at tumutukoy sa espirituwal na kaharian na aktibo sa kasaysayan ng tao.
3. Mayroong ilang mga sulat si Pablo na pinagsama ang mga kapangyarihang pang-sibil at pang-espirituwal

(i.e., 1 taga-Corinto 15:24; taga-Efeso 1:21; at taga-Colosas 1:16).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamahalaang Pantao sa 1 Timoteo 2:2.

### **NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ* (*ARCHĒ*)**

Ang katagang “nasasakupan” ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang “simula” o “pinanggalingan” ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; taga-Filipos 4:15; II taga-Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, taga-Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito’y dumating upang gamitin bilang “tuntunin” o “awtoridad”

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
  - a. Lucas 12:11
  - b. Lucas 20:20
  - c. taga-Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
  - a. taga-Roma 8:38
  - b. I taga-Corinto 15:24
  - c. taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:12
  - d. taga-Colosas 1:16; 2:10,15
  - e. Hudas 1:6

▣ **“na mangagmasunurin”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS. Ito ay isang tambalang salita at palatinigang salita sa “sumunod” (*peithomai*) kasama ang “mga pinuno” (*archē*). Ito ay matatagpuan lamang dito at sa Mga Gawa 27:21 sa NT. Ang konsepto ng pagpapasakop at pagsunod ay paulit-ulit sa payo ni Pablo sa mga Kristiyanong asawa, anak, at alipin taga-Efeso 5:21-6:9 at taga-Colosas 3:18-25.

▣ **“na humanda sa baw’t gawang mabuti”** Ang pariralang ito sa konteksto ay maaaring tumukoy sa paglilingkod ng mga mananampalataya sa mga awtoridad ng sibil at / o paglilingkod sa komunidad sa kanilang kapwa tao. Gayunpaman, lumilitaw ang mga katulad na parirala sa 2 Timoteo 2:21 at 3:17, kung saan ang konteksto ay tumutukoy sa makadiyos na pamumuhay sa pangkalahatan (cf. Tito 2:14; 2 taga-Corinto 9:8; taga-Efeso 2:10). Ang mga bulaang mangangaral ng Tito 1:16 ay hindi kwalipikado para sa anumang mabuting gawa, sekular o sagrado.

**3:2** Ang pangungusap na ito ay nagtala ng apat na bagay na dapat gawin ng mga Kristiyano na may kaugnayan sa kanilang kapwa. Ang mga Kristiyano ay ang minority sa kanilang mga kapitbahayan. Kung paano sila kumilos ay isang mahalagang patotoo. Gayundin, ang talaang ito ay maaaring sumasalamin sa ginagawa ng mga bulaang mangangaral at hindi dapat gawin ng mga tunay na mananampalataya.

Ito ay mabuting payo para sa mga makabagong mananampalataya na kasangkot sa gawaing pampulitika. Kung paano tayo kumikilos ay kasinghalaga ng sinasabi natin! Ang kawalang dahilan ay nahahalinhin ang pag-i-ebanghelyo!

**NASB** “Na huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man”

**NKJV, NRSV** “na magsalita ng masama sa walang simuman”

**TEV** “huwag magsalita ng masama sa sinuman”

**NJB** “huwang maninirang-puri sa ibang tao”

Ito ay literal na salitang “paglapastangan sa Diyos” (cf. 1 Timoteo 1:13,20; 2 Timoteo 3:2; 1 Pedro 4:4; 2 Pedro 2:2,10,11, 12). Karaniwan itong ginagamit ng pagsasalita ng masama sa Diyos (cf. Mateo 26:65). Ito ay ginamit ni Pablo upang igiit na ang ebanghelyo ay hindi dapat masabing masama dahil sa gawi ng Kristiyano (cf.

taga-Roma 14:16; 1 taga-Corinto 10:30 at dito). Kung paano mamuhay ang mga mananampalataya ay mahalaga para sa pagpapatotoo ng ebanghelyo ng iglesiya.

▣ **“na huwag makipagtalos”** Ito, tulad ng lahat ng tatlong mga salitang ito, ay tumutukoy sa pakikitungo ng mga mananampalataya sa mga hindi mananampalataya. Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 3:3.

▣ **“mapakahinhin”** Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 3:3.

**NASB** “magpakahinahon sa lahat ng mga tao”

**NKJV, NRSV** “upang ipakita ang bawat kagandahang loob sa bawat isa”

**TEV** “palaging ipakita ang isang banayad na saloobin sa bawat isa”

**NJB** “palaging magalang sa lahat ng uri ng tao”

Muli ang parirala ay tumutukoy sa mga kilos ng mga mananampalataya sa mga hindi mananampalataya. Sa 2 Timoteo 2:25 nauugnay ito sa ating mga kilos sa mga mananampalataya (cf. 1 Timoteo 6:11).

Ang tema ng “bawat isa” ay katangian ng mga Liham Pastoral. Mahal ng Diyos ang lahat ng tao; Namatay si Hesus para sa lahat ng mga tao; Ang mga Kristiyano ay dapat na tumugon nang positibo sa lahat ng tao (cf. 1 Timoteo 2:1,4,6; 4:10; Tito 2:11).

**3:3 “Sapagka’t tayo rin naman nang unang panahon”** Ang mga pagkilos na inilarawan sa talatang ito ay nagpapakilala sa nahulog na sangkatauhan (Genesis 3; taga-Roma 1:19-3:31), maging ang mga Kristiyano bago sila naligtas (cf. taga-Roma 1:29-31; 2 taga-Corinto 6:9-11; taga-Efeso 2:3; 4:17,21; taga-Galacia 5:19-21).

▣ **“mga mangmang”** Ito ang termino para sa “pag-iisip” o “pangangatuwiran” binawi (cf. Lucas 6:11; 24:25; taga-Roma 1:14,21; taga-Galacia 3:1,3; 1 Timoteo 6:9; 2 Timoteo 3:9). Ito ay isang matatag na termino para sa mali, hindi naaangkop na pag-iisip

▣ **“mga suwail”** Ito ay ang termino “nanampalataya” binawi. Ito ay ginamit ng

1. Haring Agripa sa Mga Gawa 26:19
2. mga pagano sa taga-Roma 1:30; taga-Efeso 2:2; 5:6
3. mga Hudyo sa Lucas 1:17; taga-Roma 11:30,32; Hebreo 4:6
4. ang mga bulaang mangangaral sa Tito 1:16; 2 Timoteo 3:2

▣ **“mga nadaya”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA KATAGA, na literal na nangangahulugang “nalinlang” o “nadaya.” Ito ay orihinal na tinutukoy sa mga taong pagala-gala (i.e., mga planeta na hindi sumunod sa inaasahang daan ng mga konstelasyon) ng gabing kalangitan at ay naging “Planeta” sa Ingles. Ito ay ginamit na patalinghaga para sa mga nasa kamalian. Ang katagang ito, tulad ng naunang dalawa, ay ginamit sa paglalarawan ni Pablo tungkol sa kasalanan ng tao sa taga-Roma 1:27 at 2 taga-Thesalonica 2:11. Pansinin din ang paggamit nito sa 1 Timoteo 4:1-2; 2 Timoteo 3:13; 1 Pedro 2:25; 2 Pedro 2:18; 3:17; at Judas 11.

Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig ng pagkilos ng isang panlabas na kinatawan, dito si Satanas o ang demonyo.

▣ **“nagsisipaglingkod”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA KATAGA, na literal na nangangahulugang “paglilingkod bilang mga alipin” sa mga pagnanasa ng tao (cf. taga-Roma 6:6,12).

▣ **“sa sarisari”** Ito ang pang-uri na “maraming kulay,” na ginamit ng bahaghari. Ginamit ito sa maraming panig na bagay (i.e., [1] sa 1 Pedro 1:6 at Santiago 1:2 ng maraming pagsubok na kinakaharap ng mga mananampalataya at [2] sa 1 Pedro 4:10 ng magkakaiba-iba, maraming panig na katangian ng biyaya ng Diyos).

▣ **“masamang pita”** Ito ay isang tambalang termino mula sa “hanggang” (*epi*) at “ang isip o kaluluwa” (*thumos*). Tinukoy nito ang isang masidhing pagnanais para sa isang bagay, madalas sa isang negatibong kahulugan. Ginamit din ang terminong sa taga-Roma 1:24 upang mailarawan ang mga nahulog na sangkatauhan.

▣ **“mga kalayawan”** Nakinuha natin ang salitang Ingles na “hedonism” mula sa Griyegong salitang ito (cf. Lucas 8:14; Santiago 4:1-3). Ang personal na kasiyahan ay maaaring maging isang mapang-api!!

▣ **“na nangamumuhay sa masasamang akala at kapanaghilian”** Ito ay isa pang paglalarawan mula sa taga-Roma 1:29 ng mga katangian ng bumagsak na sangkatauhan.

**NASB, NKJV “mga napopoot, at tayo’y nangagkakapootan”**

**NRSV “kasuklam-suklam, napopoot sa isa’t isa”**

**TEV “kinamumuhian kami ng iba at kinapootan namin sila**

**NJB “napopoot sa bawat isa at napopoot sa ating sarili”**

Gumagamit ito ng dalawang magkasingkahulugan na terminong Griyego para sa napoot (ang PANG-URI *stugētos* at ang KATAGA na *miseō*). Ang talaan ng mga problema ay nagpapaalala sa isa sa Mateo 7, “sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala mo sila”! Inilarawan ng kontekstong ito ang mga mananampalataya bago ang pagbabalik-loob, ngunit sana hindi pagkatapos. Inilalarawan pa nito ang mga bulaang mangangaral at kanilang mga nalokong tagasunod.

**3:4-7** Ito ay isang mahabang pangungusap sa Griyego, na tumutukoy sa ebanghelyo (kapareho sa 2:11-14). Maaari rin itong mula sa isang himno, kredo, o kanta (tingnan ang *Nestle-Aland Greek NT 26<sup>th</sup> at 27<sup>th</sup>* na mga edisyon).

**3:4 “Ngunit ang kagandahang-loob”** Oh, isang kaibahang nagawa ng biyaya! Nakukuha natin ang salitang Ingles na “pilantropo” mula sa salitang ito na nagmula sa dalawang terminong Griyego: “pag-ibig sa kapwa” (*phileō*) at “sangkatauhan” (*anthropos*). Sa NT ang salitang ito ay matatagpuan lamang dito at sa Mga Gawa 28:2. Minamahal ng Diyos ang mga tao na ginawa sa Kanyang imahe (i.e., Genesis 1: 26-27), maging ang mga nahulog (cf. taga-Roma 5:8).

▣ **“ng Dios na ating Tagapagligtas”** Ito ay isang paglalarawan ng YHWH (cf. 2 Mga Hari 13:5; Mga Awit 106:21; Isaias 19:20; 43:3,11; 45:15,21; 49:26; 60:16; Lucas 1:47). Ito ay maaaring magpakilala sa mga kasalukuyang titulo para sa Emperador (cf. 1 Timoteo 1:1). Ito ay isang katangian na parirala ng mga liham Pastoral. Pansinin na si Hesus ay tinawag ng parehong titulo sa Tito 3:6 (cf. 1 Timoteo 1:1; 2:3; 4:10; Lucas 2:11; John 4:42; Mga Gawa 5:31; 13:23; 2 Timoteo 1:10). Paghambingin Tito 1:3-4; 2:10-13; 3:4-6. Ang isang paraan ng pag-iisa ng Ama at Anak ay ang parehong titulo kapwa sa Kanila! Ang mismong puso ng Diyos na malumalang ay nasa pagliligtas, pagtubos, pagpapatawad, pagpapanumbalik, pagsasamang muli ng Kanyang mga mapaghimagsik na nilalang (cf. Juan 3:16; taga-Roma 5:8). Tingnan ang buong tala sa 2 Timoteo 1:10.

▣ **“nang mahayag”** Ito ay tumutukoy sa unang pagdating ni Hesus. Ang parehong termino ay ginamit sa Tito 2:13 para sa pangalawang pagdating ni Hesus (cf. 1 Timoteo 6:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: NT termino para sa Pagbalik ni Kristo sa Tito 2:13. Nangako ang kaligtasan ng Diyos (i.e., ang Mesias, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:1) ay isinilang sa Bethlehem (cf. Tito 2:11).

**3:5 “aniyang iniligtas tayo”** Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng nakumpletong pagkilos sa nakaraang panahon. Ito ang pangunahing pandiwa ng mahabang Griyegong pangungusap mula sa Tito 3:4 hanggang Tito 3:7. Tingnan ang Natatanging Paksa: Griyegong Mga Panahunan ng Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan sa 2 Timoteo 1:9.

▣ **“Na hindi dahil sa mga gawa na ginawa nating sarili”** Ang pariralang ito ay inilalagay muna sa pangungusap na Griego para bigyang diin. Ang kaligtasan ay batay hindi sa mga pagsisikap ng sangkatauhan, kundi sa Diyos (cf. Tito 3:20,2-28; 4:4-5; taga-Roma 9:11; taga-Galacia 2:16; taga-Efeso 2:8-9; taga-Filipos 3:9; 2 Timoteo 1:9). Ito ang teolohikong pag-igting sa pagitan ng “pananampalataya na hiwalay sa mga gawa” at “pananampalataya na nakikita sa mga gawa” (cf. taga-Efeso 2:8-10; Santiago 2:14-26). Ang mga Nostikong Hudyo na mga bulaang mangangaral ng mga pastor ay binibigyang diin ang kagalingan ng tao!

▣ **“sa katuwiran”** Ang mga mananampalataya ay dapat ituloy ang katuwiran (i.e. Pagkamakatulad ni Kristo) matapos ang kaligtasan (cf. 1 Timoteo 6:11), Ang mga nahulog na tao ay hindi kailanman maaaring lumapit sa isang banal na Diyos sa mga merito ng kanilang sariling katuwiran (cf. Isaias 64:6 at ang serye ng OT sinipi sa Mga taga-Roma 3:10-18). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa Tito 2:12.



▣ **“kundi ayon sa kaniyang kaawaan”** Ang tanging pag-asa ng mga nahulog na sangkatauhan ay nasa mapagmahal, maawain na biyaya ng Diyos. Ito ang Kanyang katangian at may layunin na pagkilos na nagbigay ng pagkakataon ng kapatawaran at pagpapanumbalik (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Malakias 3:6; taga-Efeso 2:4-7; 1 Pedro 1:3). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:10.

▣ **“pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan”** Ito ay literal na “sa pamamagitan ng paghuhugas ng pagbabagong-buhay.” Ang salitang paghuhugas (loutron) ay ginamit lamang ng dalawang beses sa NT (taga-Efeso 5:26 at dito). Ito ay bihirang gamitin sa Septuagint. Maaari itong isangguni sa

1. ang lugar ng paghuhugas
2. ang tubig ng paghuhugas
3. ang anyo ng paghuhugas

Sa paghuhugas sa Levitico ay isang simbolo ng paglilinis o paglilinis ng mga tao o mga bagay (cf. *Dead Sea Scrolls*). Sa taga-Efeso 5:26 ang paghuhugas ay tumutukoy sa isang ritwal na paghuhugas bago ang kasal.

Ang terminong “pagbabagong-buhay” (*palingenesia*) ay isang pambihirang termino, na matatagpuan lamang sa Mateo 19:28 at nandito. Ito ay isang tambalan mula sa “muli” (*palin*) at “kapanganakan (*genesis*). Samakatuwid, ito ay tumutukoy sa bagong kapanganakan na isinagawa sa natapos na gawain ni Kristo at sa panunuyo ng Espiritu. Ang okasyon ng bagong kapanganakan ay ang bautismo sa tubig, ang kinatawan ay ang Banal na Espiritu (cf. Tito 3:5-6), ang ibig sabihin nito ay ang kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo (cf. Tito 3:6), at ang batayan ng lahat ng ito ay ang pag-ibig at awa ng Ama (cf. Tito 3:4). Hindi ito isang teksto na sumusuporta sa bautismo ng pagbabagong-buhay. Ang bautismo ay ang okasyon para sa pampublikong pagtatapat/pagpapahayag (cf. Mga Gawa 2:38) at ang simbolo ng pagkamatay, pagkalibing, at muling pagkabuhay kasama ni Kristo sa simbolikong pagkilos (cf. taga-Roma 6:3-9; taga-Colosas 2:12). Ang bautismo ng sinaunang iglesia ay ang pagkakataon para sa pampublikong pagpapahayag ng pananampalataya ng isang tao (“Hesus ay Panginoon” cf. taga-Roma 10:13). Ang pagtuon ay ang pagkilos ng Banal na Espiritu (i.e. kapanganakan at muling pagbabago).

## **NATATANGING PAKSA: BAUTISMO (BAPTISM)**

### **I. Bautismo sa buhay Hudyo**

A. Ang Bautismo ay isang pagkaraniwang ritwal sa mga Hudyo noong una at ikalawang siglo

1. paghahanda para sa pagsamba sa templo (i.e., ritwal ng paglilinis)
2. ang sariling bautismo ng mga nabago ang paninilawa

Kung ang isang tao mula sa isang kaligirang Hentil at maging isang buong anak ng Israel, kailangan niyang tuparin ang tatlong mga gawain:

- a. pagpapatuli, kung lalaki
  - b. pagbabautismo sa sarili sa pamamagitan ng paglulubog, sa harap ng tatlong mga saksi
  - c. sakripisyo sa Templo
3. isang gawaing paglilinis (cf. Levitico 15)

Sa mga pangkat na sekta ng unang siglo Palestina, tulad ng mga Essenes, ang bautismo ay tila isang karaniwang, paulit-ulit na karanasan. Gayunman, pangunahing Hudaismo, ang bautismo ni Juan sa pagsisisi ay ikinahihiya para sa isang likas na anak ni Abraham na sumailalim sa isang ritwal na pagtanggap ng Hentil

B. Ang ilang mga sumusunod na OT ay maaaring nabanggit para sa seremonyang paghuhugas.

1. bilang simbolo ng espirituwal na paglilinis (cf. Isaias 1:16)
2. bilang isang regular na ritwal na isinagawa ng mga saserdote (cf. Exodo 19:10; Levitico 16)

Dapat pansinin na ang lahat ng iba pang mga pagbabautismo nung unang siglo kultura ng Hudyo ay pinangangasiwaan ang sarili. Tanging ang panawagan ni Juan Bautista para sa bautismo na nakapaloob sa kanya bilang isang tagasuri (cf. Mateo 3:7-12) at tagapangasiwa ng gawaing ito ng pagsisisi (cf. Mateo 3:6).

### **II. Pagbabautismo sa Iglesia**

A. Mga Layuning Teolohiko

1. kapatawaran ng kasalanan – Mga Gawa 2:38; 22:16
2. pagtanggap ng Banal na Espiritu – Mga Gawa 2:38 (Mga Gawa 10:44-48)
3. pakikipag-isa kay Kristo – taga-Galacia 3:26-27

4. pagiging kasapi sa iglesia – 1 taga-Corinto 12:13
5. simbolo ng panunumbalik espirituwal – 1 Pedro 3:20-21
6. simbolo ng isang espirituwal na kamatayan at muling pagkabuhay – taga-Roma 6:1-5

- B. Ang bautismo ay ang pagkakataon ng sinaunang iglesia para sa pampublikong pagpapahayag (o pagtatapat) ng isang tao. Ito ay / hindi ang mekanismo para sa kaligtasan, ngunit ang okasyon ng diwang nagpapatunay ng pananampalataya (i.e., marahil, “Hesus ay Panginoon”). Alalahanin ang sinaunang iglesia ay walang mga gusali at titipon sa mga tahanan o madalas sa mga lihim na lugar dahil sa pag-uusig.
- C. Maraming mga komentarista iginiit na ang 1 Pedro ay isang pangaral sa bautismo. Bagaman posible ito, hindi lamang ito ang pagpipilian. Tooto na madalas na ginagamit ni Pedro ang bautismo bilang isang mahalagang anyu ng pananampalataya (cf. Mga Gawa 2:38,41;10:47). Gayunpaman, ito ay hindi isang sakramentong kaganapan, ngunit isang pangyayari sa pananampalataya, na sumisimbolo ng kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay na kinikilala ng mananampalataya sa sariling karanasan kay Kristo. (cf. taga-Roma 6:7-9; taga-Colosas 2:12). Ang hakbang na ito ay somisimbolo, hindi sakramento; ang pagkilos ay okasyon ng pagpapahayag, hindi ang mekanismo ng kaligtasan.
- D. Bautismo at Pagsisisi sa Mga Gawa 2:38

Curtis Vaughan, *Acts* ay may isang kawili-wiling talababa sa p. 28 may kaugnayan sa Mga Gawa 2:38.

“Ang salitang Griyego para sa ‘nabautismuhan’ ay isang ikatlong panauhang pautos; ang salita para sa ‘pagsisisi,’ isang pangalawang panauhang pautos. Ang pagbabagong ito mula sa mas direktang ikalawang panauhang utos hanggang sa hindi gaanong direktang ikatlong panauhan ng ‘nabautismuhan’ ay nagpapahiwatig na ang pangunahing hinihiling ni Pedro ay para sa pagsisisi.”

Kasunod nito ang diin sa pangangaral ni Juan Bautista (cf. Mateo 3:2) at Hesus (cf. Mateo 4:17). Ang pagsisisi ay waring isang espirituwal na susi at ang bautismo ay isang panlabas na pagpapahayag ng pagbabagong espirituwal na ito. Ang Bagong Tipan ay walang kaalaman sa mga mananampalatayang hindi nabautismong! Sa sinaunang iglesia ang bautismo ay ang pampublikong pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay ang okasyon para sa publikong pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi mekanismo para sa kaligtasan! Kailangang alalahanin na ang bautismo ay hindi nabanggit sa ikalawang pangangaral ni Pedro, bagaman ay ang pagsisisi (cf. Mga Gawa 3:19; Lucas 24:17). Ang bautismo ay isang halimbawa na itinakda ni Hesus (cf. Mateo 3:13-18). Ang bautismo ay iniutos ni Hesus (cf. Mateo 28:19). Ang makabagong katanungan tungkol sa pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan ay hindi tinukoy sa Bagong Tipan; ang lahat ng mga mananampalataya ay inaasahang mababautismuhan. Gayunman, dapat ding magbantay laban sa isang sakramentong mekanismo! Ang kaligtasan ay isang isyu ng pananampalataya, hindi isang isyu ng gawain sa tamang lugar, tamang salita, tama-ritwal!

▣ **“pagbabago”** Ito rin ay isang di-karaniwang terminong ginamit lamang ng dalawang beses sa NT, dito at sa taga-Roma 12:2. Nangangahulugan ito na maging sanhi ng sinuman o anuman na maging bago. Ang isang kaugnay na termino ay matatagpuan sa taga-Colosas 3:10. Sa gramatiko ito ay magkasingkahulugan ng “kapanganakang muli.” Mayroon laman isang PANG-UKOL (*dia*) para sa dalawang ito. Samakatuwid, hindi ito dalawang gawa ng biyaya, ngunit dalawang aspeto ng isang gawa. Ipinapahiwatig nito na sila ay isang kaganapan na pinangangasiwaan ng Banal na Espiritu. Ito ay magiging katulad sa Juan 3:5-8 at 1 Pedro 1:23.

**3:6 “ibinuhos”** Maaari itong sumangguni sa Ama (cf. Tito 3: 4) o ng Banal na Espiritu (cf. Tito 3:5). Ang parehong pandiwa na may parehong kalabuan ay ginagamit sa Mga Gawa 2:17-18,33; 10:45, na kinuha mula sa Joel 2:28-30.

▣ **“sa pamamagitan ni Hesuskristo na ating Tagapagligtas”** Ang pamagat na “Tagapagligtas” ay inilapat sa Diyos Ama sa Tito 3:4 ngayon ay inilalapat sa Diyos na Anak. Ang parehong pagpapalitan ng mga pamagat ay matatagpuan sa Tito 1:3 at 4; at 2:10 at 13.

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD (THE TRINITY)

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto.

Ang salitang “trinidad,” na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

- A. Ang mga Ebanghelyo
  - 1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
  - 2. Juan 14:26
- B. Mga Gawa – Mga Gawa 2:32-33, 38-39
- C. Pablo
  - 1. taga-Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
  - 2. I taga-Corinto 2:8-10; 12:4-6
  - 3. II taga-Corinto 1:21; 13:14
  - 4. taga-Galacia 4:4-6
  - 5. taga-Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
  - 6. I taga-Thesalonica 1:2-5
  - 7. II taga-Thesalonica 2:13
  - 8. Tito 3:4-6
- D. Pedro – I Pedro 1:2
- E. Judas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

- A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
  - 1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Pangalan sa Pagka-Diyos) ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
  - 2. “Tayo” sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7
- B. “Ang Anghel ng Panginoon” (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Anghel ng Panginoon) ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
  - 1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
  - 2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
  - 3. Mga Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
  - 4. Zacarias 3:1-2
- C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
- D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
- E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
- F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic* (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo), naunang mga mananampalataya.

- 1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
- 2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
- 3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
- 4. Monarchianismo – naniniwala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkang ng mga biblikal na mga sangkap

- 1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noong A.D. 325 ng Konseho ng Nicea
- 2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
- 3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay nagpapatibay sa isang diwa (monoteismo) ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag (Ama, Anak and Espiritu).

**3:7 “Upang”** Ito ay isang LAYUNING SUGNAY (*hina*) tulad ng 3:8, 13 at 14.

**NASB** “sa pagkaaring-ganap sa atin sa pamamagitan ng kaniyang biyaya”

**NKJV, NRSV** “na nabigyan ng katarungan sa pamamagitan ng Kanyang biyaya”

**TEV** “sa pamamagitan ng Kanyang biyaya maaari tayong maging tama sa Diyos”

## **NJB “pinaging matuwid sa pamamagitan ng kanyang biyaya”**

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA KATAGA (cf. taga-Roma 1:16-17; 3:24) may kaugyan sa salitang “katuwiran.” Tingnan ang buong tala sa Tito 2:12. Ang BALINTIYAK NA TINIG na nagpapahiwatig ng kalayaan ng Espiritu. Ang “katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya” ay isang pangkautusan (legal) na talinghaga na ginamit nang madalas ni Pablo sa pagbibigay diin ng pinasimulang biyaya ng Diyos (cf. 1 Timoteo 1:2,14; 2 Timoteo 1:2; Tito 1:4). “Pagkatwiran” sa “magpawalang-sala,” ay karaniwan sa Galacia at taga-Roma, naganap lamang ng dalawang beses sa iba pang mga liham ni Pablo (1 taga-Corinto 6:11 at dito). Ang mga mananampalataya ay pinatawad at tinanggap dahil sa kung sino Siya at kung ano ang nagawa Niya, hindi dahil sa kung sino sila o kung ano ang kanilang nagawa!

▣ **“maging tagapagmana tayo”** Ito ang panghuling aplikasyon ng pamilya ng mga talinghaga na ginamit upang mailarawan ang mga mananampalataya (cf. taga-Roma 4:13; 8:14-17; taga-Galacia 3:29; 4:7; Hebreo 6:7; Santiago 2:5).

▣ **“buhay na walang hanggan”** Tingnan ang tala sa Tito 1:2.

**3:8 “Tapat ang pasabi”** Ito ay isang pangkaraniwang pananda ng teksto para sa limang teolohikong pagpapatunay ni Pablo sa Mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 1:15; 3:1; 4:9; 2 Timoteo 2:11). Eksakto sa kung ano ang mga talatang tinutukoy nito ay pinagtatalunan sa mga komentariista; mas ipinapalagay sa Tito 3:4-7.

▣ **“atotohanan mong may pagkakatiwala”** Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 1:7.

▣ **“upang”** Ito ay isa pang *hina* (LAYUNING SUGNAY), tulad ng Tito 3:7, 13, at 14.

▣ **“ang mga nagsisipanampalataya sa Dios”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA KATAGA, na naglalarawan ng isang nakaraang anyu na may patuloy na mga resulta na nagiging isang maayos na kalagayan. Karaniwan sa NT ang layon ng pananampalataya ay si Hesus, ngunit madalas na ang pangngalan (Siya) na ginagamit para sa pagka-diyos ay hindi maliwanag at maaaring tumukoy sa Ama o sa Anak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya, Magtiwala, Pananampalataya, at Katapatan sa Lumang Tipan (אמן), Manampalataya, at Magtiwala sa 1 Timoteo 1:16.

▣ **“ay maging maingat na papanatilihin ang mabubuting gawa”** Ang terminong “maingat” ay isang anyo ng pandiwa “upang mangatuwiran” o “upang isaalang-alang nang mabuti,” na matatagpuan lamang dito sa NT. Ang infinitive “na makisali” ay mula sa isang salitang karaniwang isinalin “mamahala” (cf. 1 Timoteo 3:4,5,12). Ang mga mananampalataya ay dapat na palaging mag-isip at manguna sa pamumuhay ng makadiyos na buhay para sa kapakanan ng ebanghelyo. Pinatunayan muli ni Pablo na ang mga tao ay tama sa Diyos bukod sa personal na mabubuting gawa, ngunit ang layunin din ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay personal na mabubuting gawa (cf. taga-Efeso 2:8-10 at Santiago 2:14-23). Ang pag-uudyok ay ang pasasalamat sa hindi nararapat, hindi tampat na biyaya ng Diyos; ang epekto ay ang pagka-hawig ni Kristo; ang layunin ay ebanghelismo.

▣ **“ng mga tao”** Muli, ang pangkalahatang diin ay ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan at nais ang lahat ay maligtas (Juan 3:16; 1 Timoteo 2:4; 2 Pedro 3:9). Ang isang pangunahing paraan upang mailapit ang mga hindi mananampalataya sa Diyos ay ang binagong buhay ng mga mananampalataya (cf. Mateo 5:16; 1 Pedro 2:12).

**3:9 “Ngunit ilagan”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, nangangahulugang “upang magpatuloy na maiwasan o lumayo” (cf. 2 Timoteo 2:16).

▣ **“mga hangal na usapan”** Ito termino ay first in ang Griyegong teksto para sa diin (cf. 1 Timoteo 6:4-5; 2 Timoteo 2:14,23). Si Timoteo ang apostolikong kinatawan ni Pablo. Hindi siya para makipagtalos o makipagsapalaran ngunit upang ipasa ang katotohanan ng paka-apostol na may kapangyarihan.

▣ **“mga pagsasalaysay ng lahi”** Ang parehong uri ng mga bulaang mangangaral na nasa Efeso (cf. 1 Timoteo 1:4) ay nasa Creta. Ang mga tala-angkanan na ito marahil ay Hudyo, na nauugnay sa mga haka-hakang

Mesiyaniko, hindi ang mga antas ng Nostikong angheliko (*eons*).

▣ Mayroong isang serye ng MGA PANGNGALAN sa Tito 3:9 na konektado “sa” (*kai*), na maaaring sumangguni sa hiwalay na mga speto o isang pangkalahatang paghilig (i.e., “mga kontrobersiya,” “mga tala-angkanan,” “pagkakaalitdiso,” at “pagtatalo”).

▣ **“tungkol sa kautusan”** Ipinapakita nito ang elemento ng mga Hudyo sa maling turo na ito (cf. Tito 1: 10,14; 1 Timoteo 1: 3-7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moises sa Timoteo 1:8.

▣ **“sapagkat ang mga ito ay di pinakikinabangan at walang kabuluhan”** Ang teolohikong mala-paghahating buhok at mga haka-haka ay hindi palaging kapaki-pakinabang sa katawan ni Kristo. Si Tito, tulad ni Timoteo, ay nagsalita sa pamamagitan ng kapangyarihang pagkaapostol ni Pablo.

**3:10 “itakuwil”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, kagaya sa Tito 3:9. Ang parehong termino, “upang tumanggi, tanggihan, o ayawan,” ay ginagamit sa 1 Timoteo 4:7; 5:11 at 2 Timoteo 2:23. Ang parehong konsepto ay ginagamit sa taga-Roma 16:17; taga-Galacia 1:89; 2 taga-Thesalonica 3:6-14.

sa aming pagtatangkang makipag-usap sa mga maliliit na grupo ng tao hindi tayo dapat magbigay ng anumang kilos o pagbati na maaaring makita bilang isang pagtanggap o pagpapatunay (cf. 2 Juan 10)!

**NASB** “taong may maling pananampalataya”

**NKJV** “taong mapaghati”

**NRSV** “sinumang nagiging sanhi ng mga pagkakahati”

**TEV** “sa mga nagdudulot ng pagkakahati”

**NJB** “ikung may nakikipagtalo sa iyong itinuro”

Ito ang terminong Griyego na hairetikos (na nangyari lamang dito sa NT), kung saan nakuha natin ang terminong Ingles na “erehe.” Ang salitang ito ay orihinal na nangangahulugang “pumanig” o “upang pumili para sa sarili.” Ginagamit ito sa NT

1. ng “sekta” sa Mga Gawa 5:17; 24:14
2. ng “mga pangkat” sa 1 taga-Corinto 11:19; taga-Galacia 5:20
3. ng “mga turo” sa 2 Pedro 2:1

▣ **“pagkatapos nang una at ikalawang pagsaway”** Ito ay naaayon sa iba pang mga sipi ng NT sa disiplina sa iglesiya (cf. Mateo 18:15-17; taga-Galacia 6:1; 2 taga-Thesalonica 3:15; Santiago 5:19). Maari itong sumasalamin sa Levitico 19:17.

**3:11 “Yamang nalalaman mo na ang gayon”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA KATAGA. Ang kanilang mga aksyon ay malinaw na nagpapakita at patuloy na nagpapakita kung sino talaga sila (cf. Mateo 7).

▣ **“ay napahamak”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. This form is found only here in the NT. Ito ay isang tambalang termino mula *ek* (mula) at *strophō* (upang maging), ibig sabihin, upang tumalikod mula sa. Ito ay isang palatinigan na termino para sa pagbabalik kay Kristo (pagbabalik-loob) of Mateo 18:3 (*epistrophō*), na sumasalamin sa termino ng OT para sa pabalik (*shub*) sa Diyos (Mateo 13:15; Marcos 4:12; Lucas 22:32; Juan 12:40; Mga Gawa 3:19; 25:27; Santiago 5:19-20). Ang mga bulaang guro na ito ay tumalikod mula sa Diyos (cf. Tito 1:14, *apostrophō*) at bumaling mga maling pananampalataya at maling katuruan.

Ang BALINTIYAK NA TINIG nagpapahiwatig ng panlabas na kinatawan. Ang konteksto nito ay si Satanas o ang demonyo. Para sa “Satanas” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 3: 6 at para sa “demonyo” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:2.

▣ **“at nagkakasala”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng nakagawian, nagpapatuloy, mga katangian ng pamumuhay (cf. 1 Timoteo 5:20, tandaan din ang kasalukuyang panahunan sa 1 Juan 3:6,9).

▣ **“siya’y hinahatulan ng kaniyang sarili”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA KATAGA. Ang anyo na ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang ating mga pagkilos sa mga salita ay nagpapakita ng ating mga puso (cf. 1 Timoteo 5:24; Mateo 7).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 3:12-14

<sup>12</sup>Pagka susuguin ko sa iyo si Artemas, o si Tiquico, ay magsikap kang pumarini sa akin sa Nicopolis: sapagkat pinasiyahan kong doon matira sa taginaw. <sup>13</sup>Suguin mong may sikap si Zenas na tagapagtanggol ng kautusan at si Apolos sa kanilang paglalakbay, upang sila’y huwag kulangin ng ano man. <sup>14</sup>At pagaralan din naman ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa kagamitang kailangan, upang huwag mawalan ng bunga.

**3:12 “Artemas”** Ang taong ito ay hindi kilala sa atin, ngunit hindi sa Diyos

▣ **“Tiquico”** Nabanggit siya sa Mga Gawa 20:4; taga-Efeso 6:21-22; taga-Colosas 4:7-8 at 2 Timoteo 4:12. Siya ang tagadala ng Mga Sulat ng Bilangguan ni Pablo. Ang dalawang kalalakihan na ito ay dapat kumuha ng lugar ng pamumuno ni Tito sa Creta upang siya ay sumama kay Pablo sa taglamig.

Ipinapakita nito na ang liham, bagaman isinulat kay Tito, ay inilaan upang ipaalam, tuturuan, at hikayatin ang buong iglesia sa Creta. Marami sa mga pahayag ni Pablo kay Tito ay hindi masyadong nauunawaan kung umalis si Tito sa sandaling natanggap ang liham maliban kung malinaw sa mga Kristiyano na tinutukoy sila ni Pablo sa pamamagitan ng kanyang mga salita kay Tito.

▣ **“magsikap kang pumarini sa akin”** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Pablo Ayaw ni Pablo na mag-isa (cf. 2 Timoteo 4:9,21), Sa palagay ko dahil nagkaroon siya ng malubhang mga problema sa mata magmula nung siya ay maligtas sa daan ng Damasco (cf. Mga Gawa 9:3-9,12,17-18). Naniniwala ako na ang kanyang “tinik sa laman” (cf. 2 taga-Corinto 12:7) marahil ang problemang ito ay sa mata. Pansinin ang hindi pangkaraniwang pahayag sa taga-Galacia 4:15. Ganun din sa taga-Galacia 6:11 Si Pablo ay nagkomento tungkol sa kanyang sariling sulat-kamay na napakalaki. Sinulat niya ang huling ilang linya ng kanyang mga titik upang mapatunayan ang mga ito (cf. 2 taga-Thesalonica 2:2; 3:17; 1 taga-Corinto 16:21; taga-Colosas 4:18; Filemon 19).

▣ **“Nicopolis”** Mayroong maraming mga lungsod sa pamamagitan ng pangalang ito, na nangangahulugang “bayang-tagumpay”. Ito marahil ang bayan ng baybayin na malapit sa lugar ng labanan ng Actium.

### 3:13

NASB

**“Suguin mong may sikap. . . sa kanilang paglalakbay”**

NKJV

**“magpadala. . . sa kanilang paglalakbay nang madali”**

NRSV

**“gawin ang bawat pagsusumikap upang ipadala. . . sa kanilang paraan”**

TEV

**“gawin ang iyong makakaya upang makatulong. . . pagsisimula sa kanilang mga paglalakbay”**

NJB

**“tumulong nang may pananabik sa kanilang paglalakbay”**

Ito ay ang PANG-ABAY *spoudaiōs*, na nangangahulugang “masidhi” o “masigasig” o “matiga” (cf. Lucas 7:4 at isang kaugnay na termino sa taga-Filipos 2:28). Ito ay pinagsama sa AORIST TAHAS NA PAUTOS *propempō*, na nangangahulugang magbigay ng lahat ng kailangan para sa isang paglalakbay (cf. 3 Juan 6; at Mga Gawa 15:3). Tila si Zenas sa Apollos ay nagsasagawa ng isang gawaing misyon. Humihingi si Pablo ng katulad na tulong mula sa mga iglesiyang nasa bahay sa Roma taga-Roma 15:24.

▣ **“Zenas na tagapagtanggol ng kautusan”** Kung siya ay isang abogadong Hudyo o Griyego ay walang nakakaalam.

▣ **“Apolos”** Siya ay isang napaka mahusay na mangangaral mula sa Alexandria na tinulungan upang lubos na maunawaan ang ebanghelyo nina Priscilla at Aquila (cf. Mga Gawa 18:24,28; 19:1; 1 taga-Corinto 1:12; 3:5,6,22; 4:6; 16:12). Ang dalawang lalaking ito ay marahil ang nagdadala ng sulat ni Pablo kay Tito.

**3:14 “agaralan din naman ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa”** Ito ay isang

PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (cf. Tito 1:16; 2:7,14; 3:18), ang nagpapasigla sa mga misyonero ay isang gawain sa pag-e-ebanghelyo (cf. Tito 2:7,14; 3:8).

▣ **“upang huwag mawalan ng bunga”** Ang salitang “hindi mabunga” ay hindi maliwanag. Sa palagay ko ay kahanay ito ng “walang kabuluhan” ni Pablo (cf. *eikē* in 1 taga-Corinto 15:2; taga-Galacia 3:4; 4:11 o *kenos* in 1

taga-Corinto 15:10,58; 2 taga-Corinto 6:1; taga-Galacia 2:2; taga-Filipos 2:16; 1 taga-Thesalonica 2:1; 3:5), na tumutukoy sa pagtatatag ng mabisang pangangaral ng ebanghelyo at makamisyong pag-iisip ng mga iglesia. Sinimulan ni Pablo ang mga iglesia sa mga napiling lugar para sa layunin ng pag-e-ebanghelyo sa buong rehiyon. Kung sa ilang kadahilanan ang mga unang kongregasyon na ito ay nawala sa kanilang patuon layunin sa “dakilang komisyon”, kung gayon ang kanilang pagtatanim ay walang kabuluhan!

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): TITO 3:15a**

**<sup>15a</sup>Binabati ka ng lahat ng mga kasama ko. Batiin mo ang mga nagsisiibig sa atin sa pananampalataya.**

**3:15 “Binabati ka ng lahat ng mga kasama ko”** Si Pablo ay karaniwang, ngunit hindi palaging (cf. 1 Timoteo), tinapos ang kanyang mga sulat sa mga pagbati (1) mula sa pangkat ng misyon na kasama niya at (2) sa mga mananampalataya sa iglesia o lokalidad na kanyang sinsulatan.

▣ **“sa pananampalataya”** Ang termino para sa pananampalataya ay maaaring magamit sa doktrina tulad ng Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; taga-Galacia 1:23; 3:23; taga-Filipos 1:27; Judas 3,20 o bilang isang paraan ng pagpapahayag ng personal na kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. John 1:12; 3:16). Maaari rin itong magamit sa kamalayan ng OT ng katapatan o pagiging mapagkakatiwalaan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya, Magtiwala, Pananampalataya, at Katapatan sa Lumang Tipan (אמון), Manampalataya at Magtiwala sa 1 Timoteo 1:16. Ang pariralang ito ay tumutukoy sa katotohanan na ang mga bulaang mangangaral sa Creta ay tinanggihan ang apostolikong kapangyarihan at mga turo ni Pablo.

### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:15b**

**<sup>15b</sup>Biyaya ang sumainyo nawang lahat.**

▣ **“Biyaya ang sumainyo nawang lahat”** Ang “inyo” ay PANGMARAMIHAN. Ang liham na ito ay dapat basahin sa mga iglesiyang nasa bahay sa Creta tulad ng lahat ng mga Liham Pastoral (cf. 1 Timoteo 6:21; 2 Timoteo 4:22).

▣ Ang King James Version ay nagtatapos sa “Amen,” ngunit hindi ito naroroon sa unang mga manuskrito ng Griyego P<sup>61</sup>, א\*, A, C, o D\*. Marahil ay napansin ng mga eskriba ang paggamit nito sa taga-Roma 16:27; taga-Galacia 6:18; taga-Filipos 4:20; 2 taga-Thesalonica 3:18; 1 Timoteo 6:16; at 2 Timoteo 4:18 at dinagdag iyon dito gaya ng kanilang ginawa sa taga-Roma 15:33; 16:20,24; 1 taga-Corinto 16:24; 2 taga-Corinto 13:14; taga-Efeso 6:24; taga-Filipos 4:23; 1 taga-Thesalonica 5:28; 1 Timoteo 6:21; 2 Timoteo 4:22; at Tito 3:15. Ang UBS<sup>4</sup> ay nagbigay ng antas na “A” (tiyak).

## **MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulongan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit dapat magpasakop ang mga Kristiyano sa sibil na pamahalaan? Paano kung ang mga namumunong may kapangyarihan ay hindi Kristiyano?
2. Ano ang pangunahing binibigyang diin ng Tito 3:4-7?
3. Kailangan ba ang bautismo para sa kaligtasan? Bakit? Bakit hindi?
4. Bakit ang mga mananampalataya ay sasailalim sa kapangyarihang sibil?
5. Ano ang isang erehe o may hidwang pananampalataya?
6. Ibalangkas ang mga teolohikong pahayag ng Tito 3:5-7.
7. Ano ang kasama sa “mabubuting gawa” ng Tito 3: 8 at nakapaloob 14?
8. Ang mga bulaang mangangaral ba ay Hudyo o Nostic? Bakit?

# 2 TIMOTEO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Pagpupugay 1:1-2	Pagbati 1:1 1:2a 1:2b	Pagpupugay 1:1 1:2a 1:2b	Panimula 1:1 1:2a 1:2b	Pagbati at Pasasalamat 1:1-2
Katapatan sa Ebanghelyo 1:3-14	Pananampalataya at Pamana ni Timoteo 1:3-7  Hindi Ikinahiya ang Ebanghelyo 1:8-12 Maging Matapat sa Pananampalataya 1:13-18	Pasasalamat at Pangaral 1:3-7  Isang Pagsamo upang Ipakita ang Katapangan (1:8-2:13) 1:8-14	Pasasalamat at Pagpapasigla 1:3-7  1:8-10 1:11-14	1:3-5  Ang mga Kaloob na Natanggap ni Timoteo 1:6-11  1:12
1:15-18		1:15-18	1:15-18	1:13-14 1:15-18

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

#### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2 TIMOTEO 1:1-2

<sup>1</sup>Si Pablo, na apostol ni Kristo Hesus sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, ayon sa pangako ng buhay na nasa kay Kristo Hesus, <sup>2</sup>Kay Timoteo na aking minamahal na anak: Biyaya, kahabagan, kapayapaan nawang mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na Panginoon natin.

**1:1 “Pablo”** Si Saul ng Tarsus ay unang tinawag na Pablo sa Mga Gawa 13:9. Iyon ay maaari na karamihan ng mga Hudyo ng diaspora ay may isang Hebreong pangalan (Saul) at isang Griyegong pangalan (Pablo). Kung magkagayon, ang mga magulang ni Saul ang ganitong pangalan, ngunit bakit, ngayon, kagyat na lumitaw ang



“Pablo” sa Mga Gawa 13? Maaaring (1) ang iba ay nagsimula tawagin siya sa ganitong pangalan o (2) siya ay nagsimulang tukuyin ang kaniyang sarili sa terminong “munti” o “pinakamaliit.” Ang Griyegong pangalang *Paulos* ay nangangahulugang “munti.” Maraming mga teoriya ang isinusulong tungkol sa pinagmula ng kaniyang Griyegong pangalan: (1) ang ikalawang siglong tradisyon na si Pablo ay mababa, mataba, kalbo, sakang, malagong pilik-mata, at may naluwang mata, na nanggaling sa isang di-kanonikong aklat mula sa Thessalonica na tinawag na *Paul and Thekla*, ay isang maaaring pinanggalingan ng pangalan; (2) tinatawag ni Pablo na kaniyang sarili na “pinakamababa sa mga banal” dahil kaniyang inuusig ang Iglesia (cf. Mga Gawa 9:1-2; 1 taga-Corinto 15:9; taga-Efeso 3:8; 1 Timoteo 1:15). Ang ilan ay nakita ang “pagiging mababa” bilang pinagmula ng sariling-pili na titulo. Gayunman, sa isang aklat tulad ng taga-Galacia, kung saan binigyang-diin ang kaniyang pagsasarili mula sa at pagiging katumbas ng labindawa sa Herusalem, ito ay tila walang katiyakan (cf. 2 taga-Corinto 11:5; 12:11; 15:10).

▣ **“apostol”** Ito ay nagmula sa Griyegong salita na “isinugo” (*apostellō*). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:1. Pumili si Hesus ng labingdalawang lalaki na makakasama Niya sa isang natatanging kaunawaan at tinawag silang “mga Apostol” (cf. Lucas 6:13). Ang terminong ito ay kadalasang ginagamit kay Hesus na isinugo mula sa Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48; Juan 4:34; 5:24,30,36, 37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3, 8,18,21,23,25; 20:21). Sa mga pang-Hudyong pinaggagalingang, ang isang apostol ay isang tao na isinugo bilang isang opisyal na kinatawan ng iba, katulad sa “embahador” (cf. 2 taga-Corinto 5:20).

▣ **“Kristo”** Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong terminong *messiah*, na nangangahulugang “isang pinahiran.” Iyon ay nagpapahiwatig ng “isang tinawag at pinagkalooban ng Diyos para sa isang tiyak na tungkulin.” Sa OT, tatlong pangkat ng mga pinuno — mga saserdote, mga hari, at mga propeta — ay pinahiran. Natupad ni Hesus ang lahat ng tatlong mga pinahirang opisina (cf. Hebreo 1:2-3). Siya ang Isang pinangako na magpapasinaya ng bagong panahon ng katuwiran. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias sa 1 Timoteo 1:1.

▣ **“Hesus”** Ang Hebreong pangalan ay nangangahulugang “si YHWH ay nagliligtas,” “si YHWH ay kaligtasan,” o “si YHWH ay nagdadala ng kaligtasan.” Iyon ay katulad sa OT pangalang “Joshua.” “Hesus” ay nagmula sa Hebreong salita para sa kaligtasan, *hosea*, na idinugtong sa pangkasunduang pangalan para sa Diyos, “YHWH.” Iyon ang pangalang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng isang angel kay Maria (cf. Mateo 1:21).

## NATATANGING PAKSA: MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS (NAMES FOR DEITY)

### A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, “maging malakas” o “maging makapangyarihan” (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Mga Awit 50:1).
2. Sa Cananeo na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto), tinatawag na “at ama ng mga diyos” at “panginoon ng langit”
3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
  - a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
  - b. *El-Roi* (“Ang Diyos na nakakakita” o “Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili,” BDB 42 & 909), Genesis 16:13
  - c. *El-Shaddai* (“Makapangyarihang Diyos” o “Diyos ang Lahat ng Pagkahabag” o “Ang Diyos ng Kabundukan,” BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
  - d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
  - e. *El-Berit* (“Ang Diyos ng Kasunduan,” BDB 42 & 136), Hukom 9:46
4. Ang *El* ay itinutumbas sa
  - a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
  - b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, “Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama”

- c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
  - d. “panibugho” sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
  - e. “awa” sa Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:31;
  - f. “dakila at kamangha-mangha” sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemiah 1:5; 9:32; Daniel 9:4
  - g. “kaalaman” sa I Samuel 2:3
  - h. “aking matatag na kanlungan” sa II Samuel 22:33
  - i. “aking tagapaghiganti” sa II Samuel 22:48
  - j. “nag-iisang banal” sa Isaias 5:16
  - k. “lakas” sa Isaias 10:21
  - l. “aking kaligtasan” sa Isaias 12:2
  - m. “dakila at makapangyarihan” sa Jeremias 32:18
  - n. “ganti” sa Jeremias 51:56
5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Josue 22:22 (*El, Elohim, YHWH*, inulit)
- B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
- 1. Ang pangunahing kahulugan nito ay “mataas,” “pinadakila,” o “pinatayog pataas” (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemias 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Mga Awit 18:13).
  - 2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
    - a. *Elohim* – Mga Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
    - b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
    - c. *El-Shaddai* – Mga Awit 91:1,9
    - d. *El* – Bilang 24:16
    - e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa “Mataas na Diyos”) sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
  - 3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
    - a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
    - b. Balaam, Bilang 24:16
    - c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
    - d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)
- C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)
- 1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
  - 2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josue 24:2).
  - 3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Mga Awit 82:6).
  - 4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
  - 5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104).
 

Iyon ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*, vv. 1, 2, 5; YHWH, vv. 2, 6; kahit na *Adon*, v. 4).
  - 6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHANG PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (tingnan ang Natatanging Paska: Monoteismo)
  - 7. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN (tingnan din ang “atin” sa Genesis 1:26; 3:22; 11:7)! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
    - a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na “ANG PANGMARAMIHAN NG MAHARLIKA,” kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
    - b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos

sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Mga Awit 82:1; 89:5,7).

- c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglikha (cf. Juan 1:3,10; taga-Roma 11:36; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Mga Awit 103).

Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin:

- a. ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal; Mga Awit 104)
- b. ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan (Mga Awit 103).

Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinasabing “pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON” (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El-Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
  - a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, “maipakita ang maalab na pagmamahal”
  - b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat “umihip” (YHWH bilang Diyos ng unos)
  - c. Mula sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat “magsalita”
  - d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang “ang Isang nagbibigay-lakas,” o “ang Isang nagtatatag”
  - e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo “ang Isang siya,” o “ang Isang umiiral” (sa PANGHINAHARAP NA PANAUNAN, “ang Isang iiral”)
  - f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo “ang Isang nagdudulot ng pag-iral”
  - g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na “mabuhay” (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang “ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang”
  - h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, “Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati” o “Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging” (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax to the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.
    - (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
    - (2) *Yahu* (“yah” katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
    - (3) *Yo* (“Jo” simula ng mga pangalan, e.g., Josue o Joel)
3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa “may-ari,” “puno,” “asawang lalaki,” “panginoon”—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng “panginoon.” Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.
4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
  - a. *YHWH* – *Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
  - b. *YHWH* – *Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26

- c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
- d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel PANDIWARI*), Exodo 31:13
- e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
- f. *YHWH – Sabaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
- g. *YHWH – Ro’I* (si YHWH ay aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal PANDIWARI*), Mga Awit 23:1
- h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
- i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

▣ **“sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos”** Ang parehong panimulang parirala na ito ay ginamit sa 1 taga-Corinto 1:1; 2 taga-Corinto 1:1; taga-Efeso 1:1; at taga-Colosas 1:1. Si Pablo ay naniniwala na pinili siya ng Diyos upang maging isang Apostol. Ang natatanging kaunawaan ng pagtawag ay nagsimula sa kaniyang pagbabalik-loob sa daan patungong Damasco (cf. Mga Gawa 9:1-22; 23:3-16; 26:9-18). Palaging ipinapahayag ni Pablo ang kaniyang awtoridad at panawagan na ipinagkaloob ng Diyos at panawagan na pagtibayin ang kaniyang mga sinulat bilang natatanging mula sa Diyos (i.e., kinasihan, cf. 2 Timoteo 3:16; 1 taga-Corinto 2:9-13; 1 taga-Thesalonica 2:13).

**NASB, NKJV “ayon sa pangako ng buhay”**

**NRSV “para sa kapakanan ng pangako ng buhay”**

**TEV “ipinadala upang mangaral ng ipinangakong buhay”**

**NJB “sang-ayon sa ipinangakong buhay”**

Pinapahayag ni Pablo na ang kaniyang kaligtasan, panawagan, at pagpapatibay para sa ministeryo ay nakabatay lahat sa mga pangako ng Diyos ng tunay na buhay, walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Kristo (cf. 2 Timoteo 1:1,2,9,13). Pinapahiwatig ni pablo ang konseptong ng pagkakaroon at pagkaloob ng Diyos ng buhay, maraming beses sa Mga Liham Pastoral (cf. 2 Timoteo 1:1; 1 Timoteo 6:15-16,19; Tito 1:2).

**1:2 “Kay Timoteo na aking minamahal na anak”** Ito ay talinghaga para kay Pablo sa pagiging espirituwal na ama sa ebanghelyo kay Timoteo (cf. 2 Timoteo 2:1; Timoteo 1:2; Tito 1:4). Ang pambukas na talatang ito ay nagpapakita na kanilang pag-ibig sa bawat isa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Timoteo sa 1 Timoteo 1:1.

▣ **“Biyaya, kahabagan, kapayapaan”** Pansinin ang pagiging karaniwan at mga pagkakaiba sa pambukas na mga pagbati ni Pablo

1. “Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at ang Panginoon Hesus Kristo” (taga-Roma 1:7; 1 taga-Corinto 1:3; 2 taga-Corinto 1:2; taga-Galacia 1:3; taga-Efeso 1:2; taga-Filipos 1:2; 1 taga-Thesalonica 1:2; Filemon 1:3)
2. “Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama” (taga-Colosas 1:2)
3. “Sumainyo ang biyaya at kapayapaan” (1 taga-Thesalonica 1:1)
4. “Biyaya, kahabagan at kapayapaan from mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na ating Panginoon” (1 Timoteo 1:2; 2 Timoteo 1:2)
5. “Biyaya at kapayapaan mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na ating Tagapagligtas” (Tito 1:4)

Pansinin na mayroong pagkakaiba, ngunit ang ilang sangkap ay pamantayan

1. “Biyaya” ang nagsisimula sa lahat ng pagbati. Iyon ay isang Kristiyanong anyo ng saligan ng Griyegong pambungad. Iyon ay tumutuod sa katangian ng Diyos.
2. “Kapayapaan” ang bunga ng pagtitiwala ng mga tao sa matapat na Diyos, pananampalataya sa Kaniyang katapatan.
3. “Kahabagan” ay isa pang paraan ng paglalarawan sa katangian ng Diyos at natatangi sa I at 2 Timoteo. Ang terminong ito ay ginamit sa Septuagint upang isalin ang Hebreong terminong *hesed* (i.e., kasunduang pag-ibig at katapatan). Diyos ay mapagbiyaya at mapagkakatiwalaan.
4. Ang Ama at Anak ay binanggit sa bawat pagbati (sa 1 taga-Thesalonica sila ay binanggit sa nakalipas na parirala). Sila ay palaging may pangramatikong ugnayan. Ito ay isang paraan ng pagpapatibay ng mga manunulat ng NT sa buong pagka-Diyos ni Hesus ng Nazareth. Ito rin ay totoo sa paggamit ng mga titulo sa OT para kay YHWH applied na inuukol kay Hesus (i.e., Panginoon at Tagapagligtas).

▣ **“mula sa Diyos Ama at kay Kristo Hesus na Panginoon natin”** Ang panimulang parirala na sumusunod sa “biyaya, kahabagan at kapayapaan” ay may isang pang-ukol (*apo*) na inuugnay ang Ama at ang Anak sa isang magkatumbas na panggramatikang ugnayan (cf. 1 Timoteo 1:2; Tito 1:4 at 2 Timoteo 1:2). Ito ay isang pamamaraan na ginamit ni Pablo upang ipahayag ang pagka-Diyos ni Hesus.

Ang “Ama” ay hindi ginamit sa kaunawan ng seksuwal na salin-lahat o pasunod-sunod na pangyayari, ngunit sa napakalapit na pampamilyang ugnayan. Pinili ng Diyos ang mga pampamilyang termino upang ihayag ang Kaniyang sarili sa sangkatauhan (cf. Osea 2-3, kung saan ipinakita ang Diyos bilang mapagmahal, matapat na mangingibig, at Osea 11, kung saan Siya ay nakita bilang mapagmahal na ama’t ina).

Ang pagka-Diyos ng kapahayagan ay hindi ang Prime Mover o ang First Cause ng Griyegong pilosopiya, ngunit ang Ama ni Kristo Hesus. Ang Bibliya ay hindi isang pilosopiya ng pantaong pangangatuwiran ngunit isang pang-Diyos na pagsisiwalat ng sarili, isang kapahayagan na hindi matutuklasan ng pantaong pagsusuri. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ama sa 1 Timoteo 1:2.

▣ **“Panginoon”** Inihayag ng Diyos ang Kaniyang pangkasunduang pangalan — YHWH — kay Moises sa Exodo 3:14. Iyon ay mula sa Hebreong pandiwa na “maging.” Ang mga Hudyo kinalaunan ay natatakot na bigkasin ang banal na pangalan, kapag binabasa nila ang Banal na Kasulatan, baka magamit nila iyon sa walang kabuluhan at malabag ang isa sa Sampung Utos (cf. Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11). Samakatuwid, kanilang pinalitan ng ibang salitang, *Adon*, na nangangahulugang, “asawang lalaki, may-ari, amo, panginoon.” Ito ang pinanggalingan ng Ingles na salin ng YHWH bilang Panginoon. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa 2 Timoteo 1:1.

Nang tawagin ng mga may-akda ng NT si Hesus na “Panginoon” (*kurios*), pinapahayag nila ang pagka-Diyos ni Hesus. Ang pagpapatibay na ito ay naging pormula sa bautismo ng sinaunang iglesia, “Hesus ay Panginoon” (cf. taga-Roma 10:9-13; taga-Filipos 2:6-11).

#### **TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2 TIMOTEO 1:3-14**

<sup>3</sup>Nagpapasalamat ako sa Diyos, na mula sa aking kanununuuan ay aking pinaglilingkuran sa budhing malinis, na walang patid na inaalaala kita sa aking mga daing, gabi’t araw; <sup>4</sup>Na kinasasabikan kong makita kita, na inaalaala ang iyong mga pagluha, upang ako’y mapuspos ng kagalakan; <sup>5</sup>Na inaalaala ko ang pananampalatayang hindi pakunwari na nasa iyo; na namalagi muna kay Loida na iyong lelang, at kay Eunice na iyong ina; at, ako’y naniniwalang lubos, na nasa iyo rin naman. <sup>6</sup>Dahil dito ay ipinaalaala ko sa iyo na paningasim mo ang kaloob ng Diyos, na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay. <sup>7</sup>Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan. <sup>8</sup>Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, ni ako na bilanggo niya: kundi magtiis ka ng mga kahirapan dahil sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Diyos; <sup>9</sup>Na siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling akala at biyaya, na ibinigay sa atin kay Kristo Hesus buhat pa ng mga panahong walang hanggan. <sup>10</sup>Ngunit ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Kristo Hesus, na siyang nagalis ng kamatayan, at nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng ebanghelyo, <sup>11</sup>Na sa bagay na ito ay ako’y itinalaga na tagapangaral, at apostol at guro. <sup>12</sup>Dahil dito’y nagtiis din ako ng mga bagay na ito: gayon ma’y hindi ako nahihiya; sapagkat nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang siya’y makapagiingat ng aking ipinagkatiwala sa kaniya hanggang sa araw na yaon. <sup>13</sup>Ingatan mo ang mga ulirang mga salitang magagaling na narinig mo sa akin, sa pananampalataya at pagibig na nasa kay Kristo Hesus. <sup>14</sup>Yaong mabuting bagay na ipinagkatiwala sa iyo ay ingatan mo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nananahan sa atin.

**1:3 “Nagpapasalamat ako sa Diyos”** Iyon ay karaniwan sa mga sinaunang Mediteranyong liham na magsama ng isang panalangin ng pasasalamat sa simula ng liham. Kadalasang sinusunod ni Pablo ang ganitong huwaran (cf. taga-Roma 1:8; 1 taga-Corinto 1:4; taga-Efeso 1:15-16; taga-Filipos 1:3-4; taga-Colosas 1:3-4; 1 taga-Thesalonica 1:2; 2 taga-Thesalonica 1:3; Filemon 4).

▣ **“aking pinaglilingkuran. . . na mula sa aking kanununuuan”** Si Pablo ay walang malay sa Kristiyanismo na isang hiwalay o bagong pananampalataya mula sa OT (cf. Mga Gawa 24:14; 26:5-6,22; taga-Roma 4; 2 taga-Corinto 11:22; at taga-Filipos 3:5). Sa taga-Galacia 6:15-16, ginagamit niya ang titulo sa OT na “ang Israel ng Diyos” upang ilarawan ang iglesia. Sa taga-Roma 2:28-29, pinapahayag niya na ang tunay na mga anak ni

Abraham ay sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa angkan pinanggalingan (cf. taga-Roma 9:6). Walang Hudyo o Griyego (cf. taga-Roma 3:22; 1 taga-Corinto 12:13; taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11)!

▫ **“budhing malinis”** Tingnan ang tala sa 1 Timoteo 1:5.

▫ **“inaalala”** Inaalala ni Pablo ang buhay, pamilya, at panawagan sa paglilingkod ni Timoteo. Ginagamit niya ang terminong *mneia* sa apat na paraan sa 2 Timoteo 1:3-6.

1. sa 2 Timoteo 1:3, inaalala ni Pablo si Timoteo palagi sa kaniyang mga panalangin
2. sa 2 Timoteo 1:4, ginagamit niya ang pandiwaring anyo upang ipaalala kay Timoteo ang kanilang malungkot na paghihiwalay
3. sa 2 Timoteo 1:5, ginagamit niya ang isang tambalang anyo (*hupo + mneia*) upang ipaalala kay Timoteo ang tapat na pananampalataya ng kaniyang pamilya
4. sa 2 Timoteo 1:6, ginagamit niya ang isang tambalang makadiwang anyo ng termino (*ana + mneia*) upang ipaalala kay Timoteo ang kaniyang panawagan at pagkakaloob para sa ministeryo

Iyon ay nakakatulong at nakakapagpasigla sa teolohiya na lumingon sa nakalipas ng ating mga buhay at tingnan ang kamay ng Diyos na kasangkot sa bawat yugto (pampamilyang pananampalataya, personal na pananampalataya, panawagan at pagpapalakas para sa ministeryo, at mga maka-Diyos na kaibigan at mga guro).

**1:4** Sina Pablo at Timoteo ay may kahanga-hangang ugnayan sa paglilingkod kay Kristo. Ang kanilang pagiging magkaibigan ay nagpasigla at nagpalakas sa kanila para sa ministeryo (cf. 2 Timoteo 4:9,21).

**1:5 “pananampalatayang hindi pakunwari”** Sa literal, ito ay “walang pagkukunwari.” Iyon ay ginamit sa kaunawaan ng “isang dalisay na pananampalataya” (cf. 1 Timoteo 1:5).

▫ **“na nasa iyo”** Iyon ay di-tiyak mula sa konteksto (at 3:15 as well as Mga Gawa 16:1) kung ito ay tumutukoy sa Judaismo (lola ni Timoteo at maaaring ina) o Kristiyanismo (pagbabagong-buhay ni Timoteo). Iyon ay maliwanag na tumutukoy sa pananampalataya kay YHWH at sa Kaniyang plano ng katubusan (tingnan ang Natatanging Paksa at 1 Timoteo 4:10).

NASB	“ako’y naniniwalang lubos, na nasa iyo rin naman”
NKJV	“Ako ay nahihikaya na nasa iyon din”
NRSV	“Ako ay tiyak, na nananahan sa iyo”
TEV	“Ako ay tiyak na mayroon ka rin nito”
NJB	“Ako ay tiyak na nananahan sa’yo”

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang pariralang ito sa Griyego ay isang malakas na pagpapatunay ng nagpapatuloy na pagtitiwala sa gawain ng Espiritu sa buhay at ministeryo ni Timoteo (cf. taga-Filipos 1:6).

**1:6 “na paningasin mo”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig ng isang nagpapatuloy na pangangailangan sa pagpapaalab o pagpapaninga o pagpapakilos ng alab. Mayroong pakusang aspeto ng kaloob (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan sa 2 Timoteo 2:1)! Ito ay hindi nangangahulugan na hinayan ni Timoteo ang alab ng panawagan at pagkakaloob ng Diyos na manghina, ngunit sa mga mahihirap na pagkakataon tulad ng kaniyang kasalukuyang paglalataga, siya ay dapat kumuha ng lakas mula sa mga nakaraang pagtawag at pagpapalakas ng Diyos.

▫ **“ang kaloob ng Diyos”** Ang ugat ng terminong “kaloob” (*charisma*), ay nagmula sa “biyaya” (*charis*). Ito ay maaaring tumutukoy sa Banal na Espiritu o, hingit sa kontekstong ito, sa kaniyang mga kaloob ng paglilingkod. Bawat mananampalataya ay may isang higit sa karaniwang kaloob o mga kaloob para sa ministeryo (1 taga-Corinto 12:7,11,18). Ang kaloob ni Timoteo ay kinikilala ni Pablo at ng kaniyang tahananang iglesia (cf. 1 Timoteo 4:14).

▫ **“sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay”** Ito ay hindi patunay na teksto para sa “apostolikong paghalili.” Tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 4:14. Ang pagpapatong ng mga kamay ay ginamit sa maraming kadahilanan sa Bibliya. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:14.

**1:7 “Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu”** Ang sinaunang mga Griyegong teksto ng NT ay isinulat lahat sa mga malaking titik (mga unsyano), kaya ang malaking titik sa mga makabagong salin ay isang saligan para sa pagpapaliwanag. Walang TIYAK NA PANTUKOY sa Griyegong teksto. Mayroon din kaagapay sa NT para sa isang maliit na titik “s” (cf. taga-Roma 8:15; 1 taga-Corinto 2:12) ngunit sa kapwa mga konteksto, ang Banal na Espiritu ay tiyakang binanggit. Karamihan sa mga makabagong salin ay may “isang espiritu...” (i.e., KJV, ASV, NKJV, NASB, RSV, NRSV, NEB, REB at NIV). Gayunman, pinagpapalagay ng iba na ang Banal na Espiritu ay tinutukoy dito (cf. TEV, NJB at ang William’s translation ng NT). Sa katotohanan, iyon ay maaaring may layuning kalabuan (cf. NEB at NJB).

Binigyan ng Diyos ang bawat mananampalataya ng pinakadakilang kaloob, ang Espiritu, gayundin ang isang espirituwal na (mga) kaloob para sa ministryo ngunit isa ding matapang at makapangyarihang pagnanais na maglingkod, magbahagi, humayo, maging katulad ni Kristo.

Si Robert Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, ay may isang nakakawiling pagtalakay ng mga gamit ng terminong “espiritu” sa NT (pp. 61-63).

1. mga masamang espiritu
2. ang pantaong espiritu
3. ang Banal na Espiritu
4. mga bagay na ginagawa ng Espiritu sa at sa pamamamagitan ng mga pantaong espiritu
  - a. “hindi isang espiritu ng pagkaalipin” laban sa “isang espiritu ng pagkukup,” taga-Roma 8:15
  - b. “isang espiritu ng kaamuhan,” 1 taga-Corinto 4:21
  - c. “isang espiritu ng pananampalataya,” 2 taga-Corinto 4:13
  - d. “isang espiritu karunungan at kapahayagan ng kaalaman sa Kaniya,” taga-Efeso 1:17
  - e. “hindi isang espiritu ng pagkamahiyain” laban sa “kapangyarihan, pag-ibig at disiplina,” 2 Timoteo 1:17
  - f. “espiritu ng kamalian” laban sa “espiritu ng katotohanan,” 1 Juan 4:6

**NASB, NJB** “espiritu ng katakutan”

**NKJV** “isang espiritu ng takot”

**NRSV** “isang espiritu ng karuwagan”

**TEV** “ang Espiritu. . hindi tayo ginagawang mahiyain”

Mayroong isang negatibo at tatlong positibong aspeto ng pagiging mapagkaloob ng Diyos.

**NASB** “kahusayan”

**NKJV** “mabuting isipan”

**NRSV** “disiplina sa sarili”

**TEV, NJB** “pagtitimpi”

Tingnan ang buong tala at 1 Timoteo 3:2.

**1:8-14** Ito ay isang pangungusap sa Griyego.

**1:8 “ikahiya”** Ito ay isang susing parirala sa unang kabanata (cf. 2 Timoteo 1:8,12,16; also tala Marcos 8:38; taga-Roma 1:16). Dito, ang panggramatikang anyo nito ay isang AORIST BALINTIYAK NA (deponent) PANAKALI; iyon ay hindi nagpapahiwatig na si Timoteo ay nahiya, ngunit lalo pa ay isang pagpapaalala na hindi magsimulang mahiya.

Maaaring binabanggit ni Pablo ang konsepto sa OT ng kasalanan na nagdudulot ng mga suliranin at katuwiran na nagdudulot ng mga pagpapala (cf. Deuteronomio 27-28; Job, Mga Awit 73). Si Pablo ay hindi nagdurusa para sa kasalanan ngunit para kay Kristo.

▣ **“ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, ni ako na bilanggo niya”** Pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo na magpatuloy na ipangaral ang mga padurusa ni Kristo (cf. Genesis 3:15; Isaias 53; Mga Gawa 3:18; 26:23) at gayundin ay makilalang kasama ni Pablo bilang isang espirituwal na bilanggo ng ebanghelyo at isang pisikal na bilanggo dahil sa ebanghelyo! Ipangaral ang mabuting balita anuman ang halaga o mga kahihinatnan (cf. taga-Galacia 4:17; 2 taga-Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:23-29)!

▣ **“magtiis ka”** Dahil sa teolohiya ni Pablo tungkol malapit na pagkakakilala ng mga mananampalataya kay Kristo sa kamatayan (cf. taga-Roma 6; taga-Galacia 2:20) at pagdurusa (cf. taga-Roma 8:17; 2 taga-Corinto 1:5; taga-Filipos 3:10; gayundin sa 1 Pedro 4:13), kadalasang binubuo ni Pablo ang mga bagong Griyegong salita sa

paggamit ng pang-ukol na *syn* na nangangahulugang “kasamang pakikilahok sa.”

1. makipagtiis ka (1:8 at 2:3)
2. nangamatay kalakip (2:11)
3. nangabubuhay kasama (2:11)
4. mangaghahari kasama (2:12)

▣ **“ng mga kahirapan dahil sa ebanghelyo”** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS (cf. 2 Timoteo 2:3, 9; 4:5; taga-Roma 8:17; 1 Pedro 3:14; 4:12-19). Ang susi sa pariralang ito ay “para sa ang ebanghelyo,” hindi ng ating sariling kasamaan (cf. 1 Pedro 2:15-16). Ang mga makabagong Kristiyano ay kailangang makilala na ang pagdurusa para sa ebanghelyo ay ang pamantayan, hindi bukod-tangi (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 2 taga-Corinto 4:16-18; 6:4-10; 11:23-28; taga-Filipos 1:29; 1 taga-Thesalonica 3:3; 2 Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4).

### **NATATANGING PAKSA: BAKIT NAGDURUSA ANG MGA KRISTIYANO? (WHY DO CHRISTIANS SUFFER)**

1. dahil sa mga personal na kasalanan (pansamantalang kahatulan). Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang lahat ng mga suliranin at mga masasamang pangyayari ay isang bunga ng kasalanan (cf. Job; Awit 73; Lucas 14:1-5; Nehemia 9; Gawa 5:1-11; I taga-Corinto 11:29-30; taga-Galacia 6:7).
2. Upang lumago ang pagiging katulad kay Kristo (Hebreo 5:8). Kahit na si Hesus, sa pagsasalitang pantao, ay kailangang lumago, gayundin, ang Kanyang mga taga-sunod (cf. taga-Roma 5:3-4, 8:28-29; II taga-Corinto 12:7-10; taga-Filipos 3:10; Hebreo 12:5-12; Santiago 1:2-4; I Pedro 1:7).
3. Upang lumago ang isang makapangyarihan, mabisang patotoo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-22; I Pedro 2:18-21, 3:13-17).
4. Bilang isang tanda ng mga kirot sa pagsilang ng Bagong Panahon (cf. Mateo 24:6; Marcos 13:8).  
Ang dalawang aklat na tumulong sa akin na pakitunguhan ang kawalang-katarungan at kasamaan ng nalugmok sa mundong ito ay *The Christian's Secret of a Happy Life* ni Whithall Smith at *The Goodness of God* ni John W. Wenham.

Ang mga mananampalataya ay dapat tandaan na ang mga suliranin ang paghihirap ay hindi kinakailangan isang tanda ng galit at pagtanggig ng Diyos. Ang mga masamang bagay ay nangyayari at matatapat na tagasunod sa isang nalugmok na mundo (cf. 1 Pedro 4:12-19). Ang mga pangako ng Diyos at ang sariling ibinigay na kamatayan ni Kristo ay mga tanda ng pag-ibig ng Diyos (cf. taga-Roma 5:8). Ang Kasulatan ay kailangang magkaroon ng pagpapauna sa mga pansamantalang pangyayari!

**1:9 “na siyang sa atin ay nagligtas”** Ang mga ito ay dalawang AORIST TAHAS NA KATAGA na idinugtong ng “at” (*kai*). Sa taga-Roma 8:29-30 ang “pagtawag” ngayon ay bago ang “pagliligtas,” ay tumutukoy sa pagiging soberano ng Diyos (pagpili), ngunit dito ang pagtawag ay tumutukoy sa ministeryo (tinawag na may isang pagkatawag, cf. 2 Timoteo 1:6-8 and Natatanging Paksa at 2 Timoteo 1:9).

Ito ay ang katumbas sa NT ng pangkasunduang wika ng OT na ginamit sa Israel. Ang mga mananampalataya kay Hesus ay ang pangkasunduang bayan ng Diyos.

### **NATATANGING PAKSA: MGA PANAUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN (GREEK VERB TENSES USED FOR SALVATION)**

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3, 7; 5:23; 1 Pedro 1:15). Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**

- Mga Gawa 15:11
- taga-Roma 8:24



- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- taga-Roma 13:11 (isinasama sa AORIST na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

#### KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)

- taga-Efeso 2:5,8

#### KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)

- I taga-Corinto 1:18; 15:2
- II taga-Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

#### KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP NA KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)

- taga-Roma 5:9,10; 10:9,13
- I taga-Corinto 3:15; 5:5
- taga-Filipos 1:28;
- I taga-Thesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13), ngunit kailangan itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 3:19; taga-Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang

1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

▣ **“ng isang banal na pagtawag”** Ito ay maaaring tumutukoy sa Diyos bilang banal, ngunit marahil sa kontekstong iyon ay tumutukoy sa kalooban ng Diyos para sa isang banal na pangkasunduang bayan. Ang kalooban ng Diyos ay palaging para sa isang bayan na “na nilikha para sa Kaniyang larawan” (cf. Genesis 1:26-27) na ipakilala ang Kaniyang larawan sa mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6)! Ang gawain ng Mesias ay nagpanumbalik ng larawan ng Diyos na nawala sa paghihimagsik nina Adan at Eba in Genesis 3. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging-wangis kay Kristo (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4).

### NATATANGING PAKSA: TINAWAG (CALLED)

Ang Diyos ay palagiang pinasisimulan ang pagtawag, pagpili at paghikayat sa mga mananampalataya sa Kanyang sarili (cf. Juan 6:44, 65; 15:16; I taga-Corinto 1:12; taga-Efeso 1:4-5,11). Ang salitang “tinatawag” ay ginamit sa maraming mga teolohikong pagkakaunawa.

- A. Sa OT, “ang pagtawag sa pangalan” ay palaging nasa konteksto ng pagsamba (cf. Genesis 4:26; 12:8; 21:33; 26:25; Exodo 34:5)
- B. Ang mga makasalanan ay tinawag sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos (i.e., Exodo 34:6-7) ayon sa natapos na gawain ni Kristo at sa pag-uudyok ng Espiritu (i.e., *klētos*, cf. taga-Roma 1:6-7; 9:24, na may teolohikong pagkakatulad sa I taga-Corinto 1:1-2 at II Timoteo 1:9; II Pedro 1:10).
- C. Ang mga makasalanan ay tumatawag sa panangalan ng Panginoon upang maligtas (i.e., *epikaleō*, cf. Mga Gawa 2:21; 22:16; taga-Roma 10:9-13). Ang pahayag na ito ay isang pang-Hudyong kataga sa pagsamba.
- D. Ang mga mananampalataya ay tumatawag sa Kaniyang pangalan sa panahon ng krisis at pighati (Mga Gawa 7:59)
- E. Ang mga mananampalataya ay tinawag upang mabuhay ng pamumuhay na tulad kay Kristo (i.e., *klēsis*, cf. I taga-Corinto 1:26; 7:20; taga-Efeso 4:1; taga-Filipos 3:14; II taga-Thesalonica 1:11; II Timoteo 1:9).
- F. Ang mga mananampalataya sa tinawag sa mga pang-ministryong gawain (cf. Mga Gawa 13:2; I taga-Corinto 12:4-7; taga-Efeso 4:1).

▣ **“hindi ayon sa ating mga gawa”** Ito ang pangunahing punto ng pangangaral ni Pablo sa mga Judaizer sa Mga Gawa 15 at sa aklat ng taga-Galacia. Ang mga bulaang guro ng Mga Liham Pastoral ay mayroon ding isang pang-Hudyong kaisipan na katuwiran batay sa mga gawa. Ang pagtanggap ito isang katuwirang batay sa mga gawa ay isang inuulit na paksa sa mga sulat ni Pablo (cf. taga-Roma 3:20; 2728; 4:4-5; 8; 9:11; taga-Galacia 2:16; 3:11; taga-Efeso 2:8-9; taga-Filipos 3:9; 2 Timoteo 1:9; Tito 3:5).

▣ **“kundi ayon sa kaniyang sariling akala at biyaya”** Ang kalooban at katangian ng Diyos ay hindi mapaghihiwalay. Siya ay kumilos sa kapakanan ng nalugmok na sangkatauhan batay sa kung sino Siya (cf. taga-Efeso 1:4-5, 11). Ang ebanghelyo ay nagpapakilala sa puso ng Ama, ang mapagmahal na pagkilos ng Anak at ang kapangyarihan ng Espiritu. Ang kaligtasan ay na kaisipan ng Diyos, pagpapasimula ng Diyos at pagtutustos ng Diyos!

▣ **“na ibinigay sa atin kay Kristo Hesus buhat pa ng mga panahong walang hanggan”** Ang ebanghelyo ay hindi “planong B.” Iyon ay palaging plano ng Diyos upang tubusin ang nalugmok na sangkatauhan, sangkatauhang nilalang sa Kaniyang larawan at ginawa para sa pakikisama sa Kaniya. Habang ang Genesis 3 ay nagtatala ng paghihimagsik ng sangkatauhan, iyon din ay nagtatala ng pangako at plano ng Diyos (cf. Genesis 3:15; taga-Roma 16:25-26; taga-Efeso 2:11-13, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 4:10).

Ang tinakdang plano sa pamamagitan ni Kristo ay tinukoy nang madalas sa mga pangangaral ng mga Apostol sa Mga Gawa (cf. Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29 gayundin ang sariling mga salita ni Hesus sa Marcos 10:45; Lucas 22:20). Iyon ay maaaring pagkabanggit sa Tito 1:2 (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggan sa Tito 1:2) at Pahayag 13:8.

Ang Israel ay unang yugto lamang sa plano ng Diyos sa katubusan ng mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Mesias ay palagi ang tanging pag-asa para sa makasalanang sangkatauhan!

**1:10 “pagpapakita ng”** Ang terminong *epiphany* dito ay tumutukoy sa unang pagdating ni Kristo (cf. 1 Timoteo 6:14; Tito 2:11), ngunit inasa 2 Timoteo 4:1 at Tito 2:13 ang parehong salita ay tumutukoy sa Kaniyang Pangalawang Pagparito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino ng NT para sa Pagbabalik ni Kristo sa Tito 2:13.

▣ **“ating Tagapagligtas na si Kristo Hesus”** Tagapagligtas ay isang titulo sa OT para kay YHWH (cf. Mga Awit 106:21; Isaias 43:3,11,15,21; 49:26; 60:16; 63:8; Osea 13:4; Lucas 1:47). Sa NT, iyon ay pinagpalgay kay Hesus bilang Mesias ng Diyos (cf. Lucas 2:11; Juan 4:42; 13:23; taga-Efeso 5:23; taga-Filipos 3:20; 1 Juan 4:14).

Tanging sa Mga Liham Pastoral ginamit ang kapwa titulo na may kalapitan para sa kapwa Diyos Ama at Diyos Anak.

A. Diyos

1. Diyos na ating Tagapagligtas (1 Timoteo 1:1)
2. Diyos na ating tagapagligtas (1 Timoteo 2:3)
3. ang tagapagligtas ng lahat ng tao (1 Timoteo 4:10)
4. Diyos na ating tagapagligtas (Tito 1:3)
5. Diyos na ating tagapagligtas (Tito 2:10)
6. Diyos na ating tagapagligtas (Tito 3:4)

B. Kristo

1. ating tagapagligtas (2 Timoteo 1:10)
2. ang Panginoong Hesus Kristo na ating tagapagligtas (Tito 1:4)
3. ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Kristo Hesus (Tito 2:13)
4. si Hesus Kristo ating tagapagligtas (Tito 3:6)
5. ating Panginoon at Tagapagligtas, si Hesus Kristo (1 Pedro 1:11)
6. ang Panginoon at Tagapagligtas na si Hesus Kristo (2 Pedro 2:20)
7. ating Panginoon at Tagapagligtas, si Hesus Kristo (2 Pedro 3:18)

Ang Mga Liham Pastoral, na isinulat nang kalagitnaan hanggang huling bahagi ni 60's, ay sumasagot din laban sa pag-aangkin ng Emperador ng Roma sa pagiging kapwa Diyos at tagapagligtas (gayundin ang paggamit ng mga titulong ito sa mga mahiwagang relihiyon). Para sa mga Kristiyano, ang mga titulong ito ay nakalaan para kay YHWH at sa Kaniyang Mesias.

▣ “**na siyang nagalis ng kamatayan**” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: WALANG HALAGA AT WALANG KABULUHAN (KATARGEŌ)  
(NULL AND VOID (KATARGEŌ))**

Ito (*katargeŏ*) ay isa sa mga paboritong mga salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng dalawampu't-limang beses ngunit ito ay may malawaka ng pang-semantikong saklaw.

- A. Ang pangunahing etimolohikong salitang-ugat ay galing sa argos na nangangahulugang
1. Walang pag-iral
  2. Walang saysay
  3. Hindi nagagamit
  4. Walang paggamitan
  5. Walang bisa
- B. Ang tambalang may *kata* ay ginagamit upang ipahayag ang
1. Walang pag-iral
  2. Walang paggamitan
  3. Iyang alinmang nawalang-bisa
  4. Iyang alinmang ginawa palayo
  5. Iyang alinmang lubusang walang bisa
- C. Ito ay minsang ginamit sa Lucas upang ilarawan ang isang di-namumunga, samakatuwid walang silbing puno (cf. Lucas 13:7)
- D. Ginamit ito ni Pablo sa isang matalinggahagang kaunawaan sa dalawang pangunahing pamamaraan
1. Ang Diyos na ginawang walang-bisang bagay ang mga may kaaway sa sangkatauhan
    - a. Makasalanang kalikasan ng sangkatauhan – taga-Roma 6:6
    - b. Ang Kautusan ni Moises sa kaugnayan nito sa pangako ng Diyos ng “ang binhi” – taga-Roma 4:14; taga-Galacia 3:17; 5:4,11; taga-Efeso 2:15
    - c. Espirituwal na puwersa – I taga-Corinto 15:24
    - d. Ang “tao ng kawalang kautusan” – II taga-Tesalonica 2:8
    - e. Pisikal na kamatayan – I taga-Corinto 15:26; II Timoteo 1:16 (Hebreo 2:14)
  2. Ang pagpapalit ng Diyos ng luma (kasunduan, panahon) para sa bago
    - a. Mga bagay na may kaugnayan sa Kautusan ni Moises – taga-Roma 3:3,31; 4:14; II taga-Corinto 3:7,11,13,14
    - b. Pagkakatulad ng kasalang ginamit sa Kautusan – taga-Roma 7:2,6
    - c. Ang mga bagay ng panahong ito – I taga-Corinto 13:8,10,11
    - d. Ang katawang ito – I taga-Corinto 6:13
    - e. Mga pinuno ng panahong ito – I taga-Corinto 1:28; 2:6

Ang salitang ito ay isinalin sa maraming magkakaibang pamamaraan, ngunit ang kanyang pangunahing kahulugan ay gawin ang isang bagay na walang silbing, walang halaga at walang kabuluhan, walang pag-iral, walang kapangyarihan, ngunit hindi kinakailangang di-nananatili, nawasak o napuksa.

▣ “**nagdala sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira**” Ang terminong “buhay” ay ginamit ng maraming beses sa Mga Liham Pastoral at nangangahulugang

1. walang-hanggang buhay (1 Timoteo 1:16; 6:12; Tito 1:2; 3:7)
2. tunay na buhay (1 Timoteo 6:19)
3. kasalukuyang buhay at buhay ng panahong darating (1 Timoteo 4:8)
4. ipinangakong buhay kay Kristo (2 Timoteo 1:1)
5. buhay at kawalang-kamatayan sa pamamagitan ni Kristo (2 Timoteo 1:10)

Mayroong dalawang naugnay na termino na ginamit sa Mga Liham Pastoral upang ipahayag ang di-kailanman natatapos, bagong panahong buhay:

1. “pagkasira” na may isang ALPHA PRIVATIVE (2 Timoteo 1:10; Tito 2:7; taga-Roma 2:7; 1 taga-Corinto 15:52-54)
2. “kamatayan” na may isang ALPHA PRIVATIVE (1 Timoteo 6:16 at 1 taga-Corinto 15:53-54)

Ito ay hindi Griyegong konsepto na bawat tao ay may isang walang-kamatayang umiiral na “kaluluwa.” Ang kawalang-kamatayan ng mga mananampalataya ay nagsimula sa kanilang personal na nagsisising

pananampalataya kay Kristo. Ang Diyos ay ang taging pinangmumula ng kawalang-kamatayan (cf. 1 Timoteo 1:17; 6:16). Pinagkakaloob Niya iyon nang walang-bayad sa pamamagitan ni (at si Kristo lamang).

▣ **“sa pamamagitan ng ebanghelyo”** Ang Griyegong terminong ito, sa orihinal, ay nangahulugang “isang gantimpala sa pagdadala ng mabuting balita.” Iyon ngayon ay natatanging tumutukoy sa loob ng Kristiyanismo sa kahanga-hangang mensahe ng Diyos ng pagpapatawad at pagtanggap sa pamamagitan ng buhay, mga katuruan, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Iyon nang lumaon, ang terminong ginamit upang ilarawan ang mga aklat patungkol sa buhay ni Hesus (i.e., ang apat na Ebanghelyo). Si Hesus ay ang mabuting balita ng pag-ibig at pagtustos ng Diyos para sa mga makasalanan.

**1:11 “na sa bagay na ito ay ako’y itinalaga”** Ito ay AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa talatang ito, si Pablo ay nagpapahayag ng kaniyang mga kaloob at mga tungkulin na pinagkaloob ng Diyos na naugnay sa ebanghelyo (cf. 1 Timoteo 2:7).

▣ **“na tagapangaral”** Ito ay hindi lamang isang kaloob na gaya ng isang tungkulin (cf. TEV). Ang pangangaral ay hindi itinala bilang isang kaloob, ngunit sa isang kaunawaan ay isang mahalagang aspeto ng lahat ng mga kaloob sa pamumuno (cf. taga-Efeso 4:11), na lahat ay kinapapalooban ng pangangaral. Ang PANGNGALAN ay mula sa PANDIWA na *kērussō*, na nangahulugang ipamalita o ihayag sa madla. Iyon ay nagkaroon ng isang teknikal na kaunawaan bilang isang pangtukoy sa Apostolikong pangangaral (*kērygma*) lalo na habang iyon ay makikita sa mga nakatalang pangangaral nina Pedro at Pablo sa aklat ng Mga Gawa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesia sa 2 Timoteo 3:15.

▣ **“apostol”** Ang “Apostol” ay nagmula sa isa sa mga Griyegong salita na nangahulugang “isinugo” (*apostellō*). Pinili ni Hesus ang dabingdalawa sa Kaniyang alagad na makasama Niya sa isang natatanging kaunawan at tinawag silang “mga Apostol” (cf. Lucas 6:13). Ang pandiwang anyo ay madalas na gamitin kay Hesus na isinugo ng Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48; Juan 4:34; 5:24,30, 36, 37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,3,18,21,23,25; 20:21). Sa mga pang-Hudyong pinagmulan, ang termino ay ginamit sa sinuman na sinugo bilang isang opisyal na kinatawan iba, katulad ng sa “embahador.”

Ang terminong ito ay may isang natatanging makapangyarihang kahulugan. Iyon ay ginamit sa kanila na nakilala si Kristo sa panahon ng Kaniyang pisikal na buhay at ministeryo (cf. Mga Gawa 1:21-26). Inaangkin ni Pablo na nakita niya rin Panginoon sa kaniyang pangitain at panawagan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9). Ang mga lalaking ito ay natatanging tinawag at pinagkalooban ng Espiritu upang itala at ipaliwanag ang mga pangyayari, mga katuruan, at mga himala ng buhay sa mundo ni Hesus.

Ang termino ay ginamit sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesia (cf. 1 taga-Corinto 12:28; taga-Efeso 4:11). Ang kanilang tiyak na tungkulin ay hindi tinukoy; iyon ay maaaring pagtatayo ng iglesia sa mga bagong lugar o pang-rehiyong pamumuno (cf. Mga Gawa 14:4,14; 18:5; 1 taga-Corinto 4:9; taga-Galacia 1:19; taga-Filipos 2:25; 1 taga-Thesalonica 2:6).

▣ **“guro”** Ito ay nakatala bilang isang espirituwal na kaloob sa Mga Gawa 13:1; taga-Roma 12:6-7; 1 taga-Corinto 12:28; at Santiago 3. Iyon ay isinama sa kaloob ng pastor sa taga-Efeso 4:11 at 1 Timoteo 3:2; 2 Timoteo 2:24. Kapag ginamit bilang isang hiwalay na kaloob, iyon maaaring tumutukoy sa pagsasanay ng mga bagong nagbalik-loob, ngunit kapag inuugnay sa pastor, iyon ay maaaring tumutukoy sa pagsasanay sa mga mananampalataya sa doktrina (cf. 2 Timoteo 2:15; 3:16-17).

Ang KJV at ang NKJV ay idinagdag ang terminong “sa mga Hentil.” Ito ay hindi makikita sa mga Griyegong unsyanong kasulatang  $\aleph^*$  at A, ngunit iyon ay makikita sa MSS  $\aleph^2$ , C, D, F, G, at iba pang sinaunang mga teksto. Iyon ay makikita sa 1 Timoteo 2:7 at marahil isang karagdagan ng mga sinaunang eskriba. Ang UBS<sup>4</sup> ay binibigyan ang pagtatanggal ng isang “B” na antas (halos tiyak).

**1:12 “Dahil dito’y nagtiis din ako ng mga bagay na ito”** Ito ay kailangang maiugnay sa 2 Timoteo 1:8. Nalalaman ni Pablo mismo ang halaga ng espirituwal na pamumuno (cf. 2 taga-Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:24-28).

▣ **“gayon ma’y hindi ako nahihya”** Ito ay tumutukoy sa pagpapaalala ni Pablo kay Timoteo sa 2 Timoteo 1:8 at v.16. Ang mga suliranin ni Pablo sa isang kaunawaan ay katibayan ng kaniyang tagumpay sa pangangaral ng ebanghelyo (cf. taga-Galacia 6:17)!

▣ **“sapagkat nakikilala ko yaong”** Pansinin na ang pagbibigay-diin ay sa personal na ugnayan, hindi sa mga pangyayari.

▣ **“aking sinampalatayanan”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na sa literal, “Ako ay nanampalataya at magpapatuloy manampalataya.” Iyon ay tumutukoy sa karanasan ng kaligtasan ni Pablo sa daan sa Damasco (cf. Mga Gawa 9).

Para sa “nanampalataya” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1 Timoteo 1:16.

▣ **“lubos akong naniniwalang”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Iyon ay tumutukoy sa pagtitiwala ni Pablo sa Diyos at mula sa Diyos, kahit sa gitna ng pag-uusig at mga pagkabilanggo na kaniyang naranasan.

## **NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN (ASSURANCE)**

A. pagsusuri o mga katunayan.

1. Pang-Doktrina (pananampalataya, 1 Juan 1:1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
2. Pamumuhay (pagsunod, 1 Juan 2:2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
3. Panlipunan (pag-ibig, 1 Juan 1:2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal

1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesia ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesia. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. taga-Galacia 5:22-23).

C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos

1. Pag-ibig ng Diyos Ama
  - a. Juan 3:16; 10:28-29
  - b. taga-Roma 8:31-39
  - c. taga-Efeso 2:5,8-9
  - d. taga-Filipos 1:6
  - e. I Pedro 1:3-5
  - f. I Juan 4:7-21
2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
  - a. Kamatayang para sa ating kapakanan
    - (1) Mga Gawa 2:23
    - (2) taga-Roma 5:6-11
    - (3) II taga-Corinto 5:21
    - (4) I Juan 2:2; 4:9-10
  - b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
  - c. Nagpapatuloy na pamamagitan
    - (1) taga-Roma 8:34
    - (2) Hebreo 7:25
    - (3) I Juan 2:1
3. Gawain ng Diyos Espiritu
  - a. pagtawag (Juan 6:44,65)
  - b. pagtatak
    - (1) II taga-Corinto 1:22; 5:5
    - (2) taga-Efeso 1:13-14; 4:3
  - c. pagtitiyak

(1) taga-Roma 8:16-17

(2) I Juan 5:7-13

D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)

1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
  - a. Marcos 1:15
  - b. Mga Gawa 3:16,19; 20:21
2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo (tingnan ang Natatanging Paksa: Ano ang Kahulugan na “tumanggap,” “manampalataya,” “magpahayag na pananampalataya,” “tumawag”?)
  - a. Juan 1:12; 3:16
  - b. taga-Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
  - c. taga-Efeso 2:5,8-9
3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiis)
  - a. Marcos 13:13
  - b. I taga-Corinto 15:2
  - c. taga-Galacia 6:9
  - d. Hebreo 3:14
  - e. II Pedro 1:10
  - f. Hudan 20-21
  - g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa

1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I taga-Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
5. Sa Bibliya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19, tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kristiyanong Katiyakan para sa ibang balangkas ng doktrinang ito.

▣ **“siya’y makapagiingat”** Ang pariralang “Siya ay maykakayahan” ay isang kahanga-hangang paglalarawang paghirang para sa Diyos (cf. taga-Roma 16:25; taga-Efeso 3:20 at Judas 1:24). Ang Diyos ay hindi lamang may kakayahan, ngunit Siya ay nagnanais na ipagtanggol ang ating pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo (cf. I Pedro 1:4-5) at ating matapat na pamumuhay! Hindi lamang kaligtasan ang pangyayaring pinasinayanan ng Diyos, idinulot ng Diyos at linubos ng Diyos, ngunit gayundin, ay ang buhay ng Kristiyano.

▣ **“aking ipinagkatiwala sa kaniya”** Binabantayan ng Diyos ang pagpapahayag ng mga mananampalataya (cf. I Pedro 1:4-5). Gayunman, mga mananampalataya ay kailangang bantayan ang kanilang pagiging katiwala ng ebanghelyo (tingnan ang buong tala sa I Timoteo 1:18, cf. I Timoteo 6:20; 2 Timoteo 1:14). Ang Kristiyanismo ay isang kasunduan na may mga pakinabang at mga tanging karapatan, ngunit mayroon ding mga kinakailangan at mga pananagutan!

▣ **“sa araw na yaon”** Ito ay isang paraan sa OT sa patukoy sa huling panahon (cf. 2 Timoteo 1:18). Ang OT ay maliwanag na ipinapahayag ang isang pangklimang pamamagitan ng Diyos sa kasaysayan ng tao. Gayunman, mula sa progresibong kapahayagan ng NT, ang mga mananampalataya ngayon ay nalalaman na mayroong dalawang pagparito, ang pagkakatawang-tao (ang pagpapasinaya ng kaharian ng Diyos) at ang Ikawalang Pagparito (ang kalubusan ng kaharian ng Diyos).

## NATATANGING PAKSA: ANG ARAW NA YAON (THAT DAY)

Ang pariralang ito, “sa araw na yaon” o “sa araw na yan,” ay isang paraan para sa ikawalong siglong propeta upang magwika ng pagdalaw ng Diyos (presensiya), kapwa para sa kahatulan at pagpapanumbalik.

Osea		Amos		Mikas	
<u>positibo</u>	<u>negatibo</u>	<u>positibo</u>	<u>negatibo</u>	<u>positibo</u>	<u>negatibo</u>
1:11	1:5		1:14(2)		2:4
	2:3		2:16		3:6
2:15			3:14	4:6	
2:16	4:5		5:18 (2)		5:10
2:18	5:9		5:20		7:4
2:21	6:2		6:3	7:11(2)	
	7:5		8:3	7:12	
	9:5	9:11	8:9 (2)		
	10:14		8:10		
			8:13		

Ang huwarang ito ay karaniwan sa mga propeta. Ang Diyos ay kikilos laban sa kasalanan sa panahon, ngunit Siya rin ay nag-aalok ng isang araw ng pagsisisi at pagpapatawad sa kanilang nagnanais na baguhin ang kanilang mga puso at mga pagkilos (i.e., tumanggap ng isang bagong puso, isang bagong isipan, at isang bagong espiritu, cf. Ezekiel 36:22-27)! Ang layunin ng Diyos sa katubusan at pagpapanumbalik ay maisasakatuparan! Siya ay magkakaroon ng isang bayan na magpapakilala ng Kaniyang katangian. Ang layunin ng paglikha (pagsasama ng Diyos at sangkatauhan) ay matutupad!

### 1:13

<b>NASB</b>	“ingatan”
<b>NKJV</b>	“hawakan”
<b>NRSV</b>	“tanganan”
<b>TEV</b>	“hawakang matatag”
<b>NJB</b>	“itago”

Ito ay ang lubhang karaniwan “Aking taglay” (*echō*), ngunit iyon ay mayroong isang malawak semantikong pagkagamit gaya ng ipinapakita ng mga salin. Ang anyo ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Si Timoteo ay kailangang magpatuloy na ingatan ang apostolikong katotohanan ipinasa sa kaniya ni Pablo (cf. 2 Timoteo 1:14; Tito 1:9).

- ▣ **“ang mga uliran”** Ang terminong “uliran” sa Griyego ay nangangahulugang “gumuhit” at ginamit sa mga disenyo ng arkitekto (i.e., isang *blueprint*). Pinagkaloob ni Pablo kay Timoteo ang pangkalahatang teolohikong plano.
- ▣ **“mga salitang magagaling”** Ito ay isang inuulit na paksa sa Mga Liham Pastoral na ay tumutukoy sa mga tamang pangangaral (cf. 1 Timoteo 1:10; 4:6; 6:3; 2 Timoteo 1:13; 4:3,4; Tito 1:9,13; 2:1,2). Ang talatang ito ay maliwanag na nagpapakilala sa presensiya at mga suliranin na idinudulot ng mga bulaang guro.
- ▣ **“sa pananampalataya at pagibig”** Ito ay tumutukoy sa paraan na ang mga pinuno ay magpapanatili, magpapasa, at magtatanggol sa katotohanan ng ebanghelyo (cf. 1 taga-Corinto 13).

**1:14 “ingatan mo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu”** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Pansinin na ang mga mananampalataya ay kailangang magbantay, ngunit ang Banal na Espiritu ay kaparaanan at kapangyarihan na iyon ay maisasakatuparan!

- ▣ **“na nananahan sa atin”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Mayroong isang pagkakatulad sa pagitan ng gawain ng Espiritu at ng Anak. Sinabi ni G. Campbell Morgan na ang pinakamainam

na pangalan para sa Espiritu ay “ang ibang Hesus.” Ang sumusunod ay isang balangkas ng pagkakatulad sa gawain at mga titulo ng Anak at Espiritu:

1. Ang Espiritu ay tinawag na “Espiritu ni Hesus” o katulad na pahayag (cf. taga-Roma 8:9; 1 taga-Corinto 15:45; 2 taga-Corinto 3:17; taga-Galacia 4:6; 1 Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa mga parehong termino
  - a. “Katotohanan”
    - (1) Hesus (Juan 14:6)
    - (2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
  - b. “Tagapamagitan”
    - (1) Hesus (1 Juan 2:1)
    - (2) Espiritu (Juan 14:16; 16:7)
3. Kapwa nanananahan sa mga mananampalataya
  - a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; taga-Roma 8:10; 2 taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 2:20; taga-Efeso 3:17; taga-Colosas 1:27)
  - b. Espiritu (Juan 14:16-17; taga-Roma 8:9,11; 1 taga-Corinto 3:16; 6:19; 2 Timoteo 1:14)
  - c. Ama (Juan 14:23; 2 taga-Corinto 6:16)

### **NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU (THE PERSONHOOD OF THE SPIRIT)**

Sa OT “ang Espiritu ng Diyos” (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monoteismo*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay naihayag:

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na “sino” (i.e., *hos*) (cf. taga-Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. taga-Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-panginasin (cf. I taga-Thesalonica 5:19)
8. Siya ay maaaring tanggihan (cf. Mga Gawa 7:51)
9. Siya ay nagtataguyod para sa mga mananampalataya (cf. Juan 14:26; 15:26; 16:7)
10. Niluluwalhati niya ang Anak (cf. Juan 16:14)

Ang mga teksto ng Trinidad (dito ay tatlo ng marami pa; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad) ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II taga-Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Bagaman ang Griyego ng salitang “espíritu” (*pneuma*) ay WALANG KASARIAN, kapag tumutukoy sa Espiritu, ang NT ay kadalasang gumagamit ng PANLALAKING PANG-URI NA PAMATLIG (cf. Juan 16:8, 13-4)

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Mga Gawa 15:28
2. taga-Roma 8:26
3. I taga-Corinto 12:11
4. taga-Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunit ayang bagong kabanata. Palaging na kay Hesus ang Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunit ayang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesia para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawari at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hangang Plano ng Katubusan ni YHWH)!

**NASB “yaong mabuting bagay na ipinagkatiwala sa iyo”**



NKJV	“na mabuting bagay na pinagkatiwala sa iyo”
NRSV	“ang mabuting yaman na inahabilin sa iyo”
TEV	“ang mabuting mga bagay na pinagkakatiwala sa inyo”
NJB	“na mahalagang bagay na ibinigay sa iyong tiwala”

Ito ay tumutukoy sa ilang bagay na pinagkatiwala sa iba para sa pag-iingat. Ito ay maaaring isang palatinigan sa terminong *pistis*, na isinalin sa Ingles bilang, paniniwala, pagtitiwala, o pananampalataya. Ang mga mananampalataya ay pinagkatiwala (tingnan ang buong tala sa 1 Timoteo 1:18) ang kanilang pananampalataya sa Diyos (cf. 2 Timoteo 1:12). Ang Diyos naman ay ipinagtiwala sa kanila ang mensahe ng ebanghelyo (cf. 1 Timoteo 6:20). Ang mga mananampalataya ay mga katiwala ng mensahe ng ebanghelyo. Isang araw, tayo ay magbibigay ng isang pagsusulit sa Kaniya (cf. 2 taga-Corinto 5:10) sa kung paano natin tinanganan ang ganitong pagtitiwala ng katotohanan!

### **NATATANGING PAKSA: ANG PAGIGING-ORTHODOX NG MGA PASTORAL (THE ORTHODOXY OF THE PASTORALS)**

Sa panahon ng pagkakasulat ng Mga Liham Pastoral (i.e., 1 Timoteo, Tito, 2 Timoteo) nang kalagitnaan ng dekad 60 (si Pablo ay pinugutan noong A.D. 67), isang kaunawan na ng mga katotohanan ng ebanghelyo ay lumalago na bilang isang pangdoktrinang kaunawaan. Pansinin ang paraan na tinutukoy ito ni Pablo na “umunlad na *kerygma*” (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya), na pagtatanggol ng iglesiya laban sa mga bulaang guro.

1. “magaling na aral”
  - a. 1 Timoteo 1:10
  - b. 2 Timoteo 4:3
  - c. Tito 1:9; 2:1
2. “matapat na mga aral”
  - a. 1 Timoteo 1:15; 3:1; 4:8-9
  - b. 2 Timoteo 2:11-13
  - c. Tito 1:9; 3:5-8
3. “ang aral”
  - a. 1 Timoteo 4:16; 6:1
  - b. 2 Timoteo 3:10
  - c. Tito 2:7
4. “ang mabuting aral”
  - a. 1 Timoteo 4:6
5. “ang aral ng kabanalan”
  - a. 1 Timoteo 6:3
  - b. Tito 1:1
6. “mga ulirang salita”
  - a. 1 Timoteo 6:3
  - b. 2 Timoteo 1:13
7. “ipinagkatiwala”
  - a. 1 Timoteo 6:20
  - b. 2 Timoteo 1:12,14 (i.e., “ang mabuting pinagkatiwala”)
8. “ang pananampalataya”
  - a. 1 Timoteo 1:5,19; 3:9,13; 4:1,6; 5:8; 6:10,12,21
  - b. 2 Timoteo 3:10; 4:7
  - c. Tito 1:13; 2:2

Ang pangdoktrinang pagbabalangkas ng ebanghelyo ay kailangang

1. ingatan – 1 Timoteo 6:20; 2 Timoteo 1:14
2. iningatan – 2 Timoteo 4:7
3. nanangan – Tito 1:9
4. ipagkatiwala sa mga taong tapat – 2 Timoteo 2:2

Ang lahat ng mga mananampalataya ay pinagkatiwalaan ng ebanghelyo (ang *kerygma*). Kailangang nating ingatan iyon, pangalagaan iyon, at ipasa iyon na walang bawas!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2 TIMOTEO 1:15-18

<sup>15</sup>Ito’y nalalaman mo, na nagsihiwalay sa akin ang lahat ng nangasa Asia; na sa mga yaon ay si Figello at si Hermogenes. <sup>16</sup>Pagkalooban nawa ng Panginoon ng habag ang sangbahayan ni Onesiforo: sapagkat madalas niya akong pinaghinawa, at hindi ikinahiya ang aking tanikala; <sup>17</sup>Kundi, nang siya’y nasa Roma, ay hinanap niya ako ng buong sikap, at ako’y nasumpungan niya. <sup>18</sup>(Pagkalooban nawa siya ng Panginoon na masumpungan niya ang kahabagan ng Panginoon sa araw na yaon); at totoong alam mo kung gaano karaming mga bagay ang ipinaglingkod niya sa Efeso.

**1:15 “ang lahat ng nangasa Asia”** Ito ay isang eksaherasyon. Binibigyan-diin ni Pablo na karamihan/marami ay takot at hininto ang pakikipag-ugnayan sa kaniya.

▣ **“na nagsihiwalay sa akin”** Ang ilan sa mga katuwang ni Pablo (cf. 2 Timoteo 4:10,16) ay iniwan siya sa kaniyang pagkakakulong (cf. 2 Timoteo 1:8,16) ngunit hindi talaga iniwan ang kanilang pananampalataya kay Kristo. Ito ay marahil naugnay sa paglilitis ni Pablo Roma.

▣ **“si Figello at si Hermogenes”** Walang nakakabatid kina Figello o Hermogenes.

**1:16-18** Ang mga talatang 16-18 ay isang pinahabang panalangin (AORIST TAHAS NA OPTATIBO).

**1:16 “Onesiforo”** Ito ay isang mananampalataya at kaniyang pamilya (o bahay iglesia) na hindi iniwan si Pablo (cf. 2 Timoteo 4:19). Sa di-tiniyak na paraan (pangdamdamin, pananalapi) ang taong ito ay nagpalakas ng loob ni Pablo habang siya ay nasa bilangguan, gayundin naman ang pagkaloob ng isang kinakailangang ministryo sa Efeso (cf. 2 Timoteo 1:18).

**1:18 “ng Panginoon. . .ang Panginoon”** Sa Hebreo, mayroong isang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng YHWH (Panginoon) at Adon (Panginoon, cf. Mga Awit 110:1). Sa Griyego, kapwa isinalin bilang *kurios*. Iyon ay tila ang panalangin ito ay tumutukoy sa Mesias at tumutukoy sa “araw ni YHWH,” isang wikain sa OT para sa wakas na panahon (isang araw ng pagpapala o kahatulan). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa 2 Timoteo 1:2.

Ito ay tila tulad sa isang kakaibang panalangin sa atin. Ang ilang tagapagpaliwanag ay pinagpalagay na si Onesiforo ay namatay, kung gayon, ito lamang ang panalangin sa Bibliya para sa kapakanan ng namatay. Hinihingi ni Pablo na pagpalain ng Diyos ang kaniyang “bahay” (i.e., pamilya o bahay iglesia) dahil sa kaniyang matapat na ministryo (cf. Deuteronomio 7:9; 5:10 at ang parehong konsepto sa 1 taga-Corinto 7:14).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Nakita ba ni Pablo ang Kristiyanismo bilang hiwalay mula sa pananampalataya ng OT o isang pagpapatuloy nito?
2. Ano ang layunin ng pagpapatong ng kamay?
3. Itala ang mga mahahalagang bagay sa teolohiya sa 2 Timoteo 1:9.
4. Paano inilagay ni Hesus sa katapusan ang kamatayan?
5. Paano ginamit ang salitang “ingatan” ng magkaiba sa 2 Timoteo 1:12 at 2 Timoteo 1:14?
6. Bakit pinabayaan si Pablo’s ng kaniyang kamang-gagawa? Ipinapahiwatig ba nito sa sila ay hindi na mga mananampalataya?

# 2 TIMOTEO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS <sup>4</sup>	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Isang Mabuting Sundalo ni Kristo Hesus	Maging Malakas sa Biyaya	Isang Pagsamo upang Ipakita ang Katapangan (1:8-2:13)	Isang Matapat na Sundalo ni Kristo Hesus	Paano Haharapin ni Timoteo ang mga Paghihirap
2:1-7	2:1-13	2:1-7	2:1-7	2:1-2 2:3-7
2:8-13		2:8-13	2:8-13	2:8-13
Isang Pinagtibay na Manggagawa	Pinagtibay at Di-pinagtibay na mga Manggagawa	Ang Pastor at ang Kawan (2:14-4:5)	Isang Pinagtibay na Manggagawa	Ang Pakikibaka laban sa mga Kagyat na Panganib mula sa mga Bulaang Guro
2:14-26	2:14-26	2:14-19 2:20-3:9	2:14-19 2:20-26	2:14-18 2:19 2:20-21 2:22-26

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa “Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”)

#### PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

#### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

##### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2 TIMOTEO 2:1-7

<sup>1</sup>Ikaw nga, anak ko, magpakalakas ka sa biyayang nasa kay Kristo Hesus. <sup>2</sup>At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. <sup>3</sup>Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Kristo Hesus. <sup>4</sup>Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya’y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal. <sup>5</sup>At kung ang sinoman ay makikipaglaban naman sa mga laro, ay hindi pinuputungan maliban na kung makipaglabang matuwid. <sup>6</sup>Ang magsasaka na nagpapagal ay siyang kailangang unang makabahagi sa mga bunga. <sup>7</sup>Isipin mo ang sinasabi ko; sapagkat bibigyan ka ng Panginoon ng pagkaunawa sa lahat ng mga bagay.

2:1 “Ikaw nga” Mukhang nauugnay ito sa 2 Timoteo 1:15-18, kung saan ikinumpara ni Pablo ang mga taong nag-iwan sa kanya sa mga nanatiling tapat.

▫ “anak ko” Tumutukoy ito kay Paul bilang ama ni Timoteo sa ebanghelyo (cf. 2 Timoteo 1:2; 1 Timoteo 1:2;

Tito 1:4).

▣ “**magpakalakas ka**” Maaari itong maging

1. isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS, “patuloy na maging matatag” (*Word Pictures in ang Griyegong New Testament* by A. T. Robertson; *A Grammatical Analysis of the Greek NT* by Zerwick at Grosvenor; at *Analytical Greek New Testament* by Barbara at Timothy Friberg)
2. isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, “patuloy na maging matatag” (*The Analytical Greek Lexicon Revised* by Harold K. Moulton at ang Charles B. Williams translation).

Nakikilahok ba ang mananampalataya sa pagbibigay kapangyarihan, o ang Diyos ang nagbibigay kapangyarihan? Ito ay pag-tnesyon sa pagitan ng soberanya ng Diyos at ang malayang kalooban ng mga tao. Sa NT kapwa ay may kinalaman sa kaligtasan at sa Buhay Kristiyano. Nakikipag-ugnayan ang Diyos sa mga bumagsak na sangkatauhan sa isang relasyon tipan. Mayroong parehong mga karapatan at responsibilidad, mga kinakailangan at pribilehiyo! Biyaya (i.e., banal na inisyatibo) ay palaging pangunahin, ngunit ang isang tugon ng tao ay inatasan!

### **NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (COVENANT)**

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136, KB 157), “kasunduan,” ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Maaaring ang pinakamainam na pagpapalagay ay “putulin” (BDB 144), na nagpapakilala ng mga inihaing hayop na kasama sa kasunduan. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo) ay tumutukoy sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (pag-iigting) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalalang mismo (cf. Genesis 1-2)
  2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
  3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
  4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noe (cf. Genesis 6-9)
- Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa tubig at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa “bagong kasunduan.” Ang pag-igting (pag-iigting) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18:31 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bagong Kasunduan. Ang layunin ng dalawa ay iisa:

1. ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3
2. ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay

pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. taga-Roma 7; taga-Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisipi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy, tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya sa NT). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting ay maliwanag na makikita sa mga babala ng NT (tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya).

**2:2 “ang mga bagay na iyong narinig sa akin”** Ipapasa ni Timoteo ang mga turo ni Apostoliko ni Pablo, hindi ang kanyang sariling mga personal na opinyon o teorya (cf. 2 Timoteo 1:13, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2 Timoteo 1:14).

▣ **“sa gitna ng maraming saksi”** Ang pariralang ito ay maaaring nangangahulugan

1. Pangaral sa ordenasyon ni Timoteo (cf. 2 Timoteo 1:6; 1 Timoteo 4:14)
2. ang narinig ni Timoteo na itinuro ni Pablo ay narinig din niya na napatunayan ng ibang mga propeta / guro
3. Narinig ni Timoteo na si Pablo ay nangangaral / nagtuturo ng parehong katotohanan nang maraming beses

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAUNAN, TINIG at PANAGANO (morpohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpiya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

#### **I. PANAUNAN**

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na “GANAP” at “DI-GANAP.”

1. Ang mga GANAP NA PANAUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
2. DI-GANAP NA PANAUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagprogreso

1. Naganap na = AORIST
2. Ito’y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
3. Ito’y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang “ligtas.” Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:

1. AORIST – “naligtas” (cf. taga-Roma 8:24)
2. GANAP – “ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy” (cf. taga-Efeso 2:5,8)

3. PANGKASALUKUYAN – “iniligtas” (cf. I taga-Corinto 1:18; 15:2)
  4. PANGHINAHARAP – “ay ililigtas” (cf. taga-Roma 5:9, 10; 10:9)
- C. Sa pagtutuo sa PANDIWANG PANAUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAUNAN. Ang pamantayan “walang mga pagarbo” na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular “di-tiyak,” “di-markado,” o “walang hudyat” na anyo ng PANDIWA. Ito ay maring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa PANAGANONG MAY PAHIWATIG. Kung may ibang PANAUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
1. GANAP NA PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: taga-Efeso 2:5 & 8, “kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas”).
  2. LIPAS NA GANAP NA PANAUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananatiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 “si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas.”
  3. PANGKASALUKUYANG PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, “Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala.” “Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala.”
  4. DI-GANAP NA PANAUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, “Nang magkagayo’y nilabas siya ng Jerusalem” o “nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya.”
  5. PANGHINAHARAP NA PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuo sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, “Mapapalad ang mga. . . nila ang. . .”

## II. TINIG

- A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng PAKSA nito.
- B. TAHAS NA TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.
- C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na kinatawan. Ang panlabas na kinatawan na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaukulan:
  1. isang personal na direktang kinatawan sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KAUKULAN (cf. Mateo 1:22; Mga Gawa 22:30).
  2. isang personal at kagyat na kinatawan sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KAUKULAN (cf. Mateo 1:22).
  3. isang di-personal na kinatawan na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KAUKULAN.
  4. minsan alinman sa personal o di-personal na kinatawan sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KAUKULAN lamang.
- D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:
  1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 “binitay ang sarili.”
  2. MASIDHI – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II taga-Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
  3. KATUGON – ang pagtutulongan ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila’y sangagsanggunian.”

### III. PANAGANO (O “MODA”)

- A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koine Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari (PANAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).
- B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.
- C. Ang PANAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PANAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”
- D. Ang OPTATIBONG PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PANAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpapahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.
- E. Ang PAUTOS NA PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.
- F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.
- G. The AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

### IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

- A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.
- B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.
- C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.
- D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.
- E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

### V. MGA PANGNGALAN

- A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KAUKULAN. Ang KAUKULAN ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koine Griyego marami sa mga tungkulin ng KAUKULAN ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KAUKULAN ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibleng mga tungkuling ito.
- B. Griyegong KAUKULAN ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
  1. Ang PALAGYONG KAUKULAN ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA “upang maging” o “maging.”
  2. Ang DYENITIBONG KAUKULAN ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang

katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."

3. Ang ABLATIBONG KAUKULAN ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENTIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
4. Ang DATIBONG KAUKULAN ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
5. Ang LOKATIBONG KAUKULAN ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng."
6. Ang PANGKASANGKAPANG KAUKULAN ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KAUKULAN. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
7. Ang AKUSATIBO KAUKULAN ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
8. Ang BOKATIBONG KAUKULAN ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

- A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagkat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.
- B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).
  1. Panahunang PANG-UGNAY
    - a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PANAKALI) – "kailan"
    - b. *heōs* – "habang"
    - c. *hotan, epan* (PANAKALI) – "kapag"
    - d. *hōs, achri, mechri* (PANAKALI) – "hanggang"
    - e. *priv* (PAWATAS) – "bago"
    - f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"
  2. Lohikal na PANG-UGNAY
    - a. Layunin
      - (1) *hina* (PANAKALI), *hopōs* (PANAKALI), *hōs* – "upang ang," "na ang"
      - (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
      - (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
    - b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      - (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan) – "upang ang," "kaya"
      - (2) *hiva* (PANAKALI) – "nang sa gayon"
      - (3) *ara* – "kaya"
    - c. Pansanhi o dahilan
      - (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konklusyon) – "para," "sapagkat"
      - (2) *dioti, hotiy* – "sapagkat"
      - (3) *epei, epeids, hōs* – "dahil sa"
      - (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA PAWATAS) – "sapagkat"
    - d. Imperensiyal
      - (1) *ara, poinun, hōste* – "samakatuwid"
      - (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – "sa kung aling salaysay," "sa gayon,"

- “samakatuwid”
- (3) *oun* – “samakatuwid,” “kaya,” “kung gayon,” “dahil dito”
- (4) *toinoun* – “nang naaalinsunod”
- e. Kasalungat o pagkakaiba
- (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – “ngunit,” “maliban”
- (2) *de* – “ngunit,” “gayunman,” “muna,” “sa kabilang dako”
- (3) *kai* – “ngunit”
- (4) *mentoi, oun* – “gaynman”
- (5) *plēn* – “higit kailanman” (karamihan sa Lucas)
- (6) *oun* – “gayunman”
- f. Paghahambing
- (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
- (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
- (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
- (4) *ē* – “kaysa”
- g. Nagpapatuloy or serye
- (1) *de* – “at,” “ngayon”
- (2) *kai* – “at”
- (3) *tei* – “at”
- (4) *hina, oun* – “ns”
- (5) *oun* – “kung gayon” (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
- a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
- b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
- c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
- d. *de* – “talaga”
- e. *ean* – “kahit na”
- f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
- g. *mentoi* – “talaga”
- h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan”

## VII. MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI

- A. Ang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.
- B. Ang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang “kung.” Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa “dahil sa” (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).
- C. Ang IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay madalas na tinatawag na “salungat sa katotohanan.” Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. “Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan” (Lucas 7:39)
  2. “Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat.” (Juan 5:46)
  3. “Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Kristo.” (taga-Galacia 1:10)
- D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng



anumang mangyari sa “kung” na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

- E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING PANGUNGUSA NA MAY PASUBALI na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

### VIII. MGA IPINAGBABAWAL

- A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: “Huwag kayong mangagtapon ng mga kayamanan sa lupa. . .” (Mateo 6:19); “Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . .” (Mateo 6:25); “huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . .” (taga-Roma 6:13); “huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . .” (taga-Efeso 4:30); at “huwag kayong magsipaglasing ng alak. . .” (5:18).
- B. Ang AORIST PANAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa “huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos.” Ilang mga halimbawa: “Huwag ninyong isiping. . .” (Mateo 5:17); “Kaya huwag kayong mangabalisa. . .” (Mateo 6:31); “Huwag mo ngang ikahiya. . .” (II Timoteo 1:8).
- C. Ang DALAWAHANG NEGATIBO na may kasamang PANAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. “Hindi kailanman, kailanma’y hindi” o “hindi sa ilalim ng anomang kalagayan.” Ilang mga halimbawa: “hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan” (Juan 8:51); “kailan man ay hindi. . .” (I taga-Corinto 8:13).

### IX. ANG PANTUKOY

- A. Sa Koine Griyego ang TAHAS NA PANTUKOY “ang” ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa “isang panturo” isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
  2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
  3. bilang isang daan upang matukoy ang PAKSA sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: “Ang Diyos ay Espiritu” (Juan 4:24); “Diyos ay ilaw” (I Juan 1:5); “Ang Diyos ay pag-ibig” (4:8,16).
- B. Ang Koine Griyego ay walang DI-TAHAS NA PANTUKOY gaya ng sa Ingles “a” o “isang.” Ang pagkawala ng TAHAS NA PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
  2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay
- C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

### X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

- A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.
- B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: taga-Roma 6:10 [dalawang beses]).
- C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koine Griyego
1. Ang Koine Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunud-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunud-sunod upang ipakita ang
    - a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
    - b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa

- c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakasunod-sunod ay:
    - a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
      - (1) PANDIWA
      - (2) SIMUNO
      - (3) KAPUPUNAN
    - b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
      - (1) PANDIWA
      - (2) SIMUNO
      - (3) LAYON
      - (4) DI-TUWIRANG LAYON
      - (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
    - c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
      - (1) PANGNGALAN
      - (2) PANURING
      - (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
  3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
    - a. “kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama.” Ang pariralang “kanang kamay ng pakikisama” ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (taga-Galacia 2:9).
    - b. “kasama ni Kristo” ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (taga-Galacia 2:20).
    - c. “Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa” (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.
  - D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
    1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYAN na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: “Ako, ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . .” (Mateo 28:20).
    2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag na asyndeton (“o hindi nalimitahan”). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
      - a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
      - b. Juan 14:1 (bagong paksa)
      - c. taga-Roma 9:1 (bagong seksyon)
      - d. II taga-Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
    3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: “upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian” (taga-Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
    4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
      - a. euphemismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng “tuloy” para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o “paa” para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
      - b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng “Kaharian ng langit” (Mateo 3:21) o “isang tinig mula sa kalangitan” (Mateo 3:17).
      - c. Mga Talinghaga
        - (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
        - (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
        - (3) pagsasatao (I taga-Corinto 15:55)
        - (4) ironya (taga-Galacia 5:12)
        - (5) mala-tulang sipi (taga-Filipos 2:6-11)
        - (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
          - (a) “iglesya”
            - (i) “iglesya” (taga-Efeso 3:21)
            - (ii) “pagkakatawag” (taga-Efeso 4:1,4)

- (iii) “tinawag” (taga-Efeso 4:1,4)
  - (b) “malaya”
    - (i) “malayang babae” (taga-Galacia 4:31)
    - (ii) “kalayaan” (taga-Galacia 5:1)
    - (iii) “malaya” (taga-Galacia 5:1)
- d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
  - (1) matalinghagang pagkakagamit ng “pagkain” (Juan 4:31-34)
  - (2) matalinghagang pagkakagamit ng “Templo” (Juan 2:19; Mateo 26:61)
  - (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, “galit” (Genesis 29:31; Deuteromonyo 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; taga-Roma 9:13)
  - (4) “Lahat” laban sa “marami”, ihambing ang Isaias 53:6 (“lahat”) sa 53:11 & 12 (“marami”).  
Ang mga salita ay kasingskahulugan ng sa taga-Roma 5:18 at 19 ipakita.
- 5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: “Ang Panginoong Hesukristo.”
- 6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
  - a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na “katulad.”)
  - b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang MASIDHING PANARILING PANGHALIP— “kanyang sarili,” “siya mismo,” o “mismo.”
- E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
  - 1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinaryar na Griyego/Ingles na teksto.
  - 2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa “salita-sa-salita” na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang “dinamikong katumbas” (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
  - 3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
  - 4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
    - a. *The American Standard Version* of 1901
    - b. *Young’s Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA KRITISISMO

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

- I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
  - A. Lumang Tipan
  - B. Bagong Tipan
- II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng “mas mababang pagsusuri” na tinawag din na “tekstwal na pagsusuri.”
- III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

### I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya

#### A. Lumang Tipan

1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretas. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.). Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyong na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa “Liham ni Aristeas.” Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na “Essenes.” Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
  - a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
    - (1) ang LXX ng Isaias 52:14, “Kung paanong marami ang natigilan dahil sa iyó.”
    - (2) ang MT ng Isaias 52:14, “Kung paanong marami ang namangha sa iyó”
    - (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
      - (a) LXX, “kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya”
      - (b) MT, “kaya babasbasan niya ang maraming bansa”
  - b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
    - (1) ang DSS ng Isaias 21:8, “gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . .”
    - (2) ang MT ng Isaias 21:8, “At siya’y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako’y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . .”
  - c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
    - (1) LXX & DSS, “pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siya’y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan”
    - (2) MT, “Siya’y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan”

#### B. Bagong Tipan

1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.

2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang “ang Alexandrian Teksto” na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang “A” o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang “B” o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Roma at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa “ang Alexandrian Teksto” na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang “C” o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang “D” o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na “Ang Kanluraning Teksto.” Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
  - a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
    - (1) P<sup>75</sup>, P<sup>66</sup> (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
    - (2) P<sup>46</sup> (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
    - (3) P<sup>72</sup> (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudás
    - (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
    - (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
    - (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
  - b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
    - (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
    - (2) sipi mula kay Ireneo
    - (3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
    - (4) Ang Codex D “Bezae” ay sumunod sa ganitong uring talata.
  - c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
    - (1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
    - (2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadociano, Chrysostomo, at Therodoret
    - (3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
    - (4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT
  - d. ang ikaapat na maaaring uri ay “Caesarean” mula sa Palestina
    - (1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
    - (2) ilang mga saksi dito ay ang P<sup>45</sup> at W

## II. Ang mga suliranin at mga teorya ng “mas mababang pagsusuri” or “Tekstwal na Krtisismo.”

### A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa
  - a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (*homoioteleuton*)
    - (1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
    - (2) kamalian ng isip sa pag-uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
  - b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o

- nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
- c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
2. intensyonal
    - a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata
    - b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)
    - c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I taga-Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)
    - d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)
- B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)
1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramatikong talata ang may probabilidad na orihinal
  2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
  3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
  4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa
  5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
  6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahasag sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
  7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
    - a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68: “Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na orthodox o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal.”
    - b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, “hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin.” Criswell nagsabi: “Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito...”
- Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng “interpolasyon” ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudan (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): “Ito lamang ay dalawang magkakaibang pananaw ng pagpapakamatay,” sinabi ni Criswell. “Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudan ay nasa Bibliya.” Idinagdag pa ni Criswell, “Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral...”

### III. Mga pang-Kasulatang suliranin (Tekstwal na pagsusuri)

- A. Mga Munghahing pinagkukunag para sa mas malalim na pagbabasa
  1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Textual*, ni R.H. Harrison
  2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger
  3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo).** Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. taga-Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang “anak” Niya (cf. taga-Roma 1:4; taga-Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano).** Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, “*Has The Church Misread the Bible?*” (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino).** Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang “A”, at ang manuskritong pinangalanan bilang “B” (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga).** Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espirital na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon).** Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan).** Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan).** Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay.

Maaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko).** Nangangahulugan na “mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao.” Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa “sangkatauhan.” Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang katagorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni’t limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch).** Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni’t ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical).** Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos 13, II taga-Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics).** Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa “pananggol na legal” (“legal defense”). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

**A priori (A priori).** Kasingkahulugan nito ang katawagang “pagpapalagay” o “palagay.” Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo).** Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni’t hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicea (Council of Nicea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle).** Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluwensiya, kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.



**Autographs (mga Autograp).** Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae).** Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang “D.” Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa “Textus Receptus,” ang pangunahing manuskrito na Griyego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling).** Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya).** Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang ipinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon).** Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric).** Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo).** Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentaryo ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance).** Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) ipinapakita kung gaano kadalang ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark’s *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls (Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na “DSS.”

**Deductive (Pangangatuwiran).** Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko).** Ito’y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora).** Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang handangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas).** Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang “continuum” mula sa “salita sa salita” na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa “pakahulugan sa ibang pangungusap” (“paraphrase”) na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang “dynamic equivalent” na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni’t nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba’t-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, “How To Read the Bible For All It’s Worth,” sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang “*Introduction to the TEV.*”

**Eclectic (Eklektiko).** Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba’t-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis).** Ito ang salungat ng “exegesis.” Kung ang “exegesis” ay ang “tulungang palabasin” ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang “pagtulong palooob” ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya).** Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis).** Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay “tulungang palabasin” (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre).** Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo).** Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espiritu ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang espiritu ay mabuti. Ang Diyos, bilang espiritu, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan

na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenotyiko).** Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma).** Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman sa kadalasang kahulugan ng mga individual na katawagan. Ang ilan sa mga makabagong halimbawa: “katakot-takot ang ganda noon” o “alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa).” Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon).** Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw).** Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear).** Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito. Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa “analytical lexicon,” ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon).** Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan).** Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito ang ating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo).** Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay

karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal).** Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre).** Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit).** Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluhan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo).** Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan).** Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text).** Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-daglat bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi).** Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments).** Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 A.D. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan).** Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (taga-Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (taga-Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at taga-Roma 1-2. Ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang makabagong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang oportunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo).** Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang

punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda).** Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng kasulatan.

**Papyri (mga Papirus).** Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata).** Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap).** Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. Orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa makabagong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan).** Ito ay ang payak na bahagi ng lietryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo).** Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan).** Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato).** Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay).** Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata).** Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo).** Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 B.C.). Sa pagtanggap ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-

aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 A.D., ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan).** Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan).** Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba't ibang kahulugan ng isang salita sa iba't ibang konteksto.

**Septuagint (Septuagint).** Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoretic Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo B.C.; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko).** Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo A.D. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo).** Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan).** Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan).** Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumutukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko).** Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya).** Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong teolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud).** Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Criticism (Tekstuwal na Kritisismo).** Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal

na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus).** Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 A.D. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na “*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus.*” Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na “ang *Textus Receptus* ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman (p. 21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 A.D.

**Torah (Tora).** Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko).** Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano).** It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito’y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik B.

**Vulgate (Vulgata).** Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglasyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380’s AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunungan).** Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at makabagong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyon ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito’y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan).** Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanglibutan ay tumutukoy sa “paano” ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa “Sino.” Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH).** Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong KAUSATIBA ng Hebreong salitang “ako.” Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na “Panginoon.” Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON APAT PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na inaalantana ang mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na pananaw. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinanggagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesia.
2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.
3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.
4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasariili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.
5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalang sangkatauhan. Si Hesuskristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanan buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.
6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.
7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.
8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesia. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.
9. Ang Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesuskristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

“Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig.”